# Primarya 7

Bagong Tipan
Mga 8–11 taong gulang

# Primarya 7

## Bagong Tipan

Para sa pagtuturo sa mga batang walo hanggang labing-isang taong gulang

Inilathala ng Ang Simbahan ni
Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

Karapatang-sipi © 1996 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 10/93
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 10/93
Pagsasalin ng *Primary 7: New Testament*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong Para sa Guro | | v |
| 1 | Pagiging Pamilyar sa Bagong Tipan | 1 |
| 2 | Si Jesucristo ay Nagkusang-loob na Maging Tagapagligtas Natin | 5 |
| 3 | Si Juan Bautista ang Naghanda ng Daan para kay Jesucristo | 9 |
| 4 | Si Jesucristo ang Anak ng Ama sa Langit | 12 |
| 5 | Ang Kabataan ni Jesucristo | 15 |
| 6 | Ang Pagbibinyag kay Jesucristo | 19 |
| 7 | Si Jesucristo ay Tinukso ni Satanas | 22 |
| 8 | Nilinis ni Jesucristo ang Templo | 26 |
| 9 | Tinawag ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol | 30 |
| 10 | Ang Sermon sa Bundok | 34 |
| 11 | Itinuro ni Jesucristo ang Tungkol sa Panalangin | 38 |
| 12 | Ang Bahay na Itinayo sa Ibabaw ng Bato | 42 |
| 13 | Pinagaling ni Jesucristo ang mga Maysakit | 46 |
| 14 | Si Jesucristo at ang Araw ng Sabbath | 50 |
| 15 | Ginamit ni Jesus ang Kanyang Kapangyarihan sa Pagkasaserdote para Pagpalain ang Iba | 54 |
| 16 | Gumawa si Jesucristo ng mga Himala | 59 |
| 17 | Ang mga Talinghaga ng Manghahasik at ng Trigo at ng mga Mapanirang-damo | 63 |
| 18 | Pinagaling ni Jesucristo ang Isang Lalaking Ipinanganak na Bulag | 67 |
| 19 | Ang Nawawalang Tupa, ang Nawawalang Barya, at ang Alibughang (Prodigal) Anak | 70 |
| 20 | Ang Talinghaga Tungkol sa Mabuting Samaritano | 74 |
| 21 | Pinagaling ni Jesucristo ang Sampung Ketongin | 77 |
| 22 | Ang Walang Habag na Alipin | 80 |
| 23 | Ang Mabuting Pastol | 83 |
| 24 | Ang Kusing ng Balong Babae | 87 |
| 25 | Ang Talinghaga ng Sampung Dalaga | 93 |
| 26 | Parabula ng mga Talino | 98 |
| 27 | Parabula ng Tupa at mga Kambing | 102 |
| 28 | Pinabangon ni Jesucristo si Lazaro mula sa mga Patay | 106 |
| 29 | Ang Matagumpay na Pagpasok ni Jesucristo at ang Huling Hapunan | 110 |
| 30 | Si Jesucristo sa Getsemani | 114 |
| 31 | Ang Pagkanulo, Pagdakip, at Paglitis kay Jesucristo | 120 |
| 32 | Ang Pagpapako sa Krus at Paglilibing kay Jesucristo | 124 |
| 33 | Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo | 129 |
| 34 | Alagaan Mo ang Aking mga Tupa | 133 |

| | | |
|---|---|---|
| 35 | Ang Misyon ni Jesucristo | 138 |
| 36 | Ang Araw ng Pentecostes | 142 |
| 37 | Ang Apostol na si Pedro | 147 |
| 38 | Sina Bernabe, Ananias at Safira | 152 |
| 39 | Si Esteban, ang Martir | 156 |
| 40 | Si Pedro at si Cornelio | 160 |
| 41 | Itinuro ni Santiago sa Atin na Kontrolin ang Ating mga Dila | 164 |
| 42 | Ang Pagbabalik-loob ni Saulo sa Diyos | 169 |
| 43 | Si Pablo ay Nagpatotoo Tungkol kay Jesucristo | 173 |
| 44 | Si Pablo, ang Misyonero | 177 |
| 45 | Ang Paglalakbay ni Pablo sa Roma | 181 |
| 46 | Si Jesucristo ay Babalik Muli | 186 |

# Mga Tulong Para sa Guro

Itinuro ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng pagsunod at pagtuturo ng mga kautusan nang sabihin niyang, "Ang sinumang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit" (Mateo 5:19). Ikaw ay binigyan ng isang sagradong tungkulin na tulungan ang mga bata na matutuhan kung paano tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag at maglingkod. Habang naghahanda ang bawat batang babae upang maging isang kabataang babae at ang bawat batang lalaki upang maging kabataang lalaki at tanggapin ang pagkasaserdote, ikaw ay maaaring maging mahalagang impluwensiya sa kanilang buhay.

Noong 1831, pagkatapos na pagkatapos na maitatag ang Simbahan ay itinuro ng Tagapagligtas na ang mga guro "ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon" (Doktrina at mga Tipan 42:12), na siyang tanging mga banal na kasulatan noon. Ngayon ang mga guro ay may pananagutan na ituro ang mga sagradong katotohanan mula sa lahat ng mga pamantayang banal na kasulatan, kabilang na ang Doktrina at mga Tipan at ang Mahalagang Perlas, na tumutulong sa mga bata na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at sa kanyang Anak na si Jesucristo.

**Mga Kurso ng Pag-aaral**

Ang lahat ng mga bata na walo hangang labing-isang taong gulang sa ika-1 ng Enero ay tuturuan mula sa isa sa mga manwal na Primarya 4, 5, 6, at 7. Isa lamang kurso ng pag-aaral ang ginagamit sa bawat taon para sa lahat ng mga batang nasa pangkat ng saklaw na gulang na ito. Ang bawat kurso ng pag-aaral ay nakabatay sa isang tiyak na aklat ng banal na kasulatan: ang Primarya 4 ay sa Aklat ni Mormon, Primarya 5 sa Doktrina at mga Tipan, Primarya 6 sa Lumang Tipan, at Primarya 7 sa Bagong Tipan. Sa loob ng apat na taon ay mapag-aaralan ng mga bata ang bawat isa sa mga pamantayang banal na kasulatan.

Batay sa lokal na mga pangangailangan at bilang ng mga batang nasa walo hanggang labing-isang taong gulang, ang mga klase ay maaaring isaayos sa pamamagitan ng indibiduwal na pangkat ng mga saklaw na gulang, magkakasamang pangkat ng mga saklaw na gulang, o magkakahiwalay na mga klase para sa mga batang lalaki at babae. Anuman ang kaayusan ng iyong klase, kailangan mong tiyakin na ang bawat bata ay tumatanggap ng sapat na pansin.

Kapag sumapit na sa labindalawang taong gulang ang mga bata, sila ay nagsisimulang dumalo sa Mga Kabataang Babae (Young Women) o Pagkasaserdoteng Aaron (Aaronic Priesthood). Gayunman, patuloy silang dadalo sa kanilang klase sa Primarya sa oras ng Panlinggong Paaralan (Sunday School) hanggang sa unang linggo ng Enero, kung kailan nagsisimula silang dumalo sa Panlinggong Paaralan.

## Pagtuturo sa Pamamagitan ng Manwal na Ito

Ang kurso ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga aral mula sa Bagong Tipan na nagbibigay-diin sa buhay at ministeryo ni Jesucristo. Habang ibinabahagi at tinatalakay mo ang mga aral na ito, dapat na maunawaang mabuti ng mga bata ang misyon at pagbabayad-sala ni Jesucristo at magkaroon ng mas malaking pananampalataya at patotoo sa kanya. Dapat nilang malaman kung paano isagawa ang mga aral ni Jesucristo sa kanilang sariling mga buhay at magkaroon ng mas matatag na pagnanais na tuparin ang kanyang mga kautusan.

Himukin ang mga bata na magbasa mula sa Bagong Tipan. Sa pamamagitan ng pagkatuto tungkol sa pagmamahal ni Jesus at mas malinaw na pang-unawa sa kanyang mga aral, ang pagmamahal ng mga bata sa Tagapagligtas ay madaragdagan at nanaisin nilang maging katulad niya. Ang mahahalagang katotohanang natututuhan ng mga bata mula sa buhay at mga aral ni Jesus ay tutulong sa kanilang makapaghanda upang tuparin ang kanilang mga tipan at maglingkod sa Simbahan sa buong buhay nila. Ang mga katotohanang ito ay magbibigay din sa kanila ng lakas upang mapaglabanan ang mga tukso sa daigdig ngayon.

### Paghahanda sa Iyong Sarili Upang Magturo

Upang maisakatuparan ang iyong sagradong tungkulin na magturo sa mga bata, dapat mong ihanda ang iyong sarili kapwa sa kaisipan at sa espirituwal. Bahagi ng paghahandang ito ang pag-unawa at pagkakaroon ng patotoo tungkol sa mga alituntuning itinuturo mo. Ang Tagapagligtas, ang pinakadakilang guro sa lahat, ay nagturo sa atin nang marami na magagamit natin habang naghahanda tayong ituro ang kanyang ebanghelyo sa iba:

- Buong pagpapakumbabang hangarin ang Espiritu sa pamamagitan ng panalangin. Sinabi ng Panginoon, "Maging mapagkumbaba: at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (Doktrina at mga Tipan 112:10). Kung tayo ay mapagkumbaba may karapatan tayong malaman kung paano ninanais ng Panginoon na turuan natin ang kanyang mga anak.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga buhay na propeta. May dakilang kapangyarihan sa pag-aaral at pagninilay-nilay ng mga salita ng Panginoon. Inutusan niya tayong, "Hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, ay mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

  Ang isang propeta sa huling araw, si Pangulong Ezra Taft Benson, ay nagpatibay sa ating pangangailangang matutuhan ang mga salita ng Panginoon: "Hinihikayat ko kayong ipangakong muli ang inyong sarili sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Isubsob ninyo ang inyong mga sarili sa mga ito araw-araw upang mapasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu upang tulungan kayo sa inyong mga tungkulin" (*Ensign,* May 1986, p. 82).
- Tuparin ang iyong mga tipan. Ang iyong kakayahang magabayan ng Espiritu ay batay sa iyong katapatan sa pagtupad ng mga ginawa mong tipan sa Ama sa Langit. Magpapakita ka rin ng mabuting halimbawa kapag "tutuparin [mo] ang mga tipan . . . na gawin ang mga yaon" (Doktrina at mga Tipan 42:13). Kapag nakikita ng mga bata ang iyong pagmamahal sa Tagapagligtas

at katapatan sa pamumuhay ng ebanghelyo, sila ay higit na magaganyak na sumunod sa kanya.

- Maghanap ng mga paraan na matulungan ang mga bata na madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas. Sabihin sa kanila nang madalas kung gaano mo sila kamahal, at kilalanin ang kanilang kahalagahan at kakayahan. Ang iyong pagmamahal at kabaitan ay tutulong sa mga bata na maunawaan ang pagmamahal sa kanila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Tutulong din ito sa kanila na matutuhang mahalin ang iba.

### Paghahanda ng Iyong mga Aralin

Ang manwal na ito ay tutulong sa iyo na maisaayos ang mga aralin na nagtutuon ng pansin sa mga banal na kasulatan. Ang mga aralin ay gumagamit ng mga pangyayari at sanggunian mula sa Bagong Tipan upang tulungan ang mga bata na maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Hindi tuwirang sinasabi ng mga aralin kung paano dapat ituro ang mga pangyayari sa banal na kasulatan. Habang naghahanda at nagtuturo ka sa pamamagitan ng Espiritu, matutulungan mo ang mga bata na mas maunawaan ang mga pangyayari sa banal na kasulatan, ang mga alituntuning nilalaman ng mga ito, at kung paano maisasagawa ng mga bata ang mga alituntuning ito sa kanilang mga buhay. Kapag ang iyong mga aralin ay naihandang mabuti at kawili-wili, ang mga bata ay mas maiigayang makinig at matuto.

Ang sumusunod na mga hakbang ay tutulong sa iyo na makapaghandang mabuti upang mabisang maturuan ang mga bata sa iyong klase:

1. Pag-aralan nang may panalangin ang layunin ng aralin at ang mga sipi sa banal na kasulatan na nakalista sa bahaging “Paghahanda” nang mga isa o dalawang linggo bago ituro ang aralin. Basahing muli ang layunin ng aralin at ang mga bersikulo ng banal na kasulatan, at isaalang-alang kung paano maiaangkop ang mga ito sa mga bata sa inyong klase. Tanungin mo ang iyong sarili: “Ano ang nais ng Ama sa Langit na matutuhan at gawin ng bawat bata bilang bunga ng araling ito? Paano matutulungan ng araling ito ang bawat bata na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, palakasin ang kanilang mga patotoo, at tulungan silang mapaglabanan ang masasamang tukso na kanilang kinakaharap?” Isulat ang mga ideyang maiisip mo.

   Ang aklat na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893) ay inihanda upang maging isang pansariling gabay sa pag-aaral sa mga pangunahing alituntunin at doktrina ng ebanghelyo. Ang mga tinutukoy na kabanata mula sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* ay nakalista sa bahaging “Paghahanda” ng ilang aralin. Ang mga kabanatang ito ay makatutulong sa iyo na maghanda sa pagtuturo ng pangunahing alituntunin o doktrina na nilalaman ng aralin. Maaaring makakuha ng kopya ng aklat na ito sa aklatan ng inyong bahay-pulungan o maaaring mabili mula sa inyong lokal na sentro ng pamamahagi.

2. Magpasiya kung gagamitin ang iminungkahing gawaing pantawag-pansin upang masimulan ang aralin o lumikha ka ng sarili mo, na tinitiyak na angkop at tugma ito sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan.

3. Hindi sinasabi sa iyo ng mga aralin kung paano ituturo ang pangyayari sa banal na kasulatan; dapat mong hangarin ang Espiritu upang tulungan kang magpasiya kung ano at paano magtuturo. Gumamit ng iba’t ibang paraan sa pagtuturo sa bawat linggo (tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan” sa manwal na ito). Planuhing isali ang mga miyembro ng klase

hangga't maaari sa mga gawain sa pagkatuto, at ituro ang iyong aralin upang maikuwento muli ng mga bata sa iba ang pangyayari sa banal na kasulatan.

4. Piliin mula sa "Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa" ang mga pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga ito sa kanilang mga buhay. Maaari mong gamitin ang mga tanong anumang oras sa kasalukuyan ng aralin. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng mga ito.

5. Basahin ang "Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman" at planuhin kung kailan at paano gagamitin ang mga bagay na sa akala mo ay pinakamainam na makatutulong sa mga bata sa iyong klase na maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang layunin ng aralin. Ang bawat klase ay magiging kaiba, at ang ilang gawain na magiging mainam sa isang pangkat ay hindi magiging mainam sa iba pang pangkat.

6. Planuhing magbahagi ng mga angkop na pansariling karanasan na nagtataguyod sa layunin ng aralin. Hayaang patnubayan ka ng Espiritu habang ibinabahagi mo ang mga karanasan sa klase at habang nagbabahagi sa iyo at sa bawat isa ang mga miyembro ng klase. Ang ilang pangmag-anak at pansariling karanasan ay napakasagrado o napakapribado at hindi dapat talakayin sa madla.

### Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan

Dapat mong palaging hangarin ang Espiritu habang inihahanda at itinuturo mo ang iyong mga aralin (tingnan sa Alma 17:2–4; Doktrina at mga Tipan 42:12–14; 50:17–22). Tutulungan ka ng Espiritu na malaman kung paano mo gagawing kawili-wili at makahulugan sa mga bata ang iyong mga aralin.

Ang ilan sa mga bata sa iyong klase ay maaaring hindi nakaaalam sa mga banal na kasulatan. Kapag magkakasabay kayong nagbabasa, isaalang-alang ang mga miyembro ng klase na maaaring nangangailangan ng tulong sa pagkatuto kung paano maghanap sa mga banal na kasulatan. Maaaring kailanganin mong mag-ukol ng ilang panahon sa pagsisimula ng taon, lalo na kung nagtuturo ka sa mas maliliit na bata, upang maipakita sa mga bata kung paano hanapin ang mga sanggunian sa banal na kasulatan.

Sumubok ng iba't ibang paraan ng paglalahad ng materyal upang mapanatili ang pagkawili ng mga bata. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa iyo upang mapag-iba-iba ang paraan mo ng pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan.

1. Ikuwento sa sarili mong mga salita ang pangyayari sa banal na kasulatan. Sikaping tulungan ang mga bata na ilarawan sa kanilang isipan ang mga pangyayari at ang mga tao sa mga ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga taong tinutukoy mo ay tunay na nabuhay at ang mga pangyayari ay talagang naganap.

2. Ipabasa nang tuwiran sa mga bata ang pangyayari o piling mga bersikulo mula sa mga banal na kasulatan. Alalahanin na hindi lahat ng bata ay nakababasang mabuti at ang kakayahang bumasa ay hindi naibabatay sa edad. Kung nakababasa ang lahat ng mga bata, maaaring bigyan mo sila ng ilang minuto upang tahimik na magbasa. Pagkatapos, maaari mong talakayin ang binasa nila. Gamitin ang oras ng talakayan pagkatapos magbasa ng mga bata upang matulungan silang maunawaan ang mahihirap na salita at bersikulo.

3. Gamitin ang mga iminungkahing larawan ng mga pangyayari sa banal na kasulatan upang tulungan ang mga bata na mailarawan sa isipan ang nangyari. Karamihan sa mga aralin ay naglalaman ng mga iminungkahing larawan sa bahaging “Mga kailangang kagamitan.” Ang mga larawan ay may bilang at kasama sa manwal. Ang ilan sa mga larawan ay nasa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo rin at maaaring nasa aklatan ng bahay-pulungan (ang mga bilang ng larawan ay nakalista sa bahaging “Mga kailangang kagamitan”). Ang mga larawang ito ay may buod ng pangyayari na nakasulat sa likod. Maaari mo ring gamitin ang ibang mga larawan na naaangkop sa aralin.

4. Ipasadula sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tiyaking ang mga pagsasadula ay hindi makapagpapawala sa kasagraduhan ng mga banal na kasulatan.) Maaari kang magdala ng mga simpleng kagamitan, tulad ng bata, malaking panyo, at iba pa, at ipasadula sa mga bata ang lahat o ang mga bahagi ng pangyayari. Tanungin sila kung ano ang mararamdaman nila kung sila ang taong kinakatawan nila.

5. Gumuhit ng mga simpleng larawang guhit o mga paglalarawan sa pisara, o gumamit ng mga larawan o ginupit na larawan, habang isinasalaysay mo o binabasa ang pangyayari sa banal na kasulatan.

6. Pangasiwaan ang isang dulaan ng mga mambabasa (reader’s theater) kung saan gagampanan ng ilang bata ang mga bahagi ng mga tao na nasa ulat. Kung naaangkop, ipabasa nang tuwiran sa mga bata ang mga pag-uusap mula sa mga banal na kasulatan.

7. Anyayahan ang isang magulang, miyembro ng purok o sangay, o miyembro ng klase upang isalaysay ang kuwento. Bigyan ng isa o dalawang linggo ang tao upang makapaghanda, at tiyaking bigyan siya ng takdang panahon para sa pagtatanghal.

8. Bigyan ang mga bata ng simpleng paunang pagsusulit, tulad ng tama o mali o maikling kasagutang pagsusulit, bago ituro ang pangyayari sa banal na kasulatan. Ipaliwanag sa klase na gusto mong malaman kung gaano ang alam nila tungkol sa pangyayari. Pagkatapos maituro ang pangyayari sa banal na kasulatan, bigyan sila ng katulad na pagsusulit upang makita nila kung ano ang natutuhan nila.

9. Isulat sa pisara ang mahahalagang salita o pangalan ng mga tao mula sa pangyayari sa banal na kasulatan. Hayaang pakinggan ng mga bata ang mga salita o pangalang ito habang ikaw ay nagkukuwento. Tulungan ang mga bata na dagdagan ang kanilang talasalitaan upang maunawaan nila nang mas mabuti ang mga banal na kasulatan at mawili sa pagbabasa ng mga ito sa tahanan.

10. Bago ituro ang aralin, isulat sa pisara ang mga tanong tungkol sa ulat. Habang naririnig ng mga bata ang mga sagot sa panahon ng ulat, tumigil upang talakayin ang mga ito.

11. Ikuwento ang pangyayari, at hayaang magkusa ang mga bata na isalaysay muli ang kanilang mga paboritong bahagi. Maaari mong hilingan ang isang miyembro ng klase na simulan ang ulat at pagkatapos ay tawagin ang ibang mga bata para ipagpatuloy ito.

12. Magpatugtog ng teyp ng mga piling bersikulo mula sa mga banal na kasulatan.

13. Maglaro ng larong pagtutugma. Maghanda ng mula apat hanggang walong pangkat (set) ng pinagtutugmang mga kard o papel na may sukat na 3" x 5". Sa kasunod na halimbawa, ilalagay mo ang bahagi ng pangitain ni Lehias sa isang kard at ang pakahulugan nito sa isa pang kard ng pangkat. Paghalu-haluin ang mga kard o papel at ilagay nang pataob ang mga ito sa isang mesa o sahig. Isa-isang palapitin ang mga bata at ipabaligtad ang dalawang kard. Basahin nang malakas ang sinasabi ng bawat kard. Kung magkatugma ang mga kard (halimbawa kung nakabuo sila ng isang *beatitude*, isa sa mga sermon sa bundok), iiwanang nakatihaya ang mga ito. Kung hindi magkatugma ang mga kard, muling itataob ang mga ito at ibang bata naman ang maglalaro. Magpatuloy hanggang sa ang lahat ng kard ay napagtugma nang wasto.

    Narito ang walong pangkat na maaari mong gamitin para sa larong pagtutugma ng Sermon sa Bundok:

    Pangkat 1: Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob—sapagka't kanila ang kaharian ng langit.

    Pangkat 2: Mapapalad ang mga nangahahapis—sapagka't sila'y aaliwin.

    Pangkat 3: Mapapalad ang mga maamo—sapagka't mamanahin nila ang lupa.

    Pangkat 4: Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran—sapagka't sila'y bubusugin.

    Pangkat 5: Mapapalad ang mga mahabagin—sapagka't sila'y kahahabagan.

    Pangkat 6: Mapapalad ang mga may malinis na puso—sapagka't makikita nila ang Dios.

    Pangkat 7: Mapapalad ang mga mapagpayapa—sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios.

    Pangkat 8: Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katuwiran—sapagka't kanila ang kaharian ng langit.

14. Maglaro ng isang laro na tanungan. Maglagay ng ilang tanong sa isang garapon o kahon, at hayaang maghalinhinan ang mga miyembro ng klase sa pagkuha ng isa sa mga tanong na ito at sa pagsagot nito.

### Pangangasiwa sa mga Talakayan ng Klase

Ang pakikilahok sa mga talakayan at iba pang mga gawain sa pagkatuto ay makatutulong sa mga bata na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang sumusunod na mga tagubilin ay makatutulong sa iyo na magtanong ng mga makabuluhang tanong at humimok ng mga talakayan sa klase:

1. Magtanong at magbigay ng mga sangguniang banal na kasulatan upang makahanap ng mga sagot sa mga banal na kasulatan ang mga miyembro ng klase.

2. Magtanong ng mga hindi nasasagot ng "oo" o "hindi" ngunit nangangailangan ng pag-iisip at talakayan. Ang mga tanong na nagsisimula sa *bakit, paano, sino, ano, kailan, at saan* ay karaniwang mas mabisa.

3. Isali ang mga bata na hindi karaniwang nakikilahok sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang pangalan at pagtatanong sa kanila ng inaakala mong masasagot nila. Bigyan sila ng panahon upang sumagot. Tulungan sila kung kailangan nila ito, ngunit pagkatapos lamang na magkaroon sila ng panahon upang makapag-isip at sumagot.

4. Himukin ang mga bata na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol sa natututuhan nila mula sa mga banal na kasulatan. Magbigay ng mga positibong puna sa kanilang mga ibinahagi.
5. Matapat na purihin ang mga bata kapag sumasagot sila sa mga tanong. Tulungan silang malaman na ang kanilang mga kaisipan at damdamin ay mahalaga. Isaalang-alang at tulungan ang mga batang maaaring atubiling makisali.

### Pagtulong sa mga Bata na Maipamuhay ang mga Banal na Kasulatan

Tulungan ang mga bata na maisagawa sa kanilang mga buhay ang natutuhan nila. Ipinayo ni Nephi na dapat nating "inihahalintulad ko sa [atin] ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa [ating] kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23). Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa iyo sa pagsasagawa ng tungkuling ito:

1. Kapag ikaw ay nauudyukan ng Espiritu, ibahagi mo ang patotoo sa mga katotohanan ng iyong itinuturo. Ang iyong mga aralin ay magiging mas mabisa kapag nagtuturo ka nang may katapatan at matibay na paniniwala.
2. Himukin ang mga bata na basahin ang mga banal na kasulatan sa tahanan nang mag-isa at kasama ng kanilang mga mag-anak. Himukin ang mga bata na dalhin ang kanilang sariling mga kopya ng mga banal na kasulatan sa klase. Kung ang mga bata ay walang sariling mga kopya ng mga banal na kasulatan o nakalimutang dalhin ang mga ito, maglaan ng mga labis na kopya para magamit ng mga bata sa klase. Kung mayroon kayong aklatan sa purok o sangay, maaari kang makakuha ng mga kopya ng mga banal na kasulatan doon.
3. Hilingin sa mga bata na ibahagi ang kanilang natutuhan. Tanungin sila kung paano nila maisasagawa sa kanilang mga sariling buhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro sa aralin.
4. Kumilos bilang isang tagapag-ulat, at kapanayamin ang mga bata na para bang sila ang mga taong nababasa natin sa mga banal na kasulatan. Hilingin sa kanila na sabihin sa iyo ang mga detalye ng pangyayari sa banal na kasulatan at kung ano ang nadarama nila sa nangyari.
5. Hatiin ang klase sa dalawa o mas marami pang maliliit na pangkat. Pagkatapos maibahagi ang pangyayari sa banal na kasulatan, ipasulat sa bawat pangkat ang mahahalagang alituntunin. Pagkatapos ay hayaang maghalinhinan ang mga pangkat sa pagtalakay kung paano naaangkop sa kanilang mga buhay ang mga alituntuning ito.
6. Gumawa ng pananaliksik sa banal na kasulatan: Sa buong taon ay himukin ang mga miyembro ng klase na markahan ang mga tiyak na bersikulo ng banal na kasulatan na tunay na makabuluhang naaangkop sa kanilang mga buhay. Halimbawa, maaari nilang markahan ang 1 Nephi 2:16, 1 Nephi 3:7, o 1 Nephi 4:6. Bigyan sila ng pahiwatig, katulad ng isang pangyayari, kalagayan, o suliranin; pagkatapos ay hamunin silang hanapin ang naaangkop na banal na kasulatan. Patulungin ang mga batang naunang makahanap sa banal na kasulatan sa iba pang nasa klase na mahanap ito. Pagkatapos ay hayaang sabihin nila kung bakit naaangkop ang banal na kasulatang ito sa pahiwatig.
7. Magbahagi ng mga tiyak na pagkakataon kung kailan nakita mong sinusunod ng mga bata ang alituntuning tinatalakay. Halimbawa, kung itinuturo mo ang isang aralin tungkol sa pagiging mabait, maaari mong tukuyin ang ilang pagkakataon nang makita mong naging mabait sa iba ang mga bata.

8. Sundan ang mga takdang aralin. Sa tuwing magbibigay ka ng takdang aralin o hamon, tiyaking tanungin ang mga bata tungkol sa kanilang karanasan sa pagsisimula ng klase sa susunod na Linggo.

### Pagtulong sa mga Bata na Maisaulo ang mga Banal na Kasulatan

Ang pagsasaulo ng mga banal na kasulatan ay maaaring maging mabisang paraan sa pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Karamihan sa mga bata ay natutuwa sa pagsasaulo kapag gumagamit ka ng masaya at iba't ibang paraan upang tulungan silang magsaulo. Ang mga sumusunod na mungkahi ay mga kawili-wiling paraan sa pagtulong sa mga bata sa pagsasaulo:

1. Magsulat sa pisara o gumawa ng tsart ng unang titik ng bawat salitang isasaulo. Halimbawa, maaari mong gawin ang sumusunod na tsart para sa mga titik ng unang saligan ng pananampalataya:

   N k s D a W H A a s K A n s J a s E S

   Ituro ang mga titik habang inuulit mo ang bawat katugmang salita. Ulitin ito nang ilang beses at ipaulit ito sa mga bata kapag kaya na nila. Hindi magtatagal ay hindi na nila kakailanganin ang tsart.
2. Hatiin ang banal na kasulatan sa maiikling parirala. Ulitin nang malakas ang bawat parirala na nagsisimula sa huli at bumabalik sa umpisa nang sa gayon ay nauunang ulitin ng mga bata ang mga hindi gaanong pamilyar na bahagi. Halimbawa, sa Alma 37:35 ay maaaring ulitin ng mga bata ang "sumunod sa mga kautusan ng Diyos" nang ilang ulit. Pagkatapos ay maidaragdag nila ang kasunod na parirala, "Oo, matuto ng karunungan sa iyong kabataan." Pagkatapos ay maaari nilang ulitin ang buong bersikulo.
3. Kung magaling magbasa ang mga bata, maghanda ng nakasulat na kopya ng banal na kasulatan para sa bawat bata. Pagputul-putulin ang bawat kopya sa mga salita o parirala. Pagkatapos sabay-sabay bigkasin ang bersikulo nang ilang ulit, bigyan ang mga bata ng magkakahalong sinulatang piraso ng papel at ipaayos sa kanila nang isa-isa o bilang isang klase ang kanilang mga sinulatang piraso ng papel sa tamang kaayusan.
4. Ulitin nang ilang beses ang banal na kasulatan, na tumitigil upang hayaang bigkasin ng isang bata ang kasunod na salita o parirala. Pagkatapos ay padagdagan ng ilan pang salita sa ibang bata. Magpatuloy hanggang sa ang lahat ng bata ay magkaroon ng isa man lamang na pagkakataon.
5. Gumamit ng musika upang matulungan ang mga bata na makapagsaulo.
6. Hatiin sa dalawang pangkat ang mga bata. Hayaang maghalinhinan ang bawat pangkat sa pag-uulit ng mga salita o parirala sa tamang kaayusan. Maaari mong ipabigkas sa isang pangkat ang unang salita, sa isa pang pangkat ang ikalawang salita, at gawin ang gayon sa kabuuan ng bersikulo.
7. Pumili ng isang bersikulo sa banal na kasulatan na nais mong ipasaulo sa mga bata. Isulat ang banal na kasulatan sa pisara o sa isang paskil. Ulitin nang ilang beses ang bersikulo, na unti-unting binubura ang mga salita hanggang sa maisaulo ng mga bata ang buong banal na kasulatan.

### Matalinong Paggamit sa Labis na Oras

Kung natapos mo ang inihanda mong aralin bago matapos ang oras ng klase, maaari mong naising lumikha ng isang gawaing magpupuno sa nalalabing oras. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa iyong gamitin ang oras na ito nang mabisa:

1. Papagsalitain ang ilan sa mga bata tungkol sa kanilang paboritong mga kuwento sa banal na kasulatan.
2. Magsagawa ng pananaliksik sa banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pahiwatig sa mga bata sa mahahalagang sangguniang banal na kasulatan na namarkahan na nila. Hayaang gumawa sila nang may kapareha o sa maliliit na pangkat upang mahanap ang tamang bersikulo ng banal na kasulatan.
3. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang isang banal na kasulatan mula sa aralin o sa isang saligan ng pananampalataya na nauukol sa aralin.
4. Hayaang magbahagi ng mga ideya ang mga bata tungkol sa kung paano nila magagamit sa tahanan, sa paaralan, at sa kanilang mga kaibigan ang mga alituntuning mula sa aralin.
5. Hatiin ang klase sa mga pangkat, at hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagtatanong sa isa't isa tungkol sa aralin.
6. Paguhitin ang bawat bata ng isang larawan na may kinalaman sa aralin o maglimbag ng isang siping-banggit na maiuuwi at maipakikita bilang paalala sa layunin ng aralin.
7. Anyayahan ang mga bata na markahan ang mga sanggunian sa banal na kasulatan para sa pag-aaral sa hinaharap. Maaaring hilingan mo ang mga bata na markahan ang mga bersikulo mula sa aralin na pinakagusto nila, o makapagmumungkahi ka ng mga bersikulo na inaakala mong makapagpapaalala sa mga bata tungkol sa layunin ng aralin.
8. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang pagkakasunud-sunod ng mga aklat sa mga banal na kasulatan. Makikita ninyo ang mga awiting inilapat sa mga ito sa *Children's Songbook* (mga pahina 114, 116, at 119).
9. Pagbalik-aralan ang mga alituntunin o mga pangyayari sa banal na kasulatan mula sa mga nakaraang aralin.

---

**Musika sa Silid-aralan**

Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay maaaring pagyamanin at palakasin sa pamamagitan ng musika. Kadalasan ang mga bata ay mas nakaaalala at natututo sa pamamagitan ng musika.

Hindi ka kailangang maging isang manunugtog upang makagamit ng angkop na musika upang matulungan ang mga bata na madama ang Espiritu at matutuhan ang ebanghelyo. Ang musika sa klase ay maaaring kapalooban ng mga *audiocasette* o isang pangkat ng mang-aawit sa oras ng aralin o sa pagsisimula pa lamang nito upang mabigyang-diin ang isang alituntunin. Maaari mo ring awitin o basahin ang mga titik sa mga awit upang maisali ang mga bata sa iyong aralin.

---

**Oras ng Pagbabahagi**

Paminsan-minsan ang klase ay mahihilingang magbigay ng mga simpleng pagtatanghal ng ebanghelyo sa Oras ng Pagbabahagi sa Primarya. Ang mga pagtatanghal na ito ay maaaring magmula sa mga aralin, mangangailangan ng kaunting pagsasanay, at makatutulong sa pagpapatatag ng mga alituntuning itinuturo mo. Maaari mong gamitin ang sumusunod na mga mungkahi para sa oras ng pagbabahagi:

1. Isadula ang isang pangyayari sa banal na kasulatan.
2. Sabay-sabay ninyong bigkasin ang isinaulong banal na kasulatan.
3. Ulitin o awitin ang isang saligan ng pananampalataya at ipaliwanag ang kahulugan nito.
4. Isadula ang isang makabagong pagkakaangkop ng isang alituntunin ng ebanghelyo.

## Mga Saligan ng Pananampalataya

Dapat mong ihalo ang Mga Saligan ng Pananampalataya sa iyong mga aralin at himukin ang bawat bata na isaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya bago malipat mula sa Primarya. Gamitin ang bawat pagkakataon upang tulungan ang mga bata na maisaulo at maunawaan ang Mga Saligan ng Pananampalataya.

## Pag-unawa sa mga Batang Walo Hanggang Labing-isang Taong Gulang

Upang matulungan ang mga bata na matuto at magkaroon ng tiwala sa sarili, kailangan mong maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at katangian at planuhin ang mga angkop na gawain at klase. Para sa higit pang kaalaman tungkol sa mga katangian ng mga bata na nasa ganitong edad, tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (33043) Yunit B, Paksa 5.

Mga katangian

Pisikal

- May mga panahon ng mabilis at mabagal na paglaki
- Maaaring naaasiwa
- Natutuwang maglaro sa mga pangkat

Pangkaisipan

- Sabik na matuto
- Nag-iisip ng tungkol sa mga nakaraang karanasan
- Nagsisimulang ibatay ang mga pasiya sa pangangatwiran
- Gustong malaman kung bakit
- Ay mapanghusga
- Nais maging katulad ng taong kanyang hinahangaan
- Nagiging higit na may pananagutan
- Gusto ang gawaing pagsasaulo

Panlipunan

- Nagsisimulang magnais ng higit na pakikihalubilo sa mga kapwa niya bata samantalang dati-rati ay ayaw ang gayon
- Nasisiyahan sa oras na ginugugol sa pangkat at sa pag-iisa
- Nakadarama ng malakas na pangangailangan sa pagsasarili
- Nagiging mas mapagpatawa
- Nagkakaroon ng interes sa iba

Pandamdamin

- Ayaw sa pamumuna
- Maaaring magpakita ng hindi angkop na pag-uugali kung may mga problema ang barkada
- Mas naaasahan na at napagkakatiwalaan
- Alam ang pagiging pantay-pantay
- Nagsisimulang magkaroon ng pag-aalinlangan sa kanyang sariling kahalagahan
- Hindi na gaanong mapaghari-harian at hindi gaanong iginigiit ang kanyang sarili

Espirituwal

- Nasisiyahan sa pagkatuto at pagsasagawa ng mga alituntunin ng ebanghelyo
- Naiimpluwensiyahan ng mga patotoo ng iba
- Lumalaking handa sa pag-unawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo
- May malakas na damdamin tungkol sa tama at mali

---

## Mga Natatanging Tagubilin para sa Pagsasali ng mga May Kapansanan

Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng halimbawa sa atin ng pagdama at pagpapakita ng pagkahabag sa mga may kapansanan. Nang dalawin niya ang mga Nephita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, sinabi niyang:

"Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo" (3 Nephi 17:7).

Bilang isang guro sa Primarya ikaw ay nasa pinakamainam na katayuan upang magpakita ng pagkahabag. Bagaman marahil hindi ka sinanay na magbigay ng propesyonal na tulong ay magagawa mong unawain at kalingain ang mga batang may mga kapansanan. Ang pagmamalasakit, pag-unawa, at pagnanais na isali ang bawat miyembro ng klase sa mga gawain ng pagkatuto ay kailangan.

Ang mga batang may kapansanan ay maaaring maantig ng Espiritu maging ano man ang kanilang antas ng pang-unawa. Kahit na ang ilang bata ay hindi maaaring makadalo sa buong oras ng Primarya, kailangan nilang magkaroon ng pagkakataong makadalo kahit sandali lamang upang madama ang Espiritu. Maaaring kailanganing magkaroon ang bata ng kasama na madaling makadama sa mga pangangailangan ng bata habang nasa Primarya sakaling kailanganing lumayo ang bata mula sa buong pangkat.

Ang ilang miyembro ng klase ay maaaring mahirapan dahil sa kawalang-kakayahan sa pagkatuto, mga kapansanan sa kaisipan, suliranin sa wika o pananalita, pagkawala ng paningin o pandinig, mga suliranin sa pag-uugali at pakikitungo sa ibang bata at matatanda, sakit sa utak, mga suliranin sa paggalaw at pagkilos, o mga matagal na suliranin sa kalusugan. Maaaring matuklasan ng iba na ang wika at kultura ng kapaligiran ay hindi pangkaraniwan at mahirap. Anuman ang maging kalagayan ng bawat isa, ang bawat bata ay may magkakatulad na pangangailangan na mahalin at tanggapin, na matutuhan ang ebanghelyo, na madama ang Espiritu, na matagumpay na makisali, at maglingkod sa iba.

Ang mga tagubiling ito ay makatutulong sa pagtuturo mo sa batang may mga kapansanan:

Huwag pansinin ang kapansanan at kilalanin ang bata. Maging totoo, palakaibigan, at masigla.

Alamin ang tungkol sa mga tiyak na kalakasan at hamon [na kinakaharap] ng bata.

Gawin ang lahat ng pagsisikap upang turuan, at paalalahanan ang mga miyembro ng klase tungkol sa kanilang tungkulin na igalang, ang bawat miyembro ng klase. Ang pagtulong sa isang miyembro ng klase na may kapansanan ay maaaring maging karanasan ng pagkatuto para sa buong klase na tulad ng kay Cristo.

Hanapin ang mga pinakamainam na pamamaraan ng pagtuturo sa bata sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga magulang, sa ibang miyembro ng mag-anak, at kapag naaangkop, sa bata.

Bago tawagin ang batang may mga kapansanan upang magbasa, manalangin, o kaya ay makisali, tanungin siya kung ano ang kanyang pakiramdam tungkol sa pakikisali sa klase. Bigyang-diin ang mga kakayahan at mga talino ng bawat bata at humanap ng mga paraan upang ang bawat isa ay makisali nang matiwasay at matagumpay.

Iangkop ang mga kagamitan ng aralin at ang pisikal na kapaligiran upang matugunan ang bawat pangangailangan ng mga batang may mga kapansanan.

Ang mga karagdagang kagamitan para sa pagtuturo ng mga batang may mga kapansanan ay makukuha mula sa mga sentro ng pamamahagi ng Simbahan (tingnan sa “Materials for Those with Disabilities” na nasa *Salt Lake Distribution Center Catalog*).

---

## Pakikitungo sa mga Suliranin ng Pang-aabuso

Bilang isang guro ay maaaring matuklasan mo na may mga bata sa iyong klase na dumaranas ng pandamdamin o pisikal na pang-aabuso. Kung nababahala ka tungkol sa isang bata sa iyong klase, mangyari lamang na sumangguni sa iyong obispo. Habang inihahanda at inilalahad mo ang mga aralin, manalangin para sa gabay at patnubay ng Panginoon. Tulungan ang bawat bata sa iyong klase na madamang siya ay mahalagang anak ng Ama sa Langit at mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin at nais na maging maligaya at ligtas tayo.

# Pagiging Pamilyar sa Bagong Tipan

Aralin 1

**Layunin**

Upang makilala ng mga bata ang Bagong Tipan at maganyak sila na pag-aralan ang mga banal na kasulatan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang II Timoteo 3:1–7, 13–17. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang tunay na layunin ng aralin. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Karagdagang babasahin: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 10.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Maghanda ng walong piraso ng papel na nasusulatan ng mga sumusunod na salita: Mga Banal na Kasulatan, Mga Pamantayang Kasulatan, Biblia, Matandang Tipan, Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, Mahalagang Perlas. (Maaari mong gamitin ang pisara sa halip na gamitin ang mga salitang nakasulat.)
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang huwego (set) ng pamantayang mga banal na kasulatan.

Pansinin: Maaaring may mga bata sa iyong klase na hindi nakababasang mabuti. Humanap ng mga paraan upang tulungan sila na makasali nang hindi sila makararamdam ng pagkaasiwa. Ang lahat ng mga bata ay dapat magkaroon ng isang tunay na karanasan sa mga banal na kasulatan sa bawat linggo. Ang iyong kasigasigan sa mga banal na kasulatan ay makatutulong sa kanila upang naisin na mag-aral at matuto sa kanilang sarili.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Bigyan ang mga bata ng sumusunod na mga palatandaan at ipataas ang kanilang mga kamay kapag inaakala nilang alam nila ang salita na tumutugma sa mga palatandaan.

May apat nito.

(Tawagin ang pangalan ng bata sa klase o sinuman na alam nila na mayroong lahat ng apat na aklat ng banal na kasulatan) ay mayroon nito.

Ang tawag sa mga ito ay pamantayang mga banal na kasulatan.

Ang mga ito ay nagtataglay ng salita ng Diyos.

Ang mga ito ay mga aklat.

Kapag nahulaan ng mga bata ang salitang *Mga Banal na Kasulatan*, ipaliwanag na ang araling ito ay magtuturo sa kanila ng tungkol sa mga banal na kasulatan at ipaliwanag ang kanilang kahalagahan ng mga ito sa ating mga buhay.

### Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa mga banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisasagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang mga banal na kasulatan? Paano naiiba ang banal na kasulatan sa ibang mga kasulatan? (II Timoteo 3:16.)
- Bakit kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan? Kailan natin dapat natin simulan ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan? (II Timoteo 3:14-15.) Bakit mahalaga na magsimula tayong mag-aral ng banal na kasulatan habang tayo ay bata pa?

Ipakita ang iyong kopya ng mga banal na kasulatan at ilantad ang nakasulat na salitang “Mga Pamantayang Banal na Kasulatan.” Ipaliwanag na tinatawag natin ang mga banal na kasulatan na mga pamantayang banal na kasulatan sapagkat ang mga iyon ang opisyal na mga banal na kasulatan na ginagamit natin sa Simbahan.

Anyayahan ang mga bata na ibahagi sa klase kung ano ang kanilang nalalaman tungkol sa mga banal na kasulatan. Habang iyong tinatalakay ang bawat aklat ng banal na kasulatan, ipakita ang angkop na salitang nasusulat o isulat ang mga salita sa pisara. (Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 10.)

- Saan sa mga pamantayang banal na kasulatan natin mababasa ang tungkol kay Jesucristo? Basahin o mag-anyaya ng isang bata upang basahin ang sumusunod na mga bersikulo: Moises 8:24 (sa pamamagitan ng mga salitang *Espiritu Santo*), Doktrina at mga Tipan 20:29, 2 Nephi 25:26 at Mga Awit 83:18 (ipaliwanag na ang Jehova ang ibang pangalan ni Jesucristo). Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang apat na pamantayang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo kay Jesucristo.
- Pabuksan sa mga bata ang kanilang mga Biblia sa mga pahina ng nilalaman (listahan ng mga aklat sa Matanda at Bagong Tipan). Sa anong dalawang malalaking bahagi nahahati ang Biblia? Ano ang nasa listahan ng bawat bahagi? Ipaliwanag na ang maliliit na aklat sa Matanda at Bagong Tipan ay isinulat ng iba’t ibang mga propeta o pinuno ng Simbahan. (Kung may isang listahan ng mga daglat (chart of abbreviations), ipaliwanag ang mga ito sa mga bata.) Saan natin matatagpuan ang pangyayari sa buhay na mortal ni Jesus at kanyang ministeryo? (Sa Bagong Tipan.) Patingnan sa mga bata ang listahan ng Bagong Tipan, at ipaliwanag na ang mga aralin sa taong ito ay nakatuon sa mga turo mula sa Bagong Tipan.
- Sino sina Mateo, Marcos, Lucas at Juan? Tungkol sa ano ang kanilang isinulat? (Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang bawat isa sa mga taong ito ay sumulat ng isang pangyayari sa buhay ni Jesus, kadalasang nagsusulat ng magkatulad na mga pangyayari, at nagpapatotoo na siya ang Tagapagligtas.) Anyayahan ang mga bata na ibahagi ang kanilang paboritong mga kuwento at mga aral sa buhay ni Jesus.

- Ipabuklat sa mga bata ang Mga Gawa, kabanata 1. Ipaliwanag na ang Mga Gawa ay nagsasabi tungkol sa mga pagtuturo ng mga Apostol ng ebanghelyo pagkatapos ng pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli ni Jesus. Ano sa palagay ninyo ang ginawa ng mga Apostol noong panahon ni Jesus? Ano ang ginagawa ng mga Apostol ngayon?
- Ipabuklat muli sa mga bata ang pahina ng mga nilalaman. Ipaliwanag na ang karamihan sa mga aklat ng Bagong Tipan ay mga liham na isinulat ng mga Apostol ni Jesus o ibang mga pinuno ng Simbahan para sa mga kasapi ng Simbahan. Bakit sa palagay ninyo isinulat nila ang mga iyon? Ipaliwanag na ang mga liham na ito ay tumulong sa mga kasapi ng Simbahan na maunawaan ang ebanghelyo at nagpayo sa kanila na maging matapat. Ano ang mayroon tayo ngayon sa Simbahan na tulad ng mga liham na ito? (Mga Lathala ng mga Pangkalahatang Awtoridad sa mga magasin ng Simbahan, mga pahayag sa *satellite* at mga pangkalahatang komperensiya at komperensiya ng istaka.)

Ipaliwanag na ang bawat aklat sa Bagong Tipan ay nahahati sa mga kabanata at mga bersikulo upang madali nating makita ang isang parirala sa mga banal na kasulatan.

- Isulat ang *Mateo 28:2–9* sa pisara. Saan sa mga pamantayang banal na kasulatan maaari nating matagpuan ang banal na kasulatang ito? Aling bilang ang nagsasabi sa atin ng kabanata? Aling mga bilang ang nagsasabi sa atin ng mga bersikulo? Basahin ang mga bersikulong ito na kasabay ang mga bata. Tungkol sa ano ang iniuulat ng banal na kasulatang ito? Bakit mahalagang maitala ang pangyayaring ito sa mga banal na kasulatan?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Tulungan ang mga bata na sauluhin ang mga aklat ng Bagong Tipan ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga ito. Maaari mong gamitin ang awit na “The Books in the New Testament” (*Children’s Songbook*, p. 116). Pagbalik-aralan muli ang mga aklat sa susunod na mga ilang linggo.
2. Talakayin ang ikawalong saligan ng pananampalataya sa mga bata at tulungan silang isaulo ito (tingnan sa “Pagtulong sa mga Bata na Maisaulo ang mga Banal na Kasulatan” p. xii. Paalalahanan ang mga bata na ang ating Biblia ay isinalin mula sa mga limang dokumento na kinopya at kinopyang muli sa pamamagitan ng kamay. Dahil dito may mga pagkakamaling nagawa kapwa sa pagsasalin at muling pagkakakopya. Kahit na tumpak ang karamihan sa mga Biblia, isinulat ng propetang si Nefias na “maraming malinaw at mahahalagang mga bagay” (1 Nephi 13: 28) ang nawala dito. Muling sinuri ng Propetang si Joseph Smith ang Biblia sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos at idinagdag ang mga bahaging nawala o pinalitan. Ipaliwanag na tinutulungan tayo ng mga bahaging ito na maunawaang mabuti ang mga bagay tungkol sa ebanghelyo.
3. Kung ikaw ay may Ingles na Biblia na inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ipakita sa mga bata ang sanggunian sa pagsasalin ni Joseph Smith (JST) para sa Mateo 6:13 (talababa *a* [footnote]). Tulungan ang mga batang makita ang mas mahahabang sanggunian sa *JST* (Pagsasalin ni Joseph Smith) sa hulihan ng Biblia.

Kung ang Biblia mo ay hindi Ingles, tingnan ang mga sanggunian sa *JST* sa hulihan ng pinagsamang tatlong banal na kasulatan. Paghambingin ang dalawang bersikulo at talakayin kung paano ang salin ni Joseph Smith ay tumutulong sa atin na maunawaan ang bersikulo.

4. Kung ang mga bata sa iyong klase ay may Ingles na BHA na edisyon ng Biblia, ipaliwanag nang maikli ang sumusunod na bahagi ng Biblia: mga talababa, *Topical Guide, Bible Dictionary* (kasama ang *Harmony of the Gospels*), *Gazetteer* at mga Mapa.
5. Basahin at talakayin ang Lucas 24:27. Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Jesus ay nag-aral at nagturong madalas mula sa mga banal na kasulatan. Anong banal na kasulatan ang maaaring pinag-aralan ni Jesus? (Ang Matandang Tipan.)
6. Alisin ang mga salitang nakasulat, paghalu-haluin ang mga ito, at ilagay ang mga ito sa sahig o sa isang lamesa. Itanong sa mga bata ang tulad ng mga sumusunod:
   - Aling dalawang salitang nakasulat ang may magkatulad na kahulugan? ("Mga Banal na Kasulatan" at "Pamantayang mga Banal na Kasulatan.")
   - Aling dalawang salitang nakasulat ang bumanggit sa mga aklat na bahagi ng ikatlong aklat? ("Bagong Tipan" at "Matandang Tipan" na mga bahagi ng Biblia.)
   - Anu-anong mga aklat ang kasama sa pamantayang mga banal na kasulatan? (Ang Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.)

   Kapag ang isang bata ay nakasagot sa tanong, palapitin siya at ipakita ang angkop na mga salitang nakasulat.
7. Awitin o basahin ang mga salita na "As I Search the Holy Scriptures" (*Hymns*, blg. 277) o "Maghanap, Mag-isip, at Manalangin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo sa katotohanan ng mga banal na kasulatan at kahalagahan ng mga ito sa ating buhay. Ibahagi sa mga bata ang isang pangyayari sa iyong buhay kung kailan ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay nakatulong sa iyo. Himukin ang mga bata na magbasa ng banal na kasulatan araw-araw.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang II Timoteo 3:14–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Jesucristo ay Nagkusang-loob na Maging Tagapagligtas Natin

Aralin
2

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na madama ang malaking pagmamahal kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila na doon sa buhay bago ang buhay sa daigdig, si Jesus ang nagkusang-loob na maging kanilang Tagapagligtas.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 15:13, Mga Hebreo 12:9, Paghahayag 12:7–9, Doktrina at mga Tipan 93:21, at Moises 4:1–4. Tingnan din ang mga kabanata 2 at 3 ng *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*. Pagkatapos ay pag-aralan ang mga aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Ayusin upang awitin ng ilan sa mga bata sa iyong klase ang "Ako'y Namuhay sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o maghanda upang awitin o basahin ang mga salita kasama ang mga bata sa oras ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan at Mahalagang Perlas para sa bawat bata.
   b. Larawan 7-1, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572), at isang larawan ng isang sanggol na bagong silang, kung maaari ay larawan ng isang miyembro ng klase o sa iyo.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang larawan ng isang bagong silang na sanggol at hayaan ang klase na hulaan kung sino ito.

- Bakit hindi ito ang simula ng buhay ng taong ito?

Magpatotoo sa mga bata na bago tayo isinilang sa lupa tayong lahat ay namuhay kasama ng Ama sa Langit bilang mga espiritung anak. Ipaliwanag na ang ating mga espiritung katawan ay katulad na katulad ng ating mga katawang lupa, may mga bisig, mga paa, mga mata at lahat na, ngunit hindi ito laman at dugo. Ipaliwanag din na ang buhay natin bilang mga espiritung anak ay tinatawag na buhay bago ang buhay sa daigdig. Sa panahong ito ng buhay bago ang buhay sa daigdig tinuruan tayo ng ating mga magulang sa langit ng ebanghelyo at ng plano ng buhay.

Maaari mong ibahagi ang siping-banggit mula kay Brigham Young: "Kilalang-kilala mo ang Diyos, ang ating Ama sa Langit. . . . Walang isa mang kaluluwa sa inyo na hindi tumira sa kanyang bahay at nanahanang kasama niya. . . . Walang isa mang tao ngayon dito na hindi anak ng Maykapal" (*Discourses of Brigham Young*, p. 50).

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Itanong ang tulad ng mga sumusunod, at bigyan ang mga bata ng isang pagkakataon na talakayin ang kanilang mga damdamin:

- Sino ang nagmamahal sa inyo?
- Paano ninyo masasabi na may isang nagmamahal sa inyo?
- Sino ang inyong minamahal?

Magsalaysay ng isang kuwento tungkol sa isang tao na may malaking pagmamahal sa ibang tao kung kaya gumawa siya ng isang bagay sa kanyang minamahal, tulad ng isang ina na nagpupuyat sa gabi upang alagaan ang isang maysakit na anak o isang nakatatandang kapatid na lalaki o babae na tumutulong sa nakababatang kapatid sa isang proyekto para sa eskuwela.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa ginawa ni Jesus sa buhay bago ang buhay sa daigdig na nagpapakita ng kanyang dakilang pagmamahal para sa bawat isa sa atin.

Ipakita ang larawan ni Jesucristo at isalaysay ang kuwento ni Jesus na nagkusang-loob na maging ating Tagapagligtas. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan ang sumusunod na mga ideya:

1. Tayo ay mga espiritung anak doon sa buhay bago ang buhay sa daigdig at namuhay kasama ng ating mga magulang sa langit. (Mga Hebreo 12:9).
2. Si Jesus ang panganay na espiritung anak ng ating Ama sa Langit (Doktrina at mga Tipan 93:21) at ang pinakamatandang kapatid natin sa espiritu.
3. Si Lucifer, na naging si Satanas, ay isa ring espiritung anak ng ating Ama sa Langit.
4. Ang Ama sa Langit ay tumawag ng isang pulong para sa lahat ng kanyang mga espiritung anak. Ipinaliwanag Niya sa pulong na ito ang kanyang plano para sa atin na maging tulad niya. Sinabi Niya sa atin na nais Niyang pumunta tayo sa lupa upang magkaroon tayo ng katawang pisikal. Ipinaliwanag Niya na sa lupa ay susubukin tayo kung susundin natin ang lahat ng kanyang mga kautusan.
5. Sa pulong na ito ay ipinaliwanag din ng ating Ama sa Langit na tayong ahat ay magkakasala at lahat tayo ay mamamatay. Ang Ama sa Langit ay nangangailangan ng isang tao upang maging Tagapagligtas, upang magbata ng ating mga kasalanan, at upang mamatay para sa atin upang tayo ay maaaring mabuhay na mag-uli.
6. Nais ni Lucifer na baguhin ng Ama sa Langit ang kanyang plano. Sinabi ni Lucifer na kanyang sasagipin ang lahat sa pamamagitan ng pag-aalis ng kanilang kalayaan sa pagpili, na siyang magiging daan upang hindi na tayo magkamali o para maging banal na tayo. Nais din ni Lucifer na mapunta sa kanyang lahat ang karangalan. (Moises 4:1.)
7. Sapagkat mahal niya tayo (Juan 15:13), si Jesus ay nagkusang-loob na maging ating Tagapagligtas. Nais niyang sundin ang plano ng ating Ama sa Langit at ibigay ang kaluwalhatian sa ating Ama sa Langit (Moises 4:2).
8. Pinili ng Ama sa Langit si Jesus upang ating maging Tagapagligtas. Si Lucifer ay nagalit at naghimagsik laban sa Ama sa Langit (Paghahayag 12:7–9; Moises 4:3–4).

9. Ang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit ay dapat magpasiya kung susunod sila kay Jesus o kay Lucifer.
10. Ikatlong bahagi ng mga anak ng Ama sa Langit ang pumili na sundin si Lucifer, at silang lahat ay itinapon sa labas ng kalangitan. Si Lucifer ay naging si Satanas, at ang mga espiritung sumunod sa kanya ang naging masasamang espiritu, na nagpupumilit na pagawain tayo ng mga maling bagay. Ang mga espiritung ito na nagsisunod kay Satanas ay hindi nagkaroon ng katawang pisikal.
11. Lahat ng mga espiritung pumili sa plano ng ating Ama sa Langit at sumunod kay Jesus sa buhay bago ang buhay sa daigdig ay isinilang o isisilang pa lamang sa lupa na may mga katawang pisikal ng laman at dugo.
12. Lahat ng mga bata sa silid-aralang ito ay pinili na sumunod sa plano ng ating Ama sa Langit at isinilang sa lupa na may katawang mortal.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sanggunia banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano sa palagay ninyo ang katulad nang mamuhay sa langit na kasama ang ating Ama sa Langit?
- Ano ang inyong nararamdaman ngayong alam na ninyo na ang Ama sa Langit ang Ama ng inyong espiritu?
- Ano ang ibig sabihin ng si Jesus ang nakatatandang kapatid ng ating mga espiritu?
- Paano ninais ni Lucifer na palitan ang plano ng Ama sa Langit?
- Ano ang inyong nararamdaman ngayong alam na ninyo na si Jesus ay nagkusang-loob na magdusa at mamatay para sa inyo?
- Paano ninyo malalaman na pinili ninyong sumunod kay Jesus sa buhay bago ang buhay sa daigdig? Bakit kayo natuwa na ginawa ninyo ang gayong pagpili?
- Ano ang sinasabi tungkol sa inyong sarili ng katotohanan na pinili ninyong sundin si Jesus sa buhay bago ang buhay sa daigdig?
- Ngayong tayo ay naisilang na sa daigdig, bakit mahalaga pa rin nating piliin na sundin si Jesus?

Ipakita sa mga bata ang Biblia, at ipaliwanag na ang Bagong Tipan sa Biblia ang nagsasabi tungkol sa mga bagay na ginawa ni Jesus at ng kanyang mga Apostol samantalang sila ay nabubuhay sa lupa. Ipaliwanag na ang mga aralin sa taong ito ay nababatay sa buhay at mga turo ni Jesus at ng kanyang mga Apostol. Himukin ang mga bata na dalhin ang kanilang mga Biblia sa klase tuwing Linggo.

Ipaawit sa ilang mga bata ang “Ako’y Namuhay sa Langit” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o kaya ay awitin o basahin ang mga salita na kasama ang klase.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Bilang pagbabalik-aral, isulat ang sumusunod na mga salita sa pisara:

    *Sa ikatlo*
    *Panganay*
    *Nakatatandang kapatid na lalaki*
    *Ama ng ating mga espiritu*
    *Pulong sa Kalangitan*
    *Lucifer*

    Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Hilingin sa bawat pangkat na talakayin ang bawat isa o higit pa sa mga ideyang ito at maghanda na sabihin sa klase kung ano ang kanilang natatandaan tungkol sa mga iyon. Pagkatapos ng ilang minuto ay hilingin sa bawat pangkat na mag-ulat sa klase.

2. Pabuksan sa mga bata ang kanilang mga Biblia sa listahan ng mga aklat sa Bagong Tipan. Pagbalik-aralan ang aralin 1 sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod: Paano magkakahawig ang mga aklat ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan? Paano sila nagkakaiba? Tungkol ba sa ano ang aklat ng Mga Gawa? Bakit ang karamihan sa natitira sa mga aklat ay tinatawag na mga liham? Tulungan ang mga bata na maging pamilyar sa Bagong Tipan sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga sanggunian sa pisara at hayaang hanapin nila ang mga sanggunian sa kanilang mga kopya ng Biblia.

3. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Juan 15:13.

4. Tulungan ang mga bata na sauluhin ang mga aklat sa Bagong Tipan (tingnan sa “The Books of the New Testament,” (*Children’s Songbook*, p. 116).

## Katapusan

**Patotoo**

Magpatotoo na ikaw at ang mga bata sa iyong klase ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit at napakalaki ng pagmamahal sa atin ni Jesus kung kaya sa buhay bago ang buhay sa daigdig ay nagkusang loob siya na maging ating Tagapagligtas. Napakalaki ng pagmamahal natin sa ating Ama sa Langit kung kaya’t pinili nating sumunod sa kanyang plano. Bigyang-diin kung gaano kahalaga na ang mga anak ay magpatuloy na sumunod sa plano ng ating Ama sa Langit dito sa lupa. Magpatotoo na ang pagsunod kay Jesus at pagsunod sa kanyang mga kautusan ang tanging mga paraan para maging tunay na maligaya.

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Moises 4:1–4 sa tahanan at bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Juan Bautista ang Naghanda ng Daan para kay Jesucristo

Aralin **3**

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na sila ay paunang inordenan upang gumanap ng isang mahalagang bahagi sa gawain ng Ama sa Langit sa lupa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 1:5–25, 57–80; Mateo 3:1–6; at Doktrina at mga Tipan 84:27–28. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin, p. vii" at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang papel na may nakalimbag na mga salitang "*Ako ay isang hinirang na espiritu*" para sa bawat bata.
   c. Larawan 7-2, Nangangaral si Juan sa Ilang (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 207; 62132).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Bago magklase ay palihim na hilingin sa isa sa mga bata na ipamahagi ang mga papel na iyong inihanda sa ibang mga bata pagkatapos na pagkatapos ng pambungad na panalangin.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hayaan ipamigay ng bata na ang mga papel sa mga miyembro ng klase. Ipaliwanag na bago nagsimula ang klase ay pinili mo ang bata na namigay ng mga papel upang gawin ang paglilingkod na ito. Ang paunang inordenan ay tulad nito. (Isulat ang *Paunang Inordenan* sa pisara.) Tayo ay paunang inordenan ng ating Ama sa Langit sa buhay bago ang buhay sa daigdig nang pinili niya tayo upang gumawa ng natatanging gawain sa lupa para sa kanya. Bilang paunang inordenan ay hindi nangangahulugan na dapat nating gawin ang gawain; mayroon pa rin tayong kalayaan o kapangyarihan sa pagpili, subalit ang pagkakataon ay atin kung ating pipiliin. Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang tungkol kay Juan Bautista, na siyang paunang inordenan o pinili upang maisagawa ang isang mahalagang misyon sa lupa. Ipabasa nang malakas sa mga bata ang mga salita sa kanilang mga papel. Sabihin sa kanila na ang mga banal na kasulatan na kanilang pag-aaralan ay nagpapaliwanag na si Juan Bautista ay isang natatanging espiritu na pinili sa buhay bago ang buhay sa daigdig upang ihanda ang daan para kay Jesucristo.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang kuwento ng kapanganakan, kabataan, at misyon ni Juan Bautista mula sa mga banal na kasulatan na nakalista sa bahaging "Paghahanda." Ipakita ang larawang Nangangaral si Juan sa Ilang sa angkop na oras. (Para sa

mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Juan Bautista ay paunang inordenan upang ihanda ang mga tao na makinig kay Jesucristo.

### Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian kasabay ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ating nalalaman tungkol sa mga magulang ni Juan Bautista? (Lucas 1:5–7.)
- Bakit napipi si Zacarias kung kaya hindi siya makapagsalita? (Lucas 1:18–20.)
- Bakit pinangalanan nina Zacarias at Elizabet ang kanilang anak na Juan? (Lucas 1:13.)
- Ano ang nalalaman natin tungkol sa kabataan ni Juan? (Lucas 1:80; Doktrina at mga Tipan 84:27–28.)
- Sa anong gawain paunang inordenan si Juan Bautista? (Lucas 1:15–17, 76–77.)
- Paano ginampanan ni Juan Bautista ang kanyang paunang inordenang misyon na ihanda ang daan para kay Jesucristo? (Mateo 3:1–6.)

Ipaliwanag na gaya ni Juan Bautista na isang natatanging espiritu na pinili upang tumulong na itatag ang kaharian ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng paghahanda ng daan para kay Jesucristo, tayo rin ay mga natatanging espiritu na pinili upang tumulong na maitatag ang kaharian ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tao na higit na malaman ang tungkol kay Jesucristo.

Basahin itong siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson: "Kayo ay hinirang na mga espiritu, marami sa inyo ang inilalaan sa loob ng halos 6,000 taon upang pumarito ngayong araw na ito, sa ganitong panahon, kung kailan ang mga tukso, mga pananagutan, at mga pagkakataon ay pinakamalaki" (sa *Conference Report*, Okt. 1977, p. 43; o *Ensign*, Nob. 1977, p. 30).

- Ano ang nararamdaman ninyo ngayong alam na ninyo na personal na kilala kayo ng Ama sa Langit at pinili kayo upang pumarito sa lupa sa panahong ito?
- Ano kaya ang ilan sa mga bagay na paunang inordena sa atin na gawin natin upang makatulong tayo sa pagtatatag ng kaharian ng Ama sa Langit? (Magmisyon, maging mabuting halimbawa sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga tipan, taglayin ang pagkasaserdote, palakihing matwid ang mga mag-anak, gampanan ang mga tawag o tungkulin sa Simbahan.)
- Paano ninyo malalaman kung ano ang nais ng Ama sa Langit na gawin ninyo dito sa lupa? (Ipanalangin ang mga pagpapasiya, makinig sa espiritu.) Ipaliwanag na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng pagkakataon upang makatanggap ng basbas ng patriyarka mula sa patriyarka ng istaka kapag tayo ay nasa tamang gulang na. Ang mga basbas ng patriyarka ay kadalasang nagpapahiwatig kung anong mga tawag o mga tungkulin ang maaari nating matanggap o kung ano ang nais ng Ama sa Langit na ating

gawin sa ating mga buhay. Paano ninyo maihahanda ang inyong sarili para magawa ang ninanais ng Ama sa Langit na gawin ninyo?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Maghanda ng isang papel na nasusulatan ng sumusunod na mga pangungusap (walang mga sagot) para sa bawat bata, o isulat ang mga pangungusap sa pisara:

   Juan Bautista:
   a. Nanirahan sa ______________.
   b. Ay ________ na buwan ang tanda kay Jesus.
   c. Nagsuot ng damit na yari sa ______________ at ______________.
   d. Kumain ng ______________ at ______________.
   e. Inihanda ang daan para kay ______________.

   Mga sagot: a. ilang; b. anim; c. balahibo ng kamelyo, balat; d. mga balang, pulot pukyutan; e. Jesucristo.

   Ipabasa sa mga bata ang Lucas 1:26–27, 35–36, 76 at Mateo 3:1, 4 upang mapunan ang mga patlang. (Kung hindi alam ng mga bata kung ano ang mga balang, ipaliwanag na ang mga iyon ay malalaking kulisap na lumilipad.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit si Juan Bautista ay namuhay ng isang simple at mababang pamumuhay sa ilang, ay matapat niyang ginampanan ang kanyang misyon at inihanda ang daan para kay Jesucristo.

2. Ipabasa sa mga bata ang mga sumusunod na mga banal na kasulatan upang matuklasan ang iba pang mga paunang inordenan para sa kanilang misyon sa lupa:

   Jeremias 1:5—Jeremias
   1 Nephi 11:18—Maria, ang ina ni Jesus (pangitaing ibinigay kay Nephi)
   Ether 3:14—Jesucristo
   Doktrina at mga Tipan 138:53, 55—Joseph Smith at ang iba pa
   Abraham 3:23—Abraham

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo na tulad ni Juan Bautista na paunang inordenan upang ihanda ang daan para kay Jesucristo at maging saksi para sa kanya, gayon din naman na ang bawat isa sa atin ay paunang inordenan para sa ating misyon sa lupa. Ipahayag ang iyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pamumuhay ng ebanghelyo at pagiging karapat-dapat sa anumang bagay na paunang inordena ng Ama sa Langit na ating gagawin.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Lucas 1:5–23, 57–80 at Mateo 3:1–6 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
4

# Si Jesucristo ang Anak ng Ama sa Langit

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Jesucristo ang bugtong na Anak ng Diyos sa laman.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 1:18–25 at Lucas 1: 26–38, 2:1–20. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa Paghahanda ng Iyong Aralin, p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan, p. viii).
2. Karagdagang babasahin: Juan 3:16–17, Alma 22:14, Doktrina at mga Tipan 19:16–19, at *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 11.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 7-1, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572); 7-3, Ang Pagsilang ni Jesus (Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo 200; 62116); 7-4, Ang Pagbabalita sa mga Pastol tungkol sa Pagsilang ni Cristo (Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo 202; 62117); at 7-5, Mag-anak na may Sanggol (62307).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang larawan 7-5, Mag-anak na may Sanggol. Itanong sa mga bata ang mga sumusunod na tanong:

- Ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng mga magulang na ito sa pagkakaroon ng bagong sanggol na ito?
- Saan ba tumira o nanahanan ang espiritu ng sanggol na ito bago siya isinilang?
- Sino ang ina niya sa lupa? Sino ang ama niya sa lupa? Sino ang Ama ng kanyang espiritu?

Ipaliwanag na gaya ng sanggol na ito, ang bawat isa sa atin ay may ama at ina sa lupa at ang Ama sa Langit ay Ama din ng ating espiritu.

Ipakita ang larawang Si Jesus ang Cristo.

- Sino ang ina ni Jesus? Sino ang ama ni Jesus?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kaiba si Jesus sa atin sapagkat ang Ama sa Langit ang ama ng katawang lupa ni Jesus. Sabihin sa kanila na ituturo ng araling ito ang marami pang bagay tungkol sa pagsilang ni Jesus.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang kuwento tungkol kina Maria at Jose at ang pagsilang ni Jesus mula sa mga banal na kasulatang nakalista sa bahaging “Paghahanda” at gumamit ng mga larawan kung naaangkop. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang Ama sa Langit ang siyang ama ng katawang espirituwal ni Jesucristo at gayundin ng kanyang katawang pisikal.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinabi ng mga angel ng Ama sa Langit kina Maria at Jose tungkol kay Jesus bago siya isinilang? ( Mateo 1:19–23; Lucas 1:30–33, 35.) Bakit?
- Bakit sa palagay ninyo nagpakita ang mga angel sa mga pastol? ( Lucas 2:9–14.) (Upang patunayan sa mga pastol na ang Bugtong na Anak ng Ama sa Langit ay isinilang sa Betlehem.)
- Ano sa palagay ninyo ang sinabi ng mga pastol sa mga tao tungkol kay Jesus? (Lucas 2:15–20.)
- Bakit tinawag si Jesus na Bugtong na Anak ng Ama sa Langit? (Si Jesus lamang ang taong isinilang sa lupa na ang ama niya sa laman ay ang Ama sa Langit). Ipaliwanag na bilang asawa ni Maria, si Jose ang lalaking napili na gumabay at magpalaki kay Jesus.
- Paanong kaiba ang relasyon ni Jesus sa Ama sa Langit sa relasyon natin sa Ama sa Langit?
- Bakit mahalaga na isang mortal ang ina ni Jesus? Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil sa mortal si Maria, gayon din naman na mortal si Jesus at nagawa niyang mamatay para sa atin. Tulungan din ang mga bata na maunawaan na dahil sa ang Ama sa Langit ang siyang ama ni Jesus sa laman ay hindi na kailangang mamatay si Jesus (tingnan sa Juan 5:26; 10:17–18). Pinili niyang magdusa para sa ating kasalanan at pagtagumpayan ang kamatayan (tingnan sa Alma 22:14; Doktrina at mga Tipan 19:16–19).

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipalarawan sa isip ng mga batang lalaki kung paano kaya ang maging katulad ni Jose. Ipalarawan sa isip ng mga batang babae kung paano kaya ang maging katulad ni Maria. Hilingin na sabihin nila sa iyo ang maaaring nasa isip nila nang ang angel ay dumalaw sa kanila. Itanong sa kanila kung ano kaya ang maaaring naging damdamin nila kung sa kanila sinabi na magiging magulang sila ng Tagapagligtas sa mundo.
2. Patingnan sa bawat bata ang isa sa mga sumusunod na banal na kasulatan, kung saan binabanggit si bilang Jesus ang Bugtong na Anak: Juan 1:14;

3:16–18; 1 Juan 4:9; Jacob 4:5, 11; Alma 5:48; 12:33–34; Doktrina at mga Tipan 29:42, 46; 93:11, at Moises 1:6. (Kung may higit sa siyam na bata sa klase, atasan ang dalawang bata ng isang banal na kasulatan.) Kung tapos na ang mga bata sa gawaing ito, dapat nilang maunawaan na ang titulong Bugtong na Anak ay nagpapabatid sa atin na si Jesus lamang ang taong isinilang sa mundong ito na anak ng Ama sa Langit sa laman.

3. Hilingin sa mga bata na sabihin sa iyo ang isang bagay na nalalaman nila tungkol kay Jesus na mahalaga sa kanila.
4. Pag-aralan ninyo muli ng mga bata ang unang saligan ng pananampalataya.
5. Ipaawit o ipabasa sa mga bata ang "Ipinadala ang Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo, na binibigyang-diin na siya lamang ang Bugtong na Anak ng Ama sa Langit, o ang tanging tao na isinilang sa lupa na ang ama sa laman ay ang Ama sa Langit. Magpatotoo na si Jesus ang ating Tagapagligtas. Himukin ang mga bata na mag-aral at magdasal para magtamo ng patotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Lucas 1:26–38 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Kabataan ni Jesucristo

Aralin
5

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na malaman ang tungkol sa kabataan ni Jesus at maunawaan na naglaan ang Diyos ng mga saksi upang magpatotoo na si Jesucristo ay kanyang Anak.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 2:21–52, Mateo 2, ang Pagsasalin ni Joseph Smith sa Mateo 3:24–26, at Doktrina at mga Tipan 93:11–14. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii).
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang kaakit-akit na bagay gaya ng isang alaala ng pamilya, na may katamtamang liit upang madaling itago sa silid-aralan.
   c. Larawan 7-6, Ang Batang si Jesus sa Templo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 205; 62500).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata sa magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Habang dumarating ang mga bata sa klase, ipakita sa dalawa o tatlo sa kanila ang bagay na dinala mo; pagkatapos ay itago ito bago dumating ang iba. Hilingin sa isa sa mga batang nakakita sa bagay na ilarawan ito nang hindi binabanggit kung ano ito. Tanungin ang klase kung alam nila ang bagay. Hilingin sa ibang bata na nakakita sa bagay na ilarawan ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na lalo silang makatitiyak sa isang bagay kung maririnig nila ito mula sa maraming tao. Ipakita ang bagay sa klase.

Ipaliwanag na ang mga batang naunang nakakita sa bagay ay gumaganap na mga saksi sapagkat alam nila ang tungkol sa bagay at inilarawan kung ano ito. Ang saksi ay isang taong may personal na kaalaman tungkol sa isang bagay at ibinabahagi ang kaalamang ito sa iba. Ang saksi ay maaari ring isang bagay na nagbibigay ng katibayan o pruweba; halimbawa, ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo na si Jesus ay ang Cristo. Ipaliwanag na noong bata pa si Jesus, naglaan ang Ama sa Langit ng maraming saksi upang magpapatotoo na si Jesus ay kanyang Anak.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang pangyayaring may kinalaman sa kabataan ni Jesus na makikita sa mga banal na kasulatan na nakalista sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan. Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 bilang pagbabalik-aral sa naunang aralin bago mo ituro ang araling ito.

- Bakit dinala nila Maria at Jose ang sanggol na si Jesus sa templo? (Lucas 2:21–24.)
- Paano nalaman ni Simeon na si Jesus ang Anak ng Diyos? (Lucas 2:25–30.)
- Paano nagpatotoo si Anna na si Jesus ang Anak ng Diyos? Sa palagay ninyo paano niyang nalaman kung sino si Jesus? (Lucas 2:36–38.)
- Paano nalaman ng tatlong hari na si Jesus ang Anak ng Diyos? Bakit binigyan nila siya ng mga handog? (Mateo 2:2, 11.)
- Paano kayo magiging saksi ni Jesucristo?
- Bakit sinabi ng Ama sa Langit kay Jose na dalhin sa Ehipto ang kanyang pamilya? (Mateo 2:13–14 .) Ano ang ginawa ni Herodes upang hadlangan niya ang pagiging hari ni Jesus? (Mateo 2:16.) Paano nalaman ni Jose na ligtas nang umuwi mula sa Ehipto? (Mateo 2:19–20.) Saan pumunta ang pamilya para manirahan? (Mateo 2:21–23.)
- Ano sa palagay ninyo ang ginawa ni Jesus para magkaroon ng karanasan at karunungan? (Pagsasalin ni Joseph Smith sa Mateo 3:24–26; Lucas 2:40, 52; Doktrina at mga Tipan 93:11–14.) Ano ang mga bagay na mahalagang malaman ninyo habang lumalaki kayo? Ano ang mga gusto ninyong mangyari sa inyo?
- Ipakita ang larawang Ang Batang si Jesus sa Templo. Bakit humanga o namangha kay Jesus ang mga lalaki sa templo? (Lucas 2:46–47. Pansinin ang sanasabi ng pagsasalin ni Joseph Smith sa banal na kasulatang ito, “At sila’y nagsipakinig sa kanya at nagtanong sa kanya.”) Ano ang nais ipahiwatig nito sa atin tungkol sa dami ng natutuhan ni Jesus sa kanyang kabataan? Ano ang maaaring gawain ninyo para higit na matuto tungkol sa ebanghelyo? Paano iginagalang at sinusunod ni Jesus ang kanyang Ama sa templo?
- Ano ang ginawa ni Jesus upang ipakita ang paggalang at pagsunod kina Jose at Maria? (Lucas 2:51–52.) Ipaliwanag na tinuruan nina Jose at Maria si Jesus sa kanyang kabataan gaya ng pagtuturo ng ating mga magulang sa atin sa ating kabataan. Paano ninyo igagalang ang inyong mga magulang?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hilingan ang mga bata na magbanggit ng mga tao hangga’t kaya nila, mula sa mga aralin noong mga nakaraang linggo na nagpapatotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos. Para matulungan ang mga bata na maalala ang mga saksing ito, patingnan sa kanila ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Lucas 1:30–32 (Gabriel), Lucas 1:41–43 (Elisabet), Juan 1:29–34 (Juan Bautista) at Lucas 2:8–17 (mga anghel at mga pastol.)

2. Talakayin ang mga layuning maaaring itakda ng mga bata na makatutulong sa kanilang higit na matutuhan ang ebanghelyo gaya ng araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdarasal, pakikilahok sa gabing pantahanan ng mag-anak, at iba pa. Hilingin sa mga bata na isulat nila sa isang pirasong papel ang dalawang layunin na makatutulong sa kanila upang lalong matuto tungkol sa ebanghelyo ngayong taong ito. Himukin silang itabi ang papel kung saan nila makikita ito nang madalas.
3. Gumawa ng kopya ng mapa na makikita sa hulihan ng araling ito para sa bawat bata sa klase mo. Hayaan ang mga bata na hanapin at markahan ang lugar na tinirahan ni Jesus: Jerusalem, Betlehem, Ehipto at Nazaret. (Ang mga mapa # 13 at # 14 sa edisyong Ingles ng BHA na bersyong King James ng Biblia ay makatutulong sa iyo sa ganitong gawain.)
4. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang unang saligan ng pananampalataya.
5. Isulat sa pisara ang mga sangguniang banal na kasulatan na tumutukoy sa mga panahon na kung saan ang Ama sa Langit ay nagpatotoo na si Jesus ay kanyang Anak (Mateo 3:16–17; 17:5; 3 Nephi 11:6–8; Joseph Smith—Kasaysayan 1;17). Patingnan sa mga bata ang mga sanggunian at talakayin ang pangyayari sa bawat pagkakataon.
6. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Lucas 2:52.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa, "Jesus Once Was a Little Child" (*Children's Songbook*, p. 55) o kaya sa, "Ito ang Anak Kong Giliw" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo


Ibahagi sa mga bata ang iyong damdamin tungkol kay Jesucristo, at sabihin sa kanila kung bakit mahalaga sa iyo na siya ay Anak ng Diyos. Tulungan silang maunawaan na kung sumusunod sila sa halimbawa ni Jesus sila ay lalong magiging katulad niya.

Ang gawaing nagpapayaman 2 ay maaaring gamiting halimbawa sa pagsasabuhay ng araling ito.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Lucas 2:40–52 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



Mga lugar na tinirahan ni Jesus

# Ang Pagbibinyag kay Jesucristo

Aralin
6

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na naising tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 3:13–17; Juan 3; 5; 2 Nephi 31:4–10; 17–21; Mosiah 18:8–17; at Doktrina at mga Tipan 33:15. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Karagdagang babasahin: Juan 1:29–34, Doktrina at mga Tipan 20:37, at *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 20.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang Aklat ni Mormon
   c. Tsart ng ikaapat na Saligan ng Pananampalataya (65004).
   d. Larawan 7-7, Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208; 62133.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Papuntahin ang dalawang bata sa harap ng klase, pagharapin sila, at ipataas at paghawakin ang kanilang kamay para makabuo ng lugar upang maaaring makalakad ang ibang mga bata sa ilalim nito. Ipaliwanag na ang mga batang ito ay sumasagisag sa isang mahalagang tarangkahan. Sabihin sa mga bata na ang tarangkahang ito ang pasukan sa tuwid at makitid na landas patungo sa buhay na walang hanggan. Ipabasa sa isang bata ang 2 Nephi 31:17. Ipaliwanag na isa sa mga unang hakbang patungo sa buhay na walang hanggan ay ang pagpasok sa tarangkahan (ang mabinyagan). Papasukin ang mga bata sa tarangkahan.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ipakita ang larawan ni Juan Bautista na binibinyagan si Jesus. Ituro ang pangyayari sa mga banal na matatagpuan sa kasulatang nakalista sa bahagi ng "Paghahanda." (Para sa mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase

ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang nagbinyag kay Jesus? (Mateo 3:13.)
- Bakit nag-alangan si Juan Bautista na binyagan si Jesus? (Mateo 3:14.)
- Bakit nais ni Jesus na mabinyagan? (Mateo 3:15; 2 Nephi 31:7, 9.)
- Bakit kailangan tayong mabinyagan? (Juan 3:5.) Ano ang ibig sabihin ng *paglulubog*? Bakit kailangan tayong mailubog sa tubig nang lubusan kung tayo'y binibinyagan? (3 Nephi 11:26–28.)
- Ano ang nangyari pagkatapos na pagkatapos mabinyagan si Jesus? (Mateo 3:16–17.)
- Paano natin matatanggap ang kaloob na Espiritu Santo? (Doktrina at mga Tipan 33:15.)
- Ano ang naramdaman ninyo nang kayo ay nabinyagan? Ano ang naramdaman ninyo nang kayo ay pagtibayin at pagkalooban ng kaloob na Espiritu Santo?
- Ano ang inyong ipinangako nang kayo ay mabinyagan? Ano ang pangako sa atin ng Ama sa Langit? (Mosiah 18:8–13; Doktrina at mga Tipan 20:37.)

Ipaliwanag na ang mga pangakong ito na namagitan sa atin at sa Ama sa Langit ay mga tipan sa pagbibinyag. Noong tayo ay bininyagan tayo ay nakipagtipan na:

Magiging miyembro ng simbahan ni Jesus.
Tutulungan ang iba.
Magiging saksi ng Ama sa Langit sa lahat ng oras at sa lahat ng dako.
Maglilingkod sa Ama sa Langit at susundin ang kanyang mga kautusan.

Kung tutuparin natin ang ating mga tipan, nangangako ang Ama sa Langit na:

Patatawarin ang ating mga kasalanan.
Pagkakalooban tayo ng maraming biyaya.
Bibigyan tayo ng patnubay sa araw-araw sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
Pagkakalooban tayo ng buhay na walang hanggan. (Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 20.)

- Kapag dumaraan tayo sa tarangkahan ng pagbibinyag, ano ang pinapasukan natin? (2 Nephi 31:17–18.) Ano ang dapat nating gawin pagkatapos ng pagbibinyag upang matamo ang buhay na walang hanggan at upang mabuhay na kasama ang Ama sa Langit magpakailanman? (2 Nephi 31:18–20.)

Saligan ng Pananampalataya

Ipakita ang tsart ng Ikaapat na Saligan ng Pananampalataya. Tulungan ang mga bata na maisaulo ito.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawaing anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang mga sumusunod na tanong sa pagbibinyag at ang kanilang sanggunian sa banal na kasulatan sa pisara o sa isang papel. Bakit dapat tayong binyagan? (Doktrina at mga Tipan 49:13; 2 Nephi 31:18.) Paano tayo

binibinyagan? (Doktrina at mga Tipan 20:72–74.) Sino ang dapat magbinyag sa atin? (Doktrina at mga Tipan 20:73.) Kailan tayo binibinyagan? (Doktrina at mga Tipan 68:27.) Patingnan sa mga bata ang mga banal na kasulatan at talakayin ang mga sagot.

2. Isulat nang isa-isa ang sumusunod na mga parirala sa magkakahiwalay na papel:

   Para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
   Para maging miyembro ng Simbahan
   Para matanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo
   Para maging masunurin
   Para matahak ang makipot at makitid na landas

   Papasukin ang mga bata sa tarangkahang ginamit sa simula ng araling ito. Habang pumapasok ang bawat bata ay ibigay sa kanila ang isa sa mga papel. Ipaliwanag na ito ang mga dahilan kung bakit kailangan tayong magpabinyag. Talakayin sa mga bata kung paano natin matutupad ang ating mga tipan sa pagbibinyag.

3. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan ng isang bata na binibinyagan (62018) at ang larawan ni Juan Bautista na binibinyagan si Jesus ay isalaysay ang iyong sariling binyag o ipasalaysay sa isang bata ang tungkol sa kanyang binyag.

4. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang 2 Nephi 31:20.

5. Maghanda ng isang grupo ng mga bata para awitin ang “Pagbibinyag” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o kaya ay awitin o basahin ang mga titik na kasabay ang klase.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagbibinyag at na ang pagbibinyag ang tarangkahan sa makipot at makitid na landas patungo sa buhay na walang hanggan. Ang ilan sa mga bata ay maaaring gusto ring magbigay ng kanilang patotoo tungkol sa kanilang sariling binyag.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mateo 3:13–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
7

# Si Jesucristo ay Tinukso ni Satanas

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na matutuhan kung paano lalabanan ang mga panunukso ni Satanas.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 4:1–11, Marcos 1:12–13, at Lucas 4:1–13. (Pansinin ang mga sanggunian sa talababa sa Pagsasalin ni Joseph Smith.) Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Mga karagdagang babasahin: I Mga Taga Corinto 10:13; 2 Nephi 2:18; 28:19–22; 3 Nephi 18:18; at Doktrina at mga Tipan 10:5, 27; 11:12.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang papel at lapis para sa bawat bata.
   c. Ang sumusunod na tatlong sinulatang piraso ng papel:
      Magpasiya
      Manalangin
      Makinig sa Espiritu Santo
   d. Larawan 7-8, Ang Tuktok ng Templo.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Bigyan ng isang pirasong papel ang bawat bata. Ipasulat sa mga bata ang tatlong bagay na masama o mali na sa palagay nila ay maaaring matuksong gawin ng mga batang kasing edad nila. Ipasabi sa mga bata ang kanilang isinulat. Maaaring naisin mong isulat ang kanilang mga sagot sa pisara at talakayin ang kanilang mga suliraning kinakaharap ngayon. Sabihin sa kanila na ang araling ito ay makatutulong sa kanilang matutuhan kung paano lalabanan ang ganitong mga tukso.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang kuwento ng panunukso kay Jesus katulad ng isinasaad sa mga banal na kasulatan na nakasulat sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Paalala: Nililiwanag ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang pangyayari na matatagpuan sa King James na Bersiyon ng Biblia. Tulungan ang mga bata na maunawaan na nililiwanag ng Pagsasalin ni Joseph Smith na si Jesus ay "dinala ng Espiritu sa ilang upang makasama ng Diyos" at hindi upang tuksuhin ng diyablo. Ipaliwanag na hindi kusang-loob na

nagpunta si Jesus sa isang kalagayan kung saan siya ay matutukso, at hindi rin niya gustong gawin natin ito. Ipaliwanag din na sinasabi sa Pagsasalin ni Joseph Smith na si Jesus ay dinala ng Espiritu sa tuktok at sa mataas na bundok at hindi ng diyablo katulad ng nababasa sa Biblia.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit pumunta si Jesus sa ilang? (Mateo 4:1, talababa *b*.)
- Sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 4:2, sinasabi nito na habang si Jesus ay nasa ilang, siya ay "nakipag-usap sa Diyos." Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng makipag-usap sa Diyos? Paano kayo maaaring makipag-usap sa Diyos?
- Paano sa palagay ninyo nakatulong kay Jesus ang apatnapung araw ng pag-aayuno at pakikipag-usap sa Diyos upang makapaghandang malabanan ang tukso?
- Paano unang tinukso ni Satanas si Jesus? (Mateo 4:3.) Paano sa palagay ninyo naging mahirap para sa kanya ana labanan ang panunuksong ito? (Mateo 4:2.) Paano sinagot ni Jesus si Satanas? Ano ang ibig sabihin ni Jesus? (Mateo 4:4.)
- Anu-ano pa ang ibang paraan ng panunukso ni Satanas kay Jesus? (Mateo 4:5–6, 8–9.) Paano tinugon ni Jesus ang mga panunuksong ito? (Mateo 4:7, 10.) Sa palagay ba ninyo ito lamang ang mga pagkakataon na tinukso si Jesus? (Lucas 4:13. Ang mga salitang "ng ibang pagkakataon" ay nagpapakita na hindi lamang ito ang mga tanging pagkakataon nang siya ay tuksuhin.)
- Paano nakatulong kay Jesus ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan upang malabanan ang mga panunukso? (Mateo 4:4, 6–7, 10.)
- Ano ang pinagsisikapan ni Satanas na gawin sa bawat isa sa atin? (2 Nephi 2:18; 28:20–22; Doktrina at mga Tipan 10:27.)
- Paano kayo matutulungan ng Ama sa Langit na malabanan ang mga tukso? Ano ang maaari ninyong gawin ngayon din na makatutulong sa inyo upang maiwasan ang mga darating na tukso?
- Anong dakilang pangako ang ibinigay ng Panginoon sa atin tungkol sa mga panunukso sa atin? (I Mga Taga Corinto 10:13.) Sabay-sabay ninyong basahin ang banal na kasulatang ito.

Talakayin ang tatlong bagay na magagawa natin na makatutulong sa atin na iwasan at labanan ang tukso. Ipakita ang mga sinulatang piraso ng papel habang tinatalakay mo ang mga ito.

1. *Magpasiyang* labanan ang tukso bago ninyo ito makaharap.

   Basahin at talakayin ang sumusunod na siping-banggit ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ang mga tamang pasiya ay pinakamadaling gawin kapag ginagawa natin ang mga ito nang mas maaga. . . .

"Noong bata pa ako, nagpasiya ako . . . na kailanman ay hindi ako titikim ng tsaa, kape, tabako, o alak. . . .

"Ang oras para magpasiya sa . . . katapatan ay bago pa kayo bigyan ng nagtitinda ng labis na sukli. Ang oras para magpasiya laban sa paggamit ng (ipinagbabawal) mga gamot ay bago pa kayo tuksuhin ng isang kinagigiliwang kaibigan sa pagiging takot o [matwid]. Ang oras para magpasiya na hindi tayo papayag sa mas mababa sa pagkakataon na mabuhay nang walang-hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit ay ngayon" "(Decisions: Why It's Important to Make Some Now," *New Era,* Abril 1971, p. 3).

2. *Manalangin* na makaiwas sa tukso (Marcos 14:38) at kung kayo ay tinutukso, ay magkaroon kayo ng kapangyarihan at pananampalataya na malabanan ito. Ipaliwanag na ang panalangin sa araw-araw, pagsisikap na maiwasan ang anumang uri ng tukso, at pagpapatuloy ng kapaki-pakinabang na paglilingkod at mga gawain ay makatutulong sa atin.
3. *Makinig sa Espiritu Santo.* Ipaliwanag na pagkatapos nating mabinyagan, tayo ay binibigyan ng kaloob na Espiritu Santo, na makatutulong sa atin na mapagtagumpayan ang tukso (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:12).

   Magpakuwento sa mga bata ng mga karanasan nila nang sila ay tinukso. Ipabahagi sa kanila kung ano ang ginawa nila upang iwasan o labanan ang tukso.

   Sumangguni sa mga panunukso na isinulat sa pisara sa simula ng aralin. Talakayin ang ilan sa mga ito nang isa-isa, at ipaisip sa mga bata kung paano maiiwasan at malalabanan ng isang bata ang bawat tukso. Palihim na papiliin ang mga bata ng isang tukso na gusto nilang paghandaang labanan at ipaplano kung paano nila maiiwasan o malalabanan ang tuksong ito.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Maglaro ng larong "Paano kung." Sulatan ang mga piraso ng papel ng mga tanong na "Paano kung" na naglalarawan ng mga tuksong maaaring makaharap ng mga kasapi ng klase, katulad ng mga halimbawang tanong sa ibaba. Ipakuha sa isang bata ang isa sa mga tanong mula sa kahon o garapon, ipabasa ang tanong, at ipasagot ito. Pagkatapos ay papiliin ang batang iyon ng isa pang bata na siya namang pipili ng ibang tanong na "Paano kung" mula sa kahon. Bigyang-diin na ang maagang pagpapasiya ay isang mahalagang tulong sa paglaban sa tukso.

   Paano kung mapulot mo ang isang bagay na pag-aari ng iba?
   Paano kung nangako ka sa iyong ama na tutulungan mo siya, subalit dumating ang isang kaibigan at niyayaya kang maglaro?
   Paano kung pagtawanan ka ng iyong mga kaibigan dahil sa hindi pagsisigarilyo (o pag-inom ng inuming nakalalasing o paggamit ng ipinagbabawal na gamot) na natagpuan nila?
   Paano kung malaman mong mapapagalitan ka kung magsasabi ka ng totoo?

2. Ipasadula ng walang ingay (*pantomime*) o ipasadula sa mga bata ang paglaban sa mga tukso.

3. Maghanda ng ilang "Mga Kard ng Tukso." Sa mga kard o piraso ng papel na may sukat na 3" x 5" ay isulat ang mga maaaring maging tukso sa mga bata, katulad ng pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, paggamit ng malaswang salita, at iba pa. Sa ibang mga kard, "Mga Kard ng Pantulong," ay isulat ang *Pananampalataya kay Jesucristo, mga Magulang, mga Guro, Mabubuting kaibigan, Panalangin, Pag-aayuno, mga Pinuno ng Simbahan, mga Banal na Kasulatan, Espiritu Santo, Pag-iwas sa mga tukso*, at iba pang mga bagay na tumutulong sa mga taong labanan ang tukso.

   Ilagay nang nakataob ang Mga Kard ng Tukso sa isang salansan at ang Mga Kard ng Pantulong sa ibang salansan. Papiliin ang isang bata ng Kard ng Pantulong at Tukso at sabihin sa klase kung ano ang nakasulat sa bawat isa. Hayaang talakayin ng klase kung paanong ang mga nakasulat sa Kard ng Pantulong ay makapagpapadali sa paglaban o pag-iwas sa mga bagay na nasa Kard ng Tukso. Hayaang magkaroon ng pagkakataong makapili ng mga kard ang bawat bata.

4. Ibahagi sa mga bata ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Joseph Fielding Smith: "Ang mga asal ay madaling mahubog. Ang paghubog ng mabubuting asal ay kasindali ng paghubog ng masasamang asal" (*New Era,* Hulyo 1972, p. 23). Maaaring naisin mong tulungan ang mga bata na isaulo ang siping-banggit na ito.

5. Ipatukoy sa mga bata ang ilang pasiyang nagawa nila na makatutulong sa kanila ipang umiwas sa tukso sa hinaharap.

6. Tulungan ang mga batang isaulo ang Mateo 4:4.

7. Ipaawit o ipabasa sa mga bata ang mga salita sa isa o higit pa sa mga sumusunod na awit:
   "Ihimig ang Iyong Paboritong Himno" (*Aklat ng mga Awit Pambata*)
   "Ang Munting Tinig" (*Aklat ng mga Awit Pambata*)
   "Dinggin, Dinggin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*)
   "Sundin ang Utos (*Aklat ng mga Awit Pambata*)

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na tayo ay may kapangyarihang labanan ang mga tuksong dumarating sa atin. Ipahayag ang pagmamahal mo kay Jesus at sa halimbawa niya ng paglaban sa mga panunukso ni Satanas.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 4:1–11 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
8

# Nilinis ni Jesucristo ang Templo

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na makadama ng higit na pagmamahal at paggalang para sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa mga sagradong lugar.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 2:13–16, Mateo 21:12–14, Lucas 19:45–48, at Exodo 20:7. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Karagdagang babasahin: Marcos 11:15–17.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel:
      Maipakikita natin ang pagmamahal at paggalang para sa Ama sa Langit at kay Jesus sa pamamagitan ng:
         Ating pagiging mapitagan sa Primarya at sa pulong sakramento.
         Pananalitang ginagamit natin kapag nananalangin tayo.
         Paraan ng pananamit natin.
         Paraan ng pagkilos.
         Paraan ng pagsasalita.
   c. Larawan 7-9, Nililinis ni Jesus ang Templo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 224; 62163).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin


Gumuhit ng linyang pahalang sa pisara. Isulat ang *PAGGALANG* sa ibabaw ng linya at *KAWALANG-GALANG* sa ibaba ng linya. Hilingan ang mga bata na magkunwari na isang kaibigan ang darating sa kanilang tahanan. Sabihin sa kanilang guguhit ka ng "linya ng paggalang" sa pisara. Magbanggit ng mga bagay na ginagawa ng kaibigan (tingnan ang nasa ibaba), at hayaang magpasiya ang klase kung ang kaibigan ay nagpapakita ng paggalang o kawalang-galang sa iyo at sa iyong tahanan. Gumuhit ng tuluy-tuloy na linya, na bumabagtas sa pahalang na linya sa pisara, na tumataas para sa mga kalagayang nagpapakita ng paggalang at bumababa para sa mga kalagayang nagpapakita ng kawalang-galang. Gumamit ng mga kalagayang katulad ng sumusunod:

Ang kaibigan ay:

Tahimik na naghihintay sa labas hanggang papasukin.
Pumapasok na maputik ang mga paa.

Pinasasalamatan ka sa pag-aanyaya.
Malakas na sumisigaw at humihiyaw sa iyong tahanan.
Magalang na bumabati sa iyong mga magulang.
Sapilitang nanghihingi ng makakain.
Pinag-iingatan ang iyong mga ari-arian.
Ipinagwawalang-bahala ang iyong mga magulang kapag nakikipag-usap sila sa kanya.
Inaanyayahan kang dumalaw sa kanyang bahay.

Ang iyong "linya ng paggalang" ay maaaring magmukhang ganito:




Ipasagot sa mga bata ang sumusunod na mga tanong sa kanilang sarili lamang:

- Kapag dumadalaw ka sa tahanan ng isang kaibigan, ano ang hitsura ng iyong "linya ng paggalang"?
- Kapag dumadalo ka sa Primarya, ano ang hitsura ng iyong "linya ng paggalang"?
- Ano ang hitsura ng iyong "linya ng paggalang" kapag ikaw ay nasa sarili mong tahanan?

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang kuwento noong nililinis ni Jesus ang templo sa Jerusalem. Ang tungkol sa unang paglilinis ay nasa Juan 2:13–16. Ang pangalawang pangyayari, na halos tatlong taon makaraan iyon at ilang araw bago ang pagpapako sa kanya sa krus, ay nasa Mateo 21:12–14 at Lucas 19:45–48. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Habang itinuturo mo ang mga pangyayaring ito, hayaang itanong ng mga bata sa kanilang sarili kung ano ang pakiramdam ni Jesus tungkol sa Ama sa Langit at sa templo. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang templong ito ay sagradong lugar, katulad lamang ng ating mga templo at bahay-pulungan sa ngayon, at nais ni Jesus na igalang natin ang mga banal na lugar na ito.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang nakita ni Jesus na ginagawa ng ilang tao sa templo? (Juan 2:14.)

- Bakit itinaboy ni Jesus papalabas sa templo ang mga mangangalakal at mamamalit ng salapi? Ano ang sinabi ni Jesus sa kanila? (Juan 2:16; Mateo 21:13; Lucas 19:45–46.)
- Ano ang ginawa ni Jesus sa templo matapos niyang itaboy palabas ang mga tao? (Mateo 21:14; Lucas 19:47.)
- Bakit kaya mahalaga na maging magalang sa mga banal na lugar na katulad ng mga tahanan, templo, at mga gusali ng simbahan? Kanino tayo nagpapakita ng paggalang?

Talakayin ang kahalagahan ng pagiging magalang sa mga lugar na inialay sa Panginoon. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang paggalang ay matinding pagpipitagan at pagmamahal.

- Kanino nagpapakita ng pagmamahal at paggalang si Jesus nang itaboy niya ang mga mamamalit ng salapi? (Juan 2:16.) Bakit niya ginawa ito?
- Paano tayo makapagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa Ama sa Langit at kay Jesus sa simbahan? sa tahanan? sa paaralan? sa paglalaro?

Isa-isang ipakita ang mga sinulatang piraso ng papel. Talakayin sa mga bata ang mga paraan ng pagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa Ama sa Langit at kay Jesus. Isali ang mga sumusunod na ideya:

> Kapag magalang tayo habang nagsasakramento, tayo ay nagpapakita ng pagmamahal at paggalang kay Jesus at sa mga tipan na ginagawa natin sa Ama sa Langit.
>
> Kapag nakikinig tayo sa mga pananalita sa pulong sakramento at magalang sa Primarya, higit nating natututuhan ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus at ang nais nilang gawin natin.
>
> Kapag angkop ang ating pananalangin, tayo ay nagpapakita ng paggalang sa Ama sa Langit.
>
> Kapag maayos tayong manamit, ipinakikita natin na iginagalang natin ang ating mga katawan bilang sagradong nilikha ng Ama sa Langit.
>
> Kapag kumikilos tayo nang ayon sa nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin, ipinakikita natin na naniniwala tayo sa kanila at mahalaga para sa atin ang gawin ang ninanais nilang gawin natin.
>
> Kapag ginagamit natin ang pangalan ng Panginoon nang may paggalang at hindi ginagamit sa hindi wasto, ipinakikita natin sa iba na iginagalang at minamahal natin siya.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Ipabasa at ipasaulo sa mga bata ang Exodo 20:7. Ikuwento at talakayin ang sumusunod na pangyayari na isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball, at tulungan ang mga bata na gumawa ng pangako na tutuparin ang mahalagang kautusang ito.

   "Isang araw sa ospital, nang itinutulak ako papalabas mula sa *operating room* ng isang narses na natisod, at kapagdaka ay lumabas sa kanyang

nagngangalit na mga labi ang masasamang salita [pagmumura] na hinaluan ng mga pangalan ng Tagapagligtas. Kahit halos wala pa akong malay-tao, ako ay nanliit at nagsumamong: Pakiusap! Pakiusap! Pangalan iyan ng Panginoon ko na iyong hinahamak.' Nagkaroon ng mapanglaw na katahimikan, at pagkatapos sa mapagkumbabang tinig siya ay bumulong na: 'Ikinalulungkot ko po.' Sa sandaling iyon ay nakalimutan niyang mahigpit na inutusan ng Panginoon ang lahat ng kanyang mga tao na, 'Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagkat hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kanyang pangalan sa walang kabuluhan' (Exodo 20:7)" ("President Kimball Speaks Out on Profanity," *Ensign*, Peb. 1981, p. 3).

2. Kumuha ng ilang larawan ng mga templo at mga gusali ng simbahan. Isulat ang mga pangalan ng mga templo at ng mga gusali sa magkakahiwalay na papel, at hilingin sa mga bata na itugma ang mga pangalan sa mga larawan. Ipaulit ang pagtutugma ng mga pangalan at mga larawan habang ipinaliliwanag mo kung paano nakatutulong sa Panginoon ang mga gusaling ito sa pagpapalaganap ng kanyang gawain dito sa daigdig.
3. Ilarawan ang mga naging damdamin mo nang makadalo ka sa templo, anyayahan ang isang tao mula sa inyong purok o sangay na ibahagi ang kanyang damdamin tungkol sa templo. Tulungan ang mga bata na maunawaan kung gaano kabanal ang templo na ang mga dumadalo ay nakadarama na mas nalalapit sila sa Panginoon doon. Talakayin kung ano ang magagawa ng mga bata sa kanilang buhay upang maging karapat-dapat na pumasok sa templo.
4. Bigyan ang bawat bata ng isang papel at lapis. Pasulatin sila ng tiyak na paraan kung saan ay maipapakita nila ang pagmamahal, paggalang, at pagpipitagan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa susunod na linggo. Hilingin sa kanila na itabi ang listahan sa lugar kung saan nila palagi nilang makikita ito.
5. Gumawa ng isa pang "linya ng paggalang" sa pisara habang nagbibigay ang mga bata ng mga halimbawa ng galaw na nagpapakita ng paggalang o kawalan ng paggalang sa gusali ng simbahan.

Hamon

Muling sumangguni sa "linya ng paggalang" at sabihin sa mga bata na kailangan nilang magkaroon ng "linya ng paggalang" para sa kanilang pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Hamunin ang mga bata na panatilihing nasa itaas ang kanilang linya sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa Ama sa Langit at kay Jesus sa lahat ng kanilang ginagawa.

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahiwatig ang iyong damdamin ng paggalang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at ang iyong pagnanais na magpakita ng pagmamahal, paggalang, at pagpipitagan sa kanila sa pamamagitan ng paraan ng iyong pamumuhay.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi sa mga bata na pag-aralan ang Mateo 21:12–14 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
9

# Tinawag ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magkaroon ng higit na pagmamahal at paggalang sa mga Apostol na tinatawag ni Jesucristo upang maging kanyang mga natatanging saksi.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 4:18–22, Lucas 5:1–11, 6:12–16, Mateo 16:13–19, Marcos 3:13–19, 16:15, Mga Gawa 10:39–43, 3 Nephi 12:1–2, at Doktrina at mga Tipan 107:23. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Karagdagang babasahin: Mateo 10:2–4, Marcos 1:16–20, at Juan 1:35–51.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Ilang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   c. Tsart ng Ikaanim na Saligan ng Pananampalataya (65006).
   d. Mga larawan 7-10, Si Jesus at ang mga Mangingisda (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 209; 62496), at 7-11, Inoordenan ni Cristo ang mga Apostol (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 211; 62557), mga larawan din ng mga kasalukuyang Apostol (64329–64378. Kung wala sa aklatan ng inyong bahay-pulungan ang mga larawan, tingnan sa pinakahuling isyu ng komperensiya sa isang magasin ng Simbahan).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga sangguniang banal na kasulatan:

*1 Mga Taga Corinto 12:28*
*Mga Taga Efeso 2:20*
*Doktrina at mga Tipan 107:23*

Ipahanap sa mga bata ang mga sanggunian upang hanapin ang isang mahalagang salita na matatagpuan sa bawat isa. Maaari mong naising pagawain ang mga bata nang magkakasama sa mga pangkat nang dalawahan o tatluhan. Kung kailangan nila ng tulong, sabihin sa kanila na ang salita ay nagsisimula sa titik *A* (Apostol).

Ipabasa sa isang bata sa klase ang Doktrina at mga Tipan 107:23 upang malaman kung bakit mahalagang tagapaglingkod ng Panginoon ang isang Apostol.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan sa angkop na mga pagkakataon, ituro ang mga pangyayari nang tawagin ni Jesus sa kanyang

mga disipulo (Mateo 4:18–22; Lucas 5:1–11) at sa bandang huli, ang mga Labindalawang Apostol (Marcos 3:13–19; Lucas 6:12–16). (Para sa mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Habang itinuturo mo ang mga pangyayaring ito, tiyakin na nauunawaan ng mga bata na maraming tagasunod si Jesus, na tinatawag na mga disipulo. Nang una niyang tawagin sina Pedro, Andres, Santiago, at Juan mula sa kanilang mga bangkang gamit sa pangingisda, sila ay tinawag niya upang maging mga disipulo. Mula sa kanyang malaking grupo ng mga disipulo ay pumili siya ng labindalawang kalalakihan upang maging kanyang mga Apostol (tingnan sa Lucas 6:13). Sila ay inordenan niya sa katulad na pamamaraan ng pag-oordena sa mga Apostol ngayon, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at ibinigay sa kanila ang katulad na awtoridad na taglay ng mga Apostol ngayon (tingnan sa Marcos 3:13–15).

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang hanapbuhay nina Pedro, Andres, Santiago, at Juan? (Mateo 4:18–22.) Ano ang ibig sabihin ng maging "mga mamamalakaya ng mga tao"? (Mateo 4:19.) Paanong "mga mamamalakaya ng mga tao" ang mga Apostol ngayon? (Doktrina at mga Tipan 18:27–29.)
- Paanong tumugon sina Pedro, Andres, Santiago, at Juan nang sabihin ni Jesus sa kanila na sumunod sila sa kanya? (Mateo 4:19–22.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *kapagdaka* ay kaagad-agad. Paanong ipinakita ng kanilang mga tugon na sila ay naniniwala na si Jesus ang Cristo? (Pansinin na ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 4:18 ay nagsasaad na sinabi ni Jesus sa kanila kung sino siya bago niya hiniling sa kanila na sundan siya.) Bakit mahalaga para sa atin na malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos?
- Ano ang sinabi ni Jesus kay Simon na dapat niyang gawin sa kanyang mga lambat? (Lucas 5:4.) (Ipaliwanag na sina Simon, Simon Pedro, at Pedro ay iisang tao.) Bakit inusisa ni Simon ang ipinagagawa ni Jesus? (Lucas 5:5.) Ano ang nangyari? (Lucas 5:6–7.) Bakit nakatulong sa mga disipulo ang pangyayaring ito sa pagkakaroon ng higit na pananampalataya kay Jesus? (Lucas 5:8–10.) Ano ang ginawa nina Pedro, Santiago, at Juan upang mapatunayan na sila ay may pananampalataya kay Jesus? (Lucas 5:11.) Paano natin maipakikita na sinusunod natin si Jesucristo?
- Gaano katagal nanalangin si Jesus bago niya tinawag ang kanyang mga Apostol? (Lucas 6:12.) Bakit kaya nanalangin si Jesus bago niya ginawa ang mahalagang pagpapasiyang ito? Sino ang tumatawag sa mga Apostol ngayon? (Tinatagubilinan ng Ama sa Langit ang Unang Panguluhan sa pamamagitan ng pagbibigay ng inspirasyon.)
- Ang mga banal na kasulatan ay nagbabanggit ng tungkol sa mga disipulo at mga Apostol. Ano ang pagkakaiba ng isang disipulo at ng isang Apostol? (Lucas 6:13.)

Ipaliwanag na ang isang disipulo ay isang tagasunod ni Jesucristo. Ang isang Apostol ay isa sa mga piniling grupo ng kalalakihan na inordenan bilang isang natatanging saksi ni Jesucristo sa buong mundo. Pinatototohanan niya na si Jesus ay ang Anak ng Diyos at na siya ay muling nabuhay. Tinitiyak niya na ang ebanghelyo ay ipinangangaral sa lahat ng panig ng mundo. (Tingnan sa Marcos 16:15 at Doktrina at mga Tipan 107:23.)

- Ikaw ba ay isang disipulo o isang Apostol?
- Ano ang ibig sabihin ng maging isang natatanging saksi ni Jesucristo? (Mga Gawa 4:33; 10:39–43; Doktrina at mga Tipan 107:23.) Paano pinatotohanan ni Pedro na si Jesus ang Cristo? (Mateo 16:13–17.) Ano ang ipinangako ni Jesus kay Pedro dahilan sa patotoo ni Pedro? (Mateo 16:18–19.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang "mga susi ng kaharian" ay ang awtoridad na taglay ng mga Apostol upang maisagawa ang mga gawain ng Ama sa Langit at ni Jesus sa daigdig. Ang ulat ng pagtanggap nina Pedro, Santiago, at Juan ng mga ipinangakong susing ito sa Bundok na Pinagbagong-anyo ay tatalakayin sa aralin 15.
- Paano pinatototohanan ng mga Apostol sa ngayon na si Jesus ang Cristo?

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Elder David B. Haight, isang Apostol ng Panginoon:

"Sa gabi ng krisis ng aking kalusugan, alam kong may matinding nangyari sa akin. . . . Nagsusumamo ako sa aking Ama sa Langit na pahabain pa nang kaunti ang aking buhay upang gawin ang Kanyang gawain, kung ito ay ayon sa Kanyang kalooban.

"Ako ay nagsimulang mawalan ng malay samantalang nananalangin pa ako. Ang sirena ng ambulansiya ang huling naalala ko bago ako nawalan ng malay, na magtatagal nang ilang araw pa.

"Ang matinding sakit at kaguluhan ng mga tao ay tumigil. Ako ngayon ay nasa isang tahimik at payapang kalagayan; ang lahat ay payapa at tahimik. . . .

"Wala akong narinig na mga boses subalit alam ko na ako ay nasa harapan ng isang banal na katauhan at banal na kapaligiran. Nang mga sumunod na oras at mga araw ay patuloy pa ring nakakintal sa aking isipan ang walang hanggang misyon at dakilang kalagayan ng Anak ng Tao. Pinatototohanan ko sa inyo na Siya si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, Tagapagligtas ng lahat, Manunubos ng buong sangkatauhan, Tagapagkaloob ng walang hanggang pag-ibig, awa, at pagpapatawad, ang Liwanag at ang Buhay ng daigdig. Alam ko ang katotohanang ito noon pa man—hindi ako kailanman naghinala o nagtaka. Ngunit ngayon ay alam ko na, dahil sa impresyon na iniwan ng Espiritu sa aking puso at kaluluwa, ang mga banal na katotohanang ito sa isang hindi pangkaraniwang paraan.

"Pinakitaan ako ng isang magandang tanawin ng Kanyang makalupang ministeryo; ang Kanyang pagbibinyag, ang Kanyang pangangaral, ang Kanyang pagpapagaling sa maysakit at lumpo, ang mapang-alipustang paglilitis, ang pagpapako sa Kanya sa krus, ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit. Sumunod na nabuksan sa aking isipan ang detalye ng mga tagpo ng Kanyang makalupang ministeryo, na nagpapatibay sa mga pangyayaring sinasaksihan ng banal na kasulatan. Ako ay tinuturuan, at ang mga mata ng aking pang-unawa ay binuksan ng Banal na Espiritu ng Diyos upang makita

ang maraming bagay" (sa Conference Report, Okt. 1989, p. 73; o *Ensign*, Nob. 1989, p. 59–60).

- Sino ang mga Apostol sa daigdig sa ngayon?

Banggitin ang mga pangalan ng mga kalalakihan sa Unang Panguluhan at sa Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin ang mga bagay na nalalaman mo tungkol sa mga Apostol sa kasalukuyan, marahil ay mas mainam na ituon ang pansin sa isa na kadadalaw o dadalaw pa lamang sa inyong lugar.

- Paano pinagpapala ang ating buhay kapag nakikinig tayo sa payo ng mga Apostol? (3 Nephi 12:1–2.)

Saligan ng Pananampalataya

Tulungan ang mga bata na maisaulo ang ikaanim na saligan ng pananampalataya.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Magdala sa klase ng mga larawan ng bawat isa sa Unang Panguluhan at Labindalawang Apostol. Isulat ang kanilang mga pangalan sa hiwalay na mga piraso ng papel at hayaang pagtugmain ng mga bata ang mga pangalan at mga larawan at pagkatapos ay pagsunud-sunurin ang mga ito ayon sa tagal ng panunungkulan. Kung walang kani-kanyang larawan, ipaayos ang mga pangalan ayon sa tagal na panunungkulan. Hayaang magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata.
2. Isulat at talakayin ang mga pangalan ng Labindalawang Apostol na tinawag ni Jesus. (Lucas 6:12–16.)
3. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga kamakailan lamang na isyu ng mga ulat sa komperensiya ng mga magasin ng Simbahan, ipahanap sa mga bata ang mga pananalita ng mga Apostol. Hilingin sa kanila na hanapin ang mga bahagi sa mga pananalitang ito kung saan ipinahayag ng mga Apostol ang kanilang natatanging patotoo tungkol kay Jesucristo (ang mga ito ay karaniwang nasa hulihan ng kanilang mga talumpati).

## Katapusan

Patotoo

Ibahagi sa mga bata ang iyong pasasalamat para sa mga Apostol, at sabihin kung paano nabiyayaan ang buhay mo nang sundin mo ang kanilang payo. Patotohanan na si Jesus ay tumatawag ng mga Apostol, sa pamamagitan ng buhay na propeta, upang magpatotoo sa Kanyang pangalan at ipangaral ang ebanghelyo sa buong daigdig.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi sa mga bata na pag-aralan ang Mateo 4:18–22 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
10

# Ang Sermon sa Bundok

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magsikap na lalong makatulad ni Jesus sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga aral sa Sermon sa Bundok.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 5:1–6:4 at 7:12. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii).
2. Mga karagdagang babasahin: Lucas 6:17–36 at 3 Nephi 12.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga piraso ng papel na kinasusulatan ng mga kalagayan na maaaring mangyari sa kanila (tingnan ang gawaing pantawag-pansin).
   c. Larawan 7-12, Sermon sa Bundok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212; 62166.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Papuntahing isa-isa ang mga bata sa harap ng klase, at kunin ang isang papel na kinasusulatan ng mahirap na kalagayan na maaaring harapin niya. Gamitin ang mga sitwasyong gaya ng mga sumusunod:

Pinipintasan ka ng iyong kapatid.
May taong masama ang pakikitungo sa iyo sa paaralan.
Pinagtatawanan ka ng ibang bata dahil sa tumanggi kang manigarilyo.
Pinagtatawanan ka ng ibang bata dahil sa hindi ka nagmumura o nagsasalita ng masasama.

Itanong sa bawat bata ang magiging reaksiyon niya sa gayong kalagayan. Hayaan ang iba na magbigay ng kanilang mga ideya. Ipaliwanag na kanilang talakayin ang mga aral ni Jesus sa Sermon sa Bundok na makatutulong sa kanila para malaman ang gagawin sa ganitong mga sitwasyon. Ang mga aral na ito ay makatutulong sa atin na lalong maging katulad ni Jesus sapagkat itinuturo ng mga ito kung paano ang gusto niyang maging pamumuhay natin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ipakita ang larawan ng Sermon sa Bundok. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga banal na kasulatang nakalista sa bahaging “Paghahanda” turuan ang mga bata tungkol sa aral ni Jesus sa Sermon sa Bundok. (Para sa mungkahing mga paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Bigyang-diin ang mga sumusunod na paksa:

Ang mga Lubos na Pagpapala
Pagmamahal sa iyong kaaway
Pagiging ganap
Ang Gintong Aral (Gawin mo sa iyong kapwa ang ibig mo rin na gawin nila sa iyo)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ipaliwanag na ang mga aralin sa Mateo 5:3–11 ay tinatawag na Mga Lubos na Pagpapala. (Ipakita na nang ituro ni Jesus sa mga Nefita ang mga Lubos na Pagpapala, ginagamit niya ang pariralang "sinuman ang lumapit sa akin." Paghambingin ang Mateo 5:3 sa 3 Nephi 12:3.) Paano makatutulong sa atin ang mga Lubos na Pagpapala para lalong maging katulad ni Jesus?
- Ano ang ibig sabihin ng mangagutom at mangauhaw sa katwiran? (Mateo 5:6.) Paano nating gagawin ito? Anong matatanggap nating pagpapala kung gagawin natin ito?
- Ano ang malinis na puso? (Mateo 5:8.) Ano ang pangako sa mga may malinis na puso? Paano tayo magkakaroon ng malinis na puso?
- Bakit mahalaga na tayo ay maging mapagpayapa? (Mateo 5:9.) Paano tayo magiging mga mapagpayapa?
- Ano ang ibig sabihin ng maging "asin ng lupa"? (Mateo 5:13.) Paano tayo magiging katulad ng asin? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Ano ang ibig sabihin ng maging "ilaw ng sanglibutan"? (Mateo 5:14–16.) Paano tayo magiging ilaw sa ating kapwa?
- Ano ang dapat nating gawin kung may problemang mamamagitan sa atin at sa ating kapwa? (Mateo 5:23–24.) Paano natin pakikitunguhan ang ating mga kaaway o ang mga taong ayaw sa atin? (Mateo 5:43–47.)
- Paano tayo magiging perpekto? (Mateo 5:48.)

Talakayin itong pananalita mula kay Elder Joseph Fielding Smith tungkol sa kasakdalan o pagiging perpekto: "[Ang kasakdalan] ay hindi kaagad-agad dumarating, kundi nang taludtod sa taludtod, panuntunan sa panuntunan, huwaran sa huwaran, at gayon pa man, ito ay hindi kasing-tagal ng pamumuhay natin sa mortal na buhay na ito. . . . Subalit dito tayo naglalatag ng pundasyon . . . upang ihanda tayo para sa kasakdalang iyon. Tungkulin natin ang maging mas mabuti ngayong araw na ito kaysa kahapon, at lalong mas mabuti bukas kaysa ngayon" (*Doctrines of Salvation*, 2:18).

- Paano tayo dapat magsilbi o manilbihan? (Mateo 6:1–4.) Anong mga lihim na gawaing paglilingkod ang maaari nating itulong sa kapwa?
- Ang Mateo 7:12 ay malimit tawagin na Gintong Aral. Ano ang hiniling ni Jesus na gawin natin? Paano nating gagawin ito?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kung susubukan nilang ipamuhay ang aral na itinuro ni Jesus sa Sermon sa Bundok, ay tatahakin nila ang landas

ng kasakdalan. Bigyang-diin na ang kasakdalan ay isang bagay na unti-unti nating ginagawa ngunit hindi natin makakamit sa buhay na ito. Ang dapat nating gawin ay pagsikapang maging lalong katulad ni Jesus sa bawat araw.

Hayaang pagbalik-aralan ng mga bata ang mga kalagayan mula sa Gawaing Pantawag-pansin. Hayaang sabihin nila kung ano ang natutuhan nila sa kung paano ang nais ni Jesus na maging reaksiyon natin sa ilang mga kalagayan. Itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang mangyayari kung ipamumuhay nating lahat ang mga aral ni Jesus sa Sermon sa Bundok.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Isulat nang palimbag sa mga kard ang unang bahagi ng bawat Lubos na Pagpapala [*Beatitude*]," gaya ng "Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob na lumalapit sa akin, "at isulat sa ibang kard ang susunod na bahagi ng "Lubos na Pagpapala," gaya ng "sapagkat kanila ang kaharian ng langit." Haluin ang mga kard at itaob nang nakahanay sa mesa o sahig. Papuntahing isa-isa ang bawat miyembro ng klase at subukang ipatugma o ipapares ang dalawang kard sa pamamagitan ng pagbubuklat ng dalawa. (Maaaring gumamit ang mga bata ng mga banal na kasulatan para tulungan sila.) Kung magkatugma ang mga kard, iwanang nakatihaya ang mga ito. Kung hindi magkatugma ang mga kard, itaob muli ang mga ito. Kung hindi nagkakaroon ng pagkakataon ang lahat sa una, haluin ang mga kard na nakatihaya, pagkatapos ay itaob at ipapares muli ang mga ito sa mga bata.

2. Maliban kung ang araling ito ay nataon sa Linggo ng ayuno, maghanda ng pagkaing hinahaluan ng asin, gaya ng *popcorn*, *pasta*, piniritong mani, at iba pa. Ihiwalay ang asin at hilingin ang bawat bata na tikman ang pagkain. (Makipag-usap sa mga magulang tungkol sa alerdyi o makasasamang pagkain para sa kanila.) Magdagdag ng kaunting asin at ipatikim muli ang pagkain. Ipaliwanag na malaking kaibahan ang maidudulot ng kahit na kaunting asin. Gayundin na magdudulot ng malaking kaibahan ng kahit ilang bilang lang ng mga matwid na tao. Ipatalakay sa mga bata kung paano sila makapagdudulot ng kaibahan sa pamamagitan ng pamumuhay nang matwid. Basahin ang Mateo 5:13.

3. Magbigay ng mga salungatang sitwasyon, katulad ng dalawang bata na gustong umupo sa iisang silya, mga batang nag-aaway, at iba pang halimbawa. Isadula ang mga sitwasyong ito at hilingan ang isang bata na gumanap bilang tagapagpayapa. Ipalarawan sa mga bata ang mga sitwasyong maaaring magbigay ng sama ng loob sa kanila. Halimbawa, may isang taong nagsasalita ng hindi mabuti sa kanila, isang taong kumukuha sa kanilang pagmamay-ari, isang kaibigang galit sa kanila, isang taong namimintas sa kanilang pagiging miyembro ng Simbahan, at iba pa. Tanungin kung paano sila dapat tumugon sa mga sitwasyong ito ayon sa Mateo 5:44.

4. Ipasadula nang walang salita ang nagawa niyang paglilingkod o pagtulong na maaari niyang gawin. Pahulaan sa ibang mga bata kung ano ang ginagawa ng bata. Pag-usapan ang kahalagahan ng paglilingkod sa kapwa. Hilingin sa mga bata na isalaysay ang kanilang nararamdaman kapag tumutulong sila sa

isang tao. Hilingin din sa kanila na pag-isipan ang lahat ng mga positibong ibubunga ng pagiging matulungin nila sa tao.

5. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Mateo 5:16 o ang unang bahagi ng Mateo 7:12.
6. Maghanda ng kopya ng mga Lubos na Pagpapala para sa bawat bata para iuwi sa tahanan o pamarkahan sa mga bata ang mga ito sa kanilang kopya ng mga banal na kasulatan.
7. Maghanda ng mga papel o isulat ang mga sumusunod na sanggunian sa gawaing pampisara:

   *Mateo 5:3 at 3 Nephi 12:3*
   *Mateo 5:6 at 3 Nephi 12:6*
   *Mateo 5:10 at 3 Nephi 12:10*
   *Mateo 5:48 at 3 Nephi 12:48*

   Ipabasa sa mga bata ang mga sanggunian at talakayin ang pagkakaiba ng mga ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na pareho lamang ang itinuro ni Jesus na mga aral sa mga Judio at mga Nephita at mas malinaw ang mga ito sa Aklat ni Mormon.
8. Awitin o basahin ang mga titik sa, “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” (*Aklat ng mga Awit Pambata*.)

---

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo na kapag ipinamuhay natin ang mga aral ni Jesus sa Sermon sa Bundok ay matatahak natin ang landas patungo sa kasakdalan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 5:3–11 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
11

# Itinuro ni Jesucristo ang Tungkol sa Panalangin

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maghangad na magkaroon ng pansariling panalangin sa araw-araw.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 6:5–13 (punahin ang talababa *a* sa bersikulo 13 ng Pagsasalin ni Joseph Smith), 7:7–11, at Alma 34:19–27. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang mga pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii).
2. Mga karagdagang babasahin: Mateo 4:2, lalo na ang talababa *c*; 14:23; 26:36–46; Lucas 9:28–29; 11:2–4, 9–13; Juan 17; 3 Nephi 14:7–12; 17:14–21; 18:16.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang Aklat ni Mormon.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   d. Mga larawan 7-12, Sermon sa Bundok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212; 62166), at 7-13, Isang Labing-Isang Taong Gulang na Nananalangin nang Nakaluhod (62218).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isulat sa hiwa-hiwalay na mga piraso ng papel ang ilang sitwasyong katulad ng mga nakalista, na maaaring mangyari sa kanila (o sabihin sa kanila ang mga sitwasyon). Hilingin sa bawat bata na lumapit at pumili ng tig-iisang pirasong papel. Ipasalaysay sa kanila kung ano ang maging damdamin nila kung sila ay nasa gayong sitwasyon at ano ang kanilang gagawin.

> Nahulog ka sa bisikleta at nasaktan ang iyong paa. Walang katau-tao sa paligid at hindi mo alam kung makakalakad kang pauwi.
>
> May lagnat ka at masakit ang iyong tiyan. Nagawa nang lahat ng iyong mga magulang para gumaling ka, pero may sakit ka pa rin.
>
> May gawain ka sa paaralan na ipapasa mo kinabukasan. Ginawa mo ang makakaya mo, pero hindi ito kasingganda ng gusto mong mangyari at hindi mo alam kung paano aayusin ito.
>
> Naglaro ka sa labas at nang umuwi ka ay wala kang nadatnan. Natakot ka dahil hindi mo alam kung saan pumunta ang iyong pamilya.

Binigyan ka ng iyong lolo at lola ng pera sa iyong kaarawan, at ngayon ay nawawala ito sa inaakala mong pinagtaguan mo.

Nakaupo ka sa labas isang gabi at napansin mo ang kagandahan ng mga bituin.

Tumutulong ka sa inyong pamilya sa pagtatanim sa inyong hardin at napansin mong lumalaki na ang mga halaman at ang mga gulay at prutas ay nahihinog na.

Ipaliwanag na maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit para humingi ng tulong sa mga problemang gumugulo sa atin, para ibahagi sa kanya ang ating nararamdaman, o kaya naman ay ipahiwatig ang ating pasasalamat. Pinakikinggan lagi ng Ama sa Langit ang ating matapat na panalangin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata na ipinaliwanag ni Jesus sa kanyang mga disipulo sa Sermon sa Bundok kung paano manalangin (tingnan sa Mateo 6:9–13). (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Maaari mong naising maghalinhinan sa pagbabasa ng mga bersikulo ang mga bata. Maaari mong pamarkahan ang alinmang bersikulo o ang lahat ng mga bersikulo sa sarili nilang kopya ng mga banal na kasulatan. Talakayin ang mga ideya sa bawat bersikulo at ipaliwanag ang mga salitang hindi nila maintindihan. Ipakita ang mga larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga alituntunin na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niyang “At pag kayo ay nagsisidalangin, ay huwag kayong gaya ng mapagpaimbabaw”? (Mateo 6:5.) Paano tayo manalangin nang apat para hindi tayo katulad ng mga ipokrita o mga mapagkunwaring banal? (Ang ipokrita ay taong nagpapanggap na mabuti ngunit hindi naman, o, taong mabuti pero nagpapanggap na masama.)
- Ayon kay Jesus, paano tayo dapat maiba sa mga mapagpaimbabaw kapag nag-aalay tayo ng pansariling panalangin? (Mateo 6:6.)
- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niyang “sa pananalangin ninyo ay huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit, na gaya ng ginagawa ng mga gentil.” (Mateo 6:7.) (Ang ibig sabihin ng Gentil dito ay ang mga taong sumasamba sa maraming diyos o kaya ay mga hindi Kristiyano. Ang *walang kabuluhang paulit-ulit* ay kung inuulit natin ang gayunding mga salita at parirala nang walang pagpapahalaga at hindi matapat.) Paano natin maiiwasan ang “walang kabuluhang paulit-ulit” kung tayo’y nananalangin?
- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niya sa atin na magsihingi, magsihanap at magsikatok? (Mateo 7:7–11.) Ano ang pangako ng Ama sa Langit sa mga nagsisihingi, nagsisihanap, at nagsisituktok? (Mateo 7:7–8.) Paano nakatulong sa iyo ang pananalangin mo sa Ama sa Langit?

- Palagi bang sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit hindi natin makamtan kaagad ang sagot sa ating mga panalangin, o matamo ang sagot na ating inaasahan, totoong sinasagot ng Ama sa Langit ang bawat matapat na panalangin. Kung minsan ang sagot niya ay "hindi" o kaya "hindi pa."
- Bakit maaaring sagutin tayo ng Ama sa Langit ng "hindi" o kaya "hindi pa" sa ating panalangin? Magbigay ng halimbawa mula sa iyong sariling karanasan, kung maaari. Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil sa ang lahat ay nalalaman ng Ama sa Langit, alam niya ang pinakamainam para sa atin.
- Saan at gaano kadalas tayo dapat mag-alay ng mga pansariling panalangin? (Alma 34:19–27.) Ano ang mga dapat nating ipanalangin? Ano ibinigay sa atin ng Ama sa Langit na dapat nating pasalamatan?
- Bakit kaya nais ng Ama sa Langit na manalangin tayo sa kanya?
- Bakit mahalaga na mag-alay tayo ng pansariling panalangin tuwing umaga at gabi? (Alma 37:37.)
- Ano ang inyong nararamdaman kung nag-aalay kayo ng isang mapagpakumbaba at matapat na pansariling panalangin? Paano tayo magiging mas malapit sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin? Paano tayo magkakaroon lagi ng panalangin sa ating puso? Bakit dapat nating sikaping gawin ito?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Hatiin ang klase sa maliliit na grupo at patingnan sa bawat grupo ang isa sa mga sumusunod na sanggunian ng banal na kasulatan. Pagkatapos ay ipasalaysay sa grupo ang tungkol sa banal na kasulatan para mapakinggan ng buong klase. Talakayin ang bawat pagkakataon kung bakit nananalangin si Jesus at magpasiya kung paano makatutulong sa ating mga panalangin ang kanyang halimbawa.

   Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 4:2
   Mateo 14:23
   Lucas 9:28–29
   Juan 17
   Mateo 26:36–42
   3 Nephi 17:14–21,18:16

2. Isalaysay sa mga bata ang isang pagkakataon nang ang iyong mga panalangin ay sinagot, o hilingan ang mga bata na ibahagi ang mga natatanging karanasan nila sa panalangin. Maaari mo ring isalaysay ang sumusunod na kuwento:

   Isang pambihirang batang lider ng misyonero . . . ang nagkuwento ng isang puno ng inspirasyong karanasan. Ito ay nang maligaw siya sa Petropolis (Brazil). Samantalang hindi siya makapagsalita sa katutubong wika at wala siyang direksiyon ng simbahan o ng mga misyonero. Matapos ang mataimtim na panalangin na kung saan ay nagsumamo siya sa Panginoon na kailangan niya ang tulong para magampanan ang kanyang misyon,

nakarinig siya ng boses nang dalawang ulit na sinasabing sundan niya ang taong nasa kanto. Tumupad siya ayon sa atas at sinundan ang tao at narating niya ang simbahan nang matiwasay" (L. Brent Goates, *Harold B. Lee, Prophet and Seer*, p. 282).

3. Sabihin sa mga bata na ang kayo at inyo (*thee*, *thou*, *thy* at *thine*) ay natatanging mga salita na tumutukoy sa Diyos sa ating mga panalangin at nagpapakita ng paggalang at pagmamahal sa kanya. Ipabasa sa isang bata ang Mateo 6:9–13 at ipataas ang kamay ng mga ibang bata kapag narinig ang mga salitang ito sa panalangin. Gawin din ito sa awit na "Salamat, Ama," (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

4. Maghanda ng tsart sa sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer o isulat sa pisara at maglagay ng puwang para sa ilan sa mga salita. Isulat ang mga salitang inihiwalay sa mga sinulatang piraso ng papel o sa hanay ng pisara. Hilingin sa mga bata na subukang lagyan ng tamang sagot ang bawat patlang ng mga salita na nasa mga sinulatang piraso ng papel.

   "Ang ilang ___*(b)*___ ay mula sa pagbabasa ng ___*(d)*___, ang ilan ay sa pakikinig sa mga ___*(c)*___. At paminsan-minsan, kung mahalaga, ang ilan ay maliwanag na maliwanag na dumarating at ___*(e)*___. Ang mga pang-uudyok ay ___*(a)*___ at hindi mapag-alinlanganan. (Sa Conference Report, Okt. 1979. p. 30 o *Ensign*, Nob. 1979, p.20.)

   a. Malinaw
   b. Mga sagot
   c. Nagtatalumpati
   d. Mga banal na kasulatan
   e. Makapangyarihang inspirasyon

5. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang isa sa sumusunod na mga banal na kasulatan tungkol sa panalangin: Mateo 7:7, Santiago 1:5, 3 Nephi 18:20, o ang unang bahagi ng Doktrina at mga Tipan 19:38.

6. Anyayahan ang mga bata na awitin o basahin ang mga titik sa "Inisip Bang Manalangin?" (*Mga Himno*) o "Panalangin ng Isang Bata" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo na tunay na pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga pansariling panalangin. Magpatotoo sa kahalagahan ng pananalangin bawat umaga at gabi at himukin ang mga bata na gawin ito sa darating na linggo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 6:5–8 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
12

# Ang Bahay na Itinayo sa Ibabaw ng Bato

**Layunin**

Palakasin ang hangarin ng bawat bata na sundin ang mga kautusan upang si Jesucristo at kanyang ebanghelyo ang maging tunay na pundasyon ng kanyang buhay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 7:24–27, Lucas 6:47–49, at Doktrina at mga Tipan 11:24. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii).
2. Karagdagang babasahin: Helaman 5:12 at 3 Nephi: 14:24–27.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Atasan ang isang grupo ng mga bata na awitin ang “The Wise Man and the Foolish Man” (*Children’s Songbook*, p. 281) o maghandang awitin o basahin ang mga titik na kasabay ang mga bata habang nagkaklase.
5. Gumawa ng poster ng Doktrina at mga Tipan 11:24 o planuhing isulat ito sa pisara.
6. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Ilang 3”x 5” na mga kard at buhangin o asin (kung nanaisin).
   c. Larawan 7-12, Sermon sa Bundok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212; 62166).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Tanungin ang mga bata kung naaalala nilang manalangin tuwing umaga at gabi noong nakaraang linggo. Ipasalaysay kung ano ang naramdaman nila noong ginawa nila ito.

Gawaing Pantawag-pansin

Sakaling nagkaroon ka na ng nakasisindak na karanasan sa bagyo, ilarawan ang ganyang karanasan. Ipaliwanag kung bakit ka nabahala at ano ang iyong ginawa para maging ligtas. Itanong sa mga bata kung natakot na ba sila sa bagyo, at anyayahan ang mga bata na gustong magbahagi sa klase tungkol sa kanilang naramdaman.

Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin

Gumawa ng dalawang maliit na modelong bahay na parehas ang pagkakagawa sa pamamagitan ng paggamit ng mga kard na ang sukat ay 3”x 5” at ikola para mapagdikit-dikit upang maging kahon. (Hindi na kailangang pagandahin pa. Sapat na mag-anyong bahay ang mga pinagdikit na karton para sa gawaing ito.) Hayaang ipatong ng isang bata ang isa sa maliliit na

modelong bahay sa ibabaw ng mesa at ang isa naman ay sa bunton ng mga buhangin o asin na nasa ibabaw ng mesa. Pagkatapos ay ugain ang mesa para gumalaw at matumba ang mga kard na nasa bunton ng buhangin. Sabihin sa kanila na ang bahay na itinayo sa bunton ng buhangin ay inaasahang guguho at tutumba dahil madaling magagalaw ang buhangin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang pangyayari nang sabihin ni Jesus sa mga disipulo kung paano magtayo ng bahay sa ibabaw ng bato at hindi sa buhanginan, sa Mateo 7:24–27 at Lucas 6:47–49. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ang buhay na ebanghelyo ni Jesucristo ang siyang makatutulong sa atin na makayanan ang mga tukso, pagdurusa o suliranin sa ating buhay.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay nakatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Saan itinayo ng matalinong tao ang kanyang bahay? (Mateo 7:24; Lucas 6:47–48.) Sa palagay ninyo, bakit siya matalino?
- Saan itinayo ng mangmang na tao ang kanyang bahay? (Mateo 7:26; Lucas 6:49.) Sa palagay ninyo, bakit siya mangmang? Sa palagay ninyo, bakit magtatayo ang isang tao ng bahay sa buhanginang pundasyon? Saan mas madaling maghukay ng pundasyon—sa buhanginan o sa buo at matigas na lupa?
- Ano ang ibig sabihin ng "dumirinig sa mga salita ni Jesus at gumaganap"?
- Bakit inihalintulad ni Jesus ang isang taong nakikinig sa kanyang salita at sinusunod ang mga ito sa isang taong itinayo ang kanyang bahay sa ibabaw ng bato?
- Bakit inihalintulad ni Jesus ang isang taong nakikinig sa kanyang salita ngunit hindi sinusunod ang mga ito sa isang taong itinayo ang kanyang bahay sa buhanginan?

Atasan ang isang grupo ng mga bata na awitin ang "The Wise Man and the Foolish Man" (*Children's Songbook*, p. 281) o awitin o basahin ang mga salita sa kasabay ang klase.

Basahin ang sinabi ni Jesucristo sa Doktrina at mga Tipan 11:24, isang paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith para sa kanyang kapatid na si Hyrum. Ipakita ang papel na kinasusulatan ng banal na kasulatang ito o isulat ang bersikulo sa pisara.

- Bakit dapat itayo ang ating mga bahay o sa madaling salita, ang ating mga buhay, sa ibabaw ng bato ni Jesucristo at ng kanyang ebanghelyo? (Helaman 5:12.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Jesus at ang kanyang mga aral ang siya lamang ating matibay na pundasyon natin. Kung itatayo natin ang ating buhay sa anupamang bagay, ito'y kahalintulad ng pagtatayo ng bahay sa buhanginan.

- Sa ano itinatayo ng ibang tao ang kanilang buhay na kahalintulad sa buhanginan?

Talakayin ang mga bagay na tulad ng salapi, kabantugan, kasikatan, kakayahan sa mga palakasan, kagandahan ng katawan, at iba pa. Ipaliwanag na ang lahat ng mga ito ay mga buhanginang pundasyon upang gawing pangunahing layunin ng buhay.

- Mahalaga ba sa ating buhay ang magkaroon ng pera, maglaro at mag-ehersisyo, magkaroon ng mga kaibigan at gumawa ng kasiya-siya para sa kanila? Bakit?

Ipaliwanag na kailangan natin ang pera para pambili ng pagkain, damit, at iba pa. Mahalaga rin naman ang mga kaibigan at trabaho sa ating buhay. Subalit kung ang mga bagay na ito ay higit na pinahahalagahan kaysa sa pagsunod sa Tagapagligtas at kaysa ipamuhay ang ebanghelyo, maaaring mawala sa atin ang mga biyaya ng buhay na walang hanggan.

- Bakit tayo ipinadala ng Ama sa Langit sa mundo?
- Ano ang ilang mga tiyak na paraan para maitayo ang buhay natin kay Jesucristo at sa kanyang mga aral?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbalik-aral, buod, o hamon.

1. Bigyan ang bawat bata ng kapirasong papel na nasusulatan sa bandang itaas ng *Si Jesus ang matibay kong pundasyon sapagkat* ________. Ipasulat sa mga bata ang lahat ng maisip nila hangga't makakaya nila para mabuo o matapos ang pangungusap. Pagkatapos ay hilingin sa kanila na sabihin sa iyo ang kanilang mga sagot. Kung hindi nila naisip ang mga sumusunod na ideya, tiyaking babanggitin mo ang mga ito:

   Mahal niya ako.
   Tinuruan niya ako ng wastong pamumuhay.
   Nagpakita siya ng halimbawa sa akin.
   Ibinigay niya ang buhay niya sa akin.
   Nagdusa siya para sa aking mga kasalanan.
   Dahil sa kanya ako ay mabubuhay na muli.
   Ginawa niyang posible para makabalik akong muli sa Ama sa Langit.

2. Ipatapos sa mga bata ang pangungusap na "itatayo ko ang buhay ko sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng ________." Maaaring isagot ang pakikilahok sa gabing pantahanan, pagtulong sa gawain sa bahay, pagbabayad ng ikapu, pananalangin, pagsunod sa Salita ng Karunungan, pagsasabi ng totoo, pagiging mabuti sa kapwa, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagiging marangal, at iba pa. Bigyan ang bawat bata ng pagkakataon na magbigay ng kanyang mungkahi. Maaaring ipagpatuloy hangga't nakapagbibigay sila ng mga kautusan. Ituro na ang tanging paraan para matamo natin ang buhay na walang hanggan ay ang pagtupad sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Maaari mong ipasulat sa ibang papel ang sinabi ng bawat bata na gagawin niya at idikit sa bato para iuwi sa kani-kanyang tahanan.

3. Patingnan sa mga bata ang mga sumusunod na banal na kasulatan para mabasa kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa pagsunod. Ipaalala sa kanila na sa pamamagitan lamang ng pagsunod sa mga kautusan ni Jesus na maitatayo natin ang ating buhay sa isang matatag na pundasyon.

   Mateo 7:21 (tingnan ang talababa *e*)
   Lucas 11:28
   Juan 15:10

4. Pag-aralan ninyong muli ng mga bata ang ikatlong saligan ng pananampalataya.
5. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Doktrina at mga Tipan 11:24 mula sa tsart o pisara.

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong pagmamahal sa Tagapagligtas at magpatotoo na bawat kautusang ibinigay niya sa atin ay makatutulong upang tayo'y maging maligaya at ang di-pagsunod ay nagdudulot ng kalungkutan. Maaari mong ibahagi ang isang naging karanasan mo nang ang pamumuhay ng ebanghelyo ay nagbigay ng biyaya sa iyo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 7:24–27 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
13

# Pinagaling ni Jesucristo ang mga Maysakit

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na magkaroon ng hangaring magpakita ng pagmamahal at pagkaawa sa kapwa katulad ng ginawa ni Jesus nang pagalingin niya ang mga maysakit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 8:5–10, 13; 25:34–40; Marcos 1:40–45; Lucas 4:38–40; 7:11–17; at Juan 4:46–54; 13:34–35. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii).
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan: Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Heber J. Grant, na naging ikapitong Pangulo ng Simbahan.

Ibinalabal ni Heber ang kanyang manipis na amerikana at nangaligkig siya sa ginaw. Malapit na ang kanyang kaarawan at nais lang niya ay magkaroon ng isang makapal at mainit na amerikana. Ngunit sila ay dukha at walang pambili ng amerikana. Kung magkaminsan ay maaga silang natutulog dahil sa walang panggatong para manatiling mainit ang bahay, at minsan siya ay ginugutom dahil sa walang sapat na pagkain. Madalas ay gabing-gabi nang nagtatrabaho ang nanay ni Heber sa pananahi ng mga damit ng ibang tao para lang kumita.

Sa kaarawan ni Heber binigyan siya ng kanyang ina ng napakagandang amerikana mula sa tira-tirahang tela. Halos hindi na siya makapaghintay sa sabik para lumabas at damhin ang init nito.

Pagkaraan ng ilang linggo, nakita ni Heber ang batang lalaki na halos kasinlaki niya na umiiyak. Nakasuot lang ito ng *sweater* at alam ni Heber kung gaano siya giniginaw. Nananabik ang bata na nakatingin sa suot na amerikana ni Heber. Huminto si Heber, at halos walang pag-aatubiling hinubad niya ang amerikana at ibinigay ito sa batang lalaki.

Nang hapong iyon nakita siya ng ina ni Heber sa suut-suot ang luma niyang amerikana. Nagtanong siya, "Anong ginawa mo sa bago mong amerikana?" Nag-isip si Heber kung paano ito sasabihin sa kanya. Pagkatapos ay sinabi niyang, "Nakakita po ako ng batang lalaki na higit na nangailangan kaysa akin, kaya ibinigay ko iyon sa kanya."

"Hindi ba maaaring iyong luma mong balabal ang ibigay mo?" ang tanong niya.

Pinagmasdan ni Heber ang kanyang ina sa pag-asang maiintindihan niya, at nakita niya itong puno ng luha ang mga mata. Niyakap niya ang ina habang sinasagot niya ang sarili niyang tanong. "Totoo namang hindi mo 'magagawa iyon Heber," ang sabi niya. "Totoo namang hindi mo magagawa iyon." (Hango mula sa "The Coat" isinalaysay muli ni Lucille C. Reading, "*Children's Friend*," Nob. 1966, p. 5.)

Ipalarawan sa isipan ng mga bata ang naramdaman ni Heber noong makita ang batang lalaking umiiyak dahil siya ay giniginaw. Ipaliwanag na may pagmamahal at pagkaawa si Heber sa batang lalaki. Nais ni Jesus na mahalin natin ang ating kapwa katulad ng ginawa ni Pangulong Grant. Ipaliwanag na ipinakikita ng araling ito kung paanong nagbigay si Jesus ng isang halimbawa ng pagmamahal at pagkaawa sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga maysakit.

**Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin**

Isulat ang bawat salita mula sa Juan 13:34 sa magkakahiwalay na papel. Paghalu-haluin ang mga papel at hilingin sa mga bata na isaayos nang wasto ang mga ito. Maaari nilang gamitin ang kanilang banal na kasulatan kung kailangan nila ng tulong.

**Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang mga sumusunod na kuwento tungkol sa mga mahimalang panggagamot ni Jesus. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na napakalaki ng pagmamahal at pagkaawa ni Jesus sa mga maysakit.

1. Pagpapagaling sa alila ng senturion (Mateo 8:5–10, 13). Ipaliwanag na ang senturion ay isang opisyal sa hukbo ng Romano na may nasasakupang mga sundalo. Narinig niya ang tungkol kay Jesus at nanampalataya siya sa kanya.
2. Pagpapagaling sa isang ketongin (Marcos 1:40–45). Ipaliwanag na ang mga ketongin ay nagdaranas ng mga nakakikilabot na uri ng sakit sa balat. Dahil sa ang ketong ay inaakalang lubhang nakahahawa, ang mga may sakit nito ay hindi pinapayagang manahan sa mga lungsod at sila ay iniiwasan ng mga walang sakit na ketong.
3. Pagpapagaling sa biyenang babae ni Pedro at iba pa (Lucas 4:38–40).
4. Pagpapabangon sa namatay na anak lalaking balo (Lucas 7:11–17).
5. Pagpapagaling sa anak na lalaki ng isang maharlikang tao (Juan 4:46–54).

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit sa palagay ninyo ginawa ni Jesus ang mga himalang ito? (Marcos 1:41; Lucas 7:13; Juan 9:1–3.)
- Paano nabasbasan ng mga pagpapagaling na ito ang buhay ng mga taong may kinalaman sa mga pagpapagaling na ito? (Lucas 7:2, 12; Juan 4:52–53.)

- Anong mga katangian ang dapat nating pagbutihin sa ating buhay kung susundin natin ang halimbawa ng Tagapagligtas na matutunghayan sa mga pangyayaring ito? (Juan 13:34–35. Maaaring bigyan mo ng pagkakataon ang mga bata na salungguhitan ang mga talatang ito.) Paano natin ipakikita ang pagmamahal, pagkaawa at malasakit sa mga taong nangangailangan? Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan kung ano ang nadarama nila nang tulungan sila ng isang tao.
- Kilala ba ni Jesus ang lahat ng taong pinagaling niya? (Mateo 8:5–8.) Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa kung sino ang dapat nating tulungan kung makakakita tayo ng nangangailangan?
- Pagkatapos pagalingin ni Jesus ang ketongin, ano ang hiniling niya na gawin ng taong ito? (Marcos 1:43–44.) Ano ang sinasabi nito sa atin kung paano dapat tulungan ang iba?
- Paano tayo mapapalapit sa Ama at kay Jesus kung tumutulong tayo sa ating kapwa na nangangailangan? (Mateo 25:45.) Ano ang nararamdaman ninyo kung tumutulong kayo sa isang tao? Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng kanilang mga karanasan nang tumulong sila sa isang taong nangailangan o nang tumanggap sila ng tulong mula sa ibang tao.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipabasa sa isang bata ang 1 Juan 3:18. Ipaliwanag na sinasabi ng bersikulong ito na hindi lamang natin dapat sabihin sa tao na minamahal natin sila. Dapat nating ipakita ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng ating gawa. Ang ginagawa natin sa ibang tao ang nagpapakita na mahal natin sila. Hayaang ipakita ng mga bata ang mga paraan kung paano sila makapagpapakita ng pagmamahal sa kanilang pamilya at mga kaibigan.
2. Ipabasa sa isang bata ang siping-banggit na ito mula kay Pangulong Spencer W. Kimball: “Pinag-uukulan tayo ng pansin ng Diyos at binabantayan tayo. Ngunit karaniwan ay sa pamamagitan ng ibang tao niya tinutugon ang ating mga pangangailangan” (“Small Acts of Service,” *Ensign*, Dis. 1974, p. 5). Ipasalaysay sa bawat bata ang tungkol sa isang situwasyon kung kailan ay tinugon ng Ama sa Langit ang pangangailangan ng bata sa pamamagitan ng ibang tao. Maaari mo ring sabihin sa mga bata ang tungkol sa isang taong kilala mo na tumulong sa ibang taong nangangailangan. Bigyang-diin na pinalawak ng taong ito ang pagmamahal, pagkaawa, at pagmamalasakit sa kapwa at nagpakita ng pagmamahal sa pamamagitan ng mga gawaing paglilingkod.
3. Ipabasa sa mga bata ang sumusunod na mga banal na kasulatan tungkol sa paglilingkod sa kapwa: Mateo 25:34–40 at Mosias 2:17–18, 4:14–15. Sama-samang gumawa ng listahan ng mga bagay na sinasabi ng mga banal na kasulatang ito na dapat nating gawin sa kapwa. Papiliin ang mga bata ng isang gawaing paglilingkod na maaaring isagawa sa darating na linggo.
4. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat at ibigay sa bawat pangkat ang isa o higit pa sa mga sumusunod na situwasyon. Maaari ka ring gumawa ng mga sarili mong situwasyon. Ipagawa sa mga bata ang mga paraang

makapagpapakita ng kanilang pagmamahal at pagkahabag at paglilingkod sa mga taong ito.

May isang bata na bagong dating sa Primarya at wala siyang kakilala.
Isang bata sa inyong Primarya ang nagkasakit.
Ang kaibigan mo ay hindi kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
Ang isang tao sa inyong purok o sangay ay malungkot.
Maraming ginagawa ang inyong mga magulang at hinilingan kang mag-alaga sa iyong nakababatang kapatid.
Isang tao ang nagsasalita ng masasamang bagay sa iyong kaibigan.

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong pasasalamat sa iyong buhay at sa halimbawa ng Tagapagligtas. Magpatotoo na kapag tinutupad natin ang mga aral ni Jesus ay ipinakikita natin ang pagkaawa at pagmamahal sa mga nasa paligid natin. Imungkahi sa mga bata na sa linggong ito ay dapat silang magpakita ng higit na pagmamahal sa kanilang pamilya at sa iba. At dapat ding paglingkuran nila kahit sa munting paraan lamang ang kanilang pamilya at ang ibang tao.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Marcos 1:40–45 at Lucas 7:11–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
14

# Si Jesucristo at ang Araw ng Sabbath

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maghangad na gumawa ng mga bagay sa araw ng Sabbath na magpapakita ng paggalang at pag-aalaala kay Jesucristo at sa Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 5:2–16, Mateo 12:1–13, Lucas 13:11–17, 14:1–6, Pagsasalin ni Joseph Smith ng Marcos 2:26–27, Genesis 2:1–3, Exodo 20:8–11, at Doktrina at mga Tipan 59:9–14. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa mga banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii).
2. Karagdagang babasahin: Marcos 2:23–28, 3:1–6 at Lucas 6:1–11.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan: Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Anyayahan ang mga batang gustong magsalaysay kung paano sila nagpakita ng pagmamahal at paglilingkod sa kapwa nitong linggong ito. Ipasalaysay ang tungkol sa kanilang mga karanasan.

Gawaing Pantawag-pansin

Hilingin sa mga bata na itaas ang kanilang mga kamay kung inaakala nilang alam nila ang sagot sa sumusunod na palaisipan:

Nababanggit ito nang maraming ulit sa mga banal na kasulatan.
Sinabi ng Ama sa Langit at ni Jesus na napakahalaga nito.
Ito ay banal.
Ipinamamalas ng mga taong nagpapanatiling gawing banal ito na mahal nila ang Ama sa Langit at si Jesus.
Isa ito sa pitong bagay.
Kaiba ito sa ibang anim.
Sa pamamagitan nito ay sumasamba tayo sa Ama sa Langit at namamahinga sa ating mga gawain.
Ito ay isang araw sa buong Linggo.

Sagot: Ang Sabbath.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang mga kuwento tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa araw ng Sabbath mula sa mga banal na kasulatang nakasulat sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Habang itinuturo mo ang mga kuwentong ito, tulungan ang mga bata na maunawaang hindi sinusunod at isinasabuhay ng mga Judio ang Sabbath noong panahon ni Jesus ayon sa ipinag-uutos sa kanila. Gumawa sila ng mga mahigpit na patakarang hindi nakatulong sa kanila sa pagsamba sa Ama sa Langit. Tulad halimbawa, ayon sa batas, ang buhol na maaaring kalasin sa pamamagitan ng isang kamay ay maaaring itali sa araw ng Sabbath, ngunit kung kailangan ang dalawang kamay upang kalasin ay hindi na ito alinsunod sa batas kung itatali ito sa araw ng Sabbath. "Ang magsindi o magpatay ng apoy sa Sabbath ay [hindi naaayon sa batas]. Ipinagbabawal ang . . . paghilot sa nabaling buto o ibalik sa dati ang nalinsad na kasu-kasuan. . . . Ang isang tao na nabaon sa guho (gumuhong gusali) sa araw ng Sabbath ay maaaring hukayin o hanguin, kung buhay, ngunit kung patay na siya ay iiwanan sa kinalalagyan hanggang matapos ang Sabbath" (James E. Talmage, *Jesus the Christ*, p. 215–216).

Tinuruan ni Jesus ang mga Judio na mali at hindi matwid ang mga patakarang iyon. Ipinakita niya sa pamamagitan ng kanyang halimbawa na ang Sabbath ay araw ng paggalang sa kanya at sa kanyang Ama sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuti at mga kapaki-pakinabang na bagay, tulad ng pagtulong sa kapwa.

## Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang iniutos sa atin na gawin sa araw ng Sabbath? (Exodo 20:8–11.) Bakit iniutos sa atin na gawin ito? (Genesis 2:1–3.)
- Ano ang ginawa ni Jesus sa araw ng Sabbath para pagalingin ang taong may kapansanan? (Juan 5:6, 8); ang taong natuyo ang isang kamay? (Mateo 12:13); ang babaeng may sakit? (Lucas 13:13); ang lalaking namamanas? (Lucas 14:4. Ipaliwanag na ang pamamanas ay isang uri ng sakit na nagiging sanhi ng pamamaga ng katawan.) Ang mga ganoong gawain ay maituturing bang karapat-dapat gawin sa araw ng Sabbath? Bakit?
- Bakit pumitas ng mga uhay ng mais ang mga alagad sa araw ng Sabbath? (Mateo 12:1.) Anong mga bagay ang kailangang gawin sa araw-araw, kahit na sa Sabbath?
- Paano iginalang ni Jesus ang Sabbath? Paano iginalang ito ng mga Judio? (Tulungan ang mga batang maunawaan na ginamit ni Jesus ang Sabbath para tulungan ang mga tao at sa gayong gawain ay iginalang niya ang Ama sa Langit.)
- Ano ang dalawang dahilan kung bakit nagalit kay Jesus ang mga pinuno ng mga Judio? (Juan 5:18.)
- Sino ang gumawa ng mga batas ukol sa araw ng Sabbath mula pa sa simula ng mundo? (Mateo 12:8; Genesis 2:1–3. Ipaalala sa mga bata na nilikha ni Jesus ang mundo sa ilalim ng pamamatnugot o tagubilin ng Ama sa Langit.) Ano sa palagay ninyo ang pakiramdam ni Jesus nang malaman niyang pinalitan ng mga Judio ang mga batas na kanyang itinatag?

- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng taong may kapansanan sa malapit sa may tangke (pool) ng Betesda, ng babaeng may sakit, ng taong natuyo ang isang kamay at ng lalaking namamanas nang sila ay gumaling? (Lucas 13:13.) Paano iginalang ni Jesus ang kanyang Ama sa pamamagitan ng paggawa ng mga ganoong bagay sa araw ng Sabbath?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi niyang naaayon sa batas ang gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath? (Mateo 12:12.) Paano ninyo malalaman kung ano ang mabuting gawain sa araw ng Sabbath? (Exodo 20:8–11; Doktrina at mga Tipan 59:9–14.)
- Ano ang mga bagay na hindi natin dapat gawin sa araw ng Sabbath? Talakayin ang pahayag na ito mula sa Unang Panguluhan: "Dapat nating iwasan ang pamimili sa araw ng Sabbath at pagiging abala sa pangangalakal o pagdalo sa mga palarong paligsahan" (*Ensign*, Ene. 1993, p. 80).

Talakayin ang siping-banggit na ito mula kay Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang pagtupad sa Sabbath ay nagpapakita kung gaano natin kamahal ang ating Ama sa Langit" (The Teachings of Spencer W. Kimball, p. 218). Ipatalakay sa mga bata ang mga wastong paraan upang maipakita ang kanilang pagmamahal sa Ama sa Langit sa araw ng Sabbath, tulad ng pagdalo sa mga pulong ng simbahan, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagsusulat sa kanilang talaarawan, pagdalaw sa kanilang mga kamag-anak at mga maysakit, pakikinig sa mga kaaya-aya o espirituwal na musika, pagsamba, paglilingkod sa kapwa, pagsali sa mga di-nakakapagod na gawaing pangmag-anak. Kung mababanggit ang isang gawain na tila hindi nararapat, papagpasiyahin ang mga bata kung ang gawaing iyon ay mabuting paraan ng pagpapakita ng kanilang pagmamahal at paggalang sa Ama sa Langit at kay Jesucristo o mas makabubuti kung ang gawaing iyon ay sa ibang araw na gawin.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hilingin sa mga bata na pag-aralan ang Doktrina at mga Tipan 59:9–23 at ipasulat ang mga gawaing iniutos sa atin ng Panginoon na gawin sa Sabbath at ang mga biyaya na ipinangako niya sa atin kung susundin ang gayong mga utos.
2. Ipabanggit sa mga bata ang ilang gawaing nakita nilang ginagawa ng mga tao sa araw ng Sabbath. Pagpasiyahan kung ang mga gawaing ito ay wasto sa Sabbath sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:

   Tumutulong ba ito sa akin upang igalang ang Ama sa Langit at si Jesucristo?
   Sinusunod ba nito ang mga utos ng Ama sa Langit na ibinigay sa atin para sa Sabbath?
   Hindi ba ito nakakapagod?
   Makapaglilingkod ba ito sa sinuman?

   Hamunin ang mga bata na gumawa ng mga plano upang gawing banal ang araw ng Sabbath.
3. Talakayin ang pahayag na ito mula sa Unang Panguluhan: "Pinakikiusapan namin ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw na gawing malaya ang banal

na araw na ito sa mga gawain ng mundo at ialay ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pakikisali sa mga espirituwal na pagsamba, pagpapasalamat, paglilingkod, at mga gawaing nakatuon sa mag-anak na angkop para sa Sabbath. Habang ang mga kasapi ng Simbahan ay nagpupunyagi na gawing naaayon sa layunin at kalooban ng Espiritu ng Panginoon ang kanilang mga gawain sa Sabbath, ang buhay nila ay mapupuno ng kagalakan at kapayapaan" (*Ensign*, Ene. 1993, p. 80).

4. Ipasulat sa mga bata ang mga salitang *Gagawin kong banal ang araw ng Sabbath* sa isang papel at palamutian ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga krayola o pangmarka.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo ukol sa kahalagahan ng pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuti at kapaki-pakinabang na mga gawain, at ng mga biyayang tinanggap mo bilang bunga. Himukin ang mga bata na gumawa ng mga bagay sa Sabbath na nagbibigay galang sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Juan 5:2–16 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
15

# Ginamit ni Jesus ang Kanyang Kapangyarihan sa Pagkasaserdote para Pagpalain ang Iba

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na mas maunawaan ang kapangyarihan ng pagkasaserdote.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 4:35–41, 6:33–44, Lucas 9:37–43, Mateo 14:23–33, Mga Gawa 10:38, at Doktrina at mga Tipan 13, 27:12, 124:123. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Mga karagdagang babasahin: Mateo 8:23–27; Juan 6:1–14, 16–21; at *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 13.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 7-15, Pinapayapa ang Bagyo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo. 214; 62139); 7-16, Pagpapakain sa Limang Libo (62143); at 7-17, Lumalakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Patayin ang ilaw sa silid, o sindihan ang isang *flashlight*. Itanong kung ano ang kailangan para magkailaw. (Lakas o kapangyarihan.) Ipabanggit sa mga bata ang ilang bagay na ginagamit natin na nangangailangan ng kapangyarihan para makagawa. Ano pang uri ng kapangyarihan ang mayroon? Sabihin sa mga bata na sa araw na ito ay pag-aaralan nila ang tungkol sa isang kapangyarihan. Ito ay isang kapangyarihang matindi at kahanga-hanga na higit pa sa kapangyarihan ng kalikasan. Ito ay ang kapangyarihan ng Diyos. Tinatawag natin itong pagkasaserdote.

Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang isang bato-balani (magnet) at ilang piraso ng bakal. Ipagamit ang bato-balani sa mga bata na panghila sa mga piraso ng bakal sa kabila ng mesa. Kung walang bato-balani, ihipan ang isang lobo at ikiskis sa damit upang ito ay dumikit sa dingding o sa isa sa mga bata. Maaari mo ring

ipasuklay sa isang bata ang kanyang buhok nang ilang ulit at pagkatapos ay gamitin ang suklay sa pagpulot sa maliliit na piraso ng papel.

- Ano ang dahilan at napadikit ng bato-balani ang bakal, at dumikit ang lobo sa dingding o damit, o mapulot ng suklay ang papel? (May kapangyarihan ang bato-balani para mapadikit ang bakal dito. Pinadidikit ng tinatawag na elektrisidad na statik (static electricity) ang lobo sa dingding o sa damit at sa pamamagitan nito ay makapupulot ang suklay ng papel.)
- Ano pang ibang kapangyarihan ang inyong naiisip? (Kidlat, elektrisidad, hangin, at iba pa.)

Ipaliwanag sa mga bata na pag-aaralan nila ang tungkol sa isang kapangyarihan na pinakamatindi at kahanga-hanga sa lahat ng kapangyarihan. Ito ay ang kapangyarihan ng Diyos, ang pagkasaserdote.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan at mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa angkop na pagkakataon, ituro ang mga pangyayari tungkol sa paggamit ni Jesus sa kanyang kapangyarihan. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

1. Pinapayapa ang Bagyo (Marcos 4:35–41)
   - Ano ang nadama ng mga alagad ni Jesus noong may bagyo? (Marcos 4:38.) Bakit nila naisip na hindi sila iniintindi o inaalaala ni Jesus? Paano ninyo nalalaman na inaalala tayo ng Ama sa Langit?
   - Paano pinayapa ni Jesus ang bagyo? (Marcos 4:39.)
   - Anong kapangyarihan ang ginamit ni Jesus para tumahimik ang bagyo? (Ang kanyang kapangyarihan—ang kapangyarihan ng Diyos.) Ano ang tawag natin sa kapangyarihan at awtoridad ng Diyos? (Doktrina at mga Tipan 124:123. Ang Pagkasaserdote.)
   - Pagkatapos niyang payapain ang bagyo, ano ang itinanong ni Jesus sa kanyang mga alagad? (Marcos 4:40.)
   - Ano ang nadama ng mga alagad kay Jesus matapos niyang payapain ang bagyo? (Mateo 8:27; Marcos 4:41.)
2. Pagpapakain sa Limang Libo (Marcos 6:33–44)
   - Sa palagay ninyo, bakit sumunod ang mga tao kay Jesus sa ilang? (Marcos 6:33.) Ano ang ginawa ni Jesus bago niya isinagawa ang himala ng pagpapakain sa limang libo? (Mateo 14:14.) Anong kapangyarihan ang ginamit ni Jesus sa pagpapagaling sa mga maysakit? (Ang kapangyarihan ng Pagkasaserdote.) Sino ang pinagmumulan ng kapangyarihan na nagbibigay ng pagpapala sa ating buhay? (Mga Gawa 10:38.)
   - Anong kapangyarihan ang ginamit ni Jesus upang mabigyan ng sapat na pagkain ang lahat? Ano ang kahima-himala tungkol sa dami ng pagkaing naiwan? (Marcos 6:42–44; Juan 6:12–13.)
3. Pinagagaling ni Jesus ang Isang Batang Lalaking Sinaniban ng Masamang Espiritu (Lucas 9:37–43)
   - Ano ang deperensiya ng anak na lalaking iyon? (Lucas 9:38–40.) Ano ang hiniling ng lalaki kay Jesus na gawin niya?

- Ano ang ginawa ni Jesus sa batang lalaki? (Lucas 9:42.) Ano ang reaksiyon ng mga taong sumama kay Jesus tungkol sa himala? (Lucas 9:43.)
- Kanino pa humingi ng tulong ang lalaki? (Lucas 9:40.) Sa inyong palagay, bakit hindi matulungan ng mga alagad ang lalaki at ang kanyang anak? Bakit tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad na "walang pananampalataya"? (Lucas 9:41.) Sa inyong palagay, bakit kailangan ang pananampalataya upang magkabisa ang kapangyarihan ng pagkasaserdote?

4. Lumalakad sa Ibabaw ng Tubig (Mateo 14:22-33)

- Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan nakalakad si Jesus sa ibabaw ng dagat tungo sa bangka na kinaroroonan ng kanyang mga alagad? Ano ang akala ng mga alagad nang una siyang makita? (Mateo 14:26.) Ano ang sinabi ni Jesus sa kanila? (Mateo 14:27.)

**Buod ng mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Ipaliwanag na isinagawa ni Jesus ang apat na himalang ito sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Isinagawa rin niya ang iba pang mga himala na ginagamit ang kapangyarihan ng pagkasaserdote. Ibinahagi ni Jesus ang kanyang kapangyarihan sa mga nagtataglay ng pagkasaserdote sa ngayon.

Tinanggap nila Pedro, Santiago at Juan ang mga susi ng pagkasaserdote sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (Mount of Transfiguration) (Mateo 17:1–9). Ang mga susing ito ng pagkasaserdote ay ibinigay kina Pedro, Santiago at Juan upang magkaroon sila ng kapangyarihan ng pagkasaserdote kapag wala na si Jesus. Si Pedro ang magiging Pangulo ng Simbahan pagkatapos na mabuhay na muli si Jesus, at kinailangan niya ang mga susi ng pagkasaserdote upang maipagpatuloy ang gawain sa Simbahan.

- Anong mga susi ng pagkaserdote ang ibinigay nina Moises at Elias kina Pedro, Santiago at Juan? (Ibinigay ni Moises sa kanila ang susi ng pagkasaserdote ukol sa pagtitipon ng Israel; ibinigay ni Elias sa kanila ang susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:12–16]).
- Paano natin ginagamit ang mga susi ng pagtitipon sa mga araw na ito? (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10. Gawain ng mga misyonero.) Paano kayo makasasali ngayon sa gawain ng mga misyonero, at paano kayo makapaghahanda para magmisyon.
- Saan natin ngayon ginagamit ang mga susi ng pagbubuklod? (Sa templo.) Paano tayo makapaghahandang magtungo sa templo?

Ipaliwanag na pagkatapos mamatay si Jesus at ang mga Apostol, ang mga biyaya ng Simbahan at ng pagkasaserdote ay kinuha sa tao dito sa mundo. Kinailangang ipanumbalik dito sa mundo ang pagkasaserdote. Ibinalik muli ni Jesus ang kanyang Simbahan at ang pagkasaserdote sa pamamagitan ni Joseph Smith upang lahat tayo ay makatanggap ng mga pagpapala ng pagkasaserdote sa ating buhay sa ngayon.

- Bakit mahalaga para sa Simbahan ang magkaroon ng pagkasaserdote ngayon? Ano ang dalawang uri ng pagkasaserdote? Paano ibinalik muli ang Pagkasaserdoteng Aaron? (Doktrina at mga Tipan 13.) Paano ibinalik muli ang Pagkasaserdoteng Melquisedec? (Doktrina at mga Tipan 27:12.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga karapat-dapat na batang lalaki na umabot na sa labindalawang taong gulang ay maaaring tumanggap ng katulad na pagkasaserdoteng ibinalik muli ni Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Ipaliwanag na kapag tinanggap ng mga batang lalaki ang Pagkasaserdoteng Aaron sila ay nabibigyan ng kapangyarihang gumanap sa pangalan ng Diyos para pagpalain ang mga kasapi ng kanilang purok o sangay. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.)

- Anu-ano ang mga biyayang matatanggap natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote? (Pagbibigay ng pangalan at pagbabasbas sa mga sanggol, pagbibinyag, pagpapatibay, pangangasiwa sa sakramento, pagbubuklod sa templo, at iba pa.) Anong mga personal na pagpapala ang matatanggap natin sa pamamagitan ng pagkasaserdote? (Mga pagbabasbas kung may karamdaman, mga pagbabasbas ng ama, mga guro sa tahanan.)
- Paano pinagpapala ng pagkasaserdote ang inyong buhay?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Isulat sa mga nakatuping piraso ng papel ang *Pagbibinyag* at *Pagpapatibay*, *Pagbabasbas sa May Sakit*, *Pagbabasbas ng isang Ama*, *Kasal sa Templo*, at *Ang Sakramento*. Ilagay ang mga papel sa loob ng kahon o sa isang sobre na sinulatan ng "Mga Ordenansa at Pagpapala ng Pagkasaserdote." Hilingan ang isang bata na kumuha ng isang papel at basahin ito sa klase. Talakayin ang ginagampanan ng pagkasaserdote sa pagbabasbas o ordenansa. Gawin ito sa iba pang piraso ng papel. Hilingin sa mga bata na ibahagi nila ang kanilang naging karanasan sa mga ordenansa at pagbabasbas na ito.
2. Pagbalik-aralan ang ikalimang saligan ng pananampalataya at tulungan ang mga batang maisaulo ito.
3. Awitin o basahin ang mga titik sa "Maestro, Bagyo'y Nagngangalit" (*Mga Himno*).
4. Ipaliwanag na kung ang isang batang lalaki sa Simbahan ay labindalawang taong gulang na at karapat-dapat, siya ay maaaring tumanggap ng Pagkasaserdoteng Aaron, at maordenan sa katungkulan ng isang diyakono. Ihanda ang mga sumusunod na mga sinulatang piraso ng papel:

   Nagkakaloob ng sakramento
   Lumilikom sa mga ayunong handog
   Gumaganap bilang mensahero ng obispo
   Nangangalaga sa mga ari-arian ng Panginoon (gaya ng gusali ng Simbahan at kapaligiran)

   Ipabanggit sa mga bata ang mga tungkulin ng isang diyakono. Habang sinasabi ng mga bata ang tamang sagot, ipakita ang naaangkop na sinulatang piraso ng papel. Tulungan silang tukuyin ang lahat ng tungkulin sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pahiwatig kung kailangan.

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Magbigay patotoo tungkol sa kapangyarihan ng pagkasaserdote na taglay ni Jesus. Magbigay din ng patotoo na ang mga lalaki na nasa wastong gulang at mga batang lalaki sa Simbahan na karapat-dapat ay magtataglay ng gayon ding kapangyarihan ng pagkasaserdote ngayon at ang ilang biyaya ay nakalaan sa atin sa pamamagitan lamang ng pagkasaserdote. |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Marcos 4:35–41 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito. |

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Gumawa si Jesucristo ng mga Himala

Aralin 16

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na palakasin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagkakaalam na magaganap ang mga himala ayon sa kalooban ng Ama sa Langit kung tayo ay may pananampalataya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 2:1–12, 5:21–43, at 1 Nephi 7:12. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii .)
2. Mga karagdagang babasahin: Mateo 9:1–8, 18–31; 17:20; Lucas 8:41–56; Ether 12:6, 12, 16, 18; at *Mga Alituntunin ng mga Ebanghelyo*, kabanata 18.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Larawan 7-18, Binabasbasan ni Jesus ang Anak na Babae ni Jairo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 215; 62231).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Tanungin ang mga bata kung sila ay nagkaroon na ng malubhang karamdaman. Ipasalaysay sa kanila ang pangyayari at ipaliwanag kung ano ang ginawa ng kanilang pamilya para gumaling sila. Ipasalaysay sa mga batang nakatanggap na ng mga basbas ng pagkasaserdote ang kanilang karanasan para mapakinggan ng iba. Tulungan ang mga bata na maunawaang mabuti na ipinapakita nila ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at paghiling ng basbas ng pagkasaserdote kung sila ay may sakit o mayroong mga suliranin.

Ipaliwanag sa mga bata na ang mga kuwento sa araling ito ay tungkol sa mga taong pinagaling ni Jesus dahil sa mayroon silang malaking pananampalataya sa kanya.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan at mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Ituro ang mga kuwento tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa mga maysakit na matagpuan sa mga banal na kasulatang nakalista sa bahagi ng "Paghahanda." (Para sa mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii ).

1. Pinagagaling ni Jesus ang Lalaking Paralitiko (Marcos 2:1–12.)
   - Ano ang unang sinabi ni Jesus sa lalaking paralitiko (isang karamdamang hindi mapipigilang pangangalog ng kalamnan)? (Marcos 2:5.) Ano ang

reaksiyon ng mga eskriba sa pangungusap ni Jesus? (Marcos 2:7.) Ano ang ibig sabihin ng *pamumusong*? (Pagpapakita ng kalapastanganan sa Diyos o bulaang pag-aangkin na siya ay Diyos.) Si Jesus ba ay bulaan o lumapastangan sa Diyos? Turuan ang mga bata na maunawaan na magagawa ni Jesus na patawarin ang mga kasalanan sapagkat siya ay Anak ng Diyos, ngunit ang mga eskriba ay hindi naniwalang si Jesus ay siyang Anak ng Diyos.

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga eskriba? (Marcos 2:8–9.) Ano ang sinabi niya sa lalaking paralitiko? (Marcos 2:10–11.)
- Ano ang reaksiyon ng mga tao nang gumaling ang lalaking paralitiko? (Marcos 2:12.) Bakit sa palagay ninyo gumaling ang taong ito?

2. Pinababangon ni Jesus ang Anak na Babae ni Jairo mula sa mga Patay (Marcos 5:21–24, 35–43.)

Ipakita ang larawan 7-18, Binabasbasan ni Jesus ang Anak na Babae ni Jairo.

- Sino si Jairo? Paano natin malalaman na may pananampalataya siya kay Jesus? (Marcos 5:22–23.) Paano tinulungan ni Jesus si Jairo na mapanatiling malakas ang kanyang pananampalataya? (Marcos 5:35–36.)
- Nang dumating si Jesus at si Jairo sa bahay ni Jairo, ano ang ginagawa ng mga ilang tao? (Marcos 5:38. Ipaliwanag na kaugalian na noong panahong iyon ang pag-iyak nang malakas ng mga namatayan kung namatay ang mahal sa buhay.) Ano ang pagkakaiba ng ginawa ng mga nagsisitangis at ng ginawa ni Jairo?
- Bakit sa palagay ninyo pinalabas ni Jesus ang mga walang pananampalataya bago siya pumasok sa silid ng batang babae para pagalingin niya? (Marcos 5:40.)

3. Pinagagaling ni Jesus ang Babaing Inaagasan ng Dugo (Marcos 5:25–34)

- Paano ipinakita ng babaeng humipo sa laylayan ng damit ni Jesus ang kanyang pananampalataya kay Jesus? (Marcos 5:27–28.)
- Paano nalaman ni Jesus na hinipo ng babae ang kanyang damit? (Marcos 5:30.) Bakit pambihira para sa kanya na mapansing may taong humipo sa kanya? (Marcos 5:31.)
- Bakit gumaling ang babae? (Marcos 5:34.) Ipaliwanag na walang anumang kababalaghan sa laylayan ni Jesus. Gumaling ang babae dahil sa kanyang pananampalataya kay Jesus at dahil sa ito ay kaloob ng Ama sa Langit. Ano ang ilang himala na nangyayari sa ating buhay dahil sa mga simple at maliit na gawa.

### Buod ng mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

- Sa palagay ninyo, bakit gumawa ng mga himala si Jesus? (Mateo 9:29–30; Marcos 1:41; 2:5, 10; 5:36. Para patunayang siya ang banal na Anak ng Diyos, para palakasin ang pananampalataya ng mga taong naniniwala sa kanya, sapagkat mahal niya at kinahahabagan niya ang mga nangangailangan, at dahil sa pananampalataya ng mga naniniwala.)
- Ano ang ilan sa mga himalang nagaganap sa buhay natin ngayon?

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kung mayroon tayong pananampalataya kay Jesucristo at namumuhay nang matwid ay mararanasan natin ang mga himala ayon sa kalooban ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 7:12).

- Ipaliwanag na kung minsan ay hindi gumagaling sa sakit o karamdaman ang isang tao kahit nag-aalay ng mga panalangin. Nangangahulugan ba ito na wala tayong pananampalataya? Bakit? Bakit maaaring hindi kaloob ng Diyos na gumaling ang taong iyon? (Maaaring nais ng Diyos na subukan ang pananampalataya ng pamilya ng taong iyon, maaaring nais niyang madagdagan ang pasensiya ng taong iyon, at iba pa.)

Sumangguni sa sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Spencer W. Kimball: "Hindi palaging pinagagaling ng Panginoon ang maysakit o inililigtas ang mga nasa mapanganib na kalagayan. Hindi niya palaging pinagiginhawa ang mga hirap at pagdurusa, dahil maging ang mga tila hindi kanais-nais na katayuan ay maaaring bahagi ng isang planong may layunin." (*Tragedy or Destiny*, p. 5.)

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo? (Ang maniwala na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng mundo, ang maniwala na si Jesus ay may kapangyarihan sa lahat, ang magtiwala na gagawin ng Ama sa Langit at ni Jesus ang pinakamainam para sa atin, ang pagtanggap sa kalooban ng Diyos, ang paghahangad na sundin ang mga kautusan ng Diyos.)
- Paano ninyo lalong mapalalakas ang inyong pananampalataya kay Jesucristo?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ulitin ang ikaapat na saligan ng pananampalataya at tanungin ang mga bata kung bakit sa palagay nila "ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo" ang unang alituntunin ng ebanghelyo. Ipaulit sa kanila ang bersikulo nang hindi tumitingin o tulungan silang maisaulo ito.
2. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang 1 Nephi 7:12, na nagsisimula sa pariralang "Magagawa ng Panginoon."
3. Hilingan ang mga bata na ipaliwanag kung paano natin nalalaman sa ngayon na buhay si Jesucristo ngayon. Maaari mong isulat sa mga pirasong papel ang mga ito at iba pang mga sagot na maiisip mo. Maaari mong isulat sa pisara ang mga pangunahing salita.

   Ang mga banal na kasulatang isinulat ng mga propeta ay nagpapahayag sa atin tungkol kay Jesus.
   Ang iba ay nagpatunay sa kanya.
   Mararamdaman natin ang kanyang pag-ibig.
   Nakita siya ni Joseph Smith at inatasang ibalik muli ang kanyang simbahan.
   Kung tayo ay madasalin, papatotohanan sa atin ng Espiritu Santo na buhay si Jesus.

4. Awitin o basahin ang mga titik sa "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).
5. Ipabasa sa mga bata ang Mateo 17:20. Ipaliwanag na ang binhi ng mustasa ay napakaliit, ngunit lumalaki ito at nagiging malaking puno ng palumpong.

Kung ang pananampalataya natin ay kasinglakas ng kakayahan ng binhi upang ito ay lumaki at maging puno, makagagawa tayo ng malalaking bagay.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na kung tayo ay may pananampalataya kay Jesucristo, makararanas tayo ng mga himala katulad ng mga tao sa panahon ni Cristo. Maaari mong ibahagi ang isang himala sa iyong sariling buhay o anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang karanasan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan.

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Marcos 2:1–2 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang mga Talinghaga ng Manghahasik at ng Trigo at ng mga Mapanirang-damo

Aralin
17

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan at maisagawa ang mga espirituwal na mensahe ng dalawa sa mga talinghagang ikinuwento ni Jesus.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 13:1–9, 18–30, 37–43; Marcos 4:14–20; Lucas 8:11–15; at Doktrina at mga Tipan 86:1–7. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Marcos 4:1–9, Lucas 8:4–8, at Doktrina at mga Tipan 101:65–66.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang papel para sa bawat bata na nasusulatan ng "Palaisipan ng Nakatagong Mensahe" o isang malaking palaisipan na gagawing magkakasama ng klase.

   Palaisipan ng Nakatagong Mensahe

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | N | A | 6 | 7 | T | U | T | U | 8 | 9 | T | O |
| 1 | 2 | 3 | K | A | 4 | 5 | M | 1 | 6 | 7 | S | A |
| 8 | 9 | M | G | A | 1 | 2 | 3 | T | A | 4 | 5 | 6 |
| 7 | L | I | N | G | 8 | 9 | H | A | 1 | 2 | G | A |

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ibigay sa mga bata ang mga papel na inihanda mo o ipakita ang malaking palaisipan at ipahanap sa kanila ang nakatagong mensahe sa mga numero.

Ipaliwanag na nang tinuruan ni Jesus ang mga tao, paminsan-minsan ay nagtuturo siya sa pamamagitan ng mga talinghaga. Ito ay maiikling kuwento na may mga nakatagong mensahe.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan at mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Ituro sa mga bata ang talinghaga tungkol sa manghahasik (isang taong nagpupunla ng mga binhi) at ang talinghaga ng trigo at ng mga mapanirang-damo. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng mga pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na nang nagturo si Jesus ng mga talinghaga, gumamit siya ng mga bagay na pamilyar sa mga tao upang magturo ng mga espirituwal na mensahe. Habang tinatalakay mo ang mga talinghagang ito, sabihin sa mga bata na makinig sa mga nakatagong espirituwal na mensahe.

1. Ang Talinghaga ng Manghahasik (Mateo 13:1–9, 18–23; Marcos 4:14–20; Lucas 8:11–15)
   - Sa talinghaga ng manghahasik, ano ang tinalakay ni Jesus na pamilyar sa mga tao? (Mateo 13:3–8.)
   - Basahin ang Mateo 13:18–23, Marcos 4:14–20, at Lucas 8:11–15 na kasabay ang klase. Ano sa palagay ninyo ang binhi? Ano ang isinasagisag ng mga ibong kumakain sa binhi? Ano ang batuhan? Ano ang dawagan o lugar na maraming tinik? Ano ang mabuting lupa? Ano ang mga ugat? Ano ang mga ligalig sa mundo?
   - Paano natin matututuhan ang salita ng Diyos?
   - Paano natin dapat tanggapin ang salita ng Diyos? Anong uri ng "lupa" dapat tayo? (Mateo 13:23.)
   - Ano ang natatagong espirituwal na mensahe sa talinghaga ng manghahasik?
2. Ang Talinghaga ng Trigo at ng mga Mapanirang-damo (Mateo 13:24–30)
   - Anong pamilyar na mga bagay ang ikinuwento ni Jesus sa talinghaga ng trigo at ng mga mapanirang-damo?
   - Sino sa palagay ninyo ang manghahasik sa talahinghagang ito? Ano ang isinasagisag ng trigo? Sino ang dumarating sa gabi at naghahasik ng mga mapanirang-damo ? Ano ang mga mapanirang-damo? Ano ang isinasagisag ng pag-aani? (Basahin ang Mateo 13:37–43 at Doktrina at mga Tipan 86:1–7 na kasabay ang mga bata at itanong uli sa kanila ang mga sumusunod:
   - Alin ang gusto ninyong maging, ang trigo o ang mga mapanirang-damo? Bakit?
   - Ano ang natatagong espirituwal na mensahe sa talinghagang ito?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa ng tsart na katulad ng sumusunod para tulungan ang mga bata na maunawaan ang kahulugan ng dalawang talinghaga o isulat ang impormasyon sa pisara habang tinatalakay ang mga talinghaga. Pagkatapos mong mailista ang lahat ng impormasyon, sumangguni dito muli para magbalik-aral. Maaaring ipagawa sa mga bata ang sarili nilang kopya ng mga tsart na ito.

Talinghaga ng Manghahasik

| | |
|---|---|
| Mga binhi | Ebanghelyo ni Jesucristo o salita ng Diyos |
| Lupa | Mga puso ng mga nakikinig sa salita |
| Sa tabi ng daan | Hindi maintindihan |
| Sa mga batuhan | Makikinig ngunit walang ugat; madaling magdamdam |
| Sa mga dawagan o mga tinik | Sinakal ng ligalig at kayamanan ng sanglibutan |
| Sa mabuting lupa | Nakikinig at nakauunawa |
| Mga ibon | Satanas |
| Bunga | Mabubuting gawa |

Talinghaga ng Trigo at ng mga Mapanirang-damo

| | |
|---|---|
| Manghahasik | Si Jesucristo at ang kanyang mga Apostol |
| Mabuting binhi (trigo) | Mga alagad ni Jesus |
| Bukid | Mundo |
| Kaaway | |
| Mapanirang-damo | Satanas |
| (pangsirang damo) | Mga alagad ni Satanas |
| Manggagapas | Mga anghel |
| Pag-aani | Ikalawang pagparito ni Jesus |

2. Magdala ng ilang uri ng binhi (bunga, gulay, palay, trigo, munggo). Talakayin ang mga kailangan para tumubo ang binhi at magbigay ng mabuting bunga. Tanungin ang mga bata kung ano ang mangyayari sa mga binhi kung itatanim ang mga ito sa tabing-daan, sa batuhan o sa dawagan. Ihalintulad ito sa pagtatanim ng salita ng Diyos sa ating puso. Ipatalakay sa mga bata kung anong uri ng puso ang isinasagisag ng bawat klase ng lupa. At anong uri ang kailangan para tumubo ang ebanghelyo at magbunga nang mabuti sa ating mga buhay.

3. Isulat sa pisara ang mga salitang *mga tainga*, *mga mata*, at *puso*.

   - Ano ang ginagawa ninyo sa inyong mga tainga? mga mata? puso? Ipabasa sa mga bata ang Mateo 13:15. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat nating gawin sa mga bahaging ito ng ating katawan? Gamitin ang bersikulong ito sa mga talinghaga at sa ebanghelyo. Kung tunay tayong nakikinig sa salita ng Diyos, nakikita ang katotohanan nito, at gagawin ang nais ni Jesus na gawin natin, sino ang magiging katulad natin sa mga talinghagang ito?

4. Palagyan sa mga bata ng palatandaan, pakulayan o pasalungguhitan ang mga titik sa palaisipan ng natatagong mensahe o sa malaking palaisipan para makitang malinaw ang mga salita. Ipabanggit sa bawat bata ang pangalan ng isang bagay na natutuhan nila mula sa dalawang talinghaga.

5. Basahin na kasabay ng mga bata ang ilan sa mga talinghaga na matatagpuan sa Mateo 13 at tulungan sila na magpasiya kung ano ang ibig sabihin nila.

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Magpatotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Kung matutuhan natin ang kanyang mga salita at susundin ang mga kautusan, tayo ay magiging katulad ng Ama sa Langit at maaaring mabuhay na kasama niyang muli. |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 13:1–9 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.<br>Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

# Pinagaling ni Jesucristo ang Isang Lalaking Ipinanganak na Bulag

Aralin 18

**Layunin** Tulungan ang mga bata na maunawaan na ating mapagtatagumpayan ang mga pagsubok at hamon sa pamamagitan ng paglapit kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 9. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda sa Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Paalala: Habang inihahanda at itinuturo ang araling ito, maging sensitibo sa sinuman sa mga bata sa iyong klase na mayroong kapansanan sa mata.
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang pirasong tela na gagamiting pampiring.
   c. Larawan 7-14, Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213; 62145).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Piringan o takpan ang mata ng isang bata at hilinging idrowing niya ang parte ng isang bagay, gaya ng isang parte ng kotse, sa pisara. Papuntahin ang isa pang bata sa pisara na nakapiring din, at ipadrowing ang iba pang bahagi ng bagay ding iyon. Ipagpatuloy hanggang sa ang ilang bata ay makapagdrowing ng parte ng bagay na iyon. Talakayin sa mga bata kung bakit mahirap ang gawaing ito.

- Bakit mahirap idrowing ang larawan kung hindi nakikita?
- Ano ang mararamdaman ninyo kung hindi na kayo makakakitang muli?

Sabihin sa mga bata na inyong pag-uusapan ang tungkol sa dalawang uri ng pagkabulag. Hilingin na pakinggan nila ang mga ibang uri ng pagkabulag habang itinuturo mo ang pangyayari sa banal na kasulatan.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ipakita ang larawang Pinagagaling ni Jesus ang Bulag. Ituro ang pangyayari sa Juan 9 tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa isang lalaking ipinanganak na bulag. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Habang itinuturo ang kuwento, tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga Fariseo (mga pinuno ng mga Judio sa simbahan) ay nag-aalala na mawala

ang kanilang katanyagan kung maniniwala ang mga tao kay Jesucristo. Kung kaya madalas na sinisikap nilang mag-alinlangan ang mga tao kay Jesus at sa mga bagay na ginawa at itinuro niya. Hindi nila natanto ang mga katotohanan ng ebanghelyo na itinuro ni Jesus kung kaya sila ay mga bulag sa espirituwal. Ipaliwanag na kapag hinahayaan natin ang mga makasarili nating mithiin na maging hadlang sa ating pagsunod sa Tagapagligtas, tayo ay magiging bulag sa espirituwal.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang itinanong ng mga disipulo kay Jesus tungkol sa lalaking ipinanganak na bulag? (Juan 9:2.) Bakit kung minsan ay iniisip ng mga tao na ang sakit at kasawiang-palad ay dumarating dahil sa pagkakasala ng isang tao? Ano ang sinabi ni Jesus na dahilan ng pagkabulag ng lalaki? (Juan 9:3.)
- Sa anong paraan bulag sa espirituwal ang mga Fariseo? (Juan 9:16.) Ano ang ibinibintang nila kay Jesus? Bakit sa palagay ninyo hindi nila nakilala si Jesus bilang Anak ng Diyos?
- Nang unang tinanong ng mga Fariseo ang lalaking ipinanganak na bulag, paano niya tinukoy si Jesus? (Juan 9:11.) Nang tinanong nila ang lalaki sa ikalawang pagkakataon, sino si Jesus ayon sa kanya? (Juan 9:17.)
- Ano ang nangyayari sa espirituwal at sa pisikal na paningin ng lalaki? Ano ang sinabi ng lalaki tungkol kay Jesus noong tinanong siya sa ikatlong pagkakataon tungkol kay Jesus? (Juan 9:30–33.)
- Ano ang nangyari sa lalaki dahil nagpatotoo siya tungkol kay Jesus? (Juan 9:22, 34.) Noong narinig ni Jesus na pinalayas ang lalaki sa sinagoga (bahay-pulungan ng simbahan ng mga Judio), ano ang ginawa niya? (Juan 9:35.) Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng lalaki nang hinanap siya ni Jesus? Ano ang huling patotoo ng lalaki tungkol kay Jesus? (Juan 9:35–38.) Ano ang nangyari sa kanyang espirituwal na paningin?
- Bakit sa palagay ninyo pinapayagan tayo ng Ama sa Langit at ni Jesus na magkaroon ng mga pagsubok at suliranin sa ating buhay? Paano maaaring malunasan nitong mga pagsubok at suliranin ang ating espirituwal na pagkabulag? Paano tayo matutulungan ng Ama sa Langit at ni Jesus sa ating mga pagsubok at suliranin? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Paano kayo at ang inyong pamilya nabiyayaan sa oras ng pagsubok? Himukin ang mga bata na talakayin ang tanong na ito, ngunit mag-ingat na huwag magbabanggit ang mga bata ng personal na pampamilyang mga bagay na dapat maging pribado.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng isa sa mga banal na kasulatan para basahin. Hayaang pag-usapan nila sa kani-kanyang pangkat at pagkatapos ay mag-ulat sa klase kung paano hinarap ng isang tao o ng mga tao sa banal na kasulatan ang kanilang mga pagsubok.

   Daniel 3:17–18, 23–25, 28
   1 Nephi 18:16, 20–22
   Mosias 24:13–16
   Alma 14:8–11

2. Tulungan ang mga bata na maunawaan ang kahalagahan ng pagiging sensitibo sa mga may kapansanan. Maaari ninyong hilingin sa isang may-edad na may kapansanan (o isang magulang na mayroong anak na may kapansanan) na pumunta sa klase at talakayin ang mga paraan ng pagiging mabait sa mga may kapansanan. Bigyang-diin na hindi natin pinagtatawanan ang mga taong may kapansanan; hindi natin sila tinutukso. Maaari natin silang tulungan kung kailangan nila ang tulong; anyayahan silang makipaglaro sa atin; maging kaibigan tayo nila. Dapat natin silang isama at pasalihin sila sa ating mga gawain.
3. Awitin o basahin ang salita sa "I'll Walk with You" (*Children's Songbook*, p. 140).
4. Basahin at talakayin itong pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

   "Kung ang lahat ng panalangin ay madaliang sinasagot . . . maliit na lamang o wala ng paghihirap, pagdadalamhati, kabiguan, o kahit kamatayan, at kung wala ng mga ito, wala na ring kagalakan, pagtatagumpay, pagkabuhay na mag-uli, o kaya ay buhay na walang hanggan at kabanalan" (*Faith Precedes the Miracle*, p. 97).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na pagpapalain tayo ng Panginoon at tutulungan sa ating mga suliranin at pagsubok kung susundin natin ang kanyang utos; kung may pananampalataya kay Jesucristo, at sisikaping lalo na maging katulad niya.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Juan 9:1–38 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
19

# Ang Nawawalang Tupa, ang Nawawalang Barya, at ang Alibughang (Prodigal) Anak

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na magkaroon ng hangaring tumulong na pabalikin sa lubusang pagkaaktibo ang mga hindi gaanong aktibo sa Simbahan ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 15, Mateo 18:12–14, at Doktrina at mga Tipan 18:10–11. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang mga pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 7-19, Ang Mabuting Pastor, at 7-20, Ang Alibughang Anak (62155).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ibahagi sa mga bata ang isang pagkakataon nang ikaw o isang kakilala ay nakawala ng mahalagang bagay at pagkatapos ay nakita itong uli. Ilarawan sa mga bata ang kahalagahan ng bagay na iyon, kung ano ang iyong naramdaman nang mawala ito, at ano ang iyong ginawa para mahanap ito at ano ang naramdaman mo nang makuhang muli iyon. Kung naaangkop maaari mong dalhin ang bagay at ipakita sa klase. Ipasalaysay sa mga bata ang anumang pangyayari sa kanilang buhay nang may nawala silang mahalagang bagay at nakita uli ito.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa mga angkop na oras, ituro ang mga talinghaga ng nawawalang tupa, ng nawawalang pilak, at ng alibughang anak. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa mga banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Ipaliwanag sa mga bata na ang mga talinghagang ito, katulad ng mga talinghaga ng manghahasik, at ng trigo at ng mga mapanirang-damo, ay nagtuturo ng isang mahalagang alituntunin ng ebanghelyo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa

kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

1. Ang Nawawalang Tupa at ang Nawawalang Barya

   - Bakit masyadong nag-aalala ang pastor sa isang tupa sa halip na mag-alala sa siyamnapu at siyam o ang babae sa isang barya sa halip na sa siyam na barya? (Lucas 15:4, 8.) Ipaliwanag na karaniwang mahihirap ang mga tao kung kaya ang isang barya o tupa ay napakahalaga sa kanila. Katulad din na ang lahat ng anak ng Ama sa Langit ay mahalaga sa kanya. Sa palagay ninyo bakit mahalaga ang bawat isa sa atin sa Ama sa Langit?
   - Sa palagay ninyo bakit nawala ang tupa? Sa palagay ninyo paano nawala ang barya? Paano tayo o ang isang kakilala natin ay maaaring maligaw? Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pagkaligaw ay tumutukoy sa mga taong hindi tumutupad sa mga kautusan at gumagawa ng mga bagay para hindi sila maging karapat-dapat na bumalik sa Ama sa Langit.
   - Ano ang ginawa ng pastor sa nawawalang tupa nang matagpuan niya ito? (Lucas 15:5) Paano ipinakita ng kanyang mga kilos na mahal niya ang tupa? Sino ang isinasagisag ng pastor? Sino ang isinasagisag ng tupa?
   - Ano ang ginawa ng babae para mahanap ang nawawalang barya? (Lucas 15:8.) Ano ang ginawa ni Jesucristo para tulungan ang mga naliligaw at hindi tumutupad sa mga utos? (Doktrina at mga Tipan 18:10–11.) Paano natin matutulungan ang mga naliligaw?
   - Ano ang ginawa kapwa ng pastor at ng babae nang mahanap nila ang tupa at ang barya? (Lucas 15:6, 9.) Ano ang mararamdaman ninyo kung nakatulong kayo sa sinumang tao na magsisi at bumalik kay Jesucristo?
   - Sa palagay ninyo bakit masaya ang langit at mga anghel kung may taong nagsisisi? (Lucas 15: 7, 10.)

2. Ang Alibughang Anak

   - Ano ang ibig sabihin ng alibugha? (Ang maging suwail at gastador.)
   - Ano ang ginawa ng alibughang anak sa kanyang mana? (Lucas 15:12–13.) Ano ang ibig sabihin ng “palunging pamumuhay” (riotous living)? Bakit sa palagay ninyo nagpasiyang mabuhay sa ganitong paraan ang ilang tao? Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng ama habang wala ang kanyang anak na lalaki? Ano ang maramdaman ninyo kung mayroong isa sa pamilya ninyo ang gumawa nang katulad sa alibughang anak? (Maging sensitibo sa mga batang maaaring may mga miyembro sa pamilya na hindi tumutupad sa mga kautusan).
   - Ano ang ginawa ng alibughang anak para makakuha ng pagkain nang maubos na ang kanyang pera? (Lucas 15:14–16.)
   - Ano ang ibig sabihin ng “nang siya ay makapag-isip”? (Lucas 15:17.) Sa palagay ninyo paano nakatulong ang paghihirap at kalungkutan sa anak na lalaki para naisin niyang magsisi?
   - Sa palagay ninyo bakit nagpasiyang bumalik ang anak na lalaki sa kanyang ama? (Lucas 15:17–19.) Anong klaseng amo ang kanyang ama? (Lucas 15:17.)

- Ano ang naramdaman ng ama nang bumalik sa tahanan ang kanyang anak? (Lucas 15:20.) Ano ang ginawa niya para sa kanyang anak na lalaki? (Lucas 15:22–24.)
- Ano ang naramdaman ng panganay na anak na lalaki nang malamang dumating ang kanyang nakababatang kapatid? (Lucas 15:28–30.) Bakit mahalagang ipagpatuloy nating mahalin ang mga miyembro ng pamilya na sumuway sa mga kautusan?
- Ano ang ipinangako ng ama sa panganay na anak? (Lucas 15:31.) Anong halimbawa ang ginawa ng ama kung paano pakitunguhan ang mga nagkasala ngunit nagsisi? (Lucas 15:32.) Ano ang mararamdaman ninyo kung makikita ninyo ang isang tao na magsisisi at babalik sa kabutihan mula sa kasamaan? Paano natin dapat pakitunguhan ang mga taong hindi sumunod sa mga utos ngunit totoong nagsisisi?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pag-isipin ang mga bata ng mga paraan kung paano nila matutulungan ang mga hindi gaanong aktibo. (Ang mga sagot ay maaaring ang pagiging mabait, pagiging mabuting halimbawa, pag-aanyaya sa kanila sa mga gawain sa Simbahan, paggawa ng mga bagay na kasama sila, at iba pa.)

2. Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

   Sumama ang sampung taong gulang na si Joshua Dennis sa kanyang ama at sa iba pa para galugarin ang inabandonang minahan. Maingat siya sa minahan ngunit napahiwalay siya sa ibang mga batang lalaki at siya ay naligaw sa dilim nang walang dalang pagkain at tubig. Nang malaman ng iba na siya ay nawawala, kaagad-agad siyang hinanap. Hindi naglaon ay daan-daang tao na ang pumunta para hanapin si Joshua. Libu-libo ang nag-ayuno at nanalangin na sana matagpuan siyang ligtas. Limang araw na naghalughog ang mga naghahanap, ngunit hindi siya natagpuan. Isang eksperto sa paghahanap na nakakaalam sa minahan ang nakarinig sa paghahanap at siya ay nagkusang tumulong. Alam na alam niya ang minahan kaya natagpuan niya si Joshua sa isang kubling lugar na hindi nalalaman ng iba. Nang matagpuan niya si Joshua ay hindi niya mailarawan ang katuwaan na kanyang nadama. Lahat ng mga tao sa minahan at ang mga libu-libo iba pa ay sumigaw sa kaginhawahan at tuwa nang malaman nilang buhay at ligtas si Joshua (mula sa “Making Friends: Joshua Dennis—A Treasure of Faith,” *Friend*, Nob. 1990, p. 20–22).

   Talakayin ang kaibahan ng pisikal na pagkaligaw sa espirituwal na pagkaligaw. Ipaliwanag na kailangang pagsikapan nating mabuti na sagipin ang mga pisikal na naliligaw tulad ng pagsisikap nating sagipin ang mga espirituwal na naliligaw.

3. Maglaro ng Taguan. Hilingin sa isang bata na mag-isip ng isang lugar kung saan hindi siya maaaring makita at isulat sa isang pirasong papel kung saan o ibulong sa guro. Hayaang magtanong ang ibang mga bata ng mga tanong na masasagot ng “oo” o “hindi” para malaman kung nasaang lugar ang bata. (Ito ba ay sa lugar na maraming tao? Ito ba ay nasa bundok? Ito ba ay nasa

ilalim ng anumang bagay? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kinakailangan ang panahon at pagsisikap para matagpuan ang taong naliligaw lalong-lalo na ang isang taong espirituwal na naliligaw.

4. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Doktrina at mga Tipan 18:10.

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi sa mga bata ang iyong paniniwalang mahal ang Ama sa Langit ang bawat isa sa kanyang mga anak at mahalaga tayong lahat sa kanya. Bigyang-diin na nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na tulungan natin ang mga naliligaw na bumalik sa kanila.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Lucas 15:11–32 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
20

# Ang Talinghaga Tungkol sa Mabuting Samaritano

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na magkaroon ng hangarin upang maipakita ang pagmamahal sa lahat ng tao.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 10:25–37 at Mateo 22:34–40. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Juan 14:15, 21; Juan 4:20–21; at mga tala sa "Saserdote" at "Levi" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga Larawan 7-21, Ang Mabuting Samaritano (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 218; 62156), at 7-22, Mapa ng Banal na Lupain.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Tawagin ang bata at tanungin, "(Pangalan), sino ang iyong kapitbahay?" Tanungin ang ilang mga bata ng katulad ding tanong. Ipaliwanag na karaniwan ay iniisip natin na ang ating kapitbahay ay isang taong malapit na nakatira sa atin. Tutulungan tayo ng araling ito na maunawaan ang itinuro ni Jesus tungkol sa kung sino ang ating mga kapitbahay at kung paano dapat silang pakitunguhan.

Ipabasa sa isang bata ang Mateo 22:34–40. Talakayin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagmamahal sa kapwa.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ipakita ang mga larawang Ang Mabuting Samaritano at Mapa ng Banal na Lupain. Ituro ang talinghaga tungkol sa Mabuting Samaritano na mababasa sa Lucas 10:35–37. (Para sa mga mungkahing pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipakita sa mga bata ang Samaria at Judea sa mapa, at ipaliwanag ang kalagayang namamagitan sa mga Judio at mga Samaritano. Ang tingin ng mga Judio ay mas mahusay sila kaysa sa mga Samaritano. Malaki ang kanilang pagkamuhi sa mga Samaritano kaya kapag naglalakbay ang mga Judio mula sa Jerusalem papuntang Galilea, binabagtas nila ang mas malayong daan sa Jordan Valley kaysa magdaan sa Samaria. Maaaring ipasadula mo sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatang ito.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinabi ni Jesus na kailangang gawin natin upang magmana ng buhay na walang hanggan? (Lucas 10:27–28.) Bakit sa palagay ninyo napakahalaga ng mga kautusang ito? (Mateo 22:37–39.)
- Paano natin maipakikita ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus? (Juan 13:34–35; 14:15, 21.)
- Sino ang inyong kapitbahay? Sa palagay ba ninyo ang ibig sabihin ni Jesus ay iyon lang mga taong nakatira sa malapit sa inyo?
- Anong tanong ang sinasagot ni Jesus nang ikuwento niya ang talinghaga ukol sa Mabuting Samaritano? (Lucas 10:25, 29.)
- Sa palagay ninyo bakit hindi tinulungan ng saserdoteng Judio at ng Levita ang sugatang lalaking Judio? (Lucas 10:31–32.)
- Ano ang ginawa ng Samaritano sa sugatang lalaking Judio? (Lucas 10:33–35.)
- Bakit makahulugan na isang Samaritano ang tumulong sa lalaking Judio? Anong mga mabuting katangian ng isang kapitbahay mayroon ang Samaritano? Paano tayo tinutulungan ng kuwentong ito na maunawaan kung sino ang ating kapitbahay? Paano tayo magiging mabubuting kapitbahay?
- Sa palagay ninyo sino sa kanila—ang saserdote, ang Levita o ang Samaritano ang may pinakamalaking pagmamahal sa Panginoon? Bakit?
- Paano natin masusunod ang mga aral ni Jesus? Paano natin maipakikita ang pagmamahal sa ibang tao? Paano natin dapat pakitunguhan ang isang taong nangangailangan ng ating tulong? Ang isang taong iba sa atin? Ang isang taong naging malupit sa atin?

Hilingin sa mga bata na magbahagi ng kanilang karanasan noong naglingkod sila sa isang tao o nang sila o ang kanilang pamilya ay nakatanggap ng tulong buhat sa iba. Mag-ingat na huwag magbahagi ang mga bata ng mga kuwento na maaaring manghina sa sinumang kasapi ng purok.

- Kapag nagpapakita kayo ng pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng pagtulong at paglilingkod sa kanila, ano ang nararamdaman ninyo? Nararamdaman ba ninyo na lalong malapit kayo sa Ama sa Langit at kay Jesus? Anong dakilang biyaya ang mamamana natin kung mahal nating tunay ang Ama sa Langit at ang ating mga kapitbahay? (Lucas 10:25–28.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang mga sumusunod na gawain sa hiwalay na mga piraso ng papel. Isulat ang bahagi *A* at bahagi *B* sa iisang piraso ng papel at bigyan ang bawat bata. Sabihin sa mga bata na magkunwaring may bagong batang

kalilipat lang sa kapitbahayan. Sa bahagi *A* ng kanilang papel isulat ang anumang maipaglilingkod nila bilang kapitbahay at mga maipakikitang pagmamahal sa bagong lipat na bata. Sa bahagi *B* ay isulat ang parehong paraan para maipakita ang pagmamahal sa Ama sa Langit. Ipabasa sa unang bata ang kanyang gawain, pagkatapos ang ikalawa, at ipagpatuloy pa.

(1) a. Bisitahin siya sa kanilang bahay.
b. Dumalo sa Primarya at iba pang mga pulong sa Simbahan.

(2) a. Anyayahan siya sa inyong bahay.
b. Gawin ang inyong tahanan na isang lugar kung saan ang Espiritu ng Ama sa Langit ay maaaring manahan.

(3) a. Alamin ang anumang bagay tungkol sa bata.
b. Basahin ang mga banal na kasulatan.

(4) a. Makipag-usap sa kanya.
b. Manalangin

(5) a. Gumawa ng isang bagay para sa bata.
b. Sundin ang mga kautusan.

(6) a. Gumawa ng isang bagay para sa kanyang pamilya.
b. Maglingkod sa kapwa.

(7) a. Anyayahan ang bata na sumali sa inyong mga gawain.
b. Manalangin na sumainyo ang Espiritu ng Ama sa Langit.

2. Basahin ang Sampung Utos (Exodo 20:8–17). Ihambing sila sa dalawang utos na ibinigay ni Jesus sa Mateo 22. Isulat ang *Mahalin ng Ama sa Langit* sa kabila ng pisara at *Mahalin ang Kapwa* sa kabila. Hayaang sabihin ng mga bata kung saang linya ihahanay ang bawat isa sa Sampung Utos. Basahin ang Juan 14:15, 21 at tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pagtupad sa alinmang kautusan ay makatutulong sa atin na maipakita ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit.

3. Ipasaulo sa mga bata ang Mateo 22:37–39.

4. Awitin o basahin ang mga salita sa "Have I Done Any Good?" (*Hymns*, blg. 223) o "Magmahalan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus at ang iyong pasasalamat para sa ebanghelyo. Himukin ang mga bata na sundin ang halimbawa ni Jesus ng pagmamahal sa kapwa.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Lucas 10:25–37 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Pinagaling ni Jesucristo ang Sampung Ketongin

Aralin
21

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na magpasalamat sa Ama sa Langit sa mga biyayang kanyang natatanggap.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 17:12–19 at Doktrina at mga Tipan 59:7. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Sumulat ng isang maikling liham ng pasasalamat sa bawat bata, na gagamitin sa aralin na nagpapahayag ng pasasalamat sa isang bagay na ginawa ng bata o sa mga katangiang ipinamamalas niya.
4. Isulat sa isang kard ang mga salitang *Alalahaning Magbigay Pasasalamat sa Ama sa Langit* para sa bawat bata.
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isa o mas marami pang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   c. Larawan 7-23, Ang Sampung Ketongin (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 221; 62150).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ibigay sa bawat bata ang isinulat mong mga liham ng pasasalamat. Pagkatapos nilang mabasa ang mga liham, talakayin sa kanila ang nararamdaman natin kung nagpapahayag ng pasasalamat ang tao sa atin. Maaari mong ibahagi ang iyong karanasan nang ang isang tao ay gumawa ng espesyal na pagsisikap na magpasalamat sa iyo at ilarawan ang nararamdaman mo. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng anumang naging karanasan nila.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Habang ipinapakita ang larawang Ang Sampung Ketongin, ituro ang kuwento tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa sampung ketongin na matatagpuan sa Lucas 7:12–19. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Ipaalala sa mga bata na ang ketong ay kakila-kilabot na sakit ng balat. Akala ng mga tao noong panahong iyon na ito ay labis na nakahahawa. Nang panahon ni Jesus ang mga ketongin ay hindi pinapayagan sa mga lungsod at hindi sila makalapit sa ibang tao.

Mga Tanong ng Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ginawa ng mga ketongin nang nakita nila si Jesus? (Lucas 17:13.) Sa palagay ba ninyo ay kilala nila kung sino si Jesus at naniwala sa kanya?
- Ano ang iniutos ni Jesus sa mga ketongin na gawin para gumaling? (Lucas 17:14.)
- Ilang ketongin ang bumalik para magpasalamat kay Jesus? (Lucas 17:15–16.) Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga ketongin? (Lucas 17:17–19.)
- Sa palagay ninyo bakit hindi bumalik ang siyam na ketongin para magpasalamat kay Jesus?
- Ano ang mararamdaman ninyo kung tinulungan ninyo ang sampung tao at isa lamang ang bumalik para magpasalamat sa inyo?
- Ano ang mga bagay na dapat nating pasalamatan sa Ama sa Langit? Basahin o ipabasa sa isang bata ang Doktrina at mga Tipan 59:7. Bakit mahalaga na pasalamatan ang Ama sa Langit sa mga tiyak na biyayang ating natatanggap?
- Paano natin maipahahayag ang ating pasasalamat sa Ama sa Langit?

Bigyan ang bawat bata ng isa sa mga kard na inihanda mo. Anyayahan ang mga bata na banggitin ang ilan sa mga bagay na maaari nilang pasalamatan sa Ama sa Langit. Maaari mong isulat ang buod ng kanilang mga sagot sa pisara.

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Doktrina at mga Tipan 59:7. Ipasulat ang banal na kasulatang ito sa likod ng kanilang mga kard na kinasusulatan ng *"Alalahaning Magbigay Pasasalamat sa Ama sa Langit"* at himukin silang ilagay ang kard na ito kung saan nila makikita ito araw-araw.
2. Isulat ang *Pasasalamat* sa pisara. Ipabanggit sa mga bata ang mga bagay na pinasasalamatan nila na nagsisimula sa bawat titik ng salitang ito. Tulungan na maunawaan nila na umaasa tayo sa Panginoon sa lahat ng pag-aari natin at pagkatao.

3. Gumawa ng banghay (diagram) sa pisara katulad ng sumusunod:

**Pasasalamat**

| ***Sabihin*** | ***Ipakita*** |
|---|---|
| Mga Magulang | Sundin ang mga Kautusan |
| Mga Kaibigan | Maglingkod sa Kapwa |
| Pagkain | Manalangin |
| Damit | |

Ipabanggit sa mga bata ang mga tiyak na bagay na kung saan ay masasabi nila sa Ama sa Langit ang "salamat sa inyo." Ilista ang mga ito a ibaba ng *Sabihin*. Pagkatapos ay hayaang pagpasiyahan nila ang mga paraan kung saan maipapakita sa kanya ang kanilang pasasalamat para sa mga biyayang ito. Ilista ang mga ito sa ibaba ng *Ipakita*. Bigyan-diin ang kahalagahan ng paghahayag at pagpapakita ng pasasalamat.

4. Ipakita ang magagandang tanawin at mga hayop sa ilang. Pag-aralan muli ang paglikha at tulungan ang mga bata na maunawaan kung gaano dapat tayong magpasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesus dahil sa paglikha sa lupa at sa lahat na nilikha nila para sa atin.

5. Bigyan ang mga bata ng tig-isang piraso ng papel at lapis at hayaang sumulat sila ng maikling pasasalamat sa isang tao, halimbawa sa magulang, sa kaibigan, kapitbahay, guro, sa obispo at iba pa. Himukin ang mga bata na ibigay ang maikling sulat o kaya ay mag-alok na tumulong na dalhin ang mga ito.

6. Basahin ang Mosias 2:19–24 at talakayin ang sinabi ni Haring Benjamin. Tulungan ang mga bata na maunawaan na hindi natin mababayaran ang Ama sa Langit sa lahat ng ginawa niya para sa atin; karapat-dapat siya sa lahat ng pasasalamat na maaari nating ibigay sa kanya.

---

## Katapusan

Patotoo

Ipahayag ang pasasalamat na nararamdaman mo para sa Ama sa Langit at kay Jesus. Ipahayag din ang iyong pasasalamat sa mga bata sa pribilehiyo ng pagiging guro nila at sa pagtulong sa kanilang malaman ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Lucas 17:12–19 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
22

# Ang Walang Habag na Alipin

**Layunin** Tulungan ang bawat bata na lalong magnais na maging mapagpatawad.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 18:21–35; 6:12, 14–15; at ang Doktrina at mga Tipan 58:42. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Mga karagdagang babasahin: Efeso 4:32, Doktrina at mga Tipan 64:8–10.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan: isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hilingan ang mga bata na multiplikahin ang 70 x 7. (Maaari mong isulat ang tanong sa pisara.)

- Malaking numero ba ang sagot? Gaano katagal ninyong bibilangin ang ganoon kalaking bilang?

Ipabasa sa isa sa mga bata ang Mateo 18:21–22.

Ipaliwanag na itinuturo ng numerong ito ang isang mahalagang aral tungkol sa pagpapatawad. Itinuro sa atin ni Jesus na dapat lagi tayong nakahandang magpatawad sa isang tao? (Tingnan din sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang kuwento tungkol sa walang-habag na alipin na matatagpuan sa Mateo 18:21–35. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Mas mainam kung isasadula ang pangyayaring ito. Maaari mong basahin o ng isa sa mga bata ang mga bersikulo habang iniaakto ng ibang mga bata ang mga parte ng hari, ng walang-habag na alipin, ng kapwa alipin at ng ibang mga alipin.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang unang balak ng hari na gawin sa aliping may utang sa kanya ng sampung libong talento? (Mateo 18:25.) Ipaliwanag na ang talento ay

napakalaking halaga ng pera. (Tingnan sa *Jesus the Christ*, p. 396–97, para sa higit na impormasyon tungkol sa mga talento.)

- Bakit nagbago ang isip ng hari? (Mateo 18:26.) Ano ang kanyang naramdaman sa kanyang alipin? (Mateo 18:27.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng makaramdam ng pagkahabag?
- Ano ang ginawa ng alipin matapos siyang patawarin ng hari sa kanyang pagkakautang? (Mateo 18:28.) Ano ang hiniling ng alipin na nakautang ng isang daang denario (napakaliit na halaga) sa aliping nakautang ng sampung libong talento? (Mateo 18:29.) Paano ginantihan ng alipin ang mga pagsusumamo ng kapwa niya alipin? (Mateo 18:30.) Ano ang ginawa ng hari nang malaman niya ang nangyari? (Mateo 18:31–34.)
- Paano tayo katulad minsan ng walang habag na alipin? katulad ng hari? Ano ang nararamdaman ninyo kapag pinatatawad ninyo ang inyong kapwa? Kapag hindi kayo nagpapatawad?
- Ano ang matutuhan natin sa malaking pagkakaiba ng mga utang ng dalawang alipin?
- Ano ang pinagsikapang ituro ni Jesus sa mga tao nang ikuwento niya ang talinghaga ng walang habag na alipin? Ano ang sinasabi ni Jesus na dapat nating gawin upang makatanggap ng kapatawaran? (Mateo 18:35.)

Itanong sa mga bata kung naalala nila ang parirala mula sa panalangin ni Jesus sa Sermon sa Bundok na bumabanggit tungkol sa kapatawaran. Ipabuklat ang kanilang mga Biblia sa Mateo 6:12 at magkakasabay na ipaulit ang bersikulo. Basahin rin ang mga bersikulo 14 at 15.

- Hilingin sa mga bata na mag-isip ng pagkakataon nang ang isang tao ay gumawa ng masamang bagay sa kanila. Ano ang naramdaman ninyo? Ano ang ginawa ninyo? Ano ang itinuro ni Jesucristo sa atin na gawin sa gayong situwasyon? Napakadali ba ang magpatawad? Paano tayo magiging lalong mapagpatawad? Ipaliwanag na walang sinumang dapat manakit kanino man at kung mayroong taong mananakit sa mga bata, dapat nilang sabihin ito sa kanilang mga magulang, sa ibang nakatatanda na mapagkakatiwalaan nila, o sa obispo.
- Ano ang mararamdaman ninyo kung gumawa kayo ng masama sa inyong kaibigan, o isang miyembro ng inyong pamilya, at kahit na noong humingi kayo ng tawad ay ayaw kayong patawarin ng taong iyon?
- Kapag gumagawa tayo ng masama at pagkatapos ay nagsisisi at hinihiling sa Panginoon na patawarin tayo, ano ang sinabi niya sa atin na gagawin niya? (Doktrina at mga Tipan 58:42.)
- Ano ang sinabi ni Jesus kay Pedro nang itinanong sa kanya kung ilang ulit patawarin ang taong nagkasala sa kanya? (Mateo 18:21–22.) Ano sa palagay ninyo ang pinagsumikapang ituro ni Jesus kay Pedro? (Walang hangganan kung ilang ulit natin dapat patawarin ang kapwa.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Bigyan ang bawat bata ang papel at lapis. Ipasulat sa kanila ang *a*, *b*, *c*, *d*, *e*, f, at *g* nang pababa sa isang kabila ng papel at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa kapatawaran. Maaaring sagutin ang lahat ng tanong ng oo o hindi.

   a. Mapagpatawad ka ba kung sabihin mong, "Pinatatawad na kita ngunit hindi ko makakalimutan ang ginawa mo"?
   b. Mapagpatawad ka ba kung masaya ka na mayroong nangyaring hindi mabuti sa isang taong malupit sa iyo?
   c. Mapagpatawad ka ba kung sinusuntok ka ng iyong kapatid at hindi ka magagalit?
   d. Mapagpatawad ka ba kung gusto mong gumanti sa taong naging malupit sa iyo?
   e. Mapagpatawad ka ba kung hindi mo na kinakausap ang taong naging malupit sa iyo?
   f. Mapagpatawad ka ba kung ipagtatanggol mo ang taong naging malupit sa iyo?
   g. Mapagpatawad ka ba kung masama ang sinasabi mo sa taong naging malupit sa iyo?

   Talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng pagpapatawad habang tinatalakay ang mga sagot sa pagsusulit.

2. Ipabasa sa mga bata ang Doktrina at mga Tipan 64:8–10. Hatiin ang mga bersikulong ito sa parirala at ipapaliwanag sa bawat bata ang isa sa mga parirala sa klase. Maaaring hatiin mo sa maliliit na grupo ang klase at ipatalakay sa bawat grupo ang ibig sabihin ng banal na kasulatan. Hilingan silang ibahagi ang kanilang kaisipan, at tulungan silang maunawaan na inutusan tayong patawarin ang lahat.

3. Himukin ang mga bata na isaulo ang Doktrina at mga Tipan 64:10 o Mateo 6:14–15.

4. Bigyan ang mga bata ng papel at mga lapis o pananda. Ipadrowing sa kanila ang pitong kuwadrado sa kanilang papel. Pagkatapos ay magpadrowing pa ng anim na grupo ng pitong kuwadrado. Sabihin sa mga bata na sampung ulit sa bawat bilang ng mga kuwadradong inilagay sa kanilang papel ang siyang bilang ng ulit sang-ayon kay Jesus na dapat tayong magpatawad sa tao. Tinuruan niya ang mga tao na dapat laging magpatawad sa kapwa.

5. Awitin o basahin ang "Ama, Tulungan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo sa kahalagahan ng pagiging mapagpatawad katulad ng itinuro ni Jesus. Tulungan ang mga bata na malaman na kung nagpapatawad sila ay karapat-dapat silang mapatawad ng ating Ama sa Langit.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mateo 18:21–35 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Mabuting Pastol

Aralin
23

**Layunin**

Turuan ang mga bata na magtiwala kay Jesus sapagkat siya ang Mabuting Pastol.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 10:1–18, Marcos 10:13–16, at 3 Nephi 11:37–38. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda sa Iyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Mga karagdagang babasahin: Mateo 19:13–15 at Lucas 18:15–17.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   c. Mga larawan 7-19, Ang Mabuting Pastol, at 7-24, Si Cristo at ang Maliliit na Bata (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 216; 62467).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipaliwanag sa mga bata na sasabihin mo sa kanila ang tungkol sa mga tiyak na pananagutan ng isang tao. Sabihin sa kanila na ibibigay mo ang mga palatandaan nang isa-isa sa ginagawa ng taong iyon. Kung sa akala ng mga bata ay alam nila ang ginagawa ng tao, dapat silang pumunta sa harap ng silid at ibulong ang sagot sa iyo. Kung tama sila, dapat manatili silang nakatayo. Kung mali, dapat ay umupo sila. Gumamit ng mga palatandaan gaya ng mga sumusunod:

Nagtatrabaho ako sa labas.
Nagmamalasakit ako sa mga taong nasa pag-iingat ko.
Kung minsan nakikipaglaban ako sa mababangis na hayop o magnanakaw.
Kailangan kong maging maingat na maingat.
Kailangan kong pangalagaan ang mga bata.
Kailangan kong hanapin ang mga naliligaw.
Alam ng aking mga binabantayan ang aking tinig at sila ay sumusunod sa akin.
Hinahanap ko ang mabubuting pastulan at malinis na tubig para sa mga binabantayan ko.
Ipinahayag ng mga anghel ang kapanganakan ni Jesucristo sa ilang taong nagtataglay ng mga pananagutang ito.
Binabantayan ko ang mga tupa.

Kung alam ng lahat ng mga bata na ang tao ay isang pastol, pabalikin na sila sa kanilang upuan. Ipaliwanag na sa oras ng aralin ay matututuhan nila ang tungkol sa Mabuting Pastol na si Jesucristo.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ipakita ang larawang Ang Mabuting Pastol. Ipaliwanag na ang pastol ay sumasagisag sa relasyon ni Jesus sa kanyang mga alagad dahil matapat ang mga pastol sa kanilang mga tupa. Noong panahon ng Biblia, nang ang mga kawan ay dinadala sa kural ng tupa (matataas na pader na nilalagyan ng mga tinik sa ibabaw para hindi makalundag papasok ang mga lobo) sa gabi, bawat pastol ay naghahalinhinang magbantay sa mga tupa sa pamamagitan ng paghiga sa bungad ng pintuan, na mistulang naging tarangkahan o pintuan (Juan 10:7, 9). Kung nakalundag papasok ang isang mabangis na hayop, ibubuwis ng pastol ang kanyang buhay kung kinakailangan para pangalagaan ang mga tupa. Kapag tinatawag ng mga pastol ang kanilang kawan sa umaga, makikilala ng bawat tupa ang tawag ng kanyang amo. Para manatiling ligtas ang tupa, dapat siyang sumunod na mabuti sa kanyang amo habang inaakay siya sa mabuting pastulan.

Ituro sa mga bata ang talinghaga ng Mabuting Pastol mula sa Juan 10:1–6. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit sumusunod ang mga tupa sa kanilang pastol? (Juan 10:4.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “nakikilala ang kanyang tinig”? Kaninong tinig ang kailangan nating makilala? Paano natin makikilala ang tinig ng Tagapagligtas?
- Sino ang mga espirituwal na magnanakaw at tulisan sa ngayon? (Juan 10:1; Pagsasalin ni Joseph Smith (JST) ng Juan 10:8.) (Tulungan ang mga batang mag-isip ng mga tao o bagay na makaiimpluwensiya sa kanila upang tumalikod sa kanilang pastol na si Jesus.) Bakit hindi nailigaw ng “mga magnanakaw at mga tulisan” ang mga tupa? (Juan 10:8.) Paano natin mapangangalagaan ang ating sarili sa masasamang impluwensiya? Sino pa ang makapangangalaga sa atin sa ganitong mga impluwensiya? (Ang Banal na Espiritu, ang propeta, mga magulang, mabubuting kaibigan, mga guro at ang obispo.)
- Paano naging Mabuting Pastol si Jesus? (Juan 10:9–11.) Kung si Jesus ang siyang mabuting pastol, ano tayo? Paanong makatutulong sa atin ang kaalamang si Jesus ang Mabuting Pastol upang sundin natin siya?
- Paano ipinapakita ng Mabuting Pastol ang kanyang pagmamahal sa kanyang mga tupa? (Juan 10:11.) Kanino natanggap ni Jesus ang kapangyarihang ibigay ang kanyang buhay at kunin itong muli? (Juan 10:17–18.) Nagawa niyang mamatay sapagkat ang kanyang ina ay mortal. Nagawa niyang kuning muli ang kanyang buhay sapagkat ang kanyang ama, ang Ama sa Langit, ay imortal.) Ano ang kahulugan sa atin ng “ibinibigay ng mabuting pastol ang kanyang buhay dahil sa mga tupa”? (Juan 10:11.) Paano nagawang posible

ng sakripisyo ni Jesus na mabuhay tayong muli na kasama siya at ang Ama sa Langit?

Tulungan ang mga batang maunawaan na isang dahilan kung bakit si Jesucristo ang Mabuting Pastol ay dahil sa kusang-loob siyang nagdusa para sa ating mga kasalanan at ibinigay ang kanyang buhay para sa atin. Sa gayon, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli, at tayong lahat ay makapagsisisi, mabibinyagan, at mapapatawad sa ating mga pagkakasala.

Ipaliwanag na magsasalaysay ka ng iba pang kuwento na nagpapakita ng isang paraan kung paano kinakalinga ng Mabuting Pastol ang kanyang mga tupa. Ipakita ang larawang Si Cristo at ang Maliliit na Bata. Ituro ang kuwento tungkol sa pagbabasbas ni Jesus sa maliliit na bata (tingnan sa Marcos 10:13–16).

- Bakit sinikap ng mga alagad ni Jesus na paalisin ang maliliit na bata? (Pagsasalin ni Joseph Smith sa Mateo 19:13.) Ano ang sinabi ni Jesus nang sikaping paalisin ng kanyang mga alagad ang maliliit na bata? (Marcos 10:14.) Ano ang ginawa niya para sa maliliit na bata? (Marcos 10:16.) Ano sa palagay ninyo ang inyong naging damdamin kung kayo ay isa sa maliliit na bata? Paanong ang pagkakabatid natin na mahal tayo ni Jesus ay mas makapagpapadali sa ating sundin siya?
- Sinabi ni Jesus na kailangan tayong maging "tulad sa isang maliit na bata" kung nais nating pumasok sa kaharian ng Diyos (Marcos 10:15; Mosiah 3:19; 3 Nephi 11:37–38). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "tulad sa isang maliit na bata"? Ano sa palagay ninyo ang kailangan ninyong maging katulad para nakapasok sa kaharian ng langit? Bakit nais ni Jesus na tayo ay makapasok sa kaharian ng langit?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Bigyan ang bawat bata ng kapirasong tali na may labindalawang pulgada ang haba. Hilingin sa mga batang ilagay ang kanilang kapirasong tali nang patindig sa mesa o sa sahig sa harap nila at sikaping hilahin ang tali palayo sa kanila. Pagkatapos ay hilingin sa mga bata na hilahin palapit sa kanila ang tali. Iugnay ang eksperimentong ito sa paraan ng pag-aakay ng mga pastol sa kanilang tupa. (Juan 10:4.) Ipaliwanag na sa Israel ay inaakay ng mga pastol ang kanilang tupa sa pamamagitan ng paglalakad sa unahan nila. Sa ibang bayan ay itinataboy ng mga pastol ang kanilang tupa. Si Jesus, bilang ating Mabuting Pastol ay nangunguna sa daan, at kanyang hinihiling na sumunod tayo sa kanya.
2. Basahin at talakayin ang Mga Awit 23 na kasama ng mga bata.
3. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Papag-isipin sila ng mga paraan kung saan ipinakita ni Jesus at patuloy niyang ipinapakita ang kanyang pagmamahal sa atin (ang ilang mga ideya ay ang pagbabayad sa paglabag ni Adan, pagdurusa sa ating mga kasalanan, pagtuturo ng ebanghelyo sa atin sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, sa pagiging halimbawa, pagtulong sa atin kapag nangangailangan ng tulong, at iba pa). Talakayin kung paano tayo matutulungan ng mga bagay na ito upang malaman natin na mahal tayo ni Jesus.

4. Basahin at talakayin ang kuwento ng pagbabasbas ni Jesus sa mga batang Nephita (3 Nephi 17:12–13, 21–24).
5. Pagbalik-aralan ninyong muli ng mga bata ang isa o lahat sa unang tatlong saligan ng pananampalataya.
6. Tulungan ang mga batang maisaulo ang Juan 10:11.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na mahal ni Jesus ang bawat isa sa atin at nais niyang sundin natin siya. Magbahagi ng isang karanasan sa iyong sariling buhay nang maramdaman mo ang pagmamahal ni Jesus o, nang sumunod ka sa kanya at ikaw ay pinagpala.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Juan 10:1–18 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Kusing ng Balong Babae

Aralin 24

**Layunin** Himukin ang bawat bata na magbayad ng tamang ikapu at ibang mga alay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 12:41–44, 3 Nephi 24:10, at Doktrina at mga Tipan 119:4. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. Tingnan sa “Paghahanda sa Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Lucas 21:1–4 at Doktrina at mga Tipan 64:23.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Sampung barya (o mag-drowing ng sampung mga bilog sa pisara na sumasagisag sa mga barya.)
   c. Papel at mga lapis para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ng isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang sampung barya sa mga bata.

- Sino ang gustong mapasakanya ang mga baryang ito?
- Kung ibibigay ko sa iyo lahat itong barya, maluwag ba sa kalooban mong ibalik ang isa sa akin? Bakit? Maluwag ba sa kalooban mong ibalik ang dalawa o tatlo sa akin o kaya ay lahat ng ito?

Ipaliwanag na inutusan tayo ng Ama sa Langit na magbayad ng ikapu, na ang ibig sabihin ay pagbabalik sa kanya ng ikasampung bahagi ng anumang kinita natin. Hinihiling din niyang magbigay tayo ng ibang mga donasyon, katulad ng mga handog-ayuno at mga abuloy sa pondong para sa misyonero upang makatulong sa pagtataguyod ng kanyang gawain dito sa lupa.

Ipaalala sa mga bata na lahat ng bagay dito sa lupa ay nilikha ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Ipinagkaloob sa atin ng Ama sa Langit ang ating mga katawan at mga isip upang makapagtrabaho at makapag-isip tayo. Ang lahat ng kinikita natin at natatanggap sa lupa ay handog mula sa kanya. Nais ng Ama sa Langit na ipakita natin sa kanya ang ating pasasalamat, pananampalataya, at pagkamasunurin sa pamamagitan ng pagbabayad ng ikapu at pagbibigay ng iba pang mga handog sa Simbahan.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang kuwento tungkol sa kusing ng balong babae (Marcos 12:41–44). (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na

kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na palaging inuutusan ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mga tao na magbayad ng ikapu at hiniling sa kanilang magbigay ng ibang mga donasyon para tumulong sa pagtustos sa mga pangangailangan ng Simbahan.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang inihulog ng mayayamang tao sa kabang-yaman ng simbahan? (Marcos 12:41.) Ano ang inilagay ng balong babae sa kabang-yaman? (Marcos 12:42. Ipaliwanag na ang isang lepta ay napakaliit na halaga ng pera.) Bakit lalong natuwa si Jesus sa inialay ng balong babae kaysa sa handog ng mayayamang tao? (Marcos 12:43–44.)
- Magkano ang iniuutos sa atin ng Ama sa Langit na bayaran sa ikapu? (Doktrina at mga Tipan 119:4.) Ipaliwanag na ang kahulugan ng "tinubo" ay anumang pera na kikitain natin. Sa pamamagitan ng paggamit ng papel at mga lapis, ipakita sa mga bata kung paano kuwentahin ang halaga ng ikapu. Ano ang ibig sabihin ng magbayad ng matapat na ikapu?
- Magkano ang hiniling sa atin ng Ama sa Langit na bayaran sa mga handog-ayuno? Magkano ang hinihiling niyang bayaran natin sa pondong para sa misyonero? Tulungan ang mga bata na maunawaan na tayo ang magpapasiya sa halagang ibibigay sa mga handog-ayuno at pondong para sa misyonero batay sa kung ano ang mayroon tayo at mga pangangailangan natin; na hindi katulad ng itinakdang halaga ng ikapu na inutos na bayaran natin. Hinihiling lamang ng ating Ama sa Langit na maging mapagbigay tayo at bukas-palad. Sapagkat, kapag marami ang ibinibigay natin ay ipinapakita rin natin na talagang gagawin natin ang gawain ng Ama sa Langit.
- Sa ano pang paraan tayo makatutulong na mapaunlad ang gawain ng Ama sa Langit? (Exodo 25:1–8, Doktrina at mga Tipan 124:26–27.) Ipaliwanag na noon pa man at hanggang sa ngayon ay hinilingan na ang mga miyembro na mag-abuloy para sa pagpapatayo ng mga templo. Sa ngayon itinatayo ang mga templo sa lahat ng dako ng daigdig, at makatatanggap tayo ng malalaking biyaya sa pamamagitan ng pag-aabuloy kung malapit tayo sa distrito na pinagtatayuan ng bagong templo.
- Bakit hinihiling ng Panginoon na magbayad tayo ng ikapu? Anong mga pagpapala ang ating natatanggap kapag magbayad tayo ng buong ikapu? (3 Nephi 24:10.) Ano ang ibig sabihin ng mabubuksan ang mga durungawan ng langit sa atin? Anong uri ng mga pagpapala ang matatanggap natin kung magbabayad tayo ng ibang mga handog?

Talakayin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball, ikalabindalawang Pangulo ng Simbahan:

"Nangako ang Panginoon na kanyang bubuksan ang mga durungawan sa langit kung tutuparin natin ang kanyang batas. Mabibigyan niya tayo ng mas magandang suweldo, mabibigyan niya tayo ng mas matalinong pagpasiya sa paggamit ng ating pera. Mabibigyan niya tayo ng mas mabuting kalusugan,

mabibigyan niya tayo ng mas mahusay na pang-unawa para makakuha tayo ng mas mabuting puwesto o katungkulan. Matutulungan niya tayo para magawa natin ang mga bagay na gusto nating gawin" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, p. 212).

Bigyang-diin na ang pinakamalaking pagpapala na natatanggap natin sa pagbabayad ng ikapu at ibang mga handog ay espirituwal na pagpapala. Lumalakas ang ating pananampalataya sa tuwing pipiliin nating tuparin ang batas ng ikapu at magbibigay ng ating mga abuloy sa mga handog-ayuno at pondong para sa misyonero.

- Paano ka o isang taong kakilala mo pinagpala dahil sa pagbabayad ng ikapu at ibang mga handog? Ibahagi sa mga bata ang isang halimbawa mula sa iyong sariling karanasan at anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nang sila ay pinagpala dahil sa kanilang handog.
- Kailan natin dapat bayaran ang ating ikapu? (Maaari nating bayaran ang ikapu sa anumang oras sa loob ng isang taon pero pinakamainam na magbayad pagkatapos nating matanggap ang anumang kita.) Kanino natin ibinibigay ang ating ikapu at ibang mga handog? (Sa obispo o sa kanyang mga tagapayo. Ipinadadala ng obispo ang pera ng ikapu sa punong-tanggapan ng Simbahan, kung saan ang mga pinuno ng Simbahan ay magpapasiya kung paano pinakamainam na gagastusin ito upang maisagawa ang gawain ng Panginoon. Ginagamit sa lokal na pangangailangan ang mga handog-ayuno at pondong para sa misyonero; ang sobrang pondo ay ipinadadala sa punong-tanggapan ng Simbahan.)
- Paano ginagamit ang pera natin sa ikapu? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano ginagamit ang mga handog-ayuno? (Tinutustusan ng mga handog-ayuno ang programang pangkapakanan [welfare program] ng Simbahan.)
- Ano ang pagsasaayos ng ikapu? (Ang pakikipagkita natin sa obispo na ginaganap minsan sa isang taon. Pinagbabalik-aralan natin ang mga talaan ng ikapu at ibang mga abuloy na binayaran natin at sinasabi sa kanya kung tayo ay nagbabayad ng buong-ikapu. Maipahahayag natin na tayo ay nagbabayad ng buong ikapu kung ibinayad natin sa Panginoon ang ikasampung bahagi ng lahat ng ating kinita.)
- Sa palagay ninyo bakit mahalaga na kusang-loob tayong magbayad ng ikapu? (Moronias 7:6–8.) Kung maliit ang kita natin, inaasahan pa bang magbayad tayo ng ikapu? Bakit?

Talakayin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball: "May mga taong nagsasabing hindi nila makayang magbayad ng ikapu sapagkat maliit ang kanilang kita. . . . Walang sinumang totoong mahirap na hindi makababayad ng ikapu (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, p. 212).

- Bakit mahalagang magbayad ng ibang mga handog? Paano natin gagamitin na halimbawa ang abuloy ng balong babae sa pagbibigay ng donasyon sa Simbahan? Tulungan ang mga bata na maunawaan na sa darating na araw ay hihilingan tayong ibigay ang lahat ng mayroon tayo sa simbahan. Ngunit sa ngayon ay hinihiling lamang tayo na magbigay ng ating makakayang ipagkaloob at matutugunan pa rin natin ang ating pangangailangan.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod o hamon.

1. Sa pamamagitan ng paggamit ng pera-perahan o huwad na salapi (maaari kang gumawa ng sarili mong pera-perahan), pagkunwariin ang mga bata na isa silang pamilya at pagawin ng badyet sa halaga ng perang ibibigay mo sa kanila. Pagawin sila ang badyet para sa pagkain, renta, bayarin tulad ng telepono, tubig at koryente, damit at libangan. Pagkatapos ay sabihin sa kanilang magdagdag ng ikapu at ibang mga handog sa kanilang badyet at unahin nila ang mga ito sa listahan. Ipaliwanag sa mga bata na dapat ay palaging inuunang bayaran ang ikapu sapagkat iyan ay ikasampung bahagi ng Panginoon.

2. Maglibot sa paligid ng silid at hilingin sa mga bata na magbanggit ng isang tiyak na halimbawa kung saan ginagamit ang kanyang pera ng ikapu. Magbigay ng mga mungkahi mula sa sumusunod na listahan kung kailangan:

   Pagpapatayo ng mga bahay-pulungan, mga templo, mga seminaryo at surian (institute) ng relihiyon, mga sentro ng pagsasanay sa misyon, at mga sentro ng kasaysayan ng mag-anak

   Pagbabayad sa mga gawain ng purok at istaka at sa mga manwal na ginagamit sa pagtuturo at iba pang mga kagamitan

   Pagbabayad sa pagpapaayos (maintenance) ng bahay-pulungan at mga kagamitan (gaya ng koryente, tubig, atbp.)

   Pagbabayad sa mga gastos sa paglalakbay at mga panustos para sa mga misyonero

   Pagbabayad sa paglalakbay at ibang gastusin ng mga Pangkalahatang Awtoridad

   Pagbibigay ng mga *computer* para gamitin sa templo at sa gawaing pangkasaysayan ng mag-anak

   Pagtulong sa paglilimbag ng mga magasin ng Simbahan

   Pagbabayad sa mga pagsasahimpapawid ng Simbahan na ginagamitan ng *sattelite*

   Pagbabayad sa pagsasalin at paglilimbag ng mga banal na kasulatan

3. Bigyan ang mga bata ng papel at lapis at papuntahin sila sa isang bintana o ibang lugar kung saan matatanaw nila ang labas. Ipasulat nang tahimik sa kanila ang lahat ng bagay na makikita nila sa ilang minuto lamang. Pagkatapos bumalik ang mga bata sa upuan, ipabanggit ang mga bagay na nakita nila. Ipaliwanag na ibinibigay sa Ama sa Langit ang lahat ng bagay na nasa atin at ang pagbabayad ng ikapu at mga handog ay isang paraan upang maipakita ang ating pagmamahal at pasasalamat sa kanya.

4. Isalaysay ang sumusunod na kuwento ni Pangulong Ezra Taft Benson, at talakayin ang pananampalataya na kinakailangan para magbayad ng ikapu at ang mga pagpapala na darating sa pagiging masunurin sa batas na ito:

   "Sa isang pagkakataon noong tinedyer pa ako, naulinigan ko ang Tatay at Nanay na nag-uusap tungkol sa kanilang pananalapi bilang paghahanda

para sa pagsasaayos ng ikapu kinabukasan. May utang na dalawampu't limang dolyares ang tatay sa bangko na dapat bayaran sa loob ng linggong iyon. Sa pagkukuwenta ng kanilang ikapu, mayroon pa siyang babayaran na dalawamput limang dolyares. Mayroon siyang *hay derrick* (kagamitang ginagamit na panghakot ng mga dayami para ilagay sa pinaglalagyan nito) na ginawa niya. Sinikap niyang ipagbili pero nabigo siya.

"Ano ang gagawin nila . . . [bayaran] ang bangko, at saka na bayaran ang kanilang ikapu, o bayaran ang kanilang ikapu at asahang [mababayaran ang bangko] sa susunod na ilang araw? Pagkatapos nilang pag-usapan ang bagay na ito, at nakatitiyak akong nagdasal silang dalawa bago natulog, nagpasiya ang Tatay na kinabukasan ay aayusin ang pagbabayad niya sa ikapu at babayaran ang dalawampu't limang dolyares para mabayaran nang buo ang ikapu. Habang nakasakay siya sa kabayo pauwi sa bahay ay pinahinto siya ng isa sa kanyang mga kapitbahay at nagsabi sa kanyang, "George, narinig ko na mayroon kang *derrick* na ipinagbibili. Magkano mong ipinagbibili iyon?'

'Dalawampu't limang dolyares,' ang sabi ni Tatay. 'Hindi ko pa nakita iyon, pero sa nalalaman kong paraan ng iyong paggawa, nakatitiyak akong magkakahalaga iyon ng dalawampu't limang dolyares,' ang sabi ng kapitbahay. 'Sandali lamang at pupunta ako sa bahay at gagawa ng tseke para dito. Kailangan ko iyon!' Ito ay isang aral na hindi ko makakalimutan" (*The Teachings of Ezra Taft Benson*, p. 471–72).

5. Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

   "Minsan noong ako ay lima o anim na taong gulang, umupo ako sa hapag kainang kasama ang aming malaking pamilya at nakinig habang pinag-uusapan ng iba ang ikapu. Sinabi nila na ang ikapu ay ikasampung bahagi sa lahat ng ating kita at iyon ay ibinabayad sa Panginoon ng mga nagmamahal sa kanya.

   "Pagkatapos ng hapunan ay inilabas ko ang kaunting pera na aking inipon at tinantiya ko ang utang kong ikapu sa Panginoon. Pagkatapos ay pumasok ako sa nag-iisang silid ng bahay na may kandado sa pintuan—ang banyo—at doon ay lumuhod sa tabi ng *bathtub*. Hawak ang tatlo o apat na barya sa aking nakabukas na palad, hiniling ko sa Panginoon na tanggapin ito—na natitiyak kong gagawin niya. Nagsumamo ako sa Panginoon nang ilang ulit, subalit nanatiling nasa mga kamay ko ang pera. Walang bata ang nakaramdam nang higit na pagkabigo kaysa sa akin noong oras na iyon. Tinanggap ng Panginoon ang ikapu na galing sa aking mga magulang at mga nakatatandang kapatid. Bakit hindi niya tinanggap ang galing sa akin? Habang tumatayo ako mula sa aking pagkakaluhod, nakaramdam ako ng pagkapahiya kaya't hindi ko masabi kahit kanino ang nangyari. Ang Panginoon lamang ang nakaaalam.

   "Makalipas ang ilang araw, sinabi ng guro sa Primarya na nabigyan siya ng inspirasyon na tumalakay tungkol sa isang bagay na wala sa aralin. Nakaupo akong namamangha habang tinuturuan niya kami kung paano magbayad ng ikapu. Ngunit ang aking natutuhan ay higit na mahalaga kaysa pagbabayad ng ikapu. Natutuhan ko na pinakinggan at sinagot ng Panginoon ang aking panalangin, na mahal niya ako, at mahalaga ako sa kanya" (Ariel Ricks, "Coins for the Lord," *Ensign*, Dis. 1990, p. 47).

6. Awitin o basahin ang titik sa “Dahil ang Biyaya ng Diyos sa ‘Ki’y Kaydami” (*Mga Himno*).

---

**Katapusan**

Patotoo at Hamon

Magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagbabayad ng ikapu. Ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa ating tanging karapatan ng pagbabayad ng ikapu bilang isang paraan ng pagpapahayag ng ating pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Magbahagi o anyayahan ang isa pang miyembro na magbahagi, ng anumang karanasan ninyo nang ang inyong pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesus ay lumakas dahil sa nagbayad kayo ng ikapu.

Bigyan ang mga bata ng resibo ng abuloy at sobre at hamunin silang magbayad ng hustong ikapu kapag nakatanggap sila ng anumang kita.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Marcos 12:41–44 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Talinghaga ng Sampung Dalaga

Aralin
25

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na maging espirituwal na handa sa ikalawang pagparito ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 25:1–13 at Doktrina at mga Tipan 45:56–57, 63:53–54. Pagkatapos ay pag-aralan ang mga aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanilang makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga sumusunod na mga sinulatang piraso ng papel:
      Sampung dalaga = Mga kasapi ng Simbahan
      Langis = Espirituwal na paghahanda
      Kasintahang lalaki = Jesucristo
      Kasalan = Ikalawang pagparito ni Jesus
   c. Larawan 7-25, Ang Ikalawang Pagparito (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238; 62562).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hilingin sa mga bata na magkunwaring ang klase ay maglalakbay.

- Ano ang kailangan nating gawin upang maghanda para sa paglalakbay?
- Ano ang ating dadalhin?

Sabihin na, "Maglalakbay tayo at dadalhin natin ang ____________," na binabanggit ang isang bagay. Ipabigkas sa isang bata ang pangungusap din na ito, kasama ang iyong sinabi, at magdagdag ng isa pang bagay. Ipagpatuloy ito, na ipinababanggit sa mga bata ang lahat ng sinabing bagay at magdagdag ng isa. Bigyan ang mga bata nang mahigit sa isang pagkakataon, ayon sa laki ng iyong klase. Tumulong na magbanggit ng mga bagay kung kinakailangan.

Ipaliwanag na ang paghahanda ay isang mahalagang bahagi ng maraming bagay sa ating buhay.

- Ano ang ilang bagay na pinaghahandaan natin maliban sa paglalakbay?

Sandaling talakayin ang paghahandang ginagawa natin sa pagpunta sa paaralan, sa pagkain, sa gabing pantahanan ng mag-anak at iba pa. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila kung paanong espirituwal na

maghahanda para sa isang kahanga-hangang pangyayari na magaganap sa hinaharap.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang talinghaga ng sampung dalaga (Mateo 25:1–13). (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Sabihin sa mga bata na madalas ay nagtuturo si Jesus ng mga talinghaga, na ginagamit ang mga kilalang bagay at mga kalagayan upang ituro ang mga natatagong espirituwal na katotohanan. Gumagamit siya ng mga talinghaga upang ang mga may kusang-loob na mag-aral ng talinghaga ang makaunawa ng katotohanan (tingnan sa Mateo 13:10–17). Tulungan ang mga bata na maunawaan na inihahalintulad sa isang kasalan ang talinghagang ito ng ikalawang pagparito ni Jesucristo, na magaganap sa pagbabalik ng Tagapagligtas sa lupa upang maghari sa Milenyo.

Ipaliwanag na ang talinghaga ng sampung dalaga ay batay sa sinaunang kaugalian ng kasal ng mga Judio. Inaabayan ng kasintahang lalaki at ng mga kaibigan ang babaing ikakasal magmula sa kanyang tahanan patungo sa tahanan ng kasintahang lalaki. Sa daan ay naghihintay ang mga kaibigan ng babaing ikakasal para sumama sa kanila. Kapag dumating na sila sa tahanan ng kasintahang lalaki, lahat ay pupunta sa loob para sa kasalan. Karaniwang ginaganap ang mga kasalan sa gabi, kaya ang mga naghihintay sa babaing ikakasal at sa kasintahang lalaki ay nagdadala ng mga ilawan.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang kinakatawan ng sampung dalaga? (Mateo 25:1.) Sino ang kinakatawan ng kasintahang lalaki? (Si Jesucristo.)
- Paano natin malalaman na ang lahat ng sampung dalaga ay naniniwala kay Jesucristo? (Mateo 25:6–7. “Nagsilabas sila upang salubungin” ang kasintahang lalaki at naghintay sa kanya.) Paano natin maipapakita na naniniwala tayo kay Jesus?
- Bakit itinuturing na mangmang ang lima sa mga dalaga? (Mateo 25:3.) Bakit ang lima ay itinuturing na matatalino? (Mateo 25:4.)
- Ano ang nagyari nang dumating ang kasintahang lalaki? (Mateo 25:6–8.) Sa palagay ninyo bakit lubhang hindi handa ang limang mangmang na dalaga? Sa palagay ninyo, paano tayo makapaghahanda sa muling pagparito ni Jesus?
- Bakit kaya hindi nagbahagi sa iba ng kanilang langis ang limang matatalinong dalaga? (Mateo 25:9.) Bakit hindi sila maaaring magbigay ng kaunti nilang langis sa iba? Ipaliwanag na ang hugis ng mga ilawan ng mga Judio, na ang mga bibig ay pabilog na papasok ay halos hindi maaaring makapagsalin ng langis mula sa isang ilawan patungo sa ibang ilawan (tingnan ang paglalarawan sa katapusan ng aralin). Sa talinghaga, ang langis sa ilawan ng matatalinong dalaga ay kumakatawan sa kanilang wastong pamumuhay at pagkamasunurin. Maaari nating punuin ang ating sariling ilawan, na kumakatawan sa ating sariling buhay, sa pamamagitan ng ating

pagkamasunurin pagiging matwid. Ang mga pagpapalang inilaan sa atin ng Ama sa Langit dahil sa ating matwid na gawa ay hindi maibibigay sa mga hindi masunurin.

- Ano ang nangyari sa limang hindi handa? (Mateo 25:10–12.) Ano ang nangyari sa limang nahanda? Bakit mahalaga para sa atin ang maghanda ngayon para sa Ikalawang Pagparito? Paano natin pupunuin ng langis ang ating mga ilawan?

Basahin ang siping-banggit mula kay Elder Bruce R. McConkie: "Bilang tao, tayo ay naghahanda sa pagsalubong sa ating Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa kanyang mga utos at pamumuhay ng kanyang mga batas. . . . Ang ebanghelyo sa kanyang walang hanggang kabuuan, na naipanumbalik sa dati nitong mga huling araw ay narito upang ihanda ang tao para sa ikalawang pagparito ng Anak ng Tao" (*The Millenial Messiah*, p. 572).

Ipabasa sa mga bata ang Mateo 24:36 at 25:13. Ipaliwanag na tulad ng hindi pagkakaalam ng sampung dalaga sa takdang oras ng pagdating ng kasintahang lalaki ay gayundin naman na hindi natin nalalaman kung kailan talaga muling babalik si Jesus.

- Ano ang mangyayari kapag muling nakabalik na si Jesucristo? (Doktrina at mga Tipan 45:56–57; 63:53–54.) Anong mga pagpapala ang naghihintay para sa mga taong espirituwal na handa? (Doktrina at mga Tipan 38:30.)

Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2 bilang pagbabalik-aral at pagsasagawa ng araling ito.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Maikling talakayin ang mga sumusunod na impormasyon upang maging pamilyar ang mga bata sa ikalawang pagparito ni Jesus:

   Noong iniwan ni Jesus ang kanyang mga Apostol sa Jerusalem, sinabi ng mga anghel na paparito siyang muli. (Mga Gawa 1:9–11.)

   Tanging ang Ama sa Langit ang nakaaalam kung kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito. (Mateo 24:36.)

   Si Jesus ay paparito na taglay ang kaluwalhatian at kapangyarihan at maghahari sa lupa sa loob ng isang libong taon. (Doktrina at mga Tipan 29:11.)

   Kailangan nating ihanda ang ating sarili para sa ikalawang pagparito ni Cristo. (Doktrina at mga Tipan 33:17–18.)

   Ang mga matwid na handa para sa ikalawang pagparito ni Jesus ay makakasama niya sa dakilang araw na iyon at maninirahan sa kinaroroonan ng Ama sa Langit at ni Jesus magpakailanman. (Doktrina at mga Tipan 76:62–63.)

2. Bigyan ang bawat bata ng kopya ng ilawan sa katapusan ng aralin, o kaya ay gumuhit ng ilawan sa pisara. Magpasulat sa mga bata ng mga bagay sa kanilang ilawan, o kaya ay magpabanggit ng mga bagay na isusulat mo sa

pisara, na magpupuno ng langis sa kanilang espirituwal na ilawan (katulad ng pagbibigay ng patotoo, pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod sa kapwa, pagbabayad ng ikapu, pamumuhay upang karapat-dapat na makasama ang Espiritu Santo, pananalangin, pagtupad sa mga tungkulin sa Simbahan, at iba pa.) Tulungan silang maintindihan na ito ay mga bagay na kailangang makuha ng bawat isa sa kanila o gawin para sa sarili para magkaroon ng langis sa kanilang mga ilawan, katulad ng limang matatalinong dalaga.

Ihambing ang isinulat ng mga bata sa kanilang ilawan sa mga ideya ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Sa ating buhay ang langis ng paghahanda ay natitipon nang patak-patak sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay. Ang pagdalo sa mga pulong ng sakramento ay magdaragdag ng langis sa ating ilawan, unti-unti o patak-patak sa paglipas ng mga taon. Ang pag-aayuno, pagdarasal ng mag-anak, pagtuturo sa tahanan, pagpipigil sa mga hilig ng katawan, pangangaral ng ebanghelyo, pag-aaral ng mga banal na kasulatan—bawat gawain ng paglalaan at pagsunod ay isang patak na idinaragdag sa ating imbak. Ang mga gawain ng kagandahang-loob, pagbabayad sa mga handog at mga ikapu, malilinis na isip at mga kilos, kasal sa walang hanggang tipan,—lahat ito ay nakadaragdag nang malaki sa langis na maaari nating ilagay sa ating said na said nang ilawan sa hatinggabi" (*Faith Precedes the Miracle*, p. 256).

Talakayin ang mga paraan ng pagdaragdag ng langis sa ating mga ilawan na hindi nabanggit ng mga bata, at ipadagdag sa mga bata ang ilan sa kanilang listahan kung nais mo. Tulungan silang maunawaan na ito ay mga bagay na hindi maipagpapaliban hanggang sa pagdating ng Tagapagligtas.

3. Basahin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang sampung dalaga ay kasapi sa kaharian at taglay ang lahat ng karapatan sa lahat ng pagpapala . . . maliban sa ang lima ay hindi magigiting at hindi sila handa nang dumating ang dakilang araw. Hindi sila handa sa pamamagitan ng hindi pagtupad at pamumuhay ng lahat ng kautusan. Labis silang nabigo nang hindi nakadalo sa kasalan—na gaya ng katulad nila ngayon [mga kasaping hindi handa] ay hindi makadadalo″ (*The Miracle of Forgiveness*, p. 8).
4. Awitin o basahin ang mga salita sa, "When He Comes Again" (*Children's Songbook*, p. 82). Pagkatapos umawit hilingin sa mga bata na ilarawan sa isip ang mangyayari kung magsabi si Jesus sa kanila ng "Pinaglingkuran mo ako nang mahusay, lumapit ka sa aking kandungan upang mamalagi."

---

**Katapusan**


Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng paghahanda para sa ikalawang pagparito ni Jesucristo sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay. Ibahagi sa mga bata kung gaano kahalaga sa iyo ang maging karapat-dapat upang makasali sa dakilang pangyayaring ito.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mateo 25:1–13 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



Aralin
26

# Parabula ng mga Talino

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magnais gamitin ang kanilang mga talino para sa kabutihan ng iba at ng kanilang mga sarili.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 25:14–30 at ang Doktrina at mga Tipan 60:2–3, 82:3. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.

3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga kapirasong papel na may nakasulat na talino sa bawat isa, kagaya ng “Mayroon kang talino na maging isang mahusay na biyolinista,” “Mayroon kang talinong makipagkaibigan,” “Mayroon kang talino na maging isang magaling na tagapagsalita,” “Mayroon kang talino na maging isang magaling na manlalaro ng *soccer*.” “Mayroon kang talino na maging isang mapagpayapa,” “Mayroon kang talino na maging isang magaling na pinuno,” “Mayroon kang talino na maging isang magaling na misyonero.” “Mayroon kang talino na pasayahin ang iba,” at marami pa. Bago pumasok ang mga bata sa silid-aralan, tiklupin ang mga papel at idikit ito sa mga paligid ng silid kung saan hindi ito makikita ng mga bata. Huwag tukuyin ang mga talino na waring ito ay taglay ng iisang bata lamang.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Sabihin sa mga bata na may espesyal na mga mensahe para sa kanila na nakatago sa loob ng silid. Hilingin sa isang bata na humanap ng isang mensahe at basahin ito nang malakas. Pagkatapos ay hilingin sa batang iyon na sabihin kung ano ang kanyang magagawa upang mapaunlad ang talinong ito. Bigyan ang bawat bata ng paraan at himukin ang iba sa klase na mag-isip ng mga paraan upang mapaunlad ang bawat talino. Ipaliwanag na ang araling ito ay magtuturo sa kanila sa kahalagahan ng pagpapaunlad ng bawat talino.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Pagbalik-aralan ang kahulugan ng isang parabula sa Aralin 25. Ituro sa mga bata ang parabula ng mga talino sa Mateo 25:14–30. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Sa parabula, ang mga talino ay tumutukoy sa mga piraso ng salapi. Para sa atin ang kahulugan ng mga talino ay mga kakayahan na maaari nating mapaunlad upang mabiyayaan at matulungan ang iba.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit binigyan ng panginoon ng magkakaibang halaga ng mga talino ang bawat alipin? Mateo 25:15.) Paano naiba ang iyong talino sa mga talino ng iyong mga kaibigan? Sa mga talino ng miyembro ng pamilya? Bakit binigyan ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin ng magkakaibang mga kaloob? (Doktrina at mga Tipan 46:12.) Paano natin maipapakita sa ating Ama sa Langit ang ating pasasalamat sa natatanging kaloob na ibinigay niya sa atin? (Doktrina at mga Tipan 46:11.)
- Ano ang ginawa ng mga alipin na nabigyan ng lima at dalawang talino sa kanilang salapi? (Mateo 25:16–17.) Sa iyong palagay, paano nila nagawa na madoble ang kanilang salapi? Paano magiging pagpapala sa atin ang masigasig na pagtatrabaho?
- Ano ang ginawa ng alipin na nabigyan ng isang talino sa kanyang salapi? (Mateo 25:18.) Sa iyong palagay bakit kaya ginawa niya ito? (Mateo 25:24–25.) Bakit sa iyong palagay, hindi pinauunlad ng ibang tao ang kanilang mga talino? Ano ang nangyayari sa talino ng mga tao kung wala silang gagawin dito?
- Nang bumalik ang panginoon at hiniling na mag-ulat sa kanya ang mga alipin, ano ang sinabi niya sa alipin na nabigyan ng limang talino? (Mateo 25:21.) Ano ang sinabi niya sa alipin na nabigyan ng dalawang talino? (Mateo 25:23.) Paano tayo mabibiyayaan ng masigasig na pagtatrabaho upang mapaunlad ang mga talino? Paano kayo nabiyayaan ng mga talino o mga kakayahan ng ibang tao?
- Bakit binigyan ng panginoon ng magkatulad na gantimpala ang aliping nakapagdagdag ng limang talino at ang aliping nakapagdagdag ng dalawang talino? (Mateo 25:21, 23.)
- Ano ang sinabi ng panginoon sa alipin na binigyan ng isang talino? (Mateo 25:26–27.) Bakit nagalit ang panginoon sa aliping ito? Anong kaparusahan ang ibinigay niya sa alipin sa pagtatago niya ng talino? (Mateo 25:28, 30.) Bakit mas mahalaga kung paano natin gagamitin ating mga kakayahan at talino kaysa sa kung gaano karami ang ating mga talino at kung ano ang mga talinong iyon?
- Bakit sa inyong palagay ibinigay ng panginoon ang isang talino sa aliping mayroong sampung talino? Makatarungan ba iyon? Bakit? Ipaliwanag na kung palagi natin ginagamit ang ating mga talino, mas marami tayong mapauunlad na talino. Kung wala tayong gagawin sa ating mga talino ay mawawala ang mga ito sa atin. (Tingnan sa Mateo 25:29; Doktrina at Tipan 60:2–3.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga tao na tila may kakaunting talino ay makatatanggap ng lahat ng biyaya kung gagamitin nila ang kanilang talino nang lubos.
- Ano sa inyong palagay ang sinisikap ni Jesus na ituro sa atin sa pagbabahagi ng parabula ng mga talino? Tulungan ang mga bata na maunawaan na binigyan tayo ng Panginoon ng mga talino, kakayahan at mga pagkakataon

(na tulad ng mga nakapaloob sa kanyang Simbahan). Inaasahan niya na gagamitin natin ang lahat ng bagay na ito upang mapaglingkuran ang iba. Nais din niya na ipakita natin ang ating pasasalamat sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng ating mga talino.

- Ano pa ang mga inaasahan ng Panginoon mula sa atin sapagkat tayo ay kasapi ng kanyang simbahan? (Doktrina at mga Tipan 82:3.)
- Paano ibinabahagi ng mga tao ang kanilang mga talino sa Simbahan? Paanong ang pagtanggap ng mga pananagutan at mga gawain sa Simbahan ay nakatutulong sa atin na maragdagan ang ating mga talino? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.)
- Kailan at kanino tayo mag-uulat tungkol sa kung ano ang nagawa natin sa mga kaloob at mga talino na ibinigay sa atin? Ano ang nais mong maiulat? Ano ang inyong mararamdaman kapag sinabi sa inyo ng Panginoon na, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin" (Mateo 25:21)?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbalik-aral, buod o hamon.

1. Hilingin sa mga bata na magbanggit ng maraming talino hanggat kaya nila; isulat ang mga talino sa pisara habang ito ay kanilang binabanggit. Himukin ang mga bata na isama ang mga katangian tulad ng pagiging mahusay na tagapakinig, mapagmahal sa iba, pagiging masayahin at marami pa.

2. Bigyan ang bawat bata ng tig-iisang kapirasong papel at lapis at hilingin sa kanila na gumawa ng listahan ng kani-kanilang mga talino. Sabihin sa kanila na huwag hayaang makita ng iba ang kanilang listahan. Pagkatapos ay hilingin sa mga miyembro ng klase na magbanggit ng isang talino para sa bawat bata sa loob ng klase. Habang binabanggit ang mga talino ng bawat bata, imungkahi sa bata na idagdag sa kanyang listahan ang anumang mga talino na nabanggit ng ibang mga bata na wala pa sa kanyang listahan. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

   - Kung ang mga miyembro ng klase ay nagbanggit ng isang bagay tungkol sa iyo na wala sa iyong papel, paano mo mapapaunlad ang talinong iyon?
   - Kung hindi nabanggit ng mga miyembro ng klase ang isang bagay na isinulat mo, paano mo mapapaunlad ang talinong iyon?

   Hamunin ang bawat bata na pumili ng isa sa kanyang mga talino at magpasiya kung paano pa ito lalong mapapaunlad o gamitin ito sa panahon ng darating na linggo.

3. Ibahagi ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Heber J. Grant:

   "Nang sumali ako sa isang samahan sa *baseball*, ang mga batang lalaki na kasing edad ko at mas matanda nang kaunti ay naglaro sa unang siyam. [Ang pinakamagaling na pangkat ng mga manlalaro]; Iyong mga mas bata sa akin ay naglaro sa pangalawa at iyong lalong mas bata ay sa pangatlo, at ako ay naglarong kasama sila. Isa sa mga dahilan nito ay hindi ko kayang ibato ang bola mula sa isang beys patungo sa ibang beys. Isa pang dahilan ay kulang ako ng lakas ng pangangatawan para tumakbo o tamaan nang malakas ang bola. Kapag pinupulot ko ang bola, ang mga batang lalaki ay kadalasang sumisigaw ng: 'Ibato mo dito duwag!"

"Maraming kasayahan ang ibinigay sa aking salaysay ng aking mga kasamang kabataan kaya't taimtim akong sumumpa na ako ay maglalaro ng *baseball* sa unang siyam na mananalo ng kampeonato sa Lupang sakop ng Utah.

". . . . Nagtabi ako ng isang dolyar na ipinambili ko ng bola ng *baseball*. Gumugol ako ng maraming oras sa pagbato ng bola sa kamalig ni Obispo Edwin D. Wooley. . . . Kadalasan ang aking braso ay sasakit kung kaya halos hindi ako makatulog sa gabi. Ngunit palagi pa rin akong nagsasanay at sa wakas ay nagtagumpay ako na makapasok sa pangalawang siyam ng aming samahan. Sa dakong huli ay sumali ako sa isang mas mainam na samahan, at sa wakas ay nakapaglaro sa unang siyam na nanalo sa kampeonato ng nasasakupang lupa" (*Gospel Standards*, p. 342–43).

4. Ang sumusunod na siping-banggit ay isa sa mga paboritong kasabihan ni Pangulong Heber J. Grant. Talakayin ang kahulugan nito kasama ang mga bata, at imungkahi sa kanila na isaulo ito.

   "Ang mga bagay na patuloy nating ginagawa ay nagiging higit na madaling gawin; hindi dahil sa ang uri ng bagay na ito ay nabago, kundi dahil sa ang ating kapangyarihan sa paggawa ay nadagdagan" (*Gospel Standards*, p. 355).

5. Hilingin sa mga bata na mag-isip ng ilan sa mga pananagutan na ibinibigay ng Simbahan sa mga tao. Bigyan sila ng mga papel at lapis at ipasulat sa kanila ang isang pananagutan o gawain (ang bawat bata ay puwedeng magbigay ng higit pa sa isa). Ipalagay sa kanila ang mga papel sa loob ng isang kahon o garapon. Pagkatapos ay hilingin sa mga bata na isa-isa silang kumuha ng papel sa kahon at sabihin kung ano ang mga talinong puwede nilang mapaunlad sa pamamagitan ng paggawa ng gawain o pananagutan na ito. Ilista ang mga talinong nabanggit sa pisara upang makita kung gaano karaming mga talino ang kayang tukuyin ng mga bata.

6. Awitin o basahin ang mga titik sa "Ako ay Nagpapasalamat na Maging Ako" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

**Patotoo**

Magpatotoo tungkol sa kaligayahan na dumarating kapag ginagamit natin ang mga talino na ibinigay sa atin ng Diyos upang maging kapaki-pakinabang sa atin at sa iba. Ibahagi sa mga bata kung gaano mo nais maramdaman ang ligaya ng pagbabalik sa Ama sa Langit bilang isang nilalang na buong husay na gumamit ng iyong mga talino.

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mateo 25:14–30 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Paalala: Ang isang gawaing nagpapayaman sa kaalaman para sa aralin 27 ay nangangailangan ng paghiling sa isang miyembro ng panguluhan ng Samahang Damayan o Pamunuang Obispo na dumalo at kausapin ang mga bata tungkol sa kung paano nagbibigay ng madamaying paglilingkod ang Samahang Damayan. Kung nais mong gamitin ang gawaing ito, kausapin nang maaga ang taong dadalo at ipaliwanag kung ano ang nais mong sabihin niya.

Aralin
27

# Parabula ng Tupa at mga Kambing

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang paglilingkod sa iba ay tumutulong sa atin na maging handa sa oras na hahatulan tayo ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin nang may panalangin ang Mateo 25:31–46. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Mga karagdagang babasahin; Jacob 2:17–19; Mosiah 4:16, 26; at Doktrina at mga Tipan 104:17–18.
3. Piliin ang mga tanong at talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 7-26, Ang Huling Paghuhukom (Ipinintang larawan (mural) sa Templo ng Washington), at 7-25, Ang Ikalawang Pagparito (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238; 62562).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Anyayahan ang mga bata na ibahagi sa klase ang isang bagay na kanilang ginawa noong nakaraang linggo upang paunlarin o ibahagi ang isang talino.

Gawaing Pantawag-pansin

Basahin ang mga sumusunod o magkatulad na mga kalagayan sa mga bata (gamitin ang mga kalagayan na nasasakupan ng mga karanasan ng mga bata). Tanungin sila kung ano sa kanilang palagay ang dapat nilang gawin kung:

Nakakita sila ng isang maliit na bata na nauuhaw ngunit hindi maabot ang tubig.

May kilala silang isang bata na hindi nakapagsisimba ng mga ilang linggo na.

May kilala silang isang tao na walang sapat na makakain.

Nakakita sila ng isang tao na walang makapal na pangginaw, at napakalamig ng panahon.

May kilala silang matagal nang nasa bahay na may karamdaman o kapansanan.

- Ano ang gusto ni Jesus na gawin ninyo? Bakit sa inyong palagay dapat ninyong tulungan ang iba sa mga kalagayang katulad nito?

Ipaalala sa mga bata na sa loob ng nakaraang dalawang aralin ay natutunan nila ang tungkol sa dalawang parabula na ginamit ni Jesus upang turuan ang mga tao tungkol sa kanyang ikalawang pagparito. Ang araling ito ay nagtuturo tungkol sa pangatlong parabula sa Mateo 25, at kapag pinagsama-sama, ang tatlong parabulang ito ay nagtuturo sa atin kung paano tayo makapaghahanda para sa pagparito ni Jesus at sa panahon ng paghatol niya sa atin. Ang isa sa mga pinakamainam na paraan ng paghahanda ay ang paglilingkod sa iba.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ipakita ang mga larawang Ang Huling Paghuhukom at Ang Pangalawang Pagparito sa mga angkop na pagkakataon habang itinuturo mo sa mga bata ang parabula ng tupa at mga kambing na matatagpuan sa Mateo 25:31–46. (Para sa mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano sa palagay ninyo ang ating magiging kalagayan kapag muling pumarito si Jesus?
- Itinuro ni Jesus na sa kanyang pagparito ay paghihiwalayin niya ang mga bansa kagaya ng paghihiwalay ng isang pastol sa tupa mula sa mga kambing (Mateo 25:32). Sa parabulang ito sino ang isinasagisag ng tupa? (Mateo 25: 33–36.) Sino ang isinasagisag ng mga kambing? (Mateo 25:33, 41–43.) Bakit paghihiwalayin ni Jesus ang tupa at mga kambing? Ano ang malaking kaibahan sa pagitan ng tupa at mga kambing?
- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang kanyang sabihin na ang lahat ng nasa kanang kamay niya ay pinakain siya, dinamitan siya, at marami pang iba? (Mateo 25:37–40.) Sino ang mga “ang pinakamaliit sa aking mga kapatid”?
- Anong uri ng paglilingkod ang ibinigay ng mga matwid? (Mateo 25:35–37.) Ano ang kinakailangan nating gawin upang mapabilang sa mga tupa ng Panginoon? Tulungan ang mga bata na mag-isip ng mga paraan upang magawa ang mga paglilingkod na ito. Ibahagi ang mga halimbawa ng paglilingkod na iyong naobserbahan, at anyayahan ang mga bata na ibahagi ang mga halimbawa na kanilang nakita.
- Ano ang ating magiging gantimpala kung maglilingkod tayo sa iba? (Mateo 25:34, 46.) Ano ang mangyayari sa mga taong hindi naglilingkod sa iba? (Mateo 25:41, 46.)
- Sino ang dapat nating paglingkuran? Sino ang kilala natin na matutulungan ng ating paglilingkod? (Mateo 25:40; tingnan din sa Mosiah 4:16.) (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Paano pinaglingkuran ni Jesus ang iba? (Pagbalik-aralan ang ilan sa mga salaysay sa banal na kasulatan ng pagpapagaling ni Jesus sa may sakit, pagbabasbas sa mga bata, pagpapakain sa 5,000 at marami pang iba. Bigyang-diin ang pagmamahal na ipinakita ni Jesus sa mga tao habang ginagawa niya ang mga bagay na ito.) Paano makatutulong sa inyo ang kanyang halimbawa ng paglilingkod sa iba?

- Paano natin mabibiyayaan ang iba sa pamamagitan ng ating paglilingkod? Paano ka nabiyayaan sa paglilingkod mo sa iba? Ano ang nadarama ninyo kapag naglilingkod kayo sa iba? Ano ang nararamdaman ninyo sa mga pinaglilingkuran ninyo?

Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4 upang himukin ang mga bata na gamitin ang araling ito sa kanilang buhay.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o mahigit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ibahagi at talakayin sa mga bata ang sumusunod na kuwento:

   "Marami akong alaala ng aking kabataan. Ang paghihintay sa hapunan kapag Linggo ay isa sa mga iyon. Habang kaming mga bata ay sabik sa paghihintay sa lamesa na gutom na gutom, habang napupuno ng masarap na amoy ng inihaw na karne ang silid, ay sasabihan ako ng aking Ina na, 'Tommy, bago tayo kumain, dalhin mo ang pagkaing ito na aking inihanda kay Matandang Bob at, bilisan mong bumalik.' Ako ay . . . tatakbo patungo sa bahay ni Bob at sabik na maghihintay hanggang sa makaabot sa pinto si Bob sa mabagal na paglalakad. Pagkatapos ay iaabot ko sa kanya ang isang pinggang pagkain. Ipakikita naman niya sa akin ang malinis na pinggan noong nagdaang linggo at aalukin ako ng sampung sentimo bilang kabayaran sa aking mga paglilingkod. Ang aking sagot ay iisa lamang: "Hindi ko matatanggap ang pera. Papaluin ako ng aking ina. At pagkatapos . . . kanyang sasabihing, 'Anak, ang iyong ina ay kahanga-hanga. Sabihin mo sa kanyang salama't. . . . Naalala ko rin na ang hapunan pagka Linggo ay para bang mas masarap pagkatapos kong makabalik mula sa aking gawain" (Thomas S. Monson, "*The Long Line of the Lonely*," *Ensign*, Peb. 1992, p. 4).

2. Isaayos na magkaroon ng isang miyembro ng panguluhan ng Samahang Damayan o isang miyembro ng pamunuang obispo na dumalo sa klase upang magpaliwanag kung paano nagbibigay ng madamaying paglilingkod ang Samahang Damayan. Hayaang ipaliwanag ng bisita kung paano nagbibigay ng tulong ang Simbahan sa mga nangangailangan, pati kung paano ginagamit ang mga handog-ayuno.

3. Bigyan ang mga bata ng tig-iisang papel at lapis, at hayaang isulat nila ang paraan kung paano sila makapaglilingkod sa iba at sa tahanan o sa kapitbahayan. Hamunin ang mga bata na gumawa ng kahit isang gawaing paglilingkod sa linggong ito.

4. Talakayin ang sumusunod na siping-bangit:

   "Mayroong matalino at makatarungang Diyos na uupo sa paghuhukom ng lahat ng tao. . . . Ang masama ay maaaring umunlad pansamantala, ang mga mapagrebelde ay waring nakikinabang sa kanilang mga paglabag, ngunit darating ang oras kung kailan, sa lugar nang hukom, ang lahat ay hahatulan, 'bawat tao ayon sa kani-kanyang mga gawa' (Apocalipsis 20:13). Walang sinumang 'makaliligtas sa parusa' ng kanyang mga gawa. Sa araw na iyon ay walang makatatakas sa kaparusahan ng kanyang mga gawa, walang sinumang hindi makatatangap sa mga biyayang kanyang pinaghirapan. Muli, ang parabula ng tupa at mga kambing ay nagbibigay sa atin ng

katiyakan na magkakaroon ng lubos na katarungan" (Spencer W. Kimball, *The Miracle of Forgiveness*, p. 304–5).

5. Maghanda ng dalawang kahon o lalagyan. Markahan ang isang kahon ng "Tupa" at ang isa pang kahon ng "Mga Kambing". Ilagay ang kahong "Tupa" sa iyong kanan at ang kahong "Mga Kambing" sa iyong kaliwa. Sa magkakahiwalay na pirasong papel isulat ang mabubuti at masasamang gawain (isama ang ilan sa mga gawain na ang kategorya ay hindi halatain). Hayaan ang mga bata na magbasa ng isang gawain at magpasiya kung ito ay gawain ng isang "Tupa" o gawain ng isang "Kambing" at ilagay ang kapirasong papel sa angkop na kahon.

   Gamitin ang mga gawaing nakasulat sa ibaba o gumawa ng sariling sa iyo:

   Pagsasabi sa iyong mga magulang ng katotohanan.
   Hindi pag-amin sa maling bagay na iyong nagawa.
   Pakikipag-away sa iyong kapatid na lalaki o babae.
   Pagsasabi ng "Pasensiya na po" kapag nakasakit tayo ng damdamin ng iba.
   Pagsasabi ng bahagi lamang ng katotohanan.

6. Tulungan ang mga bata na isaulo ang Mateo 25:40.

7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na nais ni Jesus na maglingkod tayo sa iba at tayo ay mabibiyayaan kapag nagawa natin ito. Ibahagi sa mga bata ang iyong nadarama tungkol sa mga pagkakataon mong makapaglingkod.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mateo 25:35–40 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin 28

# Pinabangon ni Jesucristo si Lazaro mula sa mga Patay

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maunawaan na dahil si Jesucristo ay Anak ng Diyos, siya ay may kapangyarihan laban sa kamatayan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 11:1–46. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at Pagtuturo mula sa Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Pagbalik-aralan ang Lucas 7:11–17; 8:41, 49–56.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang bagong putol na maliit na sanga o dahon at isang tuyot na sanga o dahon (o larawan ng mga ito).
   c. Larawan 7-27, Binuhay na Muli ni Jesucristo si Lazaro (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 222; 62148), at 7-18, Binabasbasan ni Jesus ang Anak na Babae ni Jairo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 215; 62231).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang bagong putol na maliit na sanga o dahon at ang tuyong dahon o sanga. Anyayahan ang mga bata na pag-usapan ang tungkol sa kaibahan ng mga ito.

- Mayroon ba tayong magagawa upang ang patay na sangay ay maging katulad ng bagong putol na sanga?
- Ngayong ang bagong putol na sanga ay naputol sa halaman, ano ang mangyayari dito?
- Sino ang may kapangyarihan na magbalik ng buhay sa isang bagay na patay?

Ipaliwanag na si Jesus ay may kapangyarihan laban sa kamatayan, nabigyang buhay niya muli ang ilan sa mga taong namatay na.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Pagbalik-aralan sandali ang mga kuwento tungkol sa pagpapabangon ni Jesus sa anak na lalaki ng balo sa Nain (Lucas 7:11–17) at anak na babae ni Jairo (Lucas 8:41–42, 49–56). Pagkatapos ituro sa mga bata ang kuwento tungkol sa pagpapabangon ni Jesus kay Lazaro mula sa mga patay na matatagpuan sa Juan 11:1–46. Ipakita ang mga larawan sa mga takdang oras. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan

sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Ipaliwanag na kapag pinababangon ni Jesus ang mga tao mula sa patay, gumagawa siya ng mga himala na nagpapatotoo na siya ay Anak ng Diyos at mayroong kapangyarihan laban sa kamatayan. Ipaliwanag sa mga bata na dahil sa kaugalian ng Judio ang mga kapitbahay at mga kaibigan ay nagluluksa kasama ang pamilya mga ilang araw pagkatapos ng isang pagkamatay, maraming kasamang tao si Marta at Maria pagkatapos na mamatay si Lazaro at nakasaksi sa dakilang himala na isinagawa ni Jesus.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Nang matanggap ni Jesus ang balita na si Lazaro ay may sakit, gaano siya katagal naghintay bago siya umalis patungong Betania? (Juan 11:6.) Gaano na katagal na nakaburol sa libingan ang katawan ni Lazaro bago dumating si Jesus? (Juan 11:17.) Sa iyong palagay bakit naghintay pa si Jesus nang matagal bago siya lumakad? (Upang malaman ng lahat nang walang pag-aalinlangan na si Lazaro ay patay na, at ang pagpapabangon sa kanya ay magiging malakas na patotoo sa banal na kapangyarihan at misyon ni Jesus [Juan 11:4, 15].)
- Ano ang sinabi ni Marta at Maria kay Jesus nang siya ay dumating? (Juan 11:21–22, 32.) Ano ang inisip ni Marta nang sabihin ni Jesus na si Lazaro ay babangong muli? (Juan 11:23–24.) Ano ba ang patotoo ni Marta bago pa niya nakita ang kanyang kapatid na bumangon mula sa mga patay? (Juan 11:27.)
- Bakit nanalangin si Jesus sa Ama sa Langit bago niya pinabangon si Lazaro? (Juan 11:41–42.) Ano ang gusto ni Jesus na maintindihan ng mga tao? (Na siya ay ipinadala ng Ama sa Langit.)
- Ano ang sinabi ni Jesus kay Lazaro? (Juan 11:43.) Ano ang nangyari? Ano ang suot na pamburol ni Lazaro? (Juan 11:44.)
- Sa palagay ninyo ano ang nadama nina Maria, marta at ng iba pang mga tao nang nasaksihan nila ang himalang ito? Sa palagay ninyo ano ang inyong madarama kung kayo ay naroon din? Ano ang ginawa ng mga tao pagkatapos makita ang himala? (Juan 11:45–46.) Paano maaaring naapektuhan ang iyong paniniwala kay Jesus sa pagkakakita kay Lazaro na lumabas mula sa libingan?
- Bakit kayang pabangunin ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay? Ano ang inyong nadarama sa kaalamang si Jesus ay may kapangyarihang pabangunin ang isang tao mula sa mga patay? Paano nakatulong sa atin ang himalang ito na malaman na si Jesus ay Anak ng Diyos? (Juan 11:4.)
- Ano ang ginawa ni Jesus sa dakong huli na nagpatunay na siya ay may kapangyarihan laban sa kamatayan? (Siya ay nabuhay na mag-uli. Tulungan ang mga bata na maunawaan na nang si Lazaro ay nagbalik mula sa patay siya ay isa pa ring mortal at namatay muli. Kapag ang mga tao ay nabuhay na mag-uli, sila ay hindi na muling mamamatay. Sila ay mabubuhay magpakailanman.)

- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi niyang siya ang “Pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan”? (Juan 11:25.) Ano ang ibig sabihin nito sa atin?

Ipaliwanag na si Jesus ay hindi lamang may kapangyarihang ibalik ang isang tao sa mortal na buhay, kagaya ng ginawa niya kay Lazaro, may kapangyarihan din siya na pinakamahalaga na pagpapabangon ng lahat mula sa kamatayan patungo sa kawalang-kamatayan. Lahat ng taong isinilang dito sa mundo ay mabubuhay na mag-uli. Sa pamamagitan din ng pagbabayad-sala ni Jesus siya rin ay may kapangyarihang magbigay ng buhay na walang hanggan sa mga taong susunod sa kanya. Siya ang pinagmumulan ng pagkabuhay na mag-uli at buhay na walang hanggan ng bawat isa sa atin.

Hamon

Hamunin ang mga bata na ikuwento sa iba ang tungkol sa pagpapabangon ni Jesus kay Lazaro mula sa pagkamatay sa darating na linggo.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o mahigit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Anyayahan ang mga bata na magkunwaring si Maria, Marta, Lazaro at ang mga Judio na naroroon nang pabangunin ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay. Anyayahan ang isa pang bata na kapanayamin ang ibang mga tao upang malaman kung ano ang nangyari, ano ang kanilang nasaksihan, ano ang kanilang nadama nang makita nilang lumabas mula sa yungib si Lazaro, at ano ang nadama nila tungkol kay Jesus.

2. Maghanda ng mga kapirasong papel na tumutukoy sa mga pangyayari katulad ng sumusunod, nang ang isang tao ay nagpatotoo na si Jesus ay Anak ng Diyos. Maghanda pa ng panibagong mga papel na may mga banal na kasulatan na nagsasaad ng pangyayari.

   Pangyayari: Ipinanganak si Jesus.

   Banal na kasulatan: Ang isang anghel ay nagsabing, “Sapagkat ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon” (Lucas 2:11).

   Pangyayari: Bininyagan si Jesus.

   Banal na kasulatan: May tinig na galing sa langit na nagsasabing, “Ikaw ang pinakamamahal kong Anak”; Ang Espiritu ng Diyos ay bumaba tulad ng isang kalapati (Marcos 1:9–11).

   Pangyayari: Naglalakad si Jesus sa tubig.

   Banal na kasulatan: Ang mga disipulo ni Jesus na nasa bapor ay nagsabing, “Tunay na ikaw ang Anak ng Diyos” (Mateo 14:25–27; 32–33).

   Pangyayari: Pinagaling ni Jesus ang isang lalaking ipinanganak na bulag.

   Banal na kasulatan: “At [ang lalaki] ay nagsabing, Panginoon, sumasampalataya ako [ikaw ay Anak ng Diyos]. At siya ay sinamba niya” (Juan 9:32, 35–38).

   Pangyayari: Nagpatotoo si Pedro tungkol kay Cristo.

Banal na kasulatan: Nang tinanong ni Jesus ang kanyang mga disipulo sa kanilang palagay kung sino siya, sinabi ni Pedro na, "Ikaw ay ang Cristo, Anak ng nabubuhay na Diyos" (Mateo 16:13–16).

Pangyayari: Natanggap ni Joseph Smith ang kanyang unang pangitain.

Banal na Kasulatan: Sinabi ng Ama sa Langit na, "Ito ang aking pinakamamahal na Anak, dinggin Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Ilagay ang mga papel nang pataob sa sahig o sa lamesa nang hindi magkakasunod. Hayaan ang isang bata na lumapit at ibaling ang dalawang papel nang patihaya at subukang iparehas ang pangyayari sa wastong salaysay sa banal na kasulatan. Kung ang dalawang papel ay hindi magkatugma, itaob muli ang mga papel at hayaan ang isa pang bata na sumubok. Kung ang lahat ng mga papel ay parehas na bago pa sumubok ang bawat bata, ulitin ang paglalaro.

3. Tulungan ang mga bata na isaulo ang Juan 11:25.

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na si Jesucristo ay Anak ng Diyos at may kapangyarihan laban sa kamatayan. Ipahayag ang iyong pagmamahal sa Panginoon at ang iyong pasasalamat sa Kanya sa kanyang pagbabayad-sala, na nagawa nito na maaari na tayo ay mabuhay na mag-uli at magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Juan 11:39–46 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
29

# Ang Matagumpay na Pagpasok ni Jesucristo at ang Huling Hapunan

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maunawaan ang kahalagahan ng pagtanggap ng sakramento tuwing linggo bilang isang paalala upang palaging maalaala si Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 21:1–11; Marcos 14:12–26; Lucas 19:29–38; 22:15–20 at Doktrina at mga Tipan 20:77, 79. Pagkatapos ay pag-aralan ang mga aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Karagdagang mga babasahin: ang pamagat ng Doktrina at mga Tipan 27, Doktrina at mga Tipan 27:2, at *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 23.
3. Pumili ng mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o isang Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Ilang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   c. Lapis at papel para sa bawat bata (kung nanaisin).
   d. Mga larawan 7-28, Matagumpay na Pagpasok (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 223; 62173), at 7-29, Ang Huling Hapunan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 225; 62174).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hatiin ang klase sa mga pangkat, at hilingin sa mga bata na mag-isip ng mga bagay na maaari nilang gawin sa kanilang mga tahanan kung sila ay magkakaroon ng mga natatanging panauhin na darating upang dalawin ang kanilang mga pamilya, tulad ng paglilinis ng bahay, paghahanda ng natatanging mga pagkain, at iba pa. Hayaang isadula ng bawat pangkat ang kanilang gagawin at hayaang hulaan ng natitira sa klase kung ano ang kanilang ginagawa.

- Kung ang Tagapagligtas ay pupunta sa inyong tahanan, ano ang inyong gagawin upang maging handa? Sabihin sa mga bata na ang araling ito ay magtuturo sa kanila ng isang pagkakataon kung kailan ang mga tao ay naghanda ng isang natatanging pagsalubong sa Tagapagligtas upang ipakita kung gaano nila pinararangalan at iginagalang siya.

**Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan at mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Ipakita ang larawang Matagumpay na Pagpasok. Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa matagumpay na pagpasok ni Jesus sa Jerusalem (Mateo 21:1–11; Lucas 19:29–38). (Para sa mungkahing mga paraan sa pagtuturo ng mga pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

- Ano ang ginawa ng mga tao nang marinig nila na si Jesucristo ay darating sa kanilang lungsod? (Mateo 21:8–9.) Ano ang palagay ninyo ang kanilang naramdaman tungkol kay Jesus? Ano sa palagay ninyo ang inyong mararamdaman kung kayo ay nandoon?
- Bakit sumigaw ng "Hosanna" ang mga tao habang sila ay lumalakad na kasama ni Jesus patungo sa Jerusalem? (Tulungan ang mga bata na maunawaan na ito ang kanilang pamamaraan ng pagpuri at pagsamba kay Jesus at ipakita na sila ay naniniwala na siya ang Anak ng Diyos.) Paano natin sinasamba sa ngayon ang Ama sa Langit at si Jesus? (Kapag tayo ay dumadalo sa pulong sakramento, sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, sa pag-awit ng mga himno, panalangin at pagtanggap ng sakramento.)

Ituro sa mga bata ang kuwento tungkol sa Huling Hapunan mula sa Marcos 14:12–26 at sa Lucas 22:15–20. Ipakita ang larawan ng Huling Hapunan. Ipaliwanag na ang Paskua ay isang rituwal na pagkain ng mga tao na kinakain taun-taon upang ipaalala sa kanila ang panahon nang lampasan ng mapanirang anghel ang mga bahay ng kanilang mga ninuno sa Ehipto at hindi pinatay ang kanilang mga panganay na anak na lalaki (tingnan sa Exodo 12:21–30).

- Bakit tinatawag nating Huling Hapunan ang pagkain sa Paskua? (Lucas 22:15–18.) Ano ang ginawa ni Jesus sa pagkaing ito? (Marcos 14:22–24.) Bakit niya ginawa ito? (Upang ituro ang kahalagahan ng kanyang pagbabayad-sala. Kanyang sinimulan ang sakramento upang tulungan tayo na palaging maalaala siya at ang kanyang pagbabayad-sala.)
- Ano ang sinabi ni Jesus na kinakatawan ng tinapay? (Marcos 14:22.) Ano ang sinabi ni Jesus na kinakatawan ng alak? (Marcos 14:23–24. Ipaliwanag na tubig ang ating ginagamit ngayon sa halip na alak.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang tinapay at tubig ay mga simbolo, o tagapagpaalala ng katawan at dugo ni Jesus.
- Paano naging tulad ng Huling Hapunan ang ating serbisyo ng sakramento ngayon? Ipaalala sa mga bata na kagaya ni Jesus na pinutul-putol ang tinapay at binasbasan at ipinamahagi ang tinapay at alak, ang mga maytaglay ng pagkasaserdote ay gumaganap ng katulad na mga tungkulin ngayon. Maaari mong naising samantalahin ang pagkakataong ito upang matulungan ang mga batang lalaki sa iyong klase na maunawaan na kapag tinanggap na nila ang Pagkasaserdoteng Aaron, matatanggap na nila ang karapatan na kumakatawan kay Cristo sa serbisyo ng sakramento.

Kung sino man sa mga bata ang magtatanong kung bakit tubig ang ating ginagamit sa halip na alak para sa sakramento, pasangguniin sila sa Doktrina at mga Tipan 27:1–2.

- Ipabasa sa mga bata ang Doktrina at mga Tipan 20:77, 79. Ano ang dalawang banal na kasulatang ito? Ipaliwanag na inihayag ni Jesus ang mga piniling salita para sa panalangin sa sakramento at ang mga saserdote ay inatasan na ulitin ang mga yaon gaya ng pagkasulat sa Doktrina at mga Tipan.

- Kapag sinasabi natin ang “amen” sa mga panalangin sa sakramento, ano ang ipinapangako nating gawin? Ano naman ang ipinangangako ng Panginoon sa atin bilang kapalit? Bakit mahalaga para sa atin ang alalahanin si Jesus tuwina? Ano ang inyong magagawa upang laging maalaala ang Tagapagligtas? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, o buod o hamon.

1. Pagbalik-aralan ang mga tipan sa pagbibinyag mula sa aralin 6. Ipaliwanag na ang mga pangako sa mga panalangin sa sakramento ay katulad din ng mga tipan sa pagbibinyag. Kapag ating tinanggap ang sakramento, ay ating inuulit ang ating mga tipan sa pagbibinyag. Maaari mong ipakita ang sumusunod na mga salitang nakasulat sa papel:

   Ako ay nangangako
   na tatanggapin ko sa aking sarili ang pangalan ni Cristo.
   na lagi siyang aalalahanin.
   na susundin ang kanyang mga kautusan.

   Ang Panginoon ay nangangako sa akin na
   mapapasa akin sa tuwina ang Kanyang Espiritu.

2. Itanong sa mga bata kung may natatanging mga kadahilanan ba ang pagbibigay ng kanilang mga pangalan. Hilingan ang mga bata na ipinangalan sa iba na magsalita tungkol sa kung ano ang pakiramdam nila sa pagtataglay ng pangalan ng taong iyon. Hilingan ang mga may natatanging apelyido na magsalita tungkol sa kung ano ang kahulugan ng tanggapin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo kapag tayo ay naging kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ating mga ikinikilos bilang mga kasapi ng Simbahan ay dapat na naaangkop para sa isang tagasunod ni Jesucristo.

3. Ipalista sa klase ang mga paraan na maaari nating maalaala si Jesus kapwa sa oras ng sakramento at sa buhay natin sa araw-araw. Ang mga mungkahi ay maaaring kabilangan ng:

   Sa oras ng sakramento:
   Isipin kung gaano siya nagdusa at namatay para sa atin.
   Isipin ang mga salita sa isang himnong pangsakramento.
   Isipin ang mga kuwento mula sa buhay ni Jesus (bayaan ang mga bata na magmungkahi ng tiyak na mga kuwento).
   Isipin ang isa sa mga itinuro ni Jesus na nais mong umpisahang ipamuhay o ipamuhay nang mabuti.
   Isipin ang iyong mga tipan sa pagbibinyag.

   Sa ating araw-araw na pamumuhay:
   Manalangin sa Ama sa Langit bawat araw sa pangalan ni Jesucristo.
   Sundin ang ating mga magulang.
   Maging mabait sa mga miyembro ng pamilya.
   Magbasa ng mga banal na kasulatan.
   Sundin ang mga kautusan.

Maging mapitagan sa mga banal na lugar.
Tumulong sa mga ibang nangangailangan.
Dumalo sa mga pulong ng ating Simbahan.

Maaari mong ipasulat sa bawat bata ang isa sa mga mungkahing ito sa isang pirasong papel at itabi ito bilang isang tagapagpaalala sa buong linggo.

4. Talakayin ang layunin ng mga himnong pangsakramento sa mga bata sa pamamagitan ng sumusunod na mga tanong:

   - Bakit umaawit tayo ng isang himno bago basbasan ang sakramento?
   - Sino ba ang pinatutungkulan ng himnong pangsakramento?

   Himukin ang mga bata na pakinggan ang mga titik ng himnong pangsakramento bawat linggo. Maaari mong awitin ang isa sa mga himnong pangsakramento o patugtugin ang teyp ng musika habang ang lahat ay nakikinig at iniisip si Jesus. Maaari mong gamitin ang "Jesus, The Very Thought of Thee" (*Hymns*, blg. 141). Maaari mo ring hilingin sa tagakumpas (chorister) ng purok na gamitin itong himnong pangsakramento sa susunod na pulong sakramento.

5. Awitin o basahin ang mga titik ng "In Memory of the Crucified" (*Hymns*, blg. 190).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng iyong patotoo tungkol kay Jesucristo at sa kanyang pagmamahal para sa bawat isa sa atin. Bigyang-diin na ang pag-alaala sa kanya ay makatutulong sa atin na makagawa ng mga tamang pagpili upang makapiling natin siyang muli. Himukin ang mga bata na isipin ang Tagapagligtas habang sila ay tumatanggap ng sakramento bawat linggo at mangako na mamumuhay gaya nang nararapat.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Marcos 14:12–26 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
30

# Si Jesucristo sa Getsemani

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maramdaman ang pagmamahal sa kanilang Manunubos, si Jesucristo, dahil sa kanyang pagdurusa at pagbabayad-sala para sa kanilang mga kasalanan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 26:36–46, Lucas 22:40–46, Juan 3:16, 15:12–13, Mosias 3:7, at Doktrina at mga Tipan 19:15–18. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo ituturo sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: 2 Nephi 9:21–22, Alma 34:9, Doktrina at mga Tipan 76:41–42, at Mga Alituntunin ng Ebanghelyo, kabanata 12.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Ang mga sumusunod na salitang nakasulat sa papel:
      Ano ang Pagbabayad-sala?
      Bakit kailangan natin ang Pagbabayad-sala?
      Lahat tayo ay mamamatay.
      Lahat tayo ay nagkakasala.
      Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos.
      Siya ay hindi nagkasala.
      Siya ay may kapangyarihan laban sa kamatayan.
   c. Mga larawan 7-1, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572), at 7-30, Nananalangin si Jesus sa Getsemani (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227; 62175).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga bata kung mayroon sa kanila na nagnanais magbahagi sa klase kung paano nakatulong sa kanila ang aralin noong nakaraang linggo na mapabuti ang kanilang pagsimba ngayon sa sakramento.

Gawaing Pantawag-pansin

Hilingin sa mga bata na mag-isip ng isang kalagayan na katulad ng isang ito (ilarawang mabuti na ginagawang parang sa tunay na buhay ang kalagayan hangga't maaari):

Ipagpalagay na ang inyong pamilya ay dumadalaw sa inyong kamag-anak.

Hindi ka nakinig sa iyong mga magulang at pumasok ka sa silid na sinabi sa iyo na huwag mong pupuntahan. Sa hindi sinasadya ay nakabasag ka ng isang mahalagang bagay.

- Ano ang mararamdaman mo?
- Ano ang sasabihin mo sa may-ari?
- Ano ang maaari mong gawin upang palitan ang nasirang bagay?
- Ano ang gagawin mo kung wala kang sapat na pera upang makabili ng isang kagaya rin noon? Paano mo babayaran ito?

Ipaliwanag mo na tutulungan ka ng iyong ama dahil mahal ka niya. Sinabi niya sa iyo na kung talagang ikinalulungkot mo ang pangyayari, magiging masunurin, at magbabayad sa abot ng makakaya mo, ikaw ay tutulungan niya sa pamamagitan ng pagbabayad sa natitira.

- Ano ang mararamdaman mo? Mababayaran mo bang mag-isa ang halagang iyon? Ano ang mararamdaman mo tungkol sa pagtulong ng iyong ama sa iyo?

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng pagpili na isilang sa lupa, ang bawat isa sa atin ay mangangailangan ng tulong upang makabalik sa ating Ama sa Langit.

Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil tayo ay mahal ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo, sila ay may plano na tutulong sa ating gumawa ng isang bagay na hindi natin maaaring magawa sa ating sarili. Ang araling ito ay bahagi ng planong yaon; ito ay tungkol sa dakilang pagpapakasakit na ginawa ni Jesucristo upang bayaran ang ating mga kasalanan at upang magapi ang kamatayan. Ang pagpapakasakit na ito ay tinatawag na Pagbabayad-sala. Ipakita ang larawang Si Jesus ang Cristo.

Madaliang Pagbabalik-aral

Ipaulit sa mga bata ang ikatatlong saligan ng pananampalataya. Pagkatapos ay hilingin sa kanila na pagbalik-aralan ang layunin ng ating buhay sa lupa at kung bakit kailangan ang Pagbabayad-sala para sa ating kaligtasan. Upang matulungan sa pagbabalik-aral na ito, gamitin ang mga salitang nakasulat sa papel na nakalista sa bahagi ng "Paghahanda."

"Ano ang Pagbabayad-sala?" (Ang Pagbabayad-sala ay ang pagkukusang-loob na ginawa ni Jesucristo na pagpapakasakit para sa ating mga kasalanan at pagbibigay ng kanyang buhay sa krus upang magapi ang kamatayan.)

"Bakit kailangan natin ang Pagbabayad-sala?" (Ipaalala sa mga bata ang plano ng ating Ama sa Langit. Pinili natin ang pumunta sa lupa at maging mortal. Ang ating mga katawang-lupa ay mamamatay balang-araw.

"Lahat tayo ay mamamatay." (Kailangan natin ang isang Tagapagligtas upang tayo ay masagip sa kamatayang pisikal at gawing posible ang pagkabuhay na mag-uli.)

"Lahat tayo ay nagkakasala." (Ang pagkakasala ang dahilan ng hindi natin pagiging karapat-dapat upang makabalik sa kinaroroonan ng Ama sa Langit. Nangangailangan tayo ng isang Manunubos upang magbayad sa ating mga kasalanan kapag tayo ay nagsisi.)

"Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos." (Bigyang-diin na si Jesucristo ay nagkusang loob na maging ating Tagapagligtas at Manunubos; siya ay nakahandang ibigay ang kanyang buhay para sa atin.)

"Siya ay hindi nagkasala." (Sapagkat si Jesucristo ay ganap, siya lamang ang tao na maaaring maging Tagapagligtas at Manunubos natin.)

"Siya ay may kapangyarihan laban sa kamatayan." (Sapagkat si Jesucristo ay hindi nagkasala at Bugtong na Anak ng Diyos, siya ay may kapangyarihan laban sa kamatayan.)

Basahin ang Juan 3:16 na kasabay ng klase. Mag-anyaya ng kahit sino sa mga bata na magkakagustong ibahagi ang kanilang nadarama tungkol sa pagbibigay sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ng kahanga-hangang plano. Ibahagi ang iyong nadaramang pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesus at sabihin kung gaano ang iyong pagnanais na makabalik at mamuhay na kasama nila balang-araw.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ipakita ang larawan ni Jesus na Nananalangin sa Getsemani. Ituro sa mga bata ang kuwento tungkol kay Jesus nang siya ay nasa Getsemani na matatagpuan sa Mateo 26:36–46, Lucas 22:40–46, at Doktrina at mga Tipan 19:16–18. (Para sa mungkahing mga paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na naunawaan ni Jesus ang kanyang misyon at alam na ang oras ay sumapit na kung kailan siya ay dapat na magdusa ng matinding paghihirap at hapdi upang bayaran ang mga kasalanan ng sanlibutan.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinabi ni Jesus sa Ama sa Langit habang nananalangin siya sa Halamanan ng Getsemani? (Mateo 26:39, 42, 44.) Bakit maluwag sa kalooban ni Jesus na sundin ang plano ng Ama sa Langit kahit na siya ay magtiis ng gayong katakut-takot na paghihirap? (Mahal niya at nagtitiwala siya sa kanyang Ama, at mahal niya tayo.)
- Ano ang nangyari kay Jesus habang nananalangin siya sa Halamanan ng Getsemani? (Lucas 22:44; Mosiah 3:7.) Sino ang nagpakita kay Jesus upang palakasin siya? (Lucas 22:43.)
- Para kanino nagdusa si Jesus sa Halamanan ng Getsemani? (Doktrina at mga Tipan 19:16.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Jesus ay nagdusa rin sa krus, ngunit ang kanyang pinakamatinding pagdurusa ay sa Halamanan ng Getsemani, nang dumugo ang bawat butas ng kanyang balat.

Basahin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Elder Marion G. Romney: "Ang Tagapagligtas . . . ang nagbayad ng utang para sa aking sariling mga kasalanan. Siya ang nagbayad ng inyong sariling mga kasalanan at ng sariling mga kasalanan ng lahat ng nabubuhay na kaluluwa na nanahan sa ibabaw ng lupa o maninirahan sa mortalidad sa ibabaw ng lupa" (*Improvement Era*, Dis. 1953, p. 942–43).

- Gaano kabigat ang pagdurusa ni Jesus? (Doktrina at mga Tipan 19:18.)
- Bakit maluwag sa kalooban ni Jesus na magdusa ng ganitong mga bagay? (Juan 15:12–13.) Ano ang inyong nadarama na malaman na si Jesus ay nagdusa at nagbayad-sala ng inyong mga kasalanan? Paano natin maipakikita kay Jesus na tayo ay nagpapasalamat sa Pagbabayad-sala?
- Ano ang dapat nating gawin upang ang pagdurusa ni Jesus ay makabayad sa ating mga kasalanan? (Magsisi, magpabinyag, at sundin ang mga tipan sa pagbibinyag.) Paano ang pagbabayad-sala ni Jesus ay nagpapahintulot sa atin na makabalik sa Ama sa Langit? Ano ang mangyayari kung hindi tayo nagsisisi? (Doktrina at mga Tipan 19:15–17.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na tinatanggap natin ang pagbabayad-sala ni Cristo sa pamamagitan ng pagsisisi sa ating mga kasalanan, sa pagpapabinyag at pagtanggap sa Espiritu Santo, at sa pagsunod sa mga kautusan ni Jesus. Kapag ginagawa natin ang mga bagay na ito, tayo ay mapapatawad at malilinis sa ating mga kasalanan upang mabuhay tayo magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit.

Saligan ng Pananampalataya

Pagbalik-aralan, talakayin, at tulungan ang mga bata na maisaulo ang pangatlong saligan ng pananampalataya.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Maghanda ng isang listahan ng mga banal na kasulatan na katulad ng sumusunod (o maaari mong isulat ang mga ito sa pisara) at isang listahan, sa isang hiwalay na hanay, ng bawat mensahe ng banal na kasulatan. Paghaluin ang mga sanggunian upang hindi maging katapat ng kaukulang mensahe. Patingnan sa isang bata ang banal na kasulatan, magpasiya kung ano ang taglay na mensahe nito, at gumuhit ng linya mula sa banal na kasulatan tungo sa naaangkop na mensahe. Bigyan ng pagkakataon ang lahat ng bata.

   Mateo 16:21 (Ang pagpapasakit ni Jesus ay kailangan.)

   Juan 3:16 (Si Jesus ay pumarito sa lupa dahil tayo ay mahal niya at ng Ama sa Langit.)


   Juan 10:17–18 (May kapangyarihan si Jesus na ibigay ang kanyang buhay at kunin itong muli.)

   1 Pedro 1:19–20 (Pinili si Jesus sa langit upang maging ating Tagapagligtas.)

   1 Juan 1:7 (Ang pagbabayad-sala ni Jesucristo ang lumilinis sa ating kasalanan kung tayo ay magsisisi.)

   Doktrina at mga Tipan 20:29 (Tayo ay maliligtas lamang sa kaharian ng Diyos kapag nagsisisi tayo sa ating mga kasalanan, naniniwala kay Jesucristo, at magpapabinyag.)

2. Isalaysay sa mga bata ang sumusunod na kuwento, na ginagamit ang banghay kung nais:



Isang tao na naglalakad sa daan ang nahulog sa isang hukay na napakalalim kung kaya't hindi siya makaahon. Kahit na ano ang gawin niya ay hindi siya makaahon nang mag-isa. Ang tao ay humingi ng tulong at laking tuwa niya nang isang maawaing dumaraan ang nakarinig sa kanya at nilawitan siya ng hagdan sa hukay. Ito'y nagbigay daan upang siya ay makaahon sa hukay at muling makamit ang kanyang kalayaan.

Tayo ay tulad ng tao na nasa hukay. Ang pagkakasala ay tulad ng pagkahulog sa hukay, at hindi tayo makakaalis kung tayo lang mag-isa. Katulad ng maunawaing dumaraan na nakarinig sa taong humingi ng tulong, isinugo ng Ama sa Langit ang kanyang Bugtong na Anak upang magbigay ng paraan na makalaya. Ang pagbabayad-sala ni Jesucristo ay maihahambing sa paglalawit ng hagdan sa hukay; ito ang magbibigay sa atin ng paraan upang makaahon. Katulad ng tao na nasa hukay na kinailangang umakyat sa hagdan, tayo ay dapat magsisi ng ating mga kasalanan at sundin ang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo upang makaahon sa ating hukay at magkaroon ng epekto ang Pagbabayad-sala sa ating buhay. Samakatwid, pagkatapos ng lahat ng ating magagawa, ginagawang posible ng Pagbabayad-sala na tayo ay maging karapat-dapat na makabalik sa kinaroroonan ng Ama sa Langit.

3. Basahin ang Mosiah 14:3–5 at Alma 7:11–12. Talakayin kung paano si Jesucristo, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, ay hindi lamang nagdusa para sa ating mga kasalanan kundi pinagdusahan din ang ating mga hapdi, sakit, at pighati. Nauunawaan niya nang lubos ang lahat ng bagay na ating nararanasan at pinagdudusahan sa lupa. Sa pamamagitan ng kanyang pag-ibig at pagkahabag, tayo ay tutulungan niya sa ating mga problema at mga hamon.

4. Tulungan ang mga bata na sauluhin ang Juan 3:16.

5. Awitin o basahin ang mga titik sa "Ako'y Namangha" (Mga Himno at Awit Pambata) o "Help Us, O God, to Understand" (Children's Songbook, p. 73).

### Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Magbigay ng iyong patotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Ipahayag ang iyong pagmamahal kay Jesus at sa ating Ama sa Langit at pagtanaw ng utang na loob sa kanilang pagbibigay ng paraan para sa atin upang mapagtagumpayan ang kasalanan at kamatayan at mabuhay na kasama nilang muli. |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 26:36–46 at Doktrina at mga Tipan 19:16–18 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.<br>Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

Aralin
31

# Ang Pagkanulo, Pagdakip, at Paglitis kay Jesucristo

**Layunin**

Patibayin ang pangako ng bawat bata na maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 26:14–16, 47–27:31 at Lucas 22:47–23:25. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Isulat ang sumusunod na mga salita at parirala sa magkakahiwalay na mga kard: *Anak ng Diyos, Tagapagligtas, Manunubos, banal, ganap, makapangyarihan sa lahat, mapagmahal, Manlilikha, guro, tagapagpagaling, dinuraan, ipinagkanulo, pinaratangan ng hindi totoo, sinampal, inusig, hinampas, iginapos, nilibak, pinutungan ng koronang tinik, hinatulang mamatay.*
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Teyp o ibang paraan ng pagpapakita ng mga kard.
   c. Larawan 7-31, Ang Pagkakanulo kay Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 228; 62468), at 7-32, Ang Pagtatatwa ni Pedro (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 229; 62177).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Haluin ang mga kard na inihanda mo at ilagay ang mga iyon nang pataob sa lamesa o sa sahig. Ipaliwanag sa mga bata na ang ilan sa mga kard na naglalarawan kay Jesus at ang iba ay naglalarawan sa kung ano ang ginawa sa kanya sa mga huling sandali ng kanyang buhay. Isa-isang papiliin ng kard ang mga bata, ipabasa ito, at ilagay sa isa sa dalawang bunton. Sa unang bunton ay ilalagay nila ang mga salita na naglalarawan kay Jesus, at sa isa ay ilalagay nila ang mga salita na nagsasabi kung ano ang ginawa sa kanya sa mga huling sandali ng kanyang buhay.

Mabilis na pagbalik-aralan ang mga pangyayaring naganap sa Halamanan ng Getsemani at sabihin sa mga bata na sa araling ito ay kanilang matututuhan ang tungkol sa mga pangyayari na naganap pagkatapos na pagkatapos na si Jesus ay manalangin sa Getsemani.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa pagkakanulo, pagkakadakip, at paglilitis (Mateo 26:14–16, 47–27:31 at Lucas 22:47–23:25). (Para sa mungkahing mga paraan

sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Hilingin sa mga bata na pakinggan ang mga salita na maglalarawan kung ano ang ginawa kay Jesus. Tulungan sila na maunawaan na maaaring gamitin ni Jesus ang kanyang kapangyarihan upang ipagsanggalang ang kanyang sarili sa ganitong pagmamalabis, ngunit alam niya na ito ay bahagi ng pagdurusa na kailangan niyang pagtiisan upang matupad ang kanyang misyon sa lupa at malubos ang Pagbabayad-sala (tingnan sa Mosiah 15:5).

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang nagkanulo kay Jesus? (Mateo 26:14–16.) Paano siya ipinagkanulo ni Judas? (Mateo 26:48.) Ano ang nangyari kay Judas? (Mateo 27:3–5.)
- Bakit pinigil ni Jesus ang kanyang mga Apostol na ipagtanggol siya? (Mateo 26:51–54; Lucas 22:49–51.) Anong aral sa palagay ninyo ang natutuhan ng kanyang mga disipulo noong pagalingin ni Jesus ang tainga ng taong nasugatan? Bakit sa palagay ninyo nagsitakas palayo ang mga Apostol at iniwan si Jesus? (Mateo 26:56.) Ano sa palagay ninyo ang inyong gagawin kung kayo ay naroon?
- Bakit hindi sinagot ni Jesus ang mga nagpaparatang sa kanya noong kasalukuyan siyang nililitis? (Mateo 26:62–63; 27:12–14; Lucas 23:9.) (Tingnan ang gawaing nagpapayaman ng kaalaman 3.) Ipaliwanag na nang si Jesus ay tanungin kung siya si Cristo, ang Anak ng Diyos, o Hari ng mga Judio, siya ay sumagot (tingnan sa Mateo 26:63–64; 27:11). Ituro na hindi itinatwa ni Jesus ang kanyang pagkatao o hindi tinangkang sagipin ang kanyang sarili. Alam ni Jesus na siya ay ipapako sa krus upang malubos ang kanyang misyon sa lupa.
- Sumangguni muli sa listahan ng mga salita sa gawaing pantawag-pansin na naglalarawan kung ano ang ginawa ng mga tao kay Jesus. Ano ang inyong naiisip kapag inyong nababasa ang mga salita? Ano ang inyong nararamdaman tungkol sa kakila-kilabot na mga bagay na ginawa ng mga tao kay Jesus? Mayroon bang sinumang naging masungit sa inyo dahil sa kayo ay naniniwala kay Jesucristo o dahil sa kayo ay nagpupunta sa simbahan? Ano ang ginawa ninyo?
- Ilang ulit itinatwa ni Pedro na kilala niya si Jesus? (Lucas 22:54–60.) Bakit sa palagay ninyo ginawa ito ni Pedro? Ano ang naramdaman ni Pedro nang mapag-isip-isip niya ang kanyang ginawa? (Lucas 22:61–62.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Pedro ay hindi pa nakatatanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Si Pedro ay isang dakilang tao na sa bandang huli ay naging Pangulo ng Simbahan at ibinuwis ang kanyang buhay bilang kanyang patotoo. Paano tayo magiging matapang sa ating mga patotoo kay Jesucristo maging ano man ang hamon na ating haharapin? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pabanggitin ang bawat bata ng isa sa mga katangian o ugali ni Jesus na talagang pinahahalagahan nila.
2. Pagbalik-aralan ang una at pangatlong mga saligan ng pananampalataya. Tulungan ang mga bata na maunawaan na itong mga saligan ng pananampalataya ay nagpapaalala sa atin tungkol sa pagiging Diyos ni Jesucristo at ng kahalagahan ng kanyang misyon.
3. Isulat sa mga karatula ang sumusunod na mga salita: *Caifas, Pilato, at Herodes*. Ibigay ang mga karatulang ito sa tatlong bata at ipaliwanag na ang bawat isa sa mga namumunong ito ay may kakaibang pananagutan sa bansa. Patayuin ang “mga namumunong” ito sa iba’t-ibang lugar ng silid at palapitin sa kanila ang ibang nasa klase habang binabasa ng tatlong bata ang mga sumusunod na talumpati. O patayuin ang tatlong bata sa harapan ng klase upang basahin ang kanilang mga bahagi.

   Caifas: Ang pangalan ko ay Caifas. Ako ang mataas na saserdote ng mga Judio, ang ibig sabihin ay ako ang pinuno ng relihiyon ng mga Judio. Ninais kong ipapatay si Jesus, ngunit kailangan kong kumuha ng pahintulot sa pinunong Romano, kaya ipinahatid ko siya kay Pilato.

   Pilato: Ang pangalan ko ay Poncio Pilato. Ako ang gobernador na Romano, na ang ibig sabihin ay ako ang pampamahalaang pinuno ng Judea. Ninais ng mga Judio na hatulan ko si Jesus ng kamatayan, ngunit wala akong makitang pagkakamali niya. Ipinahatid ko siya kay Herodes.

   Herodes: Ang pangalan ko ay Herodes. Ako ay isang Judio, at ginawa akong Hari ng Romano sa Galilea. Ipinadala ni Pilato si Jesus sa akin dahil ako ang hari sa pook kung saan lumaki si Jesus. Ako ay nananabik na makita ang taong ito na nagngangalang Jesus. Narinig ko ang tungkol sa kanya at nais kong makita siyang gumawa ng milagro, subali’t ayaw niyang makipag-usap sa akin o sumagot sa aking mga tanong. Ipinabalik ko siya kay Pilato.

   Pilato: Wala pa rin akong makitang dahilan upang hatulan ang taong ito na mamatay, ngunit ang mga tao ay nagpilit. Napagod ako sa pagsasabi sa mga tao na wala akong makitang kamalian ni Jesus at hinayaan kong kunin siya sa akin ng mga tao upang ipako sa krus.

   Pagkatapos makabalik sa kanilang upuan ang tatlong bata, talakayin kung ano kaya ang naging damdamin ni Jesus nang kinailangan niyang dumulog sa harapan ng mga taong ito at pagtatanungin nila.
4. Isulat sa mga piraso ng papel ang ilang mga kalagayan, gaya ng sumusunod, na maaaring maging mahirap para sa mga bata na harapin (gumamit ng mga kalagayan na maaaring maging angkop para sa iyong klase):

   Pinagtatawanan ka ng isang tao sa pagpunta mo sa Simbahan.

   May isang taong kumukumbinsi sa iyo na subukan mo ang bawal na gamot o paghithit ng sigarilyo.

   Nakakita ka ng isang kamag-aral na naging salbaheng makitungo sa isang bata.

Hiniling ng mga kaibigan mong hindi miyembro na ipaliwanag mo ang iyong mga paniniwala.

Isang kamag-aral ang humiling na magsinungaling ka upang hindi siya masangkot sa gulo.

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagbunot ng piraso ng papel at pagbasa nito. Bayaang talakayin ng klase ang bawat kalagayan at magpasiya kung ano ang maaaring tamang gawin. Bigyang-diin na kung minsan ay mahirap maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesucristo, subalit pagpapalain tayo nang lubos kapag ginawa natin.

5. Bigyan ang bawat bata ng isa o dalawang kard na naglalarawan kay Jesus (maaari ka ring gumamit ng ibang mga salita o parirala na naglalarawan kay Jesus). Hilingin sa mga bata na sabihin sa iyo kung ano ang kanilang naalaala kapag kanilang nababasa ang mga salita sa kanilang mga kard. Hilingin sa mga bata na magpasiya sila sa kanilang sarili kung talagang alam nila na si Jesus ay ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos at iba pa. Anyayahan ang mga bata na ilarawan kung paano sila biniyayaan ng kaalaman at pagpapatotoong ito kay Jesucristo.
6. Ipaawit sa klase o mag-anyaya ng isang tao na pumasok sa klase at awitin ang "*He Died That We Might Live Again*" (*Children's Songbook*, p. 65).

---

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng iyong patotoo tungkol sa kabanalan ni Jesucristo, at ibahagi sa mga bata kung gaano kahalaga ang patotoong ito sa iyo. Ipahayag ang iyong pasasalamat kay Jesus sa pagkukusa niyang magpakasakit at mamatay upang tayo ay mabuhay na mag-uli at magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 26:47–54 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
32

# Ang Pagpapako sa Krus at Paglilibing kay Jesucristo

**Layunin**

Patatagin ang patotoo ng bawat bata na dahil si Jesucristo ay namatay para sa atin, tayo ay mabubuhay na muli.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 27:32–66, Lucas 23:26–56, at Juan 10:17–18, 19:13–42. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Marcos 15:20–47.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang kopya ng Aklat ni Mormon.
   c. Mga larawan 7-33, Ang Pagpapako sa Krus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230; 62505); 7-34, Paglilibing kay Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 231; 62180; at 7-35, Ang Puntod ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 232; 62111).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ibahagi sa mga bata ang sumusunod na kuwento:

Isang maginaw, na araw ng taglamig isang eroplano ang bumagsak sa isang tulay sa Washington, D.C., at bumulusok sa nagyeyelong Ilog ng Potomac. Maraming tao ang namatay, ngunit anim na tao ang nakapangunyapit sa buntot ng eroplano samantalang ang mga tao sa isang helikopter ay naghahagis sa kanila ng isang salbabida. Ang tubig ay napakalamig, at mahirap ang mangunyapit sa eroplano. Ang mga taong yaon ay takot na takot na baka sila ay mamatay bago dumating ang pagkakataon na makuha nila ang salbabida at madala sa ligtas na lugar.

Sa tuwing ang mga sumasaklolo ay magbababa ng salbabida sa isang tao, kanya itong ibinibigay sa iba upang ang ibang tao ay maunang mailigtas. Ginawa niya ito hanggang sa ang lahat ay mailigtas, ngunit nang makatapos hindi na niya matagalan ang paghawak. Nang ang helikopter ay bumalik upang siya’y kunin, dumulas siya sa ilalim ng tubig. Siya ay namatay bago nailigtas.

- Bakit sa palagay ninyo ipinagpatuloy ng taong iyon ang pagbibigay ng salbabida sa iba? Ano ang madarama ninyo kung kayo ang isa sa mga tao na nailigtas niya?

Ipahayag ang iyong damdamin tungkol sa katapangan at pag-ibig na dapat taglayin upang maibigay ang iyong buhay sa iba tulad ng ginawa ng taong iyon.

Ipaliwanag sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa sakit at paghihirap ni Jesus sa krus. Maluwag sa kalooban na ibinuwis niya ang kanyang buhay upang ang lahat ng tao na nabuhay na o mabubuhay pa, ay mabubuhay muli dahil sa dakilang pag-ibig niya sa atin.

Madaliang Pagbabalik-aral

Ipaalala sa mga bata ang naging kalagayan nina Adan at Eva at ng kanilang mga inapo nang kumain sila ng ipinagbabawal na bunga sa Halamanan ng Eden. Dahil sa paglabag nina Adan at Eva ang kanilang mga katawan ay naging mortal (may kamatayan). Ito'y nangangahulugan na ang kanilang mga katawan ay mamamatay balang-araw. Bilang mga inapo nina Adan at Eva, tayo ay daranas din ng kamatayan, tulad nila.

Magpatotoo na ang kamatayang pisikal ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit at ang Ama sa Langit, sa kanyang matinding awa, ay isinugo ang kanyang Bugtong na Anak, si Jesucristo, upang mapagtagumpayan ang kamatayan. Sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Cristo, tayong lahat ay sinagip sa kamatayang pisikal. Tayo ay mamamatay, ngunit tayo ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa Juan 3:16–17; Helaman 14:15).

Mabilis na pagbalik-aralan mula sa naunang mga aralin ang mga pangyayari sa pagdurusa, pagkakanulo, pagdakip, at paglilitis kay Jesus.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa pagpapako sa krus at paglilibing kay Jesus na matatagpuan sa Mateo 27:32–66. (Para sa mungkahing mga paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Sumangguni rin sa Lucas 23:34, 39–43 at Juan 19:19–22, 25–27, 34, 39. Gumamit ng mga larawan sa naaangkop na mga oras.

Maaari mong naisin na sumangguni sa sumusunod na listahan upang matulungan ka sa pagtuturo ng mga paksa nitong aralin:

1. Pinasan ni Simon na taga-Cirene ang krus ni Jesus (Mateo 27:32).
2. Si Jesus ay ipinako sa krus sa pagitan ng dalawang magnanakaw (Mateo 27:33–38; Lucas 23:32–33).
3. Sumulat si Pilato ng isang pamagat at inilagay sa ulunan ng krus (Juan 19:19–22).
4. Si Jesus ay nilibak (Mateo 27:39–44).
5. Nakipag-usap si Jesus sa magnanakaw (Lucas 23:39–43).
6. Hiniling ni Jesus kay Juan na kalingain ang kanyang ina (Juan 19:25–27).
7. Nilukuban ng kadiliman ang sangkalupaan (Mateo 27:45–46).
8. Namatay si Jesucristo (Mateo 27:50–56). Sinibat ng mga sundalong Romano ang kanyang tagiliran (Juan 19:34).
9. Ang katawan ni Jesus ay inilagay sa isang puntod (Mateo 27:57–61; Juan 19:38–42).
10. Nagpapunta ng mga tanod upang bantayan ang puntod (Mateo 27:62–66).

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Pagkatapos ng paglilitis kay Jesus, ano ang ginawa ni Pilato? (Mateo 27:26.) Ano ang ibig sabihin ng *hinampas*? (Hagupitin.) Ano ang ibig sabihin ng *ipako*? (Ipapatay sa pamamagitan ng pagpapako o pagtatali ng mga kamay at paa sa isang krus.) Ipaliwanag na ang pagpapako sa krus ay isang mabagal at masakit na kamatayan na karaniwang nakalaan para sa mga alipin at pinakamababang mga salarin.
- Sa anong dalawang pangalan kilala ang lugar na pinagpakuan kay Jesus? (Mateo 27:33; Lucas 23:33.)
- Sino ang kasama ni Jesus na ipinako sa krus? (Mateo 27:38; Lucas 23:33.)
- Ano ang ibinigay ng mga sundalo kay Jesus upang inumin? (Mateo 27:34.) Ipaliwanag na ang suka at apdo ay ibinigay bilang gamot upang matulungang mawalan ng pandamdam o pawiin ang kirot. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ayaw inumin ni Jesus ang pinaghalong suka at apdo sapagkat nais niyang magkaroon ng lubos na kamalayan at nakaaalam sa nangyayari habang kanyang tinatapos ang gawain ng Pagbabayad-sala.
- Sino ang hiniling ni Jesus sa Ama sa Langit na patawarin? (Lucas 23:34.) Bakit sa palagay ninyo mahalaga na patawarin ni Jesus ang mga sundalo? Bakit mahalaga na tayo ay maging mapagpatawad? Paano tayo pinagpapala kapag tayo ay nagpapatawad sa iba?
- Sino ang ilan sa mga nanlibak at umalimura (umalipusta) kay Jesus samantalang nakabayubay siya sa krus? (Mateo 27:39–44.) Ano ang ilan sa mga bagay na sinabi nila sa kanya? Paano sumagot si Jesus? (1 Nephi 19:9.) Paano tayo dapat tumugon kapag sinasabihan tayo ng masasamang bagay ng mga tao?
- Paano ang naging reaksiyon ng dalawang magnanakaw kay Jesus? (Lucas 23:39–43.) Ano ang sinabi ng pangalawang magnanakaw na nagpapakita na siya ay nagsisimula nang magsisi? (Lucas 23:40–42.) Ano ang naging tugon ni Jesus? (Lucas 23:43.)
- Paano ipinakita ni Jesus ang kanyang dakilang pag-ibig sa kanyang ina habang siya ay nagdurusa sa krus? (Juan 19:25–27.) Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol kay Jesus?
- Gaano katagal nilukuban ng kadiliman ang sangkalupaan? (Mateo 27:45.) Ano ang isinigaw ni Jesus? (Mateo 27:46.) Talaga bang kinalimutan ng Diyos ang kanyang Anak? Ipaliwanag na binawing pansamantala ng Ama sa Langit ang kanyang espiritu upang mag-isang lubos na mapagtagumpayan ni Jesus ang kasalanan at kamatayan.
- Ano ang ibig sabihin ng "ibinigay ni Jesus ang kaluluwa"? (Ang tanging paraan na mamatay si Jesus ay bayaang lumisan ang kanyang espiritu sa kanyang katawan. Pinatutunayan ng banal na kasulatan na ibinigay niya ang kanyang buhay nang maluwag sa kanyang kalooban; hindi ito kinuha sa

kanya.) Ipabasa sa mga bata ang Juan 10:17–18. Bakit sa palagay ninyo maluwag sa kalooban ni Jesus na ialay niya ang kanyang buhay?

- Anong mahimalang pangyayari ang naganap noong oras ng kamatayan ni Jesus? (Mateo 27:51–53.) Ano ang ibig sabihin ng "masira sa dalawa"? (Nahati sa dalawa.) Anong patotoo ang sinabi ng senturion (isang pinuno ng hukbong Romano) nang makita niya ang nangyari? (Mateo 27:54.)
- Sino si Jose ng Arimatea? (Mateo 27:57.) Ano ang kanyang ginawa? (Mateo 27:58–60.)
- Ano ang hiniling ng mga Pariseo kay Pilato na gawin? (Mateo 27:62–66.) Bakit nais nilang pabantayan ang libingan? Bakit walang nangyari sa pagsusumikap nila? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kapangyarihan ng mga tao at sa kapangyarihan ng Panginoon?

Buod ng Talakayan at mga Tanong sa Pagsasagawa

Maaari mong gamitin ang sumusunod na mga tanong upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang pagkakaugnay na namamagitan sa paglabag nina Adan at Eva at ang pangangailangan ng Tagapagligtas.

- Paano lumabag sina Adan at Eva sa isa sa mga kautusan ng Ama sa Langit sa Halamanan ng Eden? (Kumain sila ng bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama.) Ano ang naging bunga ng ganitong paglabag? (Kinailangan nilang lisanin ang halamanan. Naging mortal sila at maaaring magkaroon ng mga anak. Sila at ang kanilang mga inapo ay daranas ng kamatayan. Ito ay bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit.)
- Ano ang mangyayari sa ating mga katawan at espiritu kapag tayo ay namatay? (Iiwanan ng espiritu ang katawan at pupunta sa daigdig ng mga espiritu; ang katawan, na walang buhay kung walang espiritu, ay karaniwang inililibing sa lupa.) Ano ang maaari nating gawin upang magkasamang muli ang ating mga katawan at mga espiritu? (Wala; dahil tayo ay mortal, wala tayong kapangyarihan sa ating sarili upang pagsamahing muli ang ating katawan at espiritu.)
- Sino ang nagbigay-daan para mapagtagumpayan natin ang kalagayang ito ng kawalang pag-asa? Bakit si Jesus lamang ang tanging makapagliligtas sa atin? (Siya ay hindi nagkasala; siya ang Tanging Bugtong na Anak sa laman ng Ama sa Langit at may kapangyarihan laban sa kamatayan.) Ano ang inyong madarama kung alam ninyo na may isang tao na maaaring makatulong sa inyo at sa inyong mag-anak upang mabuhay na mag- uli?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ilista ang sumusunod na mga banal na kasulatan sa isang tsart o pisara. Sabihin sa mga bata na ang bawat banal na kasulatan ay nagtataglay ng isa sa mga pangungusap na ginawa ni Jesus noong nakabayubay siya sa krus. Ipabasa sa mga bata ang mga pangungusap at sabihin kung anong kapangyarihan o ugali ng pagkatao ang tumulong kay Jesus upang masabi o magawa ang mga bagay na ito.

   Lucas 23:34 (Siya ay maawain at mapagpatawad.)
   Lucas 23:43 (Siya ay may kapangyarihan na masabi kung ano ang mangyayari.)

Juan 19:26–27 (Siya ay may pag-ibig at pagmamalasakit sa kanyang ina.)
Mateo 27:46 (Siya ay nagpahayag ng kanyang pagtitiwala sa kanyang Ama.)
Lucas 23:46 (Siya ay masunurin sa kalooban ng Ama sa Langit.)
Mateo 27:50 (Natupad na niya ang plano ng Ama sa Langit.)

2. Ilista sa pisara ang mga pangalang ito ng mga tao o pangkat ng mga taong binabanggit sa pangyayari sa banal ng kasulatan sa pagkamatay at paglilibing kay Jesus. Itanong sa mga bata kung ano ang natatandaan nila tungkol sa bawat tao o pangkat. Tulungan ang mga bata na malaman ang bahagi na ginagampanan ng bawat isa:

   Jesucristo
   Pilato
   Simon na taga-Cirene
   Mga sundalo
   Mga lumilibak
   Dalawang magnanakaw
   Maria, ang ina ni Jesus
   Juan, ang Iniibig
   Ang senturion
   Jose ng Arimatea

3. Talakayin at tulungan ang mga bata na maisaulo ang pangalawang saligan ng pananampalataya.

4. Awitin o basahin ang titik ng "*He Died That We Might Live Again*" (*Children's Songbook*, p. 65) o "Si Jesus Ba ay Nagbangon?" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong pasasalamat sa dakilang pagsasakripisyo na ginawa ni Jesus para sa atin nang mamatay sa krus. Magbigay ng patotoo na tayo ay mabubuhay na mag-uli at muling mabubuhay dahil sa kanyang dakilang pag-ibig sa atin.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mateo 27:34–50 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo

Aralin
33

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maunawaan na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli mula sa mga patay at tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 27:52–53, 28:1–15; Lucas 24; Juan 20; Mga Gawa 1:3, 9–11; at I Mga Taga Corinto 15:5–6, 22. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Marcos 16.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawain na nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga piraso ng papel na nasusulatan ng isa sa sumusunod na mga salita o parirala: *kayong lino, mga pabango, halamanan, mga kawal, bato*.
   c. Mga larawan 7-35, Libingan ni Jesus (62111); 7-36, Si Maria at ang Panginoon na Nabuhay na Mag-uli (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 233; 62186); at 7-37, Si Jesucristo na Nabuhay na Mag-uli (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239; 62187).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ilagay ang mga piraso ng papel na nakalista sa bahagi ng “Paghahanda” sa isang lalagyan, at papiliing isa-isa ang mga bata ng isang piraso ng papel. Hilingin sa kanila na ilarawan kung ano ang nakalista, at pagkatapos ay hilingin sa kanila kung maaaring sabihin sa iyo kung paano nakapatungkol sa paglilibing kay Jesus ang salita o parirala. Gumamit ng katamtamang dami ng mga salita o parirala upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat bata.

Sabihan ang mga bata na ilarawan sa isip na ngayon ay madaling araw ng araw ng Linggo kasunod ng pagpapako at paglilibing kay Jesus. Ipagpalagay na sila ay kasama ng mga disipulo (alagad) na nagdadalamhati sa pagkamatay ni Jesus. Sila ay umaasa na ililigtas sila ni Jesus sa pananakop ng Romano at itatatag ang kanyang kaharian nang may kapangyarihan at kaluwalhatian sa lupa. Ngunit ngayon siya ay patay na. Sabihin sa mga bata na tatalakayin mo kung ano ang nangyari noong Linggo ng umagang iyon sa Jerusalem.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa angkop na oras, ituro sa mga bata ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus na matatagpuan sa Mateo 27:52–53, 28:1–15, Lucas 24, at Juan 20. (Para sa mungkahing mga paraan sa pagtuturo ng mga pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo

mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na kahit sinabihan ni Jesus ang kanyang mga disipulo (alagad) nang maraming ulit na siya ay mabubuhay na muli pagkatapos na siya ay mamatay, ay hindi talaga maunawaan ng kanyang mga tagasunod ang ibig niyang sabihin. Walang sinumang nauna ang nabuhay na mag-uli, at hindi nila maunawaan kung paano mabubuhay na muli si Jesus. Kahit na narinig ng mga disipulo mula sa mga anghel na si Jesus ay bumangon mula sa mga patay at nakita ang nagbangong Panginoon, mahirap pa rin sa kanila na maunawaan kung ano ang nangyari.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gumamit ng mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit pumunta si Maria Magdalena at ang ibang mga babae sa libingan noong Linggo ng umaga? (Marcos 16:1.) Sino ang nakita ng mga babae noong nagpunta sila sa libingan? (Lucas 24:4.) Ano ang sinabi ng mga anghel sa mga babae? (Lucas 24:5–6.) Ano ang ibig sabihin ng mabuhay na mag-uli? (Ang katawang espiritu ay muling sasanib sa katawang laman at buto, at hindi na muling magkakahiwalay.)
- Ano ang ginawa ng mga babae pagkatapos nilang makita ang walang laman na libingan? (Lucas 24:8–12.) Bakit hindi naniniwala ang mga disipulo sa ulat ng mga babae tungkol sa sinabi ng mga anghel? (Lucas 24:11; Juan 20:9.) Ano sa palagay mo ang iyong iisipin kung ikaw ay isa sa mga disipulo at nakarinig ng balitang ito?
- Ano ang natagpuan ni Pedro at ng isa pang disipulo nang sila ay pumunta sa libingan? (Juan 20:3–7. Ipaliwanag na ang "isa pang disipulo" ay maaaring si Juan.) Bakit sila naniwala na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli? (Juan 20:8.)
- Bakit nalungkot pa rin si Maria kahit na matapos sabihin ng mga anghel sa kanya na si Jesus ay bumangon? (Juan 20:11–13.) Anong pangyayari ang tumulong kay Maria upang malaman na si Jesus ay nabuhay na mag-uli? (Juan 20:14–16.) Bakit sinabi ni Jesus sa kanya na huwag siyang hihipuin? (Juan 20:17.)
- Sinu-sino pa ang nabuhay na mag-uli noong araw na nabuhay na mag-uli si Jesus? (Mateo 27:52–53.) Sino sa inyong pamilya ang mabubuhay na mag-uli? Sino pa ang mabubuhay na mag-uli? (I Mga Taga Corinto 15:22.)
- Anong kuwento ang ginawa ng mga pinunong saserdote upang ipaliwanag ang walang lamang libingan? (Mateo 28:11–15.) Bakit pumayag ang mga kawal na sabihin ang kuwentong ito, kahit nakita na nila ang mga anghel? (Mateo 28:12, 15.)
- Sino ang lumakad na kasama ng mga disipulo sa daan patungo sa lungsod ng Emaus noong araw na si Jesus ay nabuhay na mag-uli? (Lucas 24:17–27.) Ano ang naramdaman ng mga disipulo sa kanilang puso nang sila ay makipag-usap kay Jesus? (Lucas 24:32.) Ano ang maaaring maging sanhi ng pag-iinit ng kanilang puso? (Ang Espiritu Santo.) Paano ka o ang mga miyembro ng iyong pamilya nakatanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu?

- Ano ang ginawa ni Jesus noong gabi ng araw na nabuhay siyang mag-uli? (Lucas 24:36–48.) Bakit ipinasara ng mga disipulo ang pinto nang si Jesus ay nagpakita sa kanila? (Juan 20:19.) Ano ang naging reaksiyon ng mga disipulo nang makita nila si Jesus? (Lucas 24:37.) Ano ang ginawa ni Jesus upang mapatunayan sa kanyang mga disipulo na siya ay nabuhay na mag-uli? Ano ang natutuhan ng mga disipulo tungkol sa isang katawang nabuhay na mag-uli? (Lucas 24:39–43.)
- Bakit hindi naniwala si Tomas na si Jesus ay nabuhay na mag-uli? (Juan 20:24–25.) Gaano katagal bago nakita ni Tomas si Jesus? (Juan 20:26.) Ano ang sinabi ni Jesus kay Tomas nang magpakita siya sa kanya? (Juan 20:29.) Ano ang nagpapatibay sa inyong patotoo na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli?
- Kanino pa nagpakita si Jesus pagkatapos na siya ay nabuhay na mag-uli? (Mateo 28:9; 1 Mga Taga Corinto 15:6.) (Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 upang pagbalik-aralan ang lahat ng pagpapakita ni Jesus pagkatapos na siya ay mabuhay na mag-uli.)
- Gaano katagal lumagi si Jesus sa piling ng kanyang mga disipulo pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli? (Mga Gawa 1:3.)
- Paano umakyat sa langit si Jesus? (Mga Gawa 1:9–11.) Sino ang dumating upang ipaliwanag sa mga tao kung ano ang nangyari? Ano ang itinuturo sa atin ng pangyayaring ito tungkol sa ikalawang pagparito ni Jesus?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1 .Bigyan ang bawat bata ng isa sa mga sumusunod na mga palatandaan at ipabasa ito sa kanya sa klase. Pahulaan sa mga miyembro ng klase ang sagot sa bawat palatandaan. Kung hindi nila alam ang sagot, ipabigay sa batang nagtatanong ang sanggunian upang mahanap ng mga bata ang sagot sa banal na kasulatan.

   Ako ang unang tao na pinagpakitaan ni Jesus pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli. Sino ako? (Maria Magdalena. Juan 20:1, 16.)

   Si Jesus ay nagpakita sa amin, at hinipo namin ang kanyang mga paa. Sino kami? (Ibang mga babae. Mateo 28:5, 9.)

   Ako ang unang Apostol na pumasok sa libingan na walang laman. Sino ako? (Pedro. Juan 20:6.)

   Ako ay isang Apostol na kasama ni Pedro na patakbong nagtungo sa libingang walang laman. Nang makita ko, ako ay naniwala na si Jesus ay nabuhay na mag-uli. Sino ako? (Juan. Juan 20:8.)

   Ako at ang aking kaibigan ay lumakad na kasama si Jesus hanggang Emaus, ngunit hindi ko siya nakilala. Sino ako? (Cleopas. Lucas 24:18.)

   Si Jesus ay nagpakita sa amin samantalang kami ay nagpupulong sa isang silid na nakapinid ang mga pinto. Sino kami? (Mga disipulo. Juan 20:19.)

   Ako ay hindi kasama ng ibang mga Apostol nang si Jesus ay unang nagpakita sa kanila. Ako ay hindi naniwala na si Jesus ay bumangon mula sa mga patay

hanggang sa makita siya ng sarili kong mga mata at mahipo ko ang bakas ng mga pako sa kanyang mga kamay at paa. Sino ako? (Tomas. Juan 20:24.)

Kami ay naroroon nang iginulong ng mga anghel ang bato mula sa pintuan. Sinuhulan kami ng mga pinunong saserdote upang magsinungaling tungkol sa aming nakita. Sino kami? (Mga kawal Romano. Mateo 28:12.)

2. Isulat ang mga salita na nagpapahiwatig ng maaaring naramdaman ng mga disipulo noong araw na namatay si Jesus—gaya nang *nahahapis, namimighati, nalulungkot, at kawalan ng pag-asa*—sa isang hanay sa pisara. Hayaang magmungkahi ang mga bata ng kabaligtaran ng gayong mga salita—*gaya ng kaligayahan, kagalakan, pag-asa, at pananampalataya*—at isulat ang mga iyon sa isa pang hanay. Ipaliwanag na ang mga damdaming ito marahil ang naramdaman ng mga disipulo nang kanilang mabatid na si Jesus ay nabuhay na mag-uli. Talakayin kung ano ang kahulugan para sa bawat isa sa atin ng pag-asa na mabubuhay na mag-uli.
3. Sa pahintulot ng panguluhan ng Primarya, may pananalanging pumili at mag-anyaya ng isang miyembro ng Simbahan na namatayan ng isang mahal sa buhay upang ibahagi sa mga bata kung ano ang kahulugan sa kanya ng Pagkabuhay na Mag-uli.
4. Awitin o basahin ang mga titik sa "Si Jesus Ba ay Nagbangon?" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), " 'Pinadala ang Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Ang Manunubos Ko ay Buhay" (*Mga Himno*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong damdamin tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas at ang kahalagahan nito sa iyo. Magpatotoo na ang paghihirap ni Jesus sa halamanan, ang kanyang pagkamatay, at ang kanyang pagkabuhay na mag-uli ay ang pinakamahalagang mga bagay na nangyari sa lupa.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Lucas 24 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Alagaan Mo ang Aking mga Tupa

Aralin 34

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na matutong ipakita ang pagmamahal para kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa na maunawaan at ipamuhay ang ebanghelyo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 21:1–17 at Marcos 16:15. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Gumupit ng larawan ng tupa para sa bawat bata sa iyong klase (tingnan ang parisan sa hulihan ng aralin) at isulat ang bawat pangalan ng bata sa ginupit na larawan (o isulat ang mga pangalan ng mga bata sa bawat piraso ng mga papel.) Bago magsimula ang klase ilagay ang mga ginupit na larawan sa paligid ng kuwarto para makita ng mga bata.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Larawan 7-38, Si Jesus at ang mga Mangingisda (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 210; 62138).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Patingnan sa mga bata ang paligid ng kuwarto at hayaang sabihin nila sa iyo ang nakikita nilang kakaiba. Sabihin sa kanila na ang mga tupang nakikita nila ay magkakahiwalay at makatutulong ang bawat bata na tipunin ang mga tupa sa pamamagitan ng paghahanap sa isa na nasulatan ng kanyang pangalan at ibibigay ito sa iyo. Kung may mga naiwang ginupit na larawan, ipaliwanag na babanggitin mo ang ibang mga tupa mamaya sa aralin.

Anyayahan ang isang bata na samahan ka sa pagsasadula. Sa pamamagitan ng pagtawag sa bata sa kanyang buong pangalan, sabihin mong, "(Pangalan), Iniibig mo ba ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo?" Pagkatapos ng sagot ay sabihing "Alagaan mo ang kanyang mga tupa." Ulitin ang pangalan ng bata at ang tanong nang dalawa pang beses at pagkatapos ng bawat sagot sabihin mong "Pakainin mo ang kanyang mga tupa." Itanong sa bata kung ano ang naramdaman niya nang paulit-ulit mong itinatanong ang iisang tanong. Ipaliwanag na nagkaroon si Pedro ng katulad na karanasan kay Jesus pagkatapos mabuhay na mag-uli si Jesus.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang tungkol sa pagpapakita ni Jesus sa kanyang mga disipulo sa tabi ng Dagat ng Tiberias (o Galilea) mula sa Juan 21:1–17. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ginagawa nina Pedro at ng ibang mga disipulo sa Dagat ng Tiberias? (Juan 21:3.) Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Apostol na gawin nila nang hindi sila nakahuli ng kahit anong isda? Bakit sa palagay ninyo na napagkilala ni Juan na si Jesus iyon nang ang lambat ay puno ng isda? (Juan 21:6–7.) Ano ang ginawa ni Pedro? (Juan 21:7.) Bakit sa palagay ninyo ginawa ni Pedro ito? (Nang malaman niyang si Jesus iyon, hindi na siya nakapaghintay para malapitan niya.)
- Ano ang itinanong ni Jesus kay Pedro? (Juan 21:15.) Bakit sa palagay ninyo tinanong ni Jesus si Pedro ng ganitong tanong nang tatlong beses? Ano ang naramdaman ni Pedro nang tanungin siya ni Jesus ng gayon ding tanong ng tatlong beses? (Juan 21:17.) Ano ang ilan sa mga pananagutan ni Pedro ngayong namatay na si Jesus at nabuhay na mag-uli?
- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi niyang, "Alagaan ang aking mga tupa"? Sino ang kanyang mga tupa? (Lahat ng anak ng Ama sa Langit.) Ano ang nais ipakain ni Jesus sa kanyang mga tupa? (Ang mga katotohanan ng ebanghelyo.) Ano ang sinabi ni Jesus sa kanyang mga Apostol na gawin? (Marcos 16:15.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan mula sa talakayang ito na ipinag-utos ni Jesus sa kanyang mga Apostol na ipangaral ang ebanghelyo, at nais niyang ipagpatuloy nila ang gawaing ito, at hindi na magbalik sa pangingisda. Si Pedro na ngayon ang Pangulo ng Simbahan, at tungkulin niyang pamunuan ang Simbahan at pamatnugutan ang mga pagsisikap na ipalaganap ang ebanghelyo ni Jesus.

- May mga pastol ba tayo ngayon na nag-aalaga sa mga tupa ni Jesus? Sino sila? (Tingnan ang mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)

Kung mayroon pang mga ginupit na larawan ng mga tupa sa paligid ng kuwarto, hilingan ang isa sa mga bata na tipunin ang mga ito at ilagay sa harap. Ipaliwanag na ang ilan sa mga batang ito na ang pangalan ay nakasulat sa tupa ay maaaring mangailangan ng pastol na tutulong upang pakainin sila ng ebanghelyo.

- Paano tayo magiging mga pastol at paano natin pakakainin ang mga tupa ni Jesus? (Sa pamamagitan ng pagtatakda ng mabubuting halimbawa, pagdalaw sa mga hindi pumapasok sa klase at pagiging kaibigan nila sa eskuwela, paninindigan para sa ebanghelyo at sa Simbahan, paglilingkod sa mga

nangangailangan, at iba pa.) Paano natin matutulungan ang mga kasapi ng pamilya at mga kaibigan na lalong mauunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Bakit natin ipinapakita ang ating pagmamahal kay Jesus kung tumutulong tayo sa kapwa?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang *Alagaan ang Aking mga Tupa* sa itaas ng malaking tsart (o gamitin ang pisara). Talakayin sa mga bata ang mga paraang maipakikita ang kanilang pag-ibig kay Jesus sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanyang mga tupa. Isulat ang kanilang mga mungkahi sa tsart o sa pisara. Gamitin ang mga sumusunod na ideya, kung kailangan:

   Maging mabuting halimbawa sa pamamagitan ng pagdalo sa Simbahan, pagsasalita ng mabuti, pagtupad sa mga utos, pagiging matapat, pananalangin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pamumuhay ng inyong mga natutuhan, at pagsunod sa inyong mga magulang at pagtupad sa mga batas ng bansa.

   Magbigay ng patotoo sa mga miyembro at hindi miyembro.

   Tulungan ang iba na piliin ang tama kung sila ay natutukso.

   Banggitin ang ebanghelyo sa mga taong hindi pa nakakaalam nito.

   Manalangin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan nang maging lalong malapit sa Panginoon.

   Bigyan ang bawat bata ng piraso ng papel at lapis at ipasulat sa kanila ang, "Magiging mabuting pastol ako sa pamamagitan ng ________." Ipabuo sa mga bata ang pangungusap na ito sa pamamagitan ng pagsusulat ng kung paano nila binabalak na maging mabuting apostol.

2. Ilista sa pisara ang ilang tungkulin sa Simbahan, gaya ng obispo, tagapagturo, pangulo ng istaka, tagapagturo ng tahanan, dumadalaw na tagapagturo, misyonero, Propeta, Apostol, pangulo ng Primarya, at iba pa. Papiliin ang bawat bata ng isa sa mga tungkulin at sabihin kung paano tinutulungan ng taong iyon na alagaan ang mga tupa ng Tagapagligtas. Hilingin sa mga bata na magbahagi ng mga karanasan nang ang mga tagapagturo, kaibigan, o miyembro ng pamilya ay nakatulong sa kanilang matutuhan lalo ang tungkol sa ebanghelyo. Maaari mong ibahagi ang iyong naging karanasan.

3. Isulat sa mga piraso ng papel ang mga sumusunod na sitwasyon o katulad nito na kung saan ay maaaring matulungan ng mga bata ang iba na lalong maging matatag na miyembro ng Simbahan. Papiliin ang isang bata ng isa sa mga piraso ng papel, basahin nang tahimik, at isadula ang sitwasyon. Ipahula sa ibang mga bata ang sitwasyong iyon at talakayin kung paano nila maaalagaan ang mga tupa ni Jesus sa gayong sitwasyon. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata.

   Ginugulo ng ilang bata ang ibang mga bata sa iyong klase sa kasalukuyan ng aralin.

Gustong manood ng masamang pelikula ang ilan sa iyong mga kaibigan.

Sinulsulan ka ng iyong kaibigan na kumuha ng ilang kendi sa tindahan nang hindi binabayaran ito.

Gusto ng isa sa inyong grupo na uminom kayo ng *beer* o suwayin sa ibang paraan ang Salita ng Karunungan.

4. Ipaliwanag na kadalasan ang isang magandang pagkakataon upang matulungan ang isang tao na malaman o lumakas sa ebanghelyo ay kung kaibigan mo siya. Pag-usapan ang gusto ng mga bata sa isang kaibigan at paano sila magkakaroon ng ganitong mga katangian.

   Pagkatapos ng maingat na pag-aaral at paghahanda, sabihin mo sa bawat bata sa maikling pangungusap ang ilang katangian nila na iyong hinahangaan. Ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit gusto mo silang maging kaibigan.

5. Hilingin sa mga bata na ipaliwanag kung paano nakapatungkol sa atin sa ngayon ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   Mateo 24:14
   Mateo 28:19–20
   Doktrina at mga Tipan 4:1–4
   Doktrina at mga Tipan 15:6
   Doktrina at mga Tipan 31:3–5

6. Awitin o basahin ang mga salita sa, “Mangahas na Tama’y Gawin,” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” (*Aklat ng mga Awit Pambata*)

---

**Katapusan**


Patotoo

Magbigay ng patotoo na bilang mga miyembro ng Simbahan ang bawat isa sa atin ay may tungkuling tulungan ang kapwa na matutuhan ang ebanghelyo at maging lalong malapit kay Jesucristo. Ibahagi sa mga bata ang iyong damdamin tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa kanila.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Juan 21:1–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



Alagaan ang Aking mga Tupa

Aralin
35

# Ang Misyon ni Jesucristo

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan ang misyon ni Jesucristo.

Paalala sa tagapagturo: Ang araling ito ay buod ng buhay ni Jesus bago pa ang buhay na ito, sa buhay na ito, at pagkatapos ng buhay na ito. Layon nito na tulungan ang mga bata na mas lubusang maunawaan ang misyon ni Jesus. Dahil sa ang aralin ay buod, ang mga tanong ay pangmalawakan. Habang tinatalakay ito, pinakamainam na pagtuunan ng pansin ang pinakatampok na bahagi ng bawat bahagi ng ministeryo ng Tagapagligtas kaysa maging masyadong partikular o isalaysay ang kanyang ministeryo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Moises 1:33, 39:4–2; Lucas 24:27; Juan 3:16; 15:9–13; 1 Mga Taga Corinto 10:4; Mosiah 13:33; 3 Nephi 11:7–10; Ether 3:14; Doktrina at mga Tipan 138:30; at Joseph Smith—Kasaysayan 1:17. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 3, 11, at 43.)
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Mga sinulatang piraso ng papel (tingnan ang sumusunod na tsart).
   c. Larawan 7-1, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572.)

Paalala: Habang nagkaklase ay maaari mong kumpletuhin ang tsart na katulad ng sumusunod (o maaaring isulat ang gawain sa pisara.) Ipakita ang “Ang Misyon ni Jesucristo” at pagkatapos ang tatlong pangunahing pamagat na pahalang sa ibaba ng pamagat na iyan. Ipalagay sa isang bata ang sinulatang piraso ng papel sa hanay ng naaangkop na pamagat habang tinatalakay ang bahaging iyon ng misyon ni Jesus.

Ang Misyon ni Jesucristo

| Si Cristo Bago pa ang Buhay na Ito | Si Cristo sa Buhay na Ito | Ang Buhay ni Cristo Pagkatapos ng Kamatayan |
|---|---|---|
| Nagkusang-loob na maging ating Tagapagligtas | Itinuro ang ebanghelyo | |
| Nilikha ang lupa | Pinagaling ang mga maysakit | Dumalaw sa daigdig ng mga espiritu |
| Siya si Jehova ng Lumang Tipan | Itinatag ang kanyang simbahan | Nabuhay na mag-uli |
| Nagbigay ng paghahayag sa mga propeta | Nagbayad-sala sa ating mga kasalanan | Dumalaw sa mga Nefita |
| | Namatay para sa atin | Itinatag ang kanyang simbahan para sa atin sa pamamagitan ni Propeta Joseph Smith |
| | | Nagbibigay ng paghahayag sa mga pinuno ng Simbahan ngayon |
| | | Minamahal at tinutulungan tayo |
| | | Paparitong muli |

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Magpabanggit sa mga bata ng maraming salita hanggang kaya nila na maglalarawan kung sino sila, gaya ng anak, apo, estudyante, manlalaro ng basketball, at iba pa. Ilista ang mga ito sa pisara. Sa isang hanay ng pisara (o gumamit ng sinulatang piraso ng papel) ay ilista ang ilang pangalan na tumutukoy kay Jesus (tingnan sa "Jesucristo" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan) na nagsisimula sa mga salitang hindi pa gaanong kilala ng mga bata gaya ng Huwaran, Hukom, Bato, Tagapamagitan, at patungo sa mga salitang mas alam nila gaya ng Tagapagligtas, Manunubos, Tagapaglikha, at iba pa. Ipataas sa mga bata ang kanilang mga kamay kung alam nila ang tinutukoy ng mga pangalang ito.

**Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ipakita ang larawan ni Jesucristo. Ipaliwanag na maraming kahanga-hangang ginawa ni Jesus para sa atin, hindi lamang nang siya ay nasa lupa kundi bago pa man siya ipanganak at pagkatapos ng kanyang pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ginawa ni Jesus ang mga bagay na ito para tuparin ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit para sa atin. Ito ay tinatawag nating plano ng kaligtasan sapagkat sa pamamagitan nito at sa tulong ni Jesus ay maaari tayong makabalik at mabuhay magpakailanman na kasamang muli ng Ama sa Langit at ni Jesus (tingnan sa Moises 1:39). Ipabasa nang malakas sa mga bata ang Juan 3:16. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, “Pagtuturo mula sa Banal na Kasulatan,” p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan ta maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ilang bagay na ginawa ni Jesus bago siya ipinanganak sa daigdig?
- Sino ang nagkusang-loob na maging ating Tagapagligtas? Kailan siya nagkusang-loob? (Ether 3:14; Moises 4:2.) Sino ang pumili kay Jesus na maging ating Tagapagligtas? (Juan 3:16; Abraham 3:7.)
- Sino ang lumikha sa daigdig? Kailan nilikha ni Jesus ang daigdig? (Genesis 1:1; Moises 1:33.)
- Sino si Jehova, o ang Panginoon ng Lumang Tipan? Sino ang nagbigay ng mga paghahayag sa mga propeta ng Lumang Tipan, gaya nina Moises at Abraham? (Si Jesucristo. Tingnan ang “Jehovah” sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.) Sino ang sinaksihan ni Moises at ng lahat ng mga propeta? (Lucas 24:27; Mosiah 13:33.)
- Ano ang ginawa ni Jesus habang nandito siya sa lupa? Ipalista sa mga bata ang maraming bagay na naaalala nila tungkol sa ministeryo ni Jesus sa lupa. Bakit ginawa ni Jesus ang mga bagay na ito para sa atin? (Juan 15:9, 11.)
- Ano ang ginawa ni Jesus matapos siyang mamatay? (1 Pedro 3:18–20; Doktrina at mga Tipan 138:30; dumalaw siya sa kulungan ng mga espiritu.) Ano ang ginawa ni Jesus pagkatapos niyang mabuhay na mag-uli? (3 Nephi 11:7–10, 27:8; dumalaw sa mga Nephita sa America at ipinakita sa kanila ang kanyang katawan. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; dumalaw kay Joseph Smith para ipanumbalik ang katotohanan; Doktrina at mga Tipan 115:4; itinatag ang kanyang simbahan para sa atin.)
- Paano tinutulungan ni Jesus ang bawat isa sa atin sa mga araw na ito? (Amos 3:7; Mateo 28:20.) (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Anong dakilang pangyayari ang pinakahihintay nating lahat? Anong mga propesiya at pangako ang ipinahayag ni Jesus tungkol sa kanyang ikalawang pagparito? (Mateo 24:30–31; Doktrina at mga Tipan 29:11.)
- Paano natin maipakikita kay Jesus ang ating pasasalamat sa lahat ng kanyang ginawa para sa atin? (Juan 15:10, 12.) Tulungan ang mga bata na

mag-isip ng mga utos na matutupad nila para ipakita kay Jesus na nagpapasalamat sila.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Tingnan ang "Si Jesucristo" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* para malaman ang maraming katawagan kay Jesus at ang mga tungkulin. Pumili ng ilan sa mga tawag na ito upang talakayin.
2. Tulungan ang mga bata na maunawaan na mahal tayo ni Jesus at ginagabayan niya ang Simbahan ngayon. Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Lorenzo Snow, ang ikalimang Pangulo ng Simbahan nang makita niya si Jesus sa Templo sa Salt Lake:

   Isang gabi dumalaw ang isa sa mga apong babae ni Pangulong Snow sa kanya sa Templo sa Salt Lake. Nang papaalis na ang apo ay sinundan siya ni Pangulong Snow sa pasilyo. Walang anu-ano'y sinabi niyang, "Sandali lang, Allie, mayroon akong sasabihin sa iyo. Dito mismo sa lugar na ito nagpakita sa akin ang Panginoong Jesucristo sa oras ng pagkamatay ni Pangulong Woodruff." Humakbang siya ng isa pa, itinuro ng kanyang kaliwang kamay ang lugar at sinabing, "Dito siya mismo tumindig, ng mga halos tatlong talampakan ang taas mula sa sahig. Parang nakatindig siya sa tuntungan na solidong ginto." Pagkatapos ay inilarawan ni Pangulong Snow ang anyo ng Tagapagligtas at ang kanyang napakagandang puting bata. (Tingnan sa Le Roi C. Snow, "An Experience of My Father's," *Improvement Era,* Set. 1933, p. 677.)

3. Patingnan sa mga bata ang mga sumusunod o katulad na mga banal na kasulatan para tulungan silang pag-aralang muli ang mga bagay na ginawa ni Jesus nang panahon na siya ay nagministeryo dito sa lupa:

   Mateo 5:2 (itinuro ang ebanghelyo)
   Mateo 14:14 (pinagaling ang mga maysakit)
   Marcos 3:14 (itinayo ang kanyang simbahan)
   2 Nephi 2:6–7 (binayaran ang ating pagkakasala at namatay para sa atin.)
   Mateo 28:6–7 (nabuhay na mag-uli)

4. Awitin o basahin ang "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol sa iyong pasasalamat kay Jesus at sa maraming bagay na ginawa niya para sa atin at ipinagpapatuloy na ginagawa para sa atin. Sabihin sa mga bata kung gaano ang iyong pasasalamat sa pagkakataong mapag-aralan nang lalo ang tungkol sa panahon ni Jesus sa daigdig.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Juan 15:9–13 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 36
# Ang Araw ng Pentecostes

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na matuto tungkol sa kaloob na Espiritu Santo at maunawaan kung paano makikilala ang mga pag-uudyok ng Espiritu Santo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 2:1–24, 32–33, 36–47 at Juan 14:25–27. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Mga karagdagang babasahin: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 7 at 21.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Tisa at pisara.
   c. Larawan 7-39, Araw ng Pentecostes.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ituro sa mga bata na noong kasama ni Jesus ang kanyang mga Apostol ay tinuruan niya sila ng maraming bagay. Alam niya na hindi siya palaging makakasama nila, kaya nangako siyang magpapadala ng pambihirang kaloob upang tumulong sa kanila.

Basahin ang sumusunod na mga palatandaan. Patayuin ang mga bata kung alam nila kung ano ang kaloob at ibulong sa iyong tainga ang sagot. Kung makilala nila nang tama ang Espiritu Santo, panatilihin silang nakatayo.

Ako ay nagtuturo ng katotohanan.
Ako ay isang gabay.
Ako ay nagbibigay ng kaginhawaan.
Ako ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo.
Ako ay kadalasang bumubulong sa iyong isip o puso.
Ako ay miyembro ng Panguluhang Diyos.
Ako ay persona ng espiritu ngunit wala akong katawang pisikal.

Isulat ang *Espiritu Santo* sa pisara. Basahin ang Juan 14:25–27 na kasabay ng mga bata. Pag-aralan muli ang listahan ng mga palatandaan para tulungan ang mga bata na maunawaan kung ano ang ginagawa ng Espiritu Santo para sa atin.

Isulat ang *Pentecostes* sa pisara. Ipaliwanag na ang *Pentecostes* ay galing sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay ikalimampu. Ang Pentecostes ay isang

pagdiriwang ng mga Judio taun-taon tuwing ikalimampung araw pagkatapos ng Paskua [Passover]. Ibinigay ni Jesus sa kanyang mga Apostol ang sakramento sa Huling Hapunan [Last Supper], na ginanap sa oras ng Paskua. Ikalimampung araw noon pagkatapos ng Huling Hapunan nang tanggapin ng kanyang mga disipulo ang kaloob na Espiritu Santo. Isulat sa pisara ang *Kaloob na Espiritu Santo.*

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa araw ng Pentecostes. (Mga Gawa 2:1–24, 32–33, 36–47.) (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Ipakita ang larawan ng Araw ng Pentecostes sa angkop na oras.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo sa pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Sa araw ng Pentecostes, paano dumating ang Espiritu Santo sa mga Apostol ni Jesus? (Mga Gawa 2:1–4.)
- Ano ang nagbigay ng kakayahan sa mga disipulo upang makapagsalita ng iba't ibang wika at maintindihan ng mga taong iba ang ginagamit na wika? (Mga Gawa 2:4.) Paano tumutulong sa pagsisikap ng misyonero sa Simbahan ngayon ang espirituwal na kaloob na ito ng Espiritu Santo? (Sa pamamagitan ng pagtulong sa maraming misyonero na matuto ng mga wikang banyaga. Ang kaloob na magsalita ng ibang wika ay makatutulong din sa mga tinuturuang tao upang maunawaan ang mensahe ng ebanghelyo kahit na hindi makapagsalita nang mabuti sa wikang iyon ang misyonero.)
- Ano ang sanhi kung bakit nangasaktan ang mga puso ng mga tao pagkatapos na nagpatotoo si Pedro tungkol sa pagpapako kay Cristo sa krus at sa pagkabuhay na mag-uli? (Mga Gawa 2:33, 36–37. Ang Espiritu Santo.) Ano ang ibig sabihin ng *nangasaktan ang puso*? (Ang magkaroon ng masakit na pakiramdam ng panghihinayang o pagsisisi. Paano tayo matutulungan ng Espiritu Santo na makaramdam ng pagsisisi para sa mga bagay na nagawa natin?)
- Paano tayo tinutulungan ng Espiritu Santo na malaman ang gagawin? Tulungan ang mga bata na maunawaan na nararamdaman ng mga tao na tinutulungan sila ng Espiritu Santo sa kanilang buhay sa maraming paraan, gaya ng damdamin ng kapayapaan, o kaya ng paramdam na ang isang bagay ay tama, ang pagkakaroon ng lalong malinaw na pag-unawa sa mga banal na kasulatan at ng ibang mga paksa, ang pagkatagpo ng sagot o tugon sa suliranin mula sa mga banal na kasulatan, pagkarinig ng pananalita o aralin sa simbahan na makatulong sa inyo, at iba pa. Kung nararamdaman mong angkop, maaari kang magbahagi ng isang karanasan nang naramdaman mo ang Espiritu Santo sa iyong buhay.
- Ano ang sinabi ni Pedro sa mga tao na dapat nilang gawin para tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo? (Mga Gawa 2:38.) Ano ang dapat nating gawin para tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo?

- Ilan sa inyo ang nabigyan na ng kaloob na Espiritu Santo? Tulungan ang mga bata na maunawaan na maaaring magkaroon ng mga pag-uudyok ng Espiritu Santo bago mabinyagan, gayon pa man, ang kaloob na Espiritu Santo ay matatanggap natin kapag napagtibay tayong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw pagkatapos tayong mabinyagan. Kung tayo ay matwid, ang kaloob ng Espiritu Santo ay bigyan tayo ng karapatang makasama nang palagian ang Espiritu Santo (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 121:45–46).
- Pagkatapos mabinyagan ang 3,000 kaluluwa, ano ang ilang mga bagay na ginawa nila para manatiling pumapatnubay ang Espiritu Santo sa kanila? (Mga Gawa 2:42–47.) (Ipahanap sa mga bata ang mga sagot sa mga banal na kasulatan at ipasulat ang mga ito sa pisara.)
- Ano ang dapat nating gawin para makasama natin ang Espiritu Santo? (Magsisi, magpabinyag, tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, mamuhay nang matwid, manalangin para sa pagpatnubay ng Espiritu Santo, tumahimik at makinig, at sundin ang mga pag-uudyok na dumarating.)

Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit sa mga bata:

"Manalangin sa Ama sa Langit na basbasan ka ng Kanyang Espiritu sa lahat ng oras. . . . Ang Espiritu Santo . . . ay kaloob mula sa Ama sa Langit. . . . Ibinubulong niya sa iyo sa marahan at banayad na tinig na gumawa ng matwid. Kapag gumagawa ka ng mabuti ay mabuti ang iyong pakiramdam at iyan ang Espiritu Santo na kumakausap sa iyo. Ang Espiritu Santo ay kahanga-hangang kasama. Siya ay *palaging* naririyan upang tumulong sa iyo" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1989, p. 103; o *Ensign*, May 1989, p. 82).

Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng isang karanasan nang sila o ang isang miyembro ng kanilang pamilya ay nakaramdam ng mga pang-uudyok ng Espiritu Santo. Himukin ang mga bata na makinig sa mga pang-uudyok ng Espiritu Santo at pagsikapang sundin ang mga pang-uudyok na iyon. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 6.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ibahagi ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Harold B. Lee, ang ikalabing-isang Pangulo ng Simbahan:

   "Marahil ay walong taong gulang ako, o mas bata, nang isama ako ng aking ama sa bukid na malayu-layo. Habang nagtatrabaho ay sinisikap kong maging abala sa mga bagay na kayang gawin ng batang lalaki. Ang araw ay mainit at maalikabok at naglaro ako hanggang sa ako ay napagod. Sa kabilang bakod ay may lumang-lumang kamalig na sa tingin ko ay kaakit-akit. Sa isip ko ay parang kastilyo ang sirang kamalig na ito kaya't gusto kong siyasatin, kaya pumunta ako sa bakod at sinimulan ko nang umakyat papunta sa dako ng kamalig. May tinig na bumulong sa akin at sinabi itong napakahalagang bagay. "Harold, huwag kang pupunta sa dako roon." Tiningnan ko ang paligid para makita ko kung sino ang bumigkas sa aking pangalan. Nasa kabilang dulo ng bukirin ang tatay ko. Hindi niya nakikita ang ginagawa ko. Wala akong nakitang taong nagsasalita. Pagkatapos ay napagtanto ko na

may isang taong hindi ko nakikita na nagbabala sa akin na huwag akong pumunta sa dako roon. Kung anuman ang mayroon doon ay hindi ko na malalaman kailanman, ngunit natutuhan ko nang maaga na may mga taong hindi natin nakikita na nakikipag-usap sa atin" (sa Conference Report, Mexico Area Conference 1972, p. 48–49).

2. Isulat ang bawat isa sa sumusunod na sanggunian sa isang pirasong papel. (Para sa karagdagang sanggunian tungkol sa Espiritu Santo, tingnan ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*. Maaaring pabunutin mo ang mga bata ng mga papel mula sa isang lalagyan. Patingnan sa bata ang sangguniang nakasulat sa papel at sabihin kung ano ang sinasabi ng bersikulong iyon tungkol sa Espiritu Santo.

   Juan 14:26 (Ang Espiritu Santo ay tinawag na Mangaaliw; ituturo niya ang lahat ng bagay at tutulungan tayong maalala ang mga bagay.)

   Juan 15:26 (Ang Espiritu Santo ay ang Espiritu ng katotohanan; magpapatotoo siya tungkol kay Cristo.)

   Juan 16:13 (Papatnubayan tayo ng Espiritu Santo tungo sa lahat ng katotohanan at kanyang ipahahayag ang mga bagay na darating sa hinaharap.)

   Mga Gawa 4:31 (Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na bigkasin nang may katatagan ang salita ng Diyos.)

   Mga Gawa 5:32 (Ipinagkakaloob ng Diyos ang Espiritu Santo sa mga nagsisisunod sa kanya.)

   Mga Taga Galacia 5:22 (Ang bunga ng Espiritu Santo ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, at pananampalataya.)

3. Basahin ang sumusunod na siping-banggit. Maaari mong bigyan ng kopya ang bawat bata.

   "Pagkatapos ng pagbibinyag, ang isang tao ay pinagtitibay na miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at sa maikling ordenansang iyon ay tinatanggap niya ang kaloob na Espiritu Santo. Pagkatapos, sa buong buhay nila, ang mga lalaki, babae, at kahit mga munting bata ay may karapatan sa binigyang inspirasyon na pamamatnugot na gagabay sa kanilang buhay—ang pansariling paghahayag!" (Boyd K. Packer, "Personal Revelation—Available to All," *Friend*, Hunyo 1990, sa loob ng pambungad na pabalat.)

4. Gumawa ng bigay-sipi ng sumusunod na pahayag para sa bawat bata:

   Kung mamumuhay ako nang matwid, matutulungan ako ng kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagtuturo sa akin, paggabay sa akin, pag-alo sa akin, pagkalinga sa akin, pagbabala sa panganib, pagpatotoo ng katotohanan sa akin.

5. Hilingin sa mga bata na banggitin hangga't makakaya nila ang maraming pangalan ng Espiritu Santo. Banggitin ang mga sumusunod na pangalan kung hindi maiisip ng mga bata: *ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu ng Panginoon, Mangaaliw, at ang Espiritu.* (Tingnan sa "Espiritu Santo" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)

6. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ang Espiritu Santo” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Ang Munting Tinig” (*Primarya 2*).

   Maaari mong ilista ang mga ideya sa “Ang Munting Tinig” sa pisara. Bigyang-diin na bilang nabinyagang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mapapasaating lahat itong tulong na ito sa ating buhay. Tulungan ang mga bata na maunawaan na habang namumuhay sila nang matwid at pinakikinggan ang mga udyok ng Espiritu Santo, sila ay makatatanggap ng pagpatnubay, babala, at kaginhawaan.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na mahal ni Jesus ang bawat isa sa atin, kaya ginawa niyang maaari nating tanggapin natin ang kaloob na Espiritu Santo upang maging tulong, guro, aliw at gabay.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 2:1–8, 36–41 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Apostol na si Pedro

Aralin 37

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na sila, tulad ni Pedro, ay maaaring magkaroon ng malakas na patotoo kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 4:18–19, 14:22–33, 16:13–17, 17:1–9; Lucas 22:31–34, 54–62; Mga Gawa 3:1–9, 4:6–20, 5:12–42; at Alma 32:21. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, "Paghahanda ng Iyong Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan: Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Sabihin sa mga bata na makinig habang isinasalaysay mo ang mga sumusunod na kuwento:

Kuwento 1: Nang ipaliwanag ni Jesus na hindi magtatagal at siya ay papatayin, isang lalaki ang nagsabi, "nakatalaga akong sumama sa iyo sa bilangguan at sa kamatayan" (Lucas 22:33). Ang lalaki ring ito ang sumunod sa maraming tao nang si Jesus ay hinuli at dinala upang litisin. Lumapit ang isang babae at sinabing ang lalaking ito ay kasa-kasama ni Jesus, ngunit itinanggi ng lalaki at sinabing, "Hindi ko siya nakikilala." Hindi nagtagal pagkatapos niyon ay may isa pang tao na nagsabing, "Ikaw man ay isa sa kanila." Muling itinanggi ng lalaki na kilala si Jesus. Sa ikatlong beses ay itinuro siya ng isang tao na isa sa mga alagad ni Jesus, ngunit sinabing muli ng lalaki, "hindi ko nalalaman ang sinasabi mo." (Tingnan sa Lucas 22:54–62.)

Kuwento 2: Isang araw ang isang lalaki at ang kanyang kaibigan ay pinahinto ng isang lalaki na pilay mula pa noong siya ay ipanganak. Sinabi ng lalaki sa pilay na, "Sa pangalan ni Jesucristong taga Nazaret, lumakad ka." At kanyang hinawakan siya sa kanang kamay, at siya ay itinindig. Agad gumaling ang lalaking pilay at pumasok sa templo "na lumalakad, at lumulukso, at nagpupuri sa Dios." Nang marinig ng mga dakilang saserdote ang tungkol dito, nagtanong sila kung sa anong kapangyarihan napagaling ang lalaking pilay. Sinabi ng lalaking nagpagaling sa lalaking pilay na ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo, kahit alam niya na maaari siyang ipabilanggo o ipapatay sa pagsasalita nito. Binalaan ng mga saserdote ang lalaki na huwag nang magtuturo sa pangalan ni Jesucristo. Ngunit siya ay sumagot na mas mahalaga na sundin ang Diyos kaysa sundin ang maling mga saserdoteng

Judio at na magpapatuloy siya sa pagtuturo sa pangalan ni Cristo. (Tingnan sa Mga Gawa 3:1–9, 4:6–20.)

Ipaliwanag na ang lalaki sa dalawang kuwento ay si Pedro. Nang itinanggi ni Pedro na kilala niya si Jesus bago nangyari ang Pagpapako sa Krus, siya ay natututo pa lamang at umuunlad. Hinuli si Jesus at si Pedro ay nasindak. Nang pagalingin ni Pedro ang lalaking pilay, natanggap na niya ang Espiritu Santo at nagkaroon ng mas matibay na patotoo kay Jesucristo.

- Ito ang nagbigay sa kanya ng lakas na gumawa ng wasto kahit na ano pa ang mangyari sa kanya ang patotoo? (Ito ay pansariling kaalaman tungkol kay Jesucristo at ng katotohanan ukol sa kanyang simbahan.) Ipaliwanag na ang araling ito ay makatutulong na palakasin ang mga patotoo ng mga bata tungkol kay Jesucristo.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan at mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Ituro sa mga bata ang sumusunod na mga pangyayari sa buhay ni Pedro at talakayin ang bawat isa. Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

1. Sumunod si Pedro kay Jesus (Mateo 4:18–19).

   - Bakit sa palagay ninyo sumunod si Pedro kay Jesucristo pagkatapos sabihin sa kanya ni Jesus kung sino siya? Ano ang isinakripisyo ni Pedro para makasunod siya kay Jesus? Ano ang dapat nating isakripisyo para makasunod kay Jesus? Paano kayo nabiyayaan sa pagsunod sa Tagapagligtas?

2. Naglakad si Jesus at si Pedro sa ibabaw ng tubig (Mateo 14:22–23).

   - Bakit sa palagay ninyo nakalakad si Jesus sa ibabaw ng dagat? (Mateo 14:25.) Bakit nakalakad si Pedro na pumaroon kay Jesus? (Mateo 14:28–24.)

   - Ano ang nangyari kay Pedro pagkatapos niyang humakbang ng ilang hakbang? (Mateo 14:30–31.) Bakit sa palagay ninyo nanghina ang pananampalataya ni Pedro? (Mateo 14:31.) Paano tinulungan ni Jesus si Pedro nang manghina ang kanyang pananampalataya? (Mateo 14:31.) Bakit kung minsan ay mahina ang ating pananampalataya? Paano tumutulong si Jesus na mapalakas ang ating pananampalataya? (Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ating mga magulang, mga pinuno ng Simbahan, mabubuting kaibigan, mga banal na kasulatan, at iba pa.)

   Tulungan ang mga bata na maintindihan na tuwing gagawa tayo ng isang bagay na iniutos ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na gawin natin, tayo ay nagpapakita ng pananampalataya. At sa tuwing magpapakita tayo ng pananampalataya ang ating pananampalataya ay lumalakas nang kaunti. Dapat nating gamitin ang ating pananampalataya na sumunod sa mga aral ni Jesus na gaya ni Pedro, at pagkatapos ang ating pananampalataya ay tutulong upang patibayin ang ating mga patotoo.

3. Nagpatotoo si Pedro na si Jesucristo ang Anak ng Diyos (Mateo 16:13–17).

- Sino si Jesucristo sang-ayon kay Pedro? (Mateo 16:16.) Paano ito nalaman ni Pedro? (Mateo 16:17. Sa pamamagitan ng Espiritu.) Paano natin maihahayag, gaya tulad ni Pedro, ang ating patotoo kay Jesucristo?

4. Kasama ni Jesucristo si Pedro sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (Mateo 17:1–9; tingnan sa "Buod ng mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa" mula sa aralin 15, p. 56).

   - Ano ang nangyari kay Jesucristo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo? (Mateo 17:2.) Sino ang nagpakita kina Jesus, Pedro, Santiago, at Juan? (Mateo 17:3.) Kaninong tinig ang narinig ng mga disipulo? (Mateo 17:5.) Bakit sa palagay ninyo maaaring pinalakas ng karanasang ito ang patotoo ni Pedro kay Jesucristo?

5. Pinagaling nina Pedro at Juan ang lalaking pilay at sila ay itinapon sa bilangguan (Mga Gawa 3:1–9, 4:6–20, 5:12–42).

   Ipabalik-aral sa isang bata ang kuwento ng pagpapagaling nina Pedro at Juan sa lalaking pilay. Ituloy ang kuwento mula sa Mga Gawa 5:12–42.

   - Paano nakalaya sa bilangguan sina Pedro at Juan? (Mga Gawa 15:19.) Ano ang sinabi ng anghel na gawin nila? (Mga Gawa 5:20.) Ano ang magiging damdamin ninyo sa muling pagbabalik upang mangaral pagkatapos kayong mabilanggo sa paggawa nito? Paano sa palagay ninyo tumanggap ng lakas sina Pedro at Juan na gawin ang tama?

   Tulungan ang mga bata na maunawaan na maaaring hindi tayo kailanman mabibilanggo sa pagpapangaral tungkol kay Jesucristo, ngunit susubukan tayo sa ibang mga paraan. Paano kayo maaaring subukin sa inyong buhay dahil sa patotoo ninyo kay Jesucristo? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)

   - Paano lumaki ang patotoo ni Pedro kay Jesucristo? Bakit kailangan natin ang malakas na patotoo kay Jesucristo? Paano natin makakamit ang patotoong ito? Paano natin matutulungang lumakas ang ating patotoo? (Basahin ang mga banal na kasulatan, pag-aralan pa ang tungkol sa kanya, sundin ang mga utos, manalangin, pakinggan ang Espiritu Santo, dumalo sa simbahan, at iba pa.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin, o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Tulungan ang mga bata na maunawaan na sinasaklaw ng patotoo ang kaalaman tungkol sa mga sumusunod:

   Ang Ama sa Langit ay buhay at siya ang Ama ng ating mga espiritu. Si Jesucristo ay Anak ng Ama sa Langit at siya ang ating Tagapagligtas.
   Si Joseph Smith ang propetang kinasangkapan ng Panginoon para ipanumbalik ang ebanghelyo sa mga huling araw.
   Ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos at naglalaman ng kaganapan ng ebanghelyo.
   Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang siya lamang tunay na Simbahan.
   Tayo ay pinamumunuan ng mga propeta at mga Apostol ngayon.

Talakayin ang mga paraan ng pagkakamit natin ng patotoo ng mga katotohanang ito.

2. Ipaliwanag at tulungan ang mga batang maisaulo ang ikasiyam na saligan ng pananampalataya.

3. Ipaisip sa mga bata ang mga karanasan ni Pedro na nagpalakas sa kanyang patotoo kay Jesucristo nang kasama niya ang Tagapagligtas. (Pagpapakain sa 5,000, pagpapagaling sa maysakit, pagpapabangon sa anak ni Jairo mula sa mga patay, at iba pa.) Paano natin malalaman sa ating sarili na si Jesucristo ang Anak ng Diyos? (Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pananalangin, pagtupad sa mga utos, at iba pa.)

4. Pabanggitin ang mga bata ng ilang paraan na maaaring gawin ng ibang tao para itatwa nila ang Simbahan o gumawa ng masama. Pagkatapos ay talakayin kung paano sila magiging sapat na malakas upang malabanan ang gayong mga tukso. Gamitin ang mga sumusunod na halimbawa kung kailangan:

   May isang taong nagtangkang papalyahin sila sa pagdalo sa mga pulong ng Simbahan.
   May isang taong nagtangkang ipalabag sa kanila ang Salita ng Karunungan.
   May isang taong nagtangkang papagsinungalingin sila.
   May isang taong nagtangkang ipagastos sa kanila ang kanilang pera sa ikapu.

   Bigyang-diin na kailangang magkaroon tayo ng pansariling patotoo kay Jesucristo para maging matibay katulad ni Pedro.

5. Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa nangyari kay Pangulong Joseph F. Smith, ang ikaanim na Pangulo ng Simbahan nang siya ay isang binata pa na pauwi galing sa kanyang misyon:

   “Isang araw pagkatapos makapaglakbay ng di-kalayuan sina Joseph F. Smith at ang kanyang kasamahan at sila ay nagkampo, isang lupon ng mga lasing na kalalakihan na nakasakay sa kabayo ang dumating sa kampo. Sila ay nagmumura at nagtutungayaw at nagbantang papatayin ang sinumang Mormon na kanilang madaraanan. Ang ilan sa mga kasamahan ni Joseph ay nagpunta sa sapa at nagtago nang marinig nila ang pagdating ng mga lalaki. Naghintay sila doon sa pag-alis nitong pangkat na kalalakihan. Nasa di-kalayuan sa kampo si Joseph F. Smith na nagtitipon ng mga kahoy na panggatong habang dumarating itong mga lalaki. Nang makita niya sila, ang una niyang naisip ay humanap ng lugar na mapagtataguan. Pagkatapos ay naisip niyang, ‘Bakit ako magtatago sa mga taong ito?’ Sa kaisipan na iyan siya ay lakas-loob na lumakad patungong kampo na dala ang mga panggatong. Isa sa mga lalaki ang nagtutok ng baril sa kabataang elder at pautos na nagtanong sa malakas at galit na tinig ng ‘ “Mormon” ka?’

   “Kahit sandali ay hindi nag-atubili si Joseph F. Smith. Tiningnan niya ang lalaki sa mata at sumagot, ‘Opo ginoo, tunay na tunay, ako nga.’

   “Sumagot siya nang walang palatandaan ng pagkatakot na ikinamangha nang labis ng lalaki. Hinawakang mahigpit ng lalaki ang kamay ni Joseph F. Smith at sinabing: ‘Ikaw ang pinakakalugud-lugod na lalaking nakilala ko! Magkamayan tayo, binata, at nagagalak akong makakita ng lalaking naninindigan sa kanyang matibay na paniniwala’ ˝ (Joseph Fielding Smith, *The Life of Joseph F. Smith*, p. 188–89).

6. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Mga Gawa 5:29.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa, “Patotoo” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) mga talata 1 at 2.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo at magpatotoo na habang lalo nating napag-aaralan ang tungkol kay Jesus at pinakikinggan ang patotoo ng Espiritu Santo, ang ating patotoo kay Jesus ay patuloy na lalago sa buong buhay natin. Ipaliwanag na maaaring mayroon pa tayong pag-aalinlangan at mga tanong, ngunit habang ipinagpapatuloy natin ang pag-aaral sa mga banal na kasulatan, nananalangin, at sumusunod sa mga utos, ang ating patotoo ay lalakas.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 16:13–15 at Mga Gawa 5:29–32 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 38

# Sina Bernabe, Ananias at Safira

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na piliing maging matapat sa isip, salita, at gawa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 4:32–5:10. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang mga pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong Aralin" p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 31.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan: Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isalaysay sa mga bata ang sumusunod na kuwento at pagpasiyahin sila kung ano ang maaaring ginawa nila kung sila si Charlie.

"Naglalaro ng *baseball* ang isang batang lalaki na kasama ng kanyang mga kaibigan nang tumawag ang kanyang ina sa tinig na malakas at maliwanag na nagsasabing, 'Charlie, Charlie!' Kaagad-agad niyang binitiwan ang pamalo ng bola, dinampot ang kanyang diyaket at sumbrero, at umuwi na.

" 'Huwag ka na munang aalis, tapusin mo muna ang laro!' sigaw ng isang manlalaro.

" 'Kailangang umalis na ako ngayon din. Sinabi ko sa nanay ko na uuwi ako kapag tumawag na siya,' ang sagot ni Charlie.

" 'Magpanggap kang hindi mo narinig,' ang sabi ng mga batang lalaki.

" 'Pero narinig ko eh,' ang sabi ni Charlie.

" 'Hindi niya malalaman na narinig mo.'

" 'Pero alam ko at dapat na akong umuwi.'

"Sa wakas ay sinabi ng isa sa mga batang lalaki na, 'Ay naku, pabayaan n'yo na siyang umalis. Hindi n'yo na mababago ang isip niyan. Nakatali 'yan sa saya ng kanyang ina. Para siyang batang munti na tatakbo sa oras na tawagin ng kanyang nanay' ″ (N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1977, p. 65; o *Ensign*, Nob. 1977, p. 43–44).

- Kung kayo iyon ano ang gagawin ninyo?

Ipaliwanag na bawat araw lahat tayo ay nahaharap sa mga sitwasyon na mangangailangan sa ating pumili sa pagiging matapat at hindi matapat.

Tanungin ang mga bata na isipin ang tungkol sa naging resulta ng mga pagpiling ginawa nina Bernabe, Ananias, at Safira.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang mga kuwento tungkol kina Bernabe, Ananias, at Safira mula sa Mga Gawa 4:32–5:10. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng mga pangyayari mula sa banal na kasulatan, tingnan sa, "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan" p. viii). Ipaliwanag na ang isa sa mga paraan upang maging katulad tayo ni Jesus ay ang matutong sabihin ang katotohanan at maging matapat sa lahat ng ating gagawin.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang hiniling ng mga pinuno ng Simbahan na gawin ng mga miyembro ng Simbahan para ang lahat ay magkaroon ng kanilang pangangailangan? (Mga Gawa 4:34–35.) Ano ang mararamdaman ninyo kung ipamamahagi ninyo ang lahat ng mayroon kayo?
- Paano naging matapat si Bernabe sa kanyang ginawa? (Mga Gawa 4:36–37.) Ano sa palagay ang ibig sabihin ng pagiging matapat? (Ang pagsasabi ng katotohanan, hindi pagnanakaw o pandaraya, hindi panloloko sa anumang paraan, at iba pa.) Ano ang nararamdaman ninyo kapag lubos kayong matapat?
- Paano naging hindi matapat sina Ananias at Safira? (Mga Gawa 5:1–2.) Bakit kumampi si Safira sa pagsisinungaling ng kanyang asawa? (Mga Gawa 5:1–2, 7–8.) Ano sana ang nangyari kung naging matapat siya?
- Sino ang masasaktan kung hindi matapat ang isang tao? Ipaliwanag na hindi natin kaagad-agad makita ang mga ibubunga ng ating pandaraya, katulad ng ginawa nina Ananias at Safira, masasaktan pa rin natin ang ating sarili. Maaari din nating masaktan ang iba sa ating pagiging hindi matapat.
- Ano ang mga ibubunga kung hindi kayo magiging matapat? Ano ang mga ibubunga kung matapat kayo? Ibahagi ang personal na halimbawa tungkol sa ibubunga ng pagkamatapat at pandaraya. Tulungan ang mga bata na maunawaan na hindi laging madali ang maging matapat, ngunit dapat tayong maging matapat anuman ang mangyari. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng kanilang karanasan tungkol sa pagiging matapat.
- Sino ang tiyak na nakakaalam kung nagsasabi kayo ng katotohanan? Paano tayo lalong magiging malapit sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagiging matapat?
- Ano ang maaaring gawin ninyo upang matulungan ang iba na maging matapat?
- Bakit mahalaga na maging matapat sa inyong mga magulang? (Para kayo ay mapagkakatiwalaan nila.) Bakit nais ninyong pagkatiwalaan kayo ng inyong mga magulang? Paano kayo magiging karapat-dapat sa pagtitiwala ng inyong mga magulang? Bakit kung minsan ay kailangan ng lakas ng loob na magsabi ng katotohanan? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 6.)

- Paano magiging kaiba ang mundo kung ang lahat ay matapat?

Basahin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ang ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

“Maging matapat. Huwag magsinungaling ni magnakaw. Huwag mandaya. . . .

“Mahal kong mga anak, ipinadala kayo sa lupa ng Ama sa Langit sa panahong ito dahil kayo ay ilan sa Kanyang mga pinakamagiting na mga anak. Nalalaman Niyang magkakaroon ng maraming kasamaan sa mundo ngayon, at alam Niyang magiging matapat kayo at masunurin” (sa Conference Report, Abr. 1989, p. 103; o *Ensign,* Mayo 1989, p. 82–83).

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pag-aralan muli ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya at tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ito.

2. Isulat ang mga salitang *tahanan, paaralan*, at *kapitbahayan* sa pisara. Ipaisip sa mga bata ang mga paraan upang sila ay maging matapat sa pakikitungo sa mga sitwasyon sa bawat lugar. Talakayin ang mga ideya na naiisip ng mga bata.

3. Isulat ang mga salitang *Matapat* at *Mandaraya* sa pisara. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Marvin J. Ashton: “ ‘Ang kasinungalingan ay *anumang* pakikipag-usap sa iba na may hangaring manlinlang’. . . . Ang kasinungalingan ay naipaaabot nang mabisa kahit walang binibigkas na salita. Kung minsan ang tango ng ulo o hindi pag-imik ay maaaring makapanlinlang” (sa Conference Report, Abr. 1982, p. 10; o *Ensign,* Mayo 1982, p. 9). Talakayin ang bawat isa sa mga sumusunod na sitwasyon at pagpasiyahin ang mga bata kung saang pinakaangkop na titulo ihahanay at bakit:

   Pagsasabi ng katotohanan
   Paggawa ng inyong sariling trabaho
   Inililigaw ang iba sa pamamagitan ng hindi pagsasabi ng buong katotohanan
   Pag-amin kung nakagawa kayo ng anumang pagkakamali
   Pandaraya
   Pagsisinungaling
   Pagnanakaw
   Pagsasabi ng bahagi lamang ng katotohanan
   Pagsasauli ng mga hiniram at nawalang mga bagay
   Pagtupad sa mga pangako

4. Magpagawa sa bawat bata ng tanda na maaaring korteng kalasag, na nagsasabing, “Naninindigan ako sa katotohanan at katapatan.” Anyayahan ang mga bata na magtakda ng layuning magsabi ng katotohanan at maging matapat sa lahat ng kanilang gawain. Ipalagda ang kanilang mga pangalan sa ibaba ng kanilang mga tanda.

5. Magdrowing ng hagdanan sa pisara o sa isang piraso ng papel at markahan ng *Hagdanan ng Katapatan*. Gumawa ng simpleng hugis ng tao sa ginupit na papel o magdrowing ng hugis tao sa ibaba ng hagdanan. Sa pamamagitan

ng paggamit ng gaya sa mga sumusunod, ipabanggit sa mga bata ang lahat na maaaring pagpilian na gagawin nila sa bawat sitwasyon. Pagkatapos ay hilingan sila na pagpasiyahan ang pinakamainam na pipiliin. Ipalipat sa isang bata ang drowing na hugis tao (o gumuhit ng linya mula sa hugis taong drowing) pataas sa isang hakbang ng hagdanan kung ang pinakamainam na pinili ay ang pagiging matapat. Ipaliwanag na ang pinakamainam na pipiliin ay ang matapat na pagpili. Gumuhit ng katamtamang dami ng mga sitwasyon para paabutin ang linya sa itaas ng hagdanan.

a. Nakita mo ang nawawalang laruan ng isang kaibigan.
b. Nakakita ka ng pitaka na may lamang pera.
c. Isang supot na kendi na pagmamay-ari ng iba ang nasa mesa, at wala ni isang tao sa silid.
d. Papunta ka sa isang pagtitipon na mangangailangan ng pera para makadalo. Ang karatula sa pintuan ay nagsasabing “ang mga wala pang walong taon ay walang bayad.”
e. Ang dispatsadora sa tindahan ay nagbigay ng sobrang sukli sa iyo.
f. Hiniling ng iyong kaibigan na pakopyahin mo siya ng iyong sagot sa pagsusulit.
g. Nagkukuwento ang isang tao sa iyo ng hindi mabuting kuwento tungkol sa iba.
h. Nangako ka sa iyong mga magulang na uuwi sa bahay sa isang takdang oras, ngunit nais ng iyong mga kaibigan na magtagal ka pa.

6. Gumawa ng ilang sitwasyon na katulad ng mga sumusunod para isadula ng mga bata. Ang mga sitwasyon na gagawin mo ay dapat mga sitwasyon na kung saan ay makapipili ang mga bata na maging matapat o mandaraya sa kanilang mga magulang.
   a. Gusto ng iyong nanay na bantayan mo ang iyong nakababatang kapatid na lalaki. Sa halip ay gusto mong magbasa. Alam mo na kung sasabihin mo sa kanyang may gagawin kang takdang-aralin ay hindi ka niya aasahan na mag-alaga sa iyong kapatid.
   b. Aksidenteng nabasag mo ang pinakapaboritong mangkok ng iyong nanay habang wala siya.
   c. Nangako kang tulungan mo ang iyong tatay na gumawa ng proyekto sa Sabado, ngunit nagplano ang iyong mga kaibigan ng pagtitipon na gusto mong daluhan.

7. Pag-aralan muli ang ikaapat na saligan ng pananampalataya.

8. Awitin o basahin ang mga salita sa, “Mangahas na Tama ay Gawin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Utos ay Sundin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Ako ay Magiging Magiting” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “*I Believe in Being Honest*” (*Children’s Songbook*, p. 149), o “Ang Tama ay Ipagtanggol” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagiging matapat. Ipaliwanag na kung matapat tayo sa lahat ng ating ginagawa, bibigyan tayo ng Espiritu Santo ng damdamin ng kapayapaan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 4:32–5:10 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
39

# Si Esteban, ang Martir

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na magkaroon ng higit na pang-unawa tungkol sa Panguluhang Diyos.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 6, 7:54–60; at Doktrina at mga Tipan 130:22–23. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Mga Gawa 7:1–53 at Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan sa bawat bata.
   b. Isang kopya ng Doktrina at mga Tipan.
   c. Larawan 7-40, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isulat ang *martir* sa pisara. Papuntahin ang isang bata sa harap ng klase.

- (Pangalan ng bata), gusto mo bang maging martir?
- May nakaaalam ba sa inyo kung ano ang martir?

Ipaliwanag na ang martir ay isang taong totoong malakas ang paniniwala sa isang bagay kaya’t ibinibigay ang kanyang buhay bilang saksi.

Ang araling ito ay tungkol sa isang lalaking may matibay na patotoo sa Ama sa Langit, kay Jesucristo at sa Espiritu at siya ay minartir dahil sa patotoong iyon.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa buhay ni Esteban na mababasa sa Mga Gawa 6 at 7. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamainam na makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata

sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit tumawag ang mga Apostol ng pitong lalaki upang tumulong sa kanila? (Mga Gawa 6:1–4.) Paano tinawag itong pitong lalaking ito? (Mga Gawa 6:3, 5–6.) Bakit ang mga Apostol ay "ipinatong ang kanilang mga kamay" sa mga lalaki? (Ibinigay sa kanila ng mga Apostol ang karapatan ng pagkasaserdote, na tinanggap nila mula kay Jesucristo, upang gumawa ng mga tiyak na tungkulin; ang lahat ng tumatanggap ng pagkasaserdote ay inordenan sa pamamagitan ng "pagpapatong ng mga kamay.)
- Anong mga katangian mayroon si Esteban na nakatulong sa kanyang tumangkilik sa mga Apostol at magsilbi sa mga tao? (Mga Gawa 6:5, 8.) Paano niya pinagpala ang buhay ng mga taong ito?
- Bakit dinala si Esteban ng mga pinuno ng Judio sa sanedrin? (Mga Gawa 6:9–12.) Ano ang maling ipinaratang ng mga pinuno ng sinagoga na ginagawa ni Esteban? (Mga Gawa 6:13–14.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *lapastangan* ay pananalita nang panlilibak at walang pitagan sa Diyos at sa mga sagradong bagay.) Bakit inisip nilang nagsasalita ng kalapastanganan si Esteban?
- Ano ang nangyari sa mukha ni Esteban habang nagsasalita siya sa mga miyembro ng sanedrin? (Mga Gawa 6:15.)

Isalaysay muli sa maikling salita ang mga bagay na sinabi ni Esteban sa sanedrin (tingnan sa Mga Gawa 7:1–53). Tulungan ang mga bata na maunawaan na si Esteban ay nagpapaliwanag at nagpapatotoo sa mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao ni Israel. Sinabi pa niyang sinuway ng mga tao ang Diyos, inusig at pinatay ang mga propeta, at tinanggihan at pinatay ang Mesiyas.

- Sino ang nakita ni Esteban nang tumingin siya sa langit? (Mga Gawa 7:55.) Sino ang kasama ni Esteban habang nagpapatotoo siya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo? (Ang Espiritu Santo.)
- Nakita ba ng mga taong nasa paligid ni Esteban ang pangitain na nakita niya? Ano ang ginawa nila? (Mga Gawa 7:57–59.) Ano ang sinabi ni Esteban habang binabato siya? (Mga Gawa 7:59–60.) Bakit sa palagay ninyo nagawang patawarin ni Esteban ang mga taong pumatay sa kanya?

Ipakita ang larawang Ang Unang Pangitain.

- Sino ang nakakita ng katulad na pangitain ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.)
- Ano ang maaari nating malaman tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesucristo at sa Espiritu Santo mula sa mga pangitain nina Esteban at Joseph Smith? (Maaari mong gamitin ang mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4 at 5 upang makatulong sa mga batang malaman ang tungkol sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos.)
- Paano nating malalaman na tunay at totoo ang Ama sa Langit at si Jesucristo? Ano ang dapat nating gawin upang maging karapat-dapat na makasama ng Espiritu Santo? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag tinutupad natin ang mga utos, tayo ay makatatanggap ng patotoo ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Basahin ang Juan 17:20–21 at talakayin kung paano ang Ama sa Langit, si Jesucristo at ang Espiritu Santo ay "iisa" sa layunin. Maaari mong tukuyin ang halimbawa ng isang ama, ina at mga anak na magkakasamang gumagawa para sa isang layunin.

   Maaari mo ring ipaliwanag ang ginagampanan ng bawat miyembro ng Panguluhang Diyos sa ating mga panalangin. Manalangin tayo sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo, at ang mga sagot ay darating sa pamamagitan ng Espiritu.

2. paliwanag ang ilang magigiting at matatapat na tao ay naging mga martir din dahil sa kanilang patotoo at pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Gamitin ang mga halimbawa gaya ng mga sumusunod mula sa mga banal na kasulatan.

   Inusig si Joseph Smith nang sabihin niya sa iba ang tungkol sa kanyang pangitain, at sina Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum ay minartir pagkatapos niyon.

   Marami sa mga naunang disipulo at Apostol ng Simbahan ng inusig at ang ilan ay minartir. Si Santiago ay minartir. (Mga Gawa 12:2), katulad ni Pablo, at tinanggap na rin na minartir din sina Pedro, Marcos at Mateo (tingnan ang "Marcos," "Mateo," "Pablo," at "Pedro" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan).*

   Hayaang sabihin ng mga bata ang natutuhan nila mula sa mga halimbawa nitong matatapat na taong ito.

3. Pag-aralan muli ang ikalimang saligan ng pananampalataya. Talakayin kung paano tinatawag ng mga pinuno ngayon ng Simbahan ang mga tao sa kanilang tungkulin, katulad ng pagkatawag kay Esteban para tumulong sa mga sinaunang Apostol. Ipaliwanag na kung ang isang tao ay tumatanggap ng tungkulin, siya ay itinalaga sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at binibigyan ng karapatang gumawa ng tiyak na mga pananagutan. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag naglilingkod ang mga kabataang lalaki at babae sa mga panguluhan ng mga korum ng pagkasaserdote o sa mga klase ng Mga Kabataang Babae, sila ay tatawagin at itatalaga nang katulad na paraan.

4. Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 130:22–23. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay may dakila at niluwalhating mga katawan ng laman at mga buto. Ang ating pisikal na katawan ay kawangis ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ang Espiritu Santo ay personahe ng Espiritu, na walang katawang laman at mga buto.

5. Ipakita ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel o isulat ang mga salita sa pisara:

   Ang Panguluhang Diyos<br>
   Ang Ama sa Langit:<br>
   Si Jesucristo:<br>
   Ang Espiritu Santo:

Isulat sa magkakahiwalay na mga piraso ng papel ang mga sumusunod na pangungusap na naglalarawan sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos. Alalahanin na kailangan mo ang dalawang papel na nasusulatan ng "May dakila at niluwalhating katawan ng laman at mga buto."

Ang Ama sa Langit:
- Ang Ama ng ating espiritu
- Ang Ama ng katawang lupa ni Jesus
- May dakila at niluwalhating katawan ng laman at mga buto
- Nananalangin tayo sa kanya

Si Jesucristo:
- Ating Tagapagligtas at Manunubos
- May dakila at niluwalhating katawan ng laman at mga buto
- Nilikha ang mundo
- May inang mortal

Ang Espiritu Santo:
- Isang Personahe ng Espiritu
- Nagbibigay saksi sa Ama sa Langit at kay Jesus
- Naghahayag ng katotohanan ng lahat ng bagay (Moronias 10:5)
- Maaaring maging ating palagiang kasama

Pag-aralan muli ang ginagampanan ng bawat miyembro ng Panguluhang Diyos sa pamamagitan ng pagpapapili sa mga bata ng isa sa mga pirasong papel na inihanda mo. Ipabasa nang malakas sa bawat bata at pagpasiyahan kung sinong miyembro ng Panguluhang Diyos ang tinutukoy at ilagay ang pangungusap sa hanay ng wastong titulo.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa, "Ito ang Anak Kong Giliw," (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "O, Kay Ganda ng Umaga," (*Piliin ang Tama, B*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo sa kaalaman mo tungkol sa Panguluhang Diyos, at sabihin sa mga bata kung gaano kahalaga sa iyo na magkaroon nitong kaalaman. Ibahagi sa mga bata ang iyong pagmamahal sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 7:54–60 at Doktrina at mga Tipan 130:22–23 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
40

# Si Pedro at si Cornelio

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng kanyang anak at nais na ang lahat sa kanila ay magkaroon ng pagkakataon na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 10:1–11:18. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa, "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Larawan 7-41, Dahil Dito Magsiyaon nga Kayo (Go ye Therefore) (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 235; 62494).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isulat ang sumusunod na mga pangalan sa pisara: *Cornelio, Anghel, Pedro*.

Ipabasa sa tatlong bata ang bawat isa sa mga sumusunod na paglalarawan sa tatlong taong ito. Sabihin sa ibang mga bata na itaas ang kanilang kamay kung inaakala nilang alam nila kung sino ang taong tinutukoy.

Ako ay sugo. Maliban sa paghahatid ng mga mensahe ng Diyos, ako ay nagtuturo, nagpapala, at ginagawa ko ang anumang ipinag-uutos na gawin ko upang itayo ang kaharian ng Diyos. Ngayon ay matututuhan ninyo ang tungkol sa isang natatanging mensahe na hatid ko. Ako ay (isang anghel.)

Isa akong mangingisda sa Dagat ng Galilea nang tawagin ako ni Jesus na sumama sa kanya. Nakatanggap ako ng pangitain na mapag-aaralan ninyo sa araw na ito, na nagbukas ng daan para sa lahat upang maturuan ng ebanghelyo. Ako si (Pedro.)

Ako ay isang senturion ng hukbong Romano at may sinasakupang mula 50 hanggang 100 na kalalakihan. Ako ang kauna-unahang Gentil (isang taong hindi Judio) na sumapi sa Simbahan. Matututuhan ninyo sa aralin ngayong araw na ito ang tungkol sa aking pagbibinyag. Ako si (Cornelio).

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang kuwento tungkol kina Pedro at Cornelio mula sa Mga Gawa 10:1–11:18. (Para sa mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa, "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipakita ang larawan sa angkop na oras.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit karapat-dapat si Cornelio na makatanggap ng pangitain mula sa Panginoon at mabinyagan? (Mga Gawa 10:2.) Paano kayo magiging matapat na miyembro ng Simbahan?
- Ano ang mensahe ng anghel kay Cornelio? (Mga Gawa 10:3–6.)
- Ano ang nakita ni Pedro sa isang pangitain? (Mga Gawa 10:11–16.) Bakit nakababahala sa kanya ang pangitain? (Iniutos ng Panginoon sa Israel na huwag kainin ang ibang karne na ipinapalagay na karumal-dumal [tingnan sa Levitico 11]. Paano tinanggap ni Pedro ang pangitaing ito noong una? (Mga Gawa 10:14.) Ano ang nagpabago sa kanyang kaisipan? (Mga Gawa 10:18.)
- Bakit hindi pangkaraniwan para kay Pedro na ituro kay Cornelio ang ebanghelyo? (Mga Gawa 10:28.) Ipaliwanag na maging hanggang sa panahong ito ay ang mga Judio lamang ang tinuturuan ng mga Apostol ng ebanghelyo, at karamihan ng mga tao sa Simbahan ay nag-aakalang ang mga Judio lamang ang dapat maturuan ng ebanghelyo. Ngunit si Cornelio ay hindi isang Judio. Sa bandang huli, ano ang naintindihan ni Pedro na ibig sabihin ng kanyang pangitain? (Mga Gawa 10:34–38.) Sino ang dapat maturuan ng ebanghelyo ngayong panahong ito? (Lahat ng tao.)
- Bakit sa palagay ninyo tinipon ni Cornelio ang kanyang kamag-anakan at ang kanyang mga kaibigan upang pakinggan si Pedro? (Mga Gawa 10:24–27.) Ano ang ilan sa mga alituntunin ng ebanghelyo na nais ninyong ibahagi sa inyong pamilya at mga kaibigan?
- Ano ang ginawa ni Cornelio upang matagpuan ang kasagutan sa kanyang problema? (Mga Gawa 10:30.) Ano ang naging karanasan ninyo at ng inyong pamilya tungkol sa pag-aayuno at panalangin? Paano kayo tinulungan ng Panginoon na matagpuan ang sagot sa isang problema?
- Paano nalaman ng mga tao na nagsasabi si Pedro ng katotohanan? (Mga Gawa 10:44–45.) Ano ang kailangang gawin natin upang magbigay patotoo sa atin ang Espiritu Santo tungkol sa katotohanan? (Moronias 10:4–5.)
- Ano ang iniisip ng mga disipulo at ng ibang mga Apostol nang narinig nilang nagtuturo si Pedro sa mga Gentil? (Mga Gawa 11:2–3.) Paano ipinaliwanag ni Pedro ang kanyang mga kilos? (Mga Gawa 11:4, 17.) Paano tinanggap ng mga disipulo at mga Apostol ang pangitain ni Pedro? (Mga Gawa 11:18.) Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit sa kanyang mga anak? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.)
- Paano ninyo maaaring ituro ang ebanghelyo sa ilan sa mga anak ng Ama sa Langit? Tulungan ang mga bata na mag-isip ng mga paraan kung saan maaari silang maging misyonero ngayon at kung paano sila makapaghahanda upang maglingkod sa misyon.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hatiin sila sa maliit na grupo at ipabasa sa mga bata ang Mga Gawa 10:36–43. Gumawa ng listahan ng mga bagay na itinuro ni Pedro kay Cornelio at sa kanyang pamilya at mga kaibigan. Ipabasa sa bawat grupo ang kanyang listahan habang isinusulat mo ang mga bagay sa pisara o sa isang malaking papel. Isama mo ang mga sumusunod na bagay na maaaring nakaligtaan ng mga bata:

   Si Jesucristo ay Panginoon ng lahat (bersikulo 36).
   Si Jesucristo ay bininyagan (bersikulo 37).
   Si Jesucristo ay pinahiran ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan (bersikulo 38).
   Si Jesucristo ay gumawa ng mabuti (bersikulo 38).
   Si Jesucristo ay nagpagaling (bersikulo 38).
   Si Jesucristo ay pinatay (bersikulo 30).
   Si Jesucristo ay muling nabuhay nang ikatlong araw (bersikulo 40).
   Inutusan ni Jesucristo si Pedro na magbigay ng patotoo na si Jesus ay itinalaga ng Diyos (bersikulo 42).
   Ang lahat ng mga propeta ay nagpatotoo tungkol kay Jesucristo (bersikulo 43).

   Ang mga sumasampalataya kay Jesucristo at nabinyagan ay magkakamit ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan (bersikulo 43).

2. Sa pahintulot ng inyong pangulo sa Primarya, anyayahan ang isang nakabalik nang misyonero na dumalo sa inyong klase at magbahagi ng kanyang karanasan na naglalarawan ng kahalagahan ng pagtuturo sa lahat ng mga anak ng Ama sa Langit.

3. Talakayin ang sumusunod na pahayag na hinango mula sa siping-banggit ni Elder Howard W. Hunter:

   Ang mga munting bata ay mahalaga sa ating Ama sa Langit. Minamahal niya sila at pantay-pantay na inaalagaan sa pamamagitan ng magiliw na pag-aaruga saan man sila nakatira, o paano man sila manamit o ano man ang kanilang hitsura. Minamahal niya ang maitim at kulot na buhok na *Fijian*, at mga mabait na mga batang matitingkad manamit sa Samoa. Mahal niya ang mga munting batang Ingles na pare-parehong manamit sa eskuwela. Mahal niya ang mga bata sa bansang Hapon. Mahal niya ang mga sunog sa araw na mga bata sa Timog Amerika at mga Lamanita. Mahal ng Ama sa Langit ang mga bata saanmang dako sila naroroon. Kung oras na ng pagtulog, ang mapagmahal na mga magulang sa lahat ng lupain ay lumuluhod na kasama ang kanilang mga anak para manalangin. Ito ay maaaring ginagawa sa makakapal ngunit magagaan na mga kumot na higaan sa *Alps* o sa maliit na banig sa sahig ng isang kubo. Ngunit silang lahat ay naririnig at nauunawaan ng Ama sa Langit. (Mula sa *Friend*, Okt. 1971, p. 10.)

4. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit may iba-ibang kinaugalian at kinagawian ang mga tao sa iba't ibang bansa, pare-pareho tayong lahat dahil sa mahal tayong lahat ng Ama sa Langit at gusto tayong lahat na bumalik sa kanya.

Maglaro ng palarong pagpapares-pares ng mga sumusunod o ng mga katulad na kategoriya para makilala at sanayin ang mga bata sa ilan sa mga bagay na ginagawa o nakikita sa ibang bansa.

Itugma sa bansa na malamang na mapupuntahan ninyo sa inyong misyon kung kayo ay:

Makakakita ng mga taong nagsusuot ng:

| | |
|---|---|
| Mga *leis* | Scotland |
| Mga bakyang gawa sa kahoy (wooden shoes) | Hawaii |
| Mga *kilts* | Japan |
| Mga *kimono* | Holland |

Kakain ng:

| | |
|---|---|
| Ensalada | United States |
| Sauerbraten | Norway |
| Apple pie | France |
| Crepes | Germany |
| Pickled herring | Mexico |

Makakakita ng:

| | |
|---|---|
| Mounties | Italy |
| Big Ben | Australia |
| Leaning Tower of Pisa | Canada |
| Kangaroo | England |

5. Ipaliwanag na may isang bagay na katulad ng pangitain ni Pedro ang nangyari noong 1978 nang si Pangulong Spencer W. Kimball at ang mga pinuno ng Simbahan ay tumanggap ng paghahayag mula sa mga Panginoon na lahat ng karapat-dapat na mga lalaki at mga batang lalaki ay maaaring tumanggap ng pagkasaserdote at ang kanilang mga pamilya ay maaaring tumanggap ng mga pagpapala ng templo (tingnan sa Opisyal na Pahayag—2 sa Doktrina at mga Tipan.)
6. Awitin o basahin ang mga salita sa, “Mga Bata sa Sandaigdigan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Dadalhin Natin sa Mundo ang Kanyang Katotohanan” (*Aklat ng mga Awit Pambata)*.

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo na mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng kanyang mga anak at nais na maturuan tayo ng ebanghelyo, mabinyagan, at tuparin ang ating mga tipan upang maaaring mabuhay muli na kasama siya. Ipahayag ang pasasalamat sa iyong kaalaman sa ebanghelyo at sa iyong pagbibinyag.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 10:36–43 at 11:15–18 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
41


# Itinuro ni Santiago sa Atin na Kontrolin ang Ating mga Dila

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na matutuhang kontrolin ang mga bagay na kanilang sinasabi at iniisip.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 5:33–37, Santiago 1:26, 3:2–13, 5:12, I Ni Pedro 3:10, Exodo 20:7 at Mosias 4:30. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Gumupit ng ilang piraso ng papel sa hugis na tatsulok. Isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na salita o parirala sa tatsulok na ang tulis ay paibaba: *tsismis, pagsaksi sa di-katotohanan, mga kasinungalingan, pakikipag-away, panunumpa, pagbabanggit sa pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan, mga galit na salita.* Isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na salita o parirala sa tatsulok ang tulis ay paitaas: *mabubuting salita, mga pagbati ng papuri, magalang na mga salita, katotohanan, panalangin, pagpapayapa.*




4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Teyp (o katulad ng gayong kagamitan) na pandikit sa mga tatsulok sa pisara.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hatiin sa maliliit na grupo ang mga bata sa iyong klase at ipasadula sa bawat grupo kung paano pigilin ang isang kabayo, bisikleta, asong ipinapasyal, kotse, bangka, o ibang bagay na katulad ng mga ito. Pahulaan sa ibang bata kung ano ang ginagawa ng grupo.

- Ano ang mangyayari kung hindi mapipigil ng isang tao ang mga bagay na ito?

Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa pagkontrol sa isang bagay na laging nasa kanila. Bahagi ito ng kanilang katawan, ngunit hindi ito ang kanilang mga kamay o paa.

- Ano sa palagay ninyo ito?

Hilingin sa mga bata na pakinggan kung aling bahagi ng katawan ito habang binabasa mo ang Santiago 3:3–5.

- Ano ang sinasabi sa atin ng banal na kasulatan tungkol sa ating mga dila?

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang mga pangyayari sa Mateo 5:33–37, Santiago 1:26, 3:2–13, at 1 Pedro 3:10. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ang kahulugan ng pagsasalita ng karayaan ay pagtatangkang mandaya at manlinlang sa kapwa. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit na ang dila ay isang maliit na bahagi ng katawan, dapat silang magsikap na mabuti para pigilin ito.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang kahulugan ng pagkontrol sa ating mga dila? (Santiago 1:26.) Bakit maaari nating mapigil ang ating buong katawan kung mapipigil natin ang ating dila? (Santiago 3:2.)
- Bakit ang likas na bukal ay hindi maaaring bukalan ng parehong matamis at mapait na tubig, o matamis at maalat na tubig? (Santiago 3:11–12.) Ano ang ibig sabihin ni Santiago nang sabihin niyang ang puno ng igos ay hindi maaaring magbunga ng aseitunas [olibo] at ang puno ng ubas ay hindi magbubunga ng mga igos? (Santiago 3:12.) Ano ang sinisikap niyang ituro sa atin sa ganitong mga halimbawa? (Santiago 3:10.)
- Ano ang nangyayari sa atin kapag nagsisimula tayong magsalita ng nakasasakit sa damdamin o matalas ang ating dila sa pagsasalita? Paano sa palagay ninyo naaapektuhan nito ang mabubuting bagay na ating sinasabi?
- Ano ang ibinigay ni Jesus na mga kautusan sa atin tungkol sa kung ano at paano tayo magsalita? (Mateo 5:33–37.) Bakit mahalaga sa palagay ninyo para sa atin na sundin itong mga utos na ito?

Gumuhit ng pahalang na linya sa pisara. Itaob sa mesa ang mga tatsulok, papiliin ang bawat bata, basahin at idikit ito sa ibabaw ng linya kung ang tulis ay pataas, at sa ibaba ng linya kung ang tulis ay paibaba. (Tingnan ang paglalarawan ng halimbawa sa bahaging "Paghahanda.")

- Talakayin ang bawat salita habang inilalagay ng bata ang tatsulok sa linya. Talakayin kung bakit ang mga bagay na inilalagay sa itaas ng linya ay mga positibong bagay na dapat sabihin at bakit ang mga bagay sa ibaba ng linya ay mga negatibo. Ano ang iyong nararamdaman kapag ikaw ay nagsasalita ng mabuti sa isang tao o tungkol sa isang tao? Ano ang nararamdaman mo kung pinupuri mo ang isang tao? Bakit ang pagsasalita ng mabubuting bagay sa iba ay nagbibigay din ng mabuting pakiramdam sa ating sarili?

- Ano ang sinasabi ng Sampung Kautusan sa atin kung paano natin babanggitin ang tungkol sa Panginoon? (Exodo 20:7.) Bakit mahalaga para sa atin na banggitin lamang nang may pagpipitagan ang pangalan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? Paano makatutulong sa atin na maging lalong katulad ng Ama sa Langit at ni Jesus ang pagtupad sa kautusang ito? (Maaari mong isalaysay muli ang kuwento ni Pangulong Spencer W. Kimball mula sa aralin 8.)
- Paano natin makokontrol ang ating mga dila at kilos? Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ating iniisip ay nararamdaman at nagtatakda ng ating sasabihin at gagawin. Sa pamamagitan ng pagkokontrol sa ating mga pag-iisip, maaari nating makontrol ang ating sasabihin. Paano natin makokontrol ang ating mga pag-iisip? Talakayin ang sumusunod na mga mungkahi:

  Tanungin ang iyong sarili, "Ano ang nais ni Jesus na gawin ko sa sitwasyong ito?"
  Isipin ang paboritong banal na kasulatan.
  Umawit o ihimig nang malakas o sa iyong isipan ang isang awit sa Primarya o isang himno.
  Manalangin na tulungan.
  Alalahanin na ikaw ay anak ng Diyos.
  Isipin kung ano ang nais ng iyong magulang na gawin mo.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Joseph Smith. (Maaari mong hilingin sa isang taong mahusay bumasa na I-rekord sa *audiocasette* ang kuwento.)

   Si Joseph Smith ay maraming beses na ikinulong ng mga kalalakihang ayaw sa kanya, kahit hindi nila nakayang patunayan na gumawa siya ng anumang bagay na masama. Isang gabi siya at ang ibang mga lalaki ay nadetena sa isang malamig at miserableng piitan na kung saan ay nakagapos ng mga kadena ang kanilang mga bukung-bukong at natulog sa matigas na sahig. Pinipilit nilang makatulog, ngunit ang mga tanod ay nag-uusap nang napakalakas. Sila ay nagmumura at pinag-uusapan ang lahat ng mga kakila-kilabot na mga bagay na ginawa nila sa mga miyembro ng Simbahan.

   Pagkatapos mapakinggan itong kakila-kilabot na pag-uusap na ito, biglang bumalikwas si Joseph at sinabi sa mga kalalakihan, "Tahimik. . . . Sa pangalan ni Jesucristo ay sinusuway ko kayo, at iniutos ko sa inyong tumahimik; hindi ko mapapalagpas ang isa pang minuto at pakinggan ang gayong mga pananalita." Inilapag ng mga tanod ang kanilang mga sandata at nagmakaawa na patawarin niya sila. Sila ay naging matahimik sa buong magdamag. (Tingnan sa Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt*, p. 209–11.)

   - Ano ang maaari mong gawin kung ang isang taong malapit sa iyo ay nagmumura at nagsasalaysay ng malaswang kuwento?

2. Sulutan ng mahabang tali ang singsing o karete at buhulin ang mga dulo ng tali. Patayuin ang mga miyembro ng klase nang pabilog at pahawakan ang tali. Pumili ng isang bata na pumunta sa gitna ng bilog. Hayaang pagpasa-pasahan ng ibang mga bata ang singsing o karete. Kapag sinabi mong

"Hinto," sabihin sa taong may hawak ng singsing magsalita ng mabuting bagay tungkol sa batang nasa gitna. Pagkatapos ay hayaang magpalitan ng mga puwesto ang batang nasa gitna at ang batang nagsalita ng mabuting bagay at ulitin ang laro. Magpatuloy hanggang sa ang bawat isa ay magkaroon ng pagkakataong pumunta sa gitna. Maaari kang magdagdag ng positibong puna tungkol sa bawat bata. Sabihin kung ano ang ating mararamdaman kung tayo ay magsasalita ng mabubuting bagay at ano ang ating mararamdaman kung may mabubuting bagay na sinasabi tungkol sa atin. (Kung ang iyong klase ay maliit para sa ganitong gawain, sabihin sa isang bata na magsalita ng mabuting bagay tungkol sa iba.)

3. Ihambing ang isang masamang pag-iisip sa isang kapirasong bakal (wedge) sa sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa isang batang lalaki na nakatira sa bukid:

   Isang araw habang ang batang lalaki ay padating galing sa bukid, nakakita siya ng kapirasong bakal. (Ipaliwanag kung ano ang hitsura ng *wedge*.) Nalalaman niyang mahuhuli na siya sa hapunan, kaya sa halip na dalhin ang bakal sa kamalig (lalagyan ng mga panggatong) na dapat nitong kalagyan, inilagay niya ito sa pagitan ng mga sanga ng murang puno ng *walnut* na itinanim ng kanyang ama sa malapit sa tarangkahan. Balak niyang kunin ang bakal mula sa puno pagkatapos at dalhin ito sa kamalig, ngunit minsan man ay hindi niya ito nagawa. Nanatili ang bakal doon nang ilang taon at ang puno ay lumaki at napagitna na ito sa katawan ng puno hanggang sa ito ay naging napakalaking puno.

   Isang gabi ng taglamig, makaraan ang maraming taon, binali ng nagyeyelong ulan ang isa sa mga pinakamalaking sanga ng malaking puno. Dahil dito ay nawalan ng panimbang ang natirang puno kung kaya ito ay natumba rin. Nang matapos ang bagyo, wala ni isang maliit na sanga na natira.

   Kinaumagahan ang magsasaka—ang batang lalaking tumanda na—ay lumabas at nakita ang natumbang puno ng *walnut*. Naisip niya na, "Hindi ko iyon pahihintulutang mangyari kahit palitan ng isang libong dolyar. Iyon ang pinakamagandang puno sa lambak."

   Nakalimutan na ng magsasaka ang tungkol sa bakal na naroon pa. Kahit na ang puno ay lumaki, ito ay pinahina ng bakal. Karaniwan ay makakayanan sana ng puno ang unos, ngunit dahil sa bakal, na nailagay doon nang maraming taon na, ang puno ay hindi naging matibay na tulad ng dapat mangyari. Ang bakal ang naging dahilan kung bakit natumba at nabali ang puno. (Tingnan sa Samuel T. Whitman, "*Forgotten Wedges,*" sinipi ni Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1966, p. 70–71.)

   - Paano katulad ng isang bakal ang masasamang pag-iisip? Kung mayroon tayong masamang pag-iisip, maaaring gumawa ito ng daan upang makapasok sa ating isipan na katulad ng kapirasong bakal sa puno at magiging malaking suliranin para sa atin. Dapat nating iwasan kaagad ang masasamang pag-iisip.

4. Talakayin ang Mga Kawikaan 23:7. Isama sa talakayan ang mga paraan kung paano makokontrol ng mga bata ang kanilang init ng ulo, gaya ng pagbibilang ng sampu kung sila ay nasasaktan o nagagalit.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ihimig ang Iyong Paboritong Himno" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Magpatotoo na ang mapag-aralang kontrolin ang ating mga dila ay isa sa mga bagay na dapat nating gawin upang maging katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Magbahagi ng karanasan nang ang pagsasalita ng mabubuting bagay sa halip na masasama ay nakatulong sa iyo o sa isang taong kakilala mo upang mas mapalapit sa Panginoon. Himukin ang mga bata na magsikap na kontrolin ang sasabihin nila nitong darating na linggo. |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Santiago 3:3–10 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.<br>Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

# Ang Pagbabalik-loob ni Saulo sa Diyos

Aralin
42

**Layunin** Himukin ang bawat bata na higit na magbalik-loob kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 7:57–60, 8:1–3, 9:1–30, 26:9–23, at Mosias 5:2. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Mga Gawa 22:3–21.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang basong puno ng tubig.
   c. Larawan 7-42, Si Saulo sa Daang Papunta sa Damasco.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang isang basong tubig sa mga bata.

- Ano ang nangyayari kapag pakukuluan ang tubig? (Sumisingaw [steam].)
- Ano ang nangyayari kapag tumitigas ang tubig? (Nagiging yelo.)

Ipaliwanag na kapag ang tubig ay nagiging yelo o kaya ay sumisingaw, sinasabi nating ito ay “nagbago.” Iba ito sa dating tubig.

- Paano nagbabalik-loob ang mga tao sa ebanghelyo ni Jesucristo? Paano nababago ang kanilang buhay kung sila ay nagbalik-loob na?

Isulat ang salitang *magbalik-loob* sa pisara. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa mahimalang pagbabalik-loob ng isang lalaki sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa pagbabalik-loob ni Saulo sa Simbahan ni Jesucristo na matatagpuan sa ang Mga Gawa 9:1–20. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Ituro sa mga bata na maunawaan na si Saulo ay hindi ang lalaking naging unang hari ng Israel kundi ang lalaking naging dakilang misyonero, si Pablo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang

mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase na makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Paano inusig ni Saulo ang mga miyembro ng Simbahan? (Mga Gawa 7:57–60; 8:1–3; 9:1–2.) Ano kaya ang nadarama ng mga miyembro ng Simbahan sa kanya? Ano ang madarama ninyo kung inuusig kayo ng isang tao dahil sa inyong paniniwala? Ano ang dapat maging reaksiyon natin kung gagawin ito ng isang tao? Himukin ang mga bata na magbahagi ng anumang mga karanasan nila nang pagtawanan sila ng isang tao o kaya ay malupit sa kanila dahil sa kanilang paniniwala.

- Ano ang nangyari sa daang papunta sa Damasco na tumulong kay Saulo na malaman na kailangan niyang magsisi sa kanyang mga kasalanan? (Mga Gawa 9:3–6.) Sino ang kausap ni Saulo sa kanyang pangitain? (Mga Gawa 9:5.) Paano tayo tinutulungan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na malaman kung kailan kailangan nating magsisi? (Paramdam mula sa Espiritu Santo at pagpatnubay mula sa ating mga magulang, mga propeta, at mga banal na kasulatan.)

- Ano ang kahulugan ng "sumikad sa mga tusok"? (Mga Gawa 9:5.) (Ang tusok ay isang matulis na sibat na gamit ng mga tao sa mga hayop para kumilos sila. Kadalasan ang mga hayop ay sumisikad kapag tinusok, kung kaya naman lalo silang nasasaktan sa sibat. Sinasabi ni Jesucristo kay Saulo na ang kanyang mga kilos ay lalo lamang nakasasama sa kanya kaysa sa kilos ng sinuman. Kapag kinakalaban natin ang matwid, ang ating sarili ang siyang lubos na nasasaktan.) Paano masaktan ang isang tao sa pagsalungat niya sa katotohanan? Magbigay ng angkop na halimbawa mula sa inyong sariling karanasan kung maaari.

- Ano ang ginawa ni Saulo upang magsisi at bumalik kay Jesucristo? Ano ang kailangan natin gawin upang magsisi sa ating mga kasalanan? Talakayin ang sumusunod na mga puntos (maaari mong ilista ang mga ito sa pisara):

  Nakilala niya ang kanyang mga kasalanan. (Mga Gawa 9:6.)
  Nag-ayuno at nanalangin siya para sa kapatawaran. (Mga Gawa 9:9, 11.)
  Nabinyagan siya. (Mga Gawa 9:18.)
  Pinagsikapan niyang ituwid ang mga bagay na ginawa niyang mali. (Mga Gawa 9:20.)
  Nagbago siya at hindi na kailanman pinag-usig ang mga tao.

  Ipaliwanag na si Saulo ay hindi masama sa kanyang puso; nalinlang siya. Kailangan niyang magsisi at mabinyagan.

- Bakit kailangang magsisi kung nakagawa tayo ng masama? Ano ang ating nararamdaman pagkatapos magsisi?

- Ano ang sinabi ng Panginoon kay Ananias na gawin niya? Bakit? (Mga Gawa 9:10–12.) (Ipaliwanag na iba itong Ananias na ito sa taong nalagutan ng hininga dahil sa pandaraya.) Bakit natakot si Ananias na gawin ang ipinag-uutos ng Panginoon? (Mga Gawa 9:13–14.)

- Bakit tinawag ng Panginoon si Saulo na, "sisidlang hirang"? (Mga Gawa 9:15–16.) Anong mahahalagang bagay ang nais ng Ama sa Langit na gawin ni Saulo? (Mga Gawa 26:16, 18.) Anong mahahalagang bagay ang maaaring nais ng Ama sa Langit na gawin ninyo? Paano ninyo malalaman ang mga ito?

- Paanong nawalan ng paningin si Saulo? (Mga Gawa 9:8; 22:11.) Ano ang nangyari nang basbasan ni Ananias si Saulo? (Mga Gawa 9:17–18.)
- Pagkatapos ng pagbabalik-loob ni Saulo, bakit hindi naniwala ang mga tao gayundin ang mga disipulo nang siya ay nangaral? (Mga Gawa 9:21, 26.) Bakit kinailangang lisanin ni Saulo ang bansa? (Mga Gawa 9:23, 29–30.)
- Ano ang ginagawa ng Ama sa Langit kapag nagsisisi tayo sa ating mga kasalanan? (Doktrina at mga Tipan 58:42.) Paano natin matutulungan ang iba na nagsisikap na magsisi at sumunod kay Jesus?
- Ano ang patotoo ni Saulo tungkol kay Jesucristo? (Mga Gawa 9:20; 26:22–23.) Paano natin malalaman kung tayo ay tunay na napagbago ng ebanghelyo ni Jesucristo? (Mosias 5:2.)

Talakayin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan: “Kapag dinanas natin nitong malaking pagbabagong ito, na sanhi lamang ng paniniwala kay Jesucristo at sa pamamagitan ng [pagbabasbas] ng Espiritu sa atin, para bang tayo ay naging bagong tao. . . . Tinalikuran ninyo ang mga pamumuhay ng pagkakasala . . . at naging malinis. Wala na kayong [hangarin] na bumalik sa dating mga gawain. Tunay na kayo ay isang bagong tao” (*The Teachings of Ezra Taft Benson*, p. 470). (Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 upang hamunin ang mga bata na maranasan ang inilarawan ni Pangulong Benson.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hilingan ang mga bata na magbanggit ng mga bagay na dapat pagsisihan ng mga bata na kaedad nila, gaya ng pagsisinungaling, pandaraya, pagiging magagalitin, pagmumura, at pagsuway sa kanilang mga magulang. Isulat ang mga ito sa pisara habang binabanggit. Sabihin sa mga bata na magbibigay ka ng pagsusulit. Habang itinuturo mo ang bawat bagay sa listahan, hayaang itanong ng mga bata sa kanilang sarili ang, “Kailangan ko bang pagsisihan ito?” Pasagutan nang tahimik sa mga bata ng “oo” o “hindi” ang bawat tanong. Pag-aralan muli ang mga hakbang na ginawa ni Saulo upang makapagsisi.
2. Isulat ang bawat titik ng pariralang “Magsisi at mangagbalik-loob sa Diyos” (Mga Gawa 26:20) sa hiwalay na mga pirasong papel o mga pirasong karton na kuwadrado. Ilagay ang mga papel pataob sa mesa nang maayos at sunud-sunod. Sabihin sa mga bata na maghalinhinang hulaan ang titik sa alpabeto. Kapag nahulaan ang isang titik na kasama sa parirala, baligtarin ito. Ipaliwanag na kapag nagsisi tayo at bumaling tayo sa Diyos, tayo ay nangagbalik-loob.
3. Talakayin at isaulo ang ikaapat na saligan ng pananampalataya.
4. Sa pahintulot ng panguluhan ng Primarya, anyayahan na dumalo sa klase ang bagong kasapi o isang bumalik nang misyonero at isalaysay ang isang karanasan nang nagbago ang buhay ng isang tao nang siya ay nananampalataya kay Cristo, nagsisi at nabinyagan. Hilinging ibahagi ng tao ang kanyang damdamin tungkol sa galak at ligaya na dulot ng pagtupad sa mga turo ng ebanghelyo.

5. Ipadrowing sa isang bata ang larawan ng sanga-sangang daan sa pisara. Ipasulat sa ibang bata ang pangalan ng lungsod na nais niyang dalawin sa itaas ng isang daan.
   - Ano ang iyong gagawin kung nagkamali ka sa pagliko at natagpuan ang sarili sa maling daan?
   - Makararating ka ba sa lungsod mula sa iyong kinaroroonan?
   - Ano na ngayon ang iyong gagawin upang makarating sa lungsod na nais mong puntahan?
   - Paanong makakahalintulad ang pagsisisi sa pagbabalik sa wastong daan?
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pagsisisi" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Pagbibinyag" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo kung gaano kahalaga sa ating mga buhay ang pagsisisi at kung gaano kahalaga ang tunay na pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ibahagi ang pagmamahal mo sa ebanghelyo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 9:1–20 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Pablo ay Nagpatotoo Tungkol kay Jesucristo

Aralin **43**

---

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maging magiting sa pagpapatotoo tungkol kay Jesucristo.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 13:2–4; at 16:16–34. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Maghanda ng isang kopya ng *puzzle* na matatagpuan sa hulihan ng aralin. Isulat ang salitang *MAGITING* sa malalaking titik na pahalang sa likod bago gupitin nang hiwa-hiwalay ang mga bahagi.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang pirasong papel at lapis para sa bawat bata.

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipamahagi ang mga kapiraso ng *puzzle* sa mga bata. Talakayin ang kahulugan ng bawat salita sa mga piraso ng *puzzle* at hayaang sama-sama nilang buuin ang mga piraso ng *puzzle*. Ipabaligtad sa mga bata ang mga piraso at muling ipabuo ito sa kanila para mahanap ang isa pang salita. Isulat ang *MAGITING* sa pisara.

- Ano ang kahulugan ng *magiting*? Ipaliwanag na ang mga salita sa mga piraso ng *puzzle* ay tumutulong na isalarawan ang ibig sabihin ng maging *magiting*.
- Ano ang mga salita sa *puzzle* na naaalala ninyo? Isulat ang mga salita o ipakita ang mga piraso ng *puzzle* sa ibaba ng salitang *MAGITING*.

Mga Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Mabilis na pagbalik-aralan ang pagbabalik-loob ni Saulo sa ebanghelyo, at sabihin sa mga bata na ang pangalan ni Saulo ay pinalitan ng Pablo. Tumigil sa pag-uusig si Pablo sa mga alagad ni Jesus at naging magiting na Apostol at misyonero para kay Jesucristo.

Ituro sa mga bata ang tungkol sa karanasan nina Pablo at Bernabe bilang mga misyonero na matatagpuan sa Mga Gawa 13:2–4, 14; at ang tungkol sa karanasan nina Pablo at Silas sa bilangguan na matatagpuan sa Mga Gawa 16:16–34. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Hilingin sa mga bata na pakinggan ang mga paraan ng magiting na pagpapatotoo nina Pablo, Bernabe, at Silas tungkol kay Jesucristo at sa kanyang ebanghelyo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ipinagawa ng Panginoon kina Pablo at Bernabe? (Mga Gawa 13:2–4.)
- Pagkatapos mapagaling nina Pablo at Bernabe ang lalaking pilay sa Listra, ano ang naging palagay ng mga tao sa kanila? (Mga Gawa 14:11–12.) (Ipaliwanag na sina Jupiter at Mercurio ay mga huwad na diyos na sinasamba ng mga tao. Hindi nila alam ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.) Ano ang pinagsikapang ituro nina Pablo at Bernabe sa mga tao tungkol kay Jesucristo? (Mga Gawa 14:14–17.)
- Paano pinakitunguhan ng mga Judio sa Antioquia at Iconio si Pablo? (Mga Gawa 14:19.) Bakit kaya nagpatuloy siya sa pangangaral ng ebanghelyo pagkatapos siyang pakitunguhan nang masama?
- Bakit nabahala ang ilang kalalakihan sa Macedonia nang pagalingin nina Pablo at Bernabe ang isang babae sa pamamagitan ng pagpapalabas sa karumal-dumal na espiritu na nasa kanya? (Mga Gawa 16:19.) Ano ang ginawa ng mga taong ito kay Pablo at Silas? (Mga Gawa 16:20–23.)
- Ano ang ginawa nina Pablo at Silas habang sila ay nasa bilangguan? (Mga Gawa 16:25.) Bakit sa palagay ninyo nangagsipanalangin at nangagsiawit sila ng mga papuri sa Diyos? Ano sa palagay ninyo ang epekto ng kanilang mga kilos sa ibang mga bilanggo?
- Bakit sa palagay ninyo nanatili sa bilangguan sina Pablo at Silas nang mabuksan ng lindol ang mga pintuan sa bilangguan? (Mga Gawa 16:27–31.) Paano pinagpala ng kanilang kilos ang tagapamahala ng bilangguan at ang kanyang pamilya? (Mga Gawa 16:32–34.) Anong uri ng mga pagkakataong mayroon tayo sa pagpapatotoo at pagtuturo sa iba tungkol kay Jesucristo?
- Ipabasa sa mga bata ang Mga Gawa 14:3 at 16:18, 25, 31. Paano ipinakikita ng mga banal na kasulatang ito na si Pablo ay naging magiting sa kanyang patotoo kay Jesucristo saan man siya pumunta? Paano natin maipaaalam sa ibang mga tao na may malakas tayong patotoo kay Jesucristo?
- Ano ang ilan sa mga hamon na maaari nating harapin habang pinagsisikapan nating maging magiting sa pagpapatotoo kay Jesus?

Hamunin ang mga bata na mag-isip ng mga tiyak na bagay na maaari nilang gawin sa linggong ito upang ipakita sa iba na sila ay may malakas na patotoo kay Jesucristo. Ipasulat sa kanila ang kahit isa man lamang na ideya at ilagay ang papel kung saan nila ito malimit na makikita. Maaari mo ring ipasulat sa kanilang papel ang mga salita sa *puzzle.*

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ihanda ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel o isulat ang mga ito sa pisara:

   Magiting na nagbigay ng patotoo kay Jesucristo
   Nagtuturo tungkol sa "Diyos na buhay"
   "Nagsipanalangin at nagsiawit ng mga himno sa Diyos"
   Nanatili sa bilangguan at niligtas ang tagapamahala
   Tinuruan ang tagapamahala na "manampalataya sa Panginoong Jesucristo"

   Isulat ang mga sumusunod na sanggunian ng banal na kasulatan sa hiwalay na mga piraso ng papel: Mga Gawa 14:3, Mga Gawa 14:15, Mga Gawa 16:25, Mga Gawa 16:28, Mga Gawa 16:31.

   Ipakita ang mga sinulatang piraso ng papel at ipamigay sa mga bata ang mga sanggunian ng banal na kasulatan. Isa-isang ipabasa sa mga bata ang mga banal na kasulatan, at pagpasiyahin kung anong sinulatang piraso ng papel ang babagay sa bawat isa. Ipaliwanag na si Pablo ay isang magiting na tagapagpatotoo ni Jesucristo saan man siya naroon at anuman ang ginagawa niya.

2. Basahin muli ang mga salita sa mga piraso ng *puzzle* at ipatalakay sa mga bata kung paano sila magiting na makapagpapatotoo kay Jesucristo sa mga larangang ito. Maaari mong naising magbigay ng mga sitwasyong katulad ng mga sumusunod na nakasulat sa mga piraso ng papel. Pagkatapos ay papiliin ng isa ang bawat bata at ipasabi kung paano niya pagpapasiyahang tugunin ang hamong iyon.

   Tinutukso ka ng isang kaibigan dahil ayaw mong lumangoy sa araw ng Sabbath.
   Inanyayahan kang manood ng sine na hindi ayon sa mga pamantayan ng Simbahan.
   Ang ilan sa iyong mga kaibigan ay nag-umpisang magkuwento ng malalaswang biro at kuwento.
   Sa isang tindahan ay kumuha ang iyong kaibigan ng isang singsing at inilagay sa kanyang bulsa at hinihimok kang gawin mo rin nito.
   Ang isa sa iyong kaklase ay nagsalita ng mga maling pahayag tungkol sa mga doktrina ng Simbahan.
   Natutukso kang tumingin sa papel ng iba sa oras ng pagsusulit.


3. Ipasadula sa mga bata ang kuwento tungkol kay Pablo at Silas sa bilangguan. Pagkatapos ay pagpanggapin sila na kakapanayamin si Pablo, Silas, ang kalalakihan sa bilangguan, ang tagapamahala sa bilangguan, at ang kanyang pamilya. Tanungin sina Pablo at Silas kung bakit sila dinala sa bilangguan at ano ang nangyari sa kanila doon. Itanong sa ibang kalalakihan sa bilangguan ang kanilang naramdaman nang sina Pablo at Silas ay nagsipanalangin at nangagsiawit at binuksan ng lindol ang mga pintuan ng bilangguan. Tanungin ang tagapamahala ng bilangguan kung ano ang naramdaman niya nang makitang bukas ang mga pintuan ng bilangguan at kung bakit siya at ang kanyang pamilya ay nagpabinyag.

4. Awitin o basahin ang mga titik sa "Ako ay Magiging Magiting" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Mangahas na Tama'y Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Ang Tama ay Ipagtanggol" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Magbigay ng iyong sariling patotoo tungkol kay Jesucristo. Kung naaangkop, ibahagi ang isang pagkakataon nang pagpalain ka ng Ama sa Langit dahil sa magiting kang nagpatotoo tungkol kay Jesucristo. |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 16:16–34 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito. |

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.




Magiting na *Puzzle*

# Si Pablo, ang Misyonero

Aralin
44

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na maghanda ngayon upang maging isang misyonero at ibahagi ang ebanghelyo sa iba.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 22:17–30; 23:10–24, 31–33; at 26:1–2, 22–29. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Mga Gawa 19–26 (para sa kabuuan ng kuwento).
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Biblia o isang Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Ang tsart na inilarawan sa gawaing pantawag-pansin (o maaari mong iguhit ito sa pisara).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**


Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Itanong sa mga bata kung ano ang naaalala nila tungkol kay Pablo mula sa mga naunang aralin. (Ipaalala sa kanila na ang kanyang pangalan ay pinalitan mula sa pangalang Saul.) Ipaalala sa mga bata na si Pablo ay tinawag ng Panginoon upang maging misyonero at isang natatanging saksi ni Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 13:2; 20:24). Ginugol niya ang natitirang buhay niya sa paglilingkod bilang misyonero.

Kung mayroon kang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, ipabuklat sa mga bata sa mga mapa 6 at 7 at sundan ang mga pang-misyonerong paglalakbay ni Pablo sa pamamagitan ng kanilang mga daliri. (Tulungan ang mga bata na bigkasin ang mga pangalan ng lugar.) Ipaliwanag na nang si Pablo ay sumapi sa Simbahan, ilan lamang sa mga Judio sa Jerusalem at mga nakapaligid na lugar ang nakarinig tungkol kay Jesucristo. Ang apat na paglalakbay ni Pablo bilang misyonero ay nagdala sa kanya sa mga Judio at pati na rin sa mga Hentil (ang hindi mga Judio) sa maraming bansa. Ang mga Hentil na ito ay hindi alam ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Sumasamba sila sa mga diyus-diyosan. Ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng lugar.

Gumuhit ng isang larawang-guhit na katulad sa sumusunod sa pisara o sa isang tsart:




- Paano naghanda si Pablo na maging isang misyonero?

Isulat ang mga sagot ng mga bata sa mga baitang na nagmumula sa *Pablo* patungong *Misyonero*. Tiyakin na isama ang mga ideya tulad ng nagsisi, naniwala kay Jesucristo, nabinyagan, tinanggap ang kaloob na Espiritu Santo, natutuhan ang ebanghelyo, at ipinamuhay ang ebanghelyo.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa nangyari kay Pablo pagkatapos ng kanyang pangatlong paglalakbay bilang misyonero. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ito ang huling pagdalaw ni Pablo sa Jerusalem, at habang siya ay naroon nais siyang patayin ng mga Judio na hindi naniwala kay Jesus. Dahil siya ay isang mamamayang Romano, siya ay humingi ng proteksiyon sa mga pinuno ng Romano sa Jerusalem at Cesaria. Siya ay ginawang bihag ng mga Romano upang protektahan siya at sa huli ay ipinadala siya sa Roma para sa paglilitis. (Ang pangyayari tungkol sa paglalakbay ni Pablo sa Roma ay ituturo sa aralin 45.) Ipaliwanag na sa lahat ng mga paglilitis kay Pablo, sinamantala niya ang bawat pagkakataon upang magpatotoo kay Jesucristo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Bakit galit ang mga Judio kay Pablo? (Mga Gawa 22:17–21.) Tulungang maunawaan ng mga bata na si Pablo ay nagpapatotoo tungkol sa isang pangitain mula kay Jesucristo sa mga taong hindi naniniwala kay Jesus. Bakit hindi nasaktan si Pablo? (Mga Gawa 22:24, 29.)
- Pinahintulutan muli ng pinunong kapitan si Pablo na magtungo sa mga Judio upang ipaliwanag ang kanyang sarili, at muli, sinikap ng mga Judio na siya ay patayin dahil sa kanyang patotoo. (Mga Gawa 23:10.) Paano nagpakita ng

tapang at pananampalataya si Pablo sa panahong ito ng pag-uusig? Ano ang mararamdaman ninyo kung kayo ay nasa kalagayan ni Pablo?

- Paano inalo ng Panginoon si Pablo? (Mga Gawa 23:11.) Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ni Pablo nang malaman niya na hindi siya mapapatay? Paano inaalo at pinagpapala ng Panginoon ang mga misyonero ngayon?
- Paano pinagsabwatan ng mga Judio na patayin si Pablo? (Mga Gawa 23:14–15.) Sino ang nagligtas kay Pablo sa sabwatang ito? (Mga Gawa 23:16.) Paano tinulungan ng pinunong kapitan si Pablo upang makatakas sa mga Judio? (Mga Gawa 23:22–24.) Bakit sa palagay ninyo ipinagtatanggol ng Panginoon si Pablo?

Ipaliwanag na si Felix, ang gobernador na Romano, ay ginawang bihag si Pablo sa loob ng dalawang taon sa Cesaria hanggang si Festo ang maging bagong gobernador. Si Pablo ay humiling ng isang paglilitis sa Roma, ngunit bago siya umalis patungong Roma ay sinabi niya kay Festo at sa Haring Agripa ang kuwento ng kanyang pagbabalik-loob at nagpatotoo tungkol kay Jesucristo.

- Ano ang naramdaman ni Pablo sa pakikipag-usap niya kay Haring Agripa? Bakit? (Mga Gawa 26:1–3.) Ano ang itinuro niya sa hari at kay Festo? (Mga Gawa 26:22–23.)
- Paano tumugon si Festo sa patotoo ni Pablo? (Mga Gawa 26:24.) Paano tumugon si Haring Agripa? (Mga Gawa 26:28.) Ano ang maaaring mga dahilan ni Haring Agripa upang hindi tanggapin ang patotoo ni Pablo at maging isang Kristiyano? Ano ang ilang bagay na humahadlang na tanggapin ng mga tao ang ebanghelyo ngayon?
- Ano ang nagbigay kay Pablo ng tapang upang mangaral sa hari at sa gobernador? Ipaalala sa mga bata na si Pablo ay tinawag upang maging natatanging saksi ni Jesucristo at ginamit ang bawat pagkakataon upang magpatotoo sa kanya. Kailan natin maibabahagi sa iba ang ating mga patotoo tungkol kay Jesus? Paano kayo maghahanda ngayon upang maging mga misyonero?

Talakayin ang mga sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson:

"Mga batang lalaki sa Primarya, magplano at asamin na magmisyon para sa Panginoon. Mga batang babae, maging handa para sa pagmimisyon kapag kayo ay tinawag" (sa Conference Report, Abril, 1989, p. 104; p. *Ensign*, Mayo 1989, p. 82).

"Oo . . . maghanda ngayon (ngayong kayo ay siyam, sampu, o labing-isa). Ihanda ang inyong sarili sa pampisikal, pangkaisipan, panlipunan, at pang-espirituwal. Laging maging masunurin sa may awtoridad. Magsimulang mag-impok para sa inyong misyon kung hindi pa ninyo ito nagagawa. Magbayad ng inyong ikapu, at maghangad na magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral at pananalangin." (sa Conference Report, Abril 1985, p. 49; o *Ensign*, Mayo 1985, p. 37).

- Anong mga hakbang ang mga nagawa na ninyo na naghahanda sa inyo na ibahagi ang ebanghelyo? Anong mga hakbang ang gagawin ninyo sa hinaharap?

Gumuhit ng iba pang larawang-guhit sa pisara o sa isang tsart katulad ng ginamit sa gawaing pantawag-pansin, na isinusulat ang salitang *Ikaw* sa kinaroroonan ng salitang *Pablo*. Isulat ang mga sagot ng mga bata sa mga hakbang na nagmumula sa *Kayo* patungo sa salitang *Misyonero*. Tiyaking isama ang mga ideya tulad ng maniwala kay Jesus, magpabinyag, tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, tanggapin ang pagkasaserdote (mga batang lalaki), pag-aralan ang ebanghelyo, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, manalangin, magsimba, at ipamuhay ang ebanghelyo sa tahanan, sa paaralan, o kahit saanman man kayo naroroon.

- Anong mga talento o kakayahan ang maaari ninyong paunlarin na tutulong sa inyo upang maging higit na mabuting misyonero para sa Panginoon?
- Bakit napakahalaga na pag-aralan ang mga banal na kasulatan bilang paghahanda upang ituro ang ebanghelyo?

Magbahagi ng mga halimbawa kung paano ang maging handa ay nakatutulong sa iyo o sinuman na kilala mo na magbahagi ng ebanghelyo. Himukin ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nang sila o ang kanilang pamilya ay nagkaroon ng mga pagkakataon upang ituro sa iba ang tungkol sa ebanghelyo. Kung mayroon sa iyong klase na mga sumapi, maaari mo silang hilingan na magbahagi kung paano nakatulong sa kanila ang mga misyonero o ang ibang tao upang malaman nila ang ebanghelyo at magkaroon ng patotoo.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Bigyan ang bawat bata ng isang piraso ng papel at isang lapis at ipaguhit ang ilang hagdan. Ipasulat sa kanila ang kanilang pangalan sa ibaba at *Misyonero* sa itaas. Ipasulat sa kanila sa mga hakbang ang kanilang mga ginawa na at gagawin pa upang maghanda na maging mga misyonero.
2. Igawa ang bawat bata ng kopya ng pangako ng Panginoon sa mga misyonero na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 84:88. Talakayin ang pangakong ito sa mga bata at himukin sila na ipakita ito sa kanilang tahanan.
3. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Sana Ako’y Makapagmisyon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Tinawag Upang sa Diyos Magsilbi” (*Mga Himno*), o “Dadalhin Natin sa Mundo ang Kanyang Katotohanan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Magpatotoo na nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na maghanda ngayon ang mga bata upang ituro ang ebanghelyo. Ipahiwatig ang iyong damdamin na ang isa sa pinakamabuting paraan na maaari nilang gawin ay ang ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo bawat araw.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 23:10–24, 31–33 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Paglalakbay ni Pablo sa Roma

Aralin
45

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na higit na matutuhan ang tungkol sa mga kaloob ng Espiritu Santo na dumarating sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Gawa 27:1–28:9, 1 Taga Corinto 12:1–11, at Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo ituturo sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 22.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga karagdagang kagamitan:
   a. Isang Biblia o Bagong Tipan para sa bawat bata.
   b. Isang Mahalagang Perlas o kopya ng Mga Saligan ng Pananampalataya para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Sabihin sa mga bata ang tungkol sa isang natatanging regalo na natanggap mo sa isang pista opisyal o sa isang kaarawan. Pagkatapos ay hilingin sa mga bata na pag-usapan ang tungkol sa ilang mga regalo na natanggap na nila.

- Anong handog ang natatanggap natin kapag nagiging mga miyembro tayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw? (Ang kaloob na Espiritu Santo.)

Bayaan ang mga bata na sabihin kung ano ang nalalaman nila tungkol sa kaloob na Espiritu Santo. Ipaliwanag na bilang karagdagan sa pagtanggap ng patnubay at tagubilin ng Espiritu Santo, ang bawat kasapi ng Simbahan ni Jesucristo ay may karapatan sa ibang espirituwal na kaloob. Ipahanap sa mga bata ang Mga Saligan ng Pananampalataya sa Mahalagang Perlas at hanapin ang saligan ng pananampalataya na bumabanggit sa mga espirituwal na kaloob. Isulat sa pisara ang mga espirituwal na kaloob na binanggit habang binabasa o binibigkas ng mga bata ang ikapitong saligan ng pananampalataya. Himukin ang mga bata na makinig sa kuwento tungkol sa paglalakbay ni Pablo sa Roma upang malaman ang ilang kaloob na ibinigay sa kanya at nagamit niya ito sa iba.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Sandaling pagbalik-aralan ang aralin noong nakaraang linggo upang maalala ng mga bata kung bakit isang bilanggo si Pablo sa kanyang pagpunta sa Roma. Pagkatapos ay ituro sa mga bata ang tungkol sa paglalakbay ni Pablo

sa Roma mula sa Mga Gawa 27:1–28:9. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ang pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Kung mayroon kang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, tingnan sa mapa bilang 8 habang itinuturo mo ang pangyayari sa banal na kasulatan.

Kapag natapos mo nang ituro ang pangyayari sa banal na kasulatan, ipaliwanag na ipinagpatuloy ni Pablo ang kanyang paglalakbay sa Roma, kung saan niya ginugol ang dalawang taon sa pangangaral ng ebanghelyo ni Jesucristo kahit na siya ay isang bilanggo at nakapiit sa isang bahay.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Tungkol saan ang ibinabala ni Pablo sa mga tao sa barko? (Mga Gawa 27:10.) Paano niya ito nalaman? (Ipinahayag ito ng Espiritu Santo sa kanya.) Sino ang pinaniwalaan ng mga senturion? (Mga Gawa 27:11.) Sino ang tama? (Mga Gawa 27:14, 20.) Kapag ang propeta ay nagbibigay ng babala sa atin tungkol sa isang bagay, ano ang dapat nating gawin? Bakit?
- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng mga tao sa barko nang malaman nilang ang barko ay mawawasak? Ano ang sinabi ni Pablo sa kanila? (Mga Gawa 27:21–22.) Paano nalaman ni Pablo na sila ay makaliligtas at makararating sa Roma nang matiwasay? (Mga Gawa 27:23–25.)
- Ano ang nangyari sa barko? (Mga Gawa 27:40–41.) Ano ang gustong gawin ng mga sundalo sa mga bilanggo nang ang barko ay nawasak? Bakit? (Mga Gawa 27:42.) Bakit sila pinigilan ng senturion na gawin ito? (Mga Gawa 27:43.) Bakit nagbago ang saloobin ng senturion kay Pablo? (Mga Gawa 27:11, 14, 21, 25, 31, 43.)
- Ano ang nangyari kay Pablo habang siya ay nagpaparingas ng apoy? (Mga Gawa 28:3.) Bakit minasdan at hinintay ng iba na mamatay si Pablo? (Mga Gawa 28:4–6.) Bakit nakaligtas si Pablo sa tuka ng ahas?
- Ano ang ginawa ni Pablo sa mga maysakit? (Mga Gawa 28:8–9.) Bakit nagawa ito ni Pablo? (Si Pablo ay mayroong kaloob na pagpapagaling. Mayroon din siyang pagkasaserdote at siya ay isang Apostol na binigyan ng mga dakilang espirituwal na kaloob upang tulungan siyang tuparin ang misyon ng Panginoon na ibinigay sa kanya. Bigyang-diin ang kahalagahan ng paggamit ng mga espirituwal na handog upang tulungan ang iba.)
- Bakit nakikini-kinita ni Pablo ang hinaharap at nakapagpapagaling siya ng maysakit? (Si Pablo ay bininyagan at pinagtibay na isang kasapi ng Simbahan ni Jesucristo, kaya siya ay may karapatan para sa mga natatanging espirituwal na kaloob.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang lahat ng mga kasapi ng Simbahan ay binibigyan ng kaloob na Espiritu Santo. Ipabasa sa mga bata ang 1 Mga Taga Corinto 12:7–11. Talakayin ang mga kaloob na ito, at bigyang-diin na ang bawat kasapi ng Simbahan ay binibigyan ng isang kaloob na nagagamit upang basbasan ang iba.

- Anong mga kaloob ang ginamit ni Pablo sa kanyang paglalakbay sa Roma? Bakit binibigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga espirituwal na kaloob? (1 Mga Taga Corinto 12:7; Doktrina at mga Tipan 46:9, 12, 26.)
- Paano natin malalaman kung anong mga kaloob ng Espiritu ang ibinigay sa atin? (Maaari tayong manalangin at mag-ayuno upang malaman ang ating mga natatanging kaloob. Maaari ring masabi ito sa atin sa ating mga basbas patriyarka. Habang sinusunod natin ang mga kautusan at pinaglilingkuran natin ang iba sa buong buhay natin ay malalaman natin ang ating mga kaloob.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang bawat kaloob ng Espiritu na nabanggit sa 1 Mga Taga Corinto 12:7–10 sa hiwalay na piraso ng papel. Ilagay ang mga ito sa isang kahon na binalutan na tulad ng isang regalo at pakuhanin ang bawat bata ng isang piraso ng papel at sabihin kung anong handog ito. Mabilis na talakayin ang bawat kaloob.

2. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng isa sa sumusunod o ibang naaangkop na mga sanggunian sa banal na kasulatan. Hayaan silang magpasiya kung aling kaloob ng Espiritu ang inilalarawan at ipabahagi ang kanilang mga ideya sa klase.

   Mga Gawa 3:1–8 (Nagpapagaling ng lalaking pilay sina Pedro at Juan). Ang kaloob na pagpapagaling.

   Mga Gawa 14:8–10 (Si Pablo ay nagpapagaling ng pilay na lalaki). Ang kaloob na pagpapagaling.

   Marcos 5:25–34 (Hinawakan ng isang babae ang laylayan ng damit ni Jesus). Pananampalataya na gagaling.

   Lucas 2:25–26, 34–38 (Nagpropesiya sina Simeon at Ana tungkol kay Jesus). Ang kaloob na propesiya. Habang tinatalakay ang kaloob na propesiya, ipaliwanag na karamihan sa mga pangyayari tungkol sa kapanganakan, misyon, kamatayan, at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo ay naipropesiya na ng mga maytaglay ng kaloob na propesiya.

   Mga Gawa 9:1–20 (Si Pablo ay sumampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo). Ang kaloob na malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos.

   Mga Gawa 2:4–18 (Tinanggap ng mga disipulo ang Espiritu Santo sa araw ng Pentecostes). Ang kaloob na mga wika at kaloob na propesiya.

   - Paano pagpapalain ng mga kaloob na ito ang ating buhay?

3. Maaaring naisin mong ipaliwanag na sinisikap ni Satanas na gayahin ang mga kaloob ng Espiritu. Halimbawa, ang mga salamangkero sa korte ng Faraon ay nagawang gayahin ang ilan sa mga himala ni Moises at ni Aaron (Exodo 7:10–13). Ipaliwanag na kailangan nating mamuhay nang matwid at mapasaatin ang Espiritu upang hindi tayo madaya. Ipaalala sa mga bata na ang mga espirituwal na kaloob ay ibinibigay sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo upang basbasan ang ating buhay (tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 22).

4. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang ikapitong saligan ng pananampalataya.
5. Isalaysay ang isa sa mga sumusunod na kuwento:

   Ang Regalo ni Jane

   "Isang umaga ay nilisan nina Jane Grover, Lolo Tanner, at ng kanyang apong babae ang kanilang kampo ng tagabunsod (pioneer camp) na malapit sa Council Bluffs, Iowa, upang manguha ng mga ligaw na prutas. Si Lolo ay madaling napagod at agad bumalik sa bagon upang magpahinga, ngunit ang dalawang batang babae ay nakatagpo ng maraming berdeng makatas na prutas at nanatili upang punuin ang kanilang mga timba.

   "Maya-maya ay malalakas na sigaw ang gumambala sa tahimik na hangin ng umaga. Ang mga bata ay natakot nang makita ang isang pangkat ng mga Indiyan na hinuhubaran si Lolo kaya't nag-uunahan silang nagpunta sa bagon. Kinuha nila ang kanyang relos at balisong at sinisikap na itaboy palayo ang mga kabayo.

   "Isang Indiyan ang sumunggab sa mas maliit na batang babae, na nagsimulang umiyak sa takot; isa pa ang sumugod kay Jane at kinaladkad siya palayo. Si Jane na nagpupumiglas upang makawala, ay umusal ng isang maikli at taimtim na panalangin para sa tulong.

   "Kaagad-agad nakaranas si Jane ng isang kapangyarihan na hindi mawari. Mahinahon, siyang nagsimulang magsalita sa isang tono ng tinig na naging dahilan upang palayain ng mga Indiyan ang kanilang mga bihag at huminto upang makinig. Sa labis na pagkabigla ay narinig nila ang batang babaeng ito na nagsasalita sa kanilang wika, na nagsusumamo na alalahanin nila ang Dakilang Espiritu, na hindi ibig na saktan nila ang mga kaibigan nilang puti. Dahil sa pagkamangha ay hindi makapagsalita sina Lolo at ang maliit na batang babae. Walang sinuman sa kanilang tatlo ang nakaaalam sa kaibang wika na ito, pero si Jane ay naroon na nagsasalita nang walang hirap at may kapangyarihang parang alam niya ang wika sa buong buhay niya. Tumango ang mga Indiyan at isinauli ang relos, balisong, at mga damit na kanilang kinuha. Pagkatapos ay nakipagkamay sila sa lahat at tahimik na umalis na sakay ng kabayo" (Ikinuwento muli ni Lucille C. Reading, "Shining Moments," *Children's Friend*, Hulyo 1941, p. 41).

   - Anong espirituwal na kaloob ang natanggap ni Jane Grover? (Ang kaloob na mga wika.) Bakit nakapagsalita siya sa mga Indiyan sa kanilang sariling wika? (Nanalangin siya para sa tulong ng Ama sa Langit; hinangad niya ang kaloob.)

   Ang Paggaling ni John

   "Si John Roothoof ay isang labing isang taong gulang [isang kasapi ng Simbahan] na naninirahan sa Rotterman, Holland. Minsan ay naging maligaya siya sa pagpunta sa paaralan at simbahan, nakikipaglaro sa mga kaibigan, at ginagawa ang ikinasisiya ng isang batang lalaki. Pagkatapos, nang walang babala, isang masakit na sakit sa mata ang naging dahilan para mabulag siya. Hindi na siya makapasok o kaya ay makabasa. Hindi na rin siya makakitang mabuti upang makipaglaro sa kanyang mga kaibigan. Bawat araw ay puno ng kadiliman at paghihirap.

"Nakarating ang balita sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Holland na si Pangulong Joseph F. Smith (ang ikapitong Pangulo ng Simbahan) ay dadalaw sa kanila. Pinag-isipan ito nang matagal ni John, at sinabi niya sa kanyang ina, 'Ang propeta ang siyang mayroong higit na kapangyarihan kahit na kaninong nilalang sa mundo. Kung isasama po ninyo ako sa pagtitipon upang matingnan niya ang aking mga mata, naniniwala po ako na ako ay gagaling.'

"Sa pagtatapos ng pagtitipon nang sumunod na Linggo, si Pangulong Smith ay nagpunta sa likod ng maliit na kapilya upang batiin ang mga tao at makipagkamay sa bawat isa. Tinulungan ni Kapatid na (babae) Roothoof si John, na may benda sa mata, na sumama sa iba upang makipag-usap sa kanilang minamahal na pinuno.

"Inalalayan sa kamay ni Pangulong Smith ang bulag na batang lalaki at pagkatapos ay buong ingat niyang inangat ang mga benda at tiningnan ang mga nasasaktang mata ni John. Binasbasan ng propeta si John at ipinangako na makakikita muli si John.

"Pagdating sa bahay ay tinanggal ng ina ni John ang mga benda sa mga mata nito upang hugasan ang mga ito bilang tagubilin ng doktor na gawin niya. Habang ginagawa niya ito, napaiyak sa tuwa si John, 'Oh, Nanay, magaling na po ang aking mga mata. Nakakikita na po akong mabuti ngayon—at kahit malayo pa. At hindi na po ako nakararamdam ng sakit!' " (President Smith Took Him by the Hand," *Friend*, Agosto 1973, p. 36).

- Anong espirituwal na kaloob ang natanggap ni John Roothoof? (Ang pananampalataya na mapagaling.) Ano ang naging dahilan upang gumaling si John? (Hinangad niya ang kaloob na pagpapagaling at nagkaroon ng pananampalataya sa kaloob ng propeta na mapagaling siya.)

---

## Katapusan

Patotoo

Magpatotoo na tayong lahat ay may mga kaloob ng Espiritu na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit. Ibahagi ang iyong pasasalamat sa mga kaloob na ibinigay sa iyo. Kung naaangkop, magbahagi ng isang sariling karanasan (o mag-anyaya ng iba upang magbahagi ng isang pansariling karanasan) tungkol sa paggamit ng isang espirituwal na kaloob na ibinigay sa iyo. Iparamdam sa mga bata ang kanilang natatagong kakayahan sa paggawa ng mabuti sa pagtuklas at paggamit ng mga kaloob ng Espiritu na ibinigay sa kanila.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mga Gawa 28:1–11 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 46


# Si Jesucristo ay Babalik Muli

**Layunin**

Ipaalam sa mga bata ang mga palatandaan ng ikalawang pagparito ng Tagapagligtas, at himukin silang ihanda ang kanilang sarili upang salubungin siya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Joseph Smith—Mateo 1:1–4, 21–55 sa Mahalagang Perlas; Mga Gawa 1:9–11; at Doktrina at mga Tipan 29:11; 38:30; 101:24–25; 133:46–48. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo ituturo sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)
2. Karagdagang babasahin: Joseph Smith—Mateo 1:5–20 at Doktrina at mga Tipan 45:16–75, 88:87–101.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Mahalagang Perlas para sa bawat bata.
   b. Ilang kopya ng Biblia at Doktrina at mga Tipan.
   c. Apat na dahon ng igos (tingnan ang parisan sa ibaba) na ginupit mula sa may kulay na papel, o iginuhit sa pisara, na mayroong isa sa mga sumusunod na salita o parirala na isinulat sa bawat dahon: *bulaang Cristo, Tinipon na Israel, mga kapanglawan, mga kababalaghan sa langit*.
   d. Isang balangkas ng mga sanga ng puno ng igos na iginuhit sa papel o pisara.
   e. Teyp o ibang pandikit.
   f. Mga larawan 7-3, Ang Kapanganakan ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200; 62116); 7-25, Ang Ikalawang Pagparito (62562); 7-43, Ang Pag-akyat ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 236; 62497); at isang larawan ng kasalukuyang propeta.



**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang mga larawang Ang Kapanganakan ni Jesus at Ang Ikalawang Pagparito.

- Anong mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo ang ipinakikita ng dalawang larawang ito?
- Anong mga palatandaan ang nagpahayag sa kapanganakan ni Jesus sa Betlehem? (Ang mga anghel ay umawit, isang bagong bituin ang lumabas, nagkaroon ng isang gabi na walang kadiliman sa Amerika, at iba pa.)
- Ano kaya ang maaaring naramdaman ninyo kung kayo ay nasa Betlehem noong ipinanganak si Jesus?
- Ano sa palagay ninyo ang mangyayari kapag si Jesus ay babalik na muli sa mundo?

Ipaliwanag na kapag ang Tagapagligtas ay babalik muli, iyon ay "ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon" (Doktrina at mga Tipan 2:1). Maraming himala ang mangyayari kapag bumalik si Cristo, at malalaman ng lahat ng tao sa mundo na siya ang Tagapagligtas. Sa mga matwid ito ay magiging isang masayang panahon dahil sila ay mabubuhay sa mundo, si Jesucristo ang maghahari, magkakaroon ng kapayapaan, at hindi na sila matutukso ni Satanas na gumawa ng mali. Ang masasama ay matatakot at malulungkot sa pagparito ni Jesus. Dahil hindi sila nagsisi, sila ay lilipulin (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:9).

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang kuwento sa banal na kasulatan tungkol sa ikalawang pagparito ng Tagapagligtas na matatagpuan sa Joseph Smith—Mateo 1:1–4, 21–55. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Ipaalala sa mga bata na isa sa mahahalagang gawain ni Joseph Smith ay ang gumawa ng isang bagong pagsasalin ng Biblia. Ang kanyang pagsasalin ng Mateo 24 ay naglalaman ng mahahalagang katotohanan na hindi itinala sa Bagong Tipan tungkol sa pangalawang pagparito ng Tagapagligtas. Ang kabanatang ito ay napakahalaga sa mga Banal sa mga Huling Araw kaya ito ay isinama sa Mahalagang Perlas bilang Joseph Smith—Mateo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng malinaw na pang-unawa sa mga banal na kasulatan.

- Nang sabihin ni Jesus sa kanyang mga disipulo na babalik siyang muli, paano niya inilarawan ang mangyayari sa kanyang pagdating? (Joseph Smith—Mateo 1:1.) Paano ito kaiba sa paraan nang siya ay dumating sa mundo sa unang pagkakataon?
- Pagkatapos maunawaan ng mga disipulo na ang pagbabalik ni Jesus ay pagkatapos ng kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, ano ang ibig

nilang malaman? (Joseph Smith—Mateo 1:4.) Bakit ibig malaman ng mga disipulo ang tungkol sa Pangalawang Pagparito? Bakit mahalaga sa atin na malaman ang tungkol sa Pangalawang Pagparito? Ipaliwanag na ibig ni Jesus na makilala ng mga miyembro ng kanyang simbahan, o ng hinirang ang mga palatandaan na mangunguna sa kanyang pagdating upang sila ay hindi malinlang at maging handa na salubungin siya.

- Bakit binigyan tayo ni Jesus ng mga palatandaan ng kanyang pangalawang pagparito? (Joseph Smith—Mateo 1:37, 39.) Bakit inihalintulad niya ang kanyang pagdating sa isang puno ng igos? (Joseph Smith—Mateo 1:38.) (Ipakita ang mga nalagas na sanga ng puno ng igos o gumuhit ng balangkas sa pisara. Ipakita ang mga dahon ng igos sa angkop na mga pagkakataon sa nalalabing oras ng talakayan.)
- Ano ang bulaang Cristo o bulaang propeta? (Joseph Smith—Mateo 1:21–22. Mga tao at relihiyon na nagsasabi na mayroon sila ng katotohanan at sinisikap na iligaw ang mga tao mula sa totoong simbahan ni Cristo.)
- Ano ang magagawa ng mga bulaang Cristo at bulaang propeta? (Joseph Smith—Mateo 1:22.) Paano maiiwasan ng mga matwid ang malinlang? (Joseph Smith—Mateo 1:37, unang parirala.)

Bigyang-diin na kailangan nating palaging makinig sa buhay na propeta at sundin kung ano ang sinasabi niya sa atin upang maiwasan ang malinlang. Si Pangulong Wilford Woodruff, ikaapat na Pangulo ng Simbahan, ay nagsabing, “Hindi ako kailanman pahihintulutan ng Panginoon o ang sinumang lalaki na tumatayo bilang Pangulo ng Simbahang ito na iligaw kayo? (tingnan sa Opisyal na Pahayag—1 sa Doktrina at mga Tipan).

- Paano nating malalaman na siya ang totoong Cristo kapag siya ay dumating? Paano siya magpapakita? (Joseph Smith—Mateo 1:25–26, 36; Mga Gawa 1:9–11; Doktrina at mga Tipan 133:46–48.)
- Ano ang pagtitipon ng Israel? (Doktrina at mga Tipan 45:69.) Paano tumutulong ang mga misyonero na tipunin ang mga matwid sa Simbahan? (Joseph Smith—Mateo 1:31.) Ipaliwanag na ang mga piniling tao ng Diyos, na tinatawag na Israel, ay nabubuhay sa buong mundo. Bago dumating muli si Jesus, ang mga misyonero ay pupunta sa lahat ng dako ng mundo upang ituro ang ebanghelyo. Ang mga tatanggap ng katotohanan at mabibinyagan ay magtitipun-tipon sa mga istaka ng Sion. Sa anong mga bansa nagmimisyon ang mga kasapi ng ating purok (o sangay)?
- Ano ang ibig sabihin ng *kalungkutan*? (Kapahamakan, pagkasalanta, pagkawasak, pagkasira, karalitaan.) Anong mga kalungkutan ang sinasabi ni Jesus na mangyayari bago ang kanyang pagdating? (Joseph Smith—Mateo 1:28–30.) Anong mga kalungkutan ang nakita o narinig na ninyo?
- Ano ang ilang kababalaghan sa langit na lilitaw agad bago ang Ikalawang Pagparito? (Joseph Smith—Mateo 1:33.)
- Paano malilinis ang mundo kapag dumating muli si Jesus? (Doktrina at mga Tipan 101:24–25.) Gaano katagal mamamahala si Jesus bilang hari sa mundo? (Doktrina at mga Tipan 29:11.)

Talakayin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Brigham Young, ang pangalawang Pangulo ng Simbahan:

"Aalisin niya (ni Jesus) ang kasalanan mula sa mundo at ang mga nakakatakot na bunga nito, papahirin ang mga luha sa bawat mata at walang anumang bagay ang makasasakit o makasisira sa lahat ng banal na bundok ng Diyos" (sa *Journal of Discourses*, 11:124.)

- Kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito? (Joseph Smith—Mateo 1:40, 46.) Bakit kailangan nating maging handa sa pagparito ni Jesus? Paano tayo magiging handa? (Joseph Smith—Mateo 1:47–50.) Ano ang mangyayari sa mga hindi handa kapag dumating si Jesus? (Joseph Smith—Mateo 1:51–55.)

Ibuod sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na si Jesus ay nagbigay sa atin ng mga palatandaan ng kanyang pagdating upang malaman natin ang pagsapit nito at maging handa. Ipaliwanag na sinabi ng Panginoon na kung handa tayo hindi tayo dapat matakot. (Doktrina at mga Tipan 38:30.)

Basahin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

"Naiisip ba natin na tayo ay nabubuhay sa mga araw nang kaganapan ng mga palatandaan at kababalaghan na ito? Tayo ay kasama sa mga makakikita sa kaganapan ng marami sa mga propesiya na ito. . . . Hindi natin alam ang araw ni ang oras ng Kanyang pagdating, ngunit maaari tayong makasiguro dito: Malapit na tayo sa dakilang araw ng Panginoon!" (*The Teachings of Ezra Taft Benson*, p. 20).

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa ng isang kopya ng mga sumusunod na pangungusap para sa bawat bata. Ipamigay ang mga pangungusap at bigyan ng mga lapis ang mga miyembro ng klase. Hayaang pagtugmain nila ang simula ng pangungusap sa katapusan ng pangungusap sa pamamagitan ng pagguhit ng linya mula sa parirala ng unang hanay sa tamang katapusan sa ikalawang hanay. Maaari mong patingnan sa mga bata ang mga sanggunian para sa mga pangungusap na hindi nila alam.

   Ang Ikalawang Pagparito

| | |
|---|---|
| Ang Ama sa Langit lamang ang nakaaalam | ay higit na maliwanag kaysa sa araw (Doktrina at mga Tipan 133:49). |
| Si Jesus ay madadamitan | mula sa langit (Mga Gawa 1:11). |
| Mga bulaang Cristo | isang maluwalhating araw para sa mga matwid (Doktrina at mga Tipan 2:1). |
| Si Jesus ay darating | ng pulang kasuotan (Doktrina at mga Tipan 133:48). |
| Ang Ikalawang Pagparito ay magiging | sa lahat ng dako ng mundo (JS—M 1:31). |
| Ang masasama ay | ay lilinlangin ang marami (JS—M 1:22). |
| Kapag pumarito si Jesus, siya | didilim (Doktrina at mga Tipan 45:42). |

| | |
|---|---|
| Ipangangaral ng mga misyonero ang ebanghelyo | Sa tamang oras kapag si Jesus ay paparito (JS—M 1:40). |
| Ang mga kapanglawan ay | wawasakin (Doktrina at mga Tipan 29:9). |
| Ang araw ay | mga digmaan, taggutom, salot, at lindol (JS—M 1:28–29). |

2. Upang matulungan ang mga bata na malaman kung gaano kabuti sila naghahanda para sa Ikalawang Pagparito, itanong sa kanila ang mga sumusunod. Huminto sa bawat tanong upang bigyan sila ng panahong mag-isip tungkol sa kung gaano sila kahanda sa bahaging iyon. Huwag mong hilingin na sumagot nang malakas ang mga bata.

   Kung pumunta sa tahanan namin ang Tagapagligtas, gusto ko bang:
   Palitan ang ilang salita na ginagamit ko?
   Itago ang ilang magasin, aklat, o panoorin?
   Palitan ang istasyon sa telebisyon o patayin ang telebisyon?
   Patayin ang tugtog na pinakikinggan ko?
   Palitan ang aking damit ng mas mayuming kasuotan?
   Isama siya kahit saan ako magpunta?
   Anyayahan siya kapag kasama ko ang aking mga kaibigan?
   Basahin ang mga banal na kasulatan nang higit na madalas kaysa ginagawa ko ngayon?
   Ibahin ang aking pakikitungo sa aking pamilya na hindi tulad ng palagi kong ginagawa?

3. Pagbalik-aralan at isaulo ang ikasampung saligan ng pananampalataya na kasama ang mga bata. Ipaliwanag na ang mga pangyayari na nabanggit sa saligan ng pananampalatayang ito ay ang mga bagay na nakatutuwa na maaasahan natin kapag pumarito muli si Jesus.

4. Magdala ng mga pahayagan at ipahanap sa mga bata ang mga pangyayari na nagpapakita ng mga nagaganap na kapanglawan sa mundo.

5. Pagbalik-aralan ang talinghaga ng sampung dalaga mula sa aralin 25, at talakayin ang mga bagay na itinuturo ng talinghagang ito tungkol sa mga bagay na gagawin natin upang maghanda para sa Ikalawang Pagparito.

6. Upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang isang paraan na makapaghahanda sila sa Ikalawang Pagparito, talakayin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson:

   "Sa Aklat ni Mormon ay matatagpuan natin ang isang halimbawa ng paghahanda para sa Ikalawang Pagparito. Ang malaking bahagi ng aklat ay nagtatampok sa ilang dekada bago sumapit ang pagdating ni Cristo sa Amerika. Sa pamamagitan ng maingat na pag-aaral ng panahon na iyon maaari nating matiyak kung bakit ang ilan ay nilipol sa nakakatakot na paghuhukom na nauna sa Kanyang pagparito at kung ano ang naging dahilan upang ang iba ay tumayo sa templo sa lupain ng Bountiful at itusok ang kanilang mga kamay sa mga sugat ng Kanyang mga kamay at paa" (*The Teachings of Ezra Taft Benson*, p. 58–59).

   Ipaliwanag na ang kurso ng pag-aaral sa susunod na taon ay ang Aklat ni Mormon. Ito ay magiging magandang pagkakataon na malaman ang kailangan nating gawin upang maging handa sa espirituwal para sa ikalawang pagparito ng Tagapagligtas.

7. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Propeta ay Sundin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “I Wonder When He Comes Again” (*Children’s Songbook*, p. 82).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na ang mga sumusunod sa mga kautusan at namumuhay nang matwid ay makaaasa sa ikalawang pagparito ni Jesucristo nang may kagalakan at katuwaan. Himukin ang mga bata na maging mapagmasid sa mga palatandaan ng ikalawang pagparito ni Jesus at maging handa sa espirituwal para sa maluwalhating pangyayaring ito.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na basahin ng mga bata ang Joseph Smith—Mateo 1:46–55 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.